

اللغة الفلبينية

Filipino
Tagalog

Ang Siyentipikong Aklatan ni Sheikh Dr. Haytham Sarhan

Isang koleksiyon ng mga akdang pang-agham
at mga paliwanag ni Sheikh Dr. Haytham Sarhan.
Kabilang dito ang mga sumusunod na aklat:



Ang Talambuhay
ng Sugo ng Allah ﷺ




Ang Mahahalagang
Aralin



Ano ang
Islam?



Ang Anim na
Batayang Prinsipyo
(Al-Uṣūl as-Sittah)



Dati nang nagturo ang Sheikh sa Masjid an-Nabawi
(Moske ng Propeta ﷺ) at sa Masjid Quba. Siya rin ang
tagapangasiwang pang-agham ng Mahad Sunnah – معهد السنة
isang online na institusyong pang-edukasyon.



معهد السنة
MAHAD SUNNAH

المختصر المفيد
لسيرة النبي المصطفى ﷺ وشمائله

KAPAKI-PAKINABANG NA BUOD SA
**TALAMBUHAY AT KATANGIAN
NG HINIRANG NA PROPETA**

Sumakanya Nawa Ang Pagpapala at kapayapaan

Sa Panulat ni:

Shaykh Haytham bin Muhammad Jamāl Sarhān

Dating Guro sa Mahad Haram sa Al-Masjid An-Nabawī
Tagapangasiwa ng At-Ta'seel Al-Ilmiy Website
<http://attasseel-alelmi.com>

Isinalin sa Wikang Filipino ni:

Abu Ibraheem Al-Hafeyz Atara Bautista

باللغة الفلبينية

وقف لله لا يجوز بيعه

Waqf Para sa Allah, 'Di maaaring Ipagbili

المختصر المفيد
في سيرة النبي المصطفى ﷺ وشهرته

Kapaki-pakinabang na Buod sa Talambuhay at Katangian ng Hinirang na Propeta ﷺ

Mula sa Panulat ni:

Shaykh Haytham bin Muhammad Jamīl Sarhān

Dating Guro sa Mahad Haram sa Al-Masjid An-Nabawī

Tagapangasiwa ng At-Ta'seel Al-Ilmiy Website

<http://attasseel-alelmi.com>

*Patawarin nawa siya ng Allah at ganoon din sa kanyang Dalawang Magulang
At sinuman tumulong sa paglimbag at paglathala ng Aklat na ito*

Isinalin sa Wikang Filipino ni:

Shaykh Abu Ibraheem Al-hafeyz Bautista

College of Dawah and Fundamental of Religion

Islamic University of Madinah, KSA

UNANG EDISYON

2019/1440H

جميع حقوق الطبع محفوظة

Lahat ng karapatan ay nakalaan sa May-akda
Maliban sa sinumang magnanais na ilimbag o isalin
ito upang ipamahagi ng libre pagkatapos ng
pakikipag-ugnayan sa may-akda

Mangyaring Makipag-ugnayan sa:

islamtorrent@gmail.com

Panimula

Sa Ngalan ng Allāh,
Ang Pinakamahabagin, Ang Pinakamaawain

Katotohanan, ang lahat ng papuri ay sa Allāh ﷻ lamang, purihin natin Siya at hilingin natin ang Kanyang tulong. Humingi tayo ng kapatawaran sa Kanya. At hilingin natin ang kalinga Niya mula sa kasamaan ng ating mga sarili at mula sa mga masasama na ating nagawa. Sinuman ang patnubayan ng Allāh ﷻ ay walang sinuman ang maaari na makapagligiligaw sa kanya, at sinuman ang Kanyang hayaan na maligaw ay walang sinuman ang maaari na makapaggagabay sa kanya, at ako ay sumasaksi na walang sinuman ang marapat sambahin kundi ang Allāh ﷻ Siya ang nag-iisa at walang katambal. At ako ay sumasaksi na si Propeta Muhammad ﷺ ay Kanyang alipin at sugo. ﴿O' mga nanampalataya, katakutan ninyo ang Allah nang tunay na pagkatakot at huwag kayong mamamatay liban na lamang na kayo ay mga Muslim﴾ [3:102].

﴿O' mga tao, katakutan ninyo ang inyong Panginoon na lumikha sa inyo mula sa isang tao at nilikha Niya mula rito ang asawa nito. At pinasibol Niya mula sa kanilang dalawa ang maraming kalalakihan at kababaihan. Katakutan ninyo ang Allah na sa pamamagitan Niya ay sinisingil ninyo ang inyong mga karapatan at pananatili ng inyong pagkakamag-anakan. Tunay na ang Allah sa inyo ay Nakamasid﴾ [4:1]. ﴿O' mga nanampalataya, katakutan ninyo ang Allah at magsabi lamang ng matuwid na pananalita ﴿Itutuwid Niya ang inyong mga gawain at patatawarin para sa inyo ang inyong mga kasalanan. Sinumang sumunod sa Allah at sa Kanyang Sugo ay nagtagumpay ng tagumpay na dakila﴾ [33:70-71].

At bilang pagpapatuloy; Ito ang mga maiiksing salita na hindi maaari na hindi alamin ng sinuman na may kagustuhan na makilala't malaman ang talambuhay at katuruan ng kanyang Propeta ﷺ, Sinabi ni Ibn Al-Qayyim رحمه الله : (Kaya't obligado sa bawat sinuman na pinayuhan niya ang kanyang sarili at ginusto niya ang kaligtasan at kaligayahan nito sa mundo at kabilang buhay na malaman niya ang gabay at talambuhay ng Propeta ﷺ, at nang sa ganon ay magpapapasok sa kanya sa hanay ng mga tagasunod at tagataguyod at pangkat ng Propeta ﷺ. Ang mga tao ay nababahagi sa usapin na ito sa tatlong uri; mga nagkulang, mga nagmalabis, at ang mga pinagkaitan, Tunay na ang biyaya ay nasa kamay ng Allah at ibinibigay Niya ito sa sinuman na Kanyang naisin. Ang Allah ay nagtataglay ng biyayang dakila.

Hinihingi ko sa Allah na biyayaan Niya ako at kayo ng pagmamahal sa Kanyang sugo ﷺ at pagsunod sa lahat ng kanyang ipinag-utos at paglayo mula sa lahat ng kanyang ipinagbawal.

Allaahumma Salli 'Alaa Muhammad Wa 'Alaa Aali Muhammad, Kamaa Sallayta 'Alaa Ibrahim, Wa 'Alaa Aali Ibrahim, Innaka Hamidum Majid, Allaahumma Baarik 'Alaa Muhammad Wa 'Alaa Aali Muhammad, Kamaa Baarakta 'Alaa Ibrahim, Wa 'Ala Aali Ibrahim Innaka Hamidum Majid,
Wal Hamdulillahi Rabbil Aalamin.

Unang Bahagi:
Katangian at Katuruan
ng Propeta ﷺ

Katangian ng Propeta ﷺ

ANG LAHI NG PINAGMULAN NG PROPETA ﷺ

Siya si Muhammad bin Abdillah bin Abdil Muttalib bin Hashim bin Abdil Manaf bin Qusay bin Kilab bin Murrah bin Luayy bin Ghalib bin Fihr bin Malik bin An-Nadhar bin Kinanah bin Khuzaymah bin Mudrikah bin Ilyas bin Mudhar bin Nizar bin Ma'ad bin 'Adnan. At si 'Adnan ay mula sa mga anak ni Isma'il Ad-dhabih bin Ibraheem Al-Khalil ﷺ.

At si Muhammad ﷺ ay siyang may pinakamagandang lahi sa balat ng lupa, at tinukoy ito sa isang Hadith na si *Heraclius* -Ang Hari ng Roma- ay nagtanong kay Abu Sufyan رضي الله عنه :
"Tinanong ko sa iyo ang tungkol sa kanyang pamilya at ang iyong tugon ay siya'y kabilang sa isang marangal na pamilya. Sa katunayan, ang lahat ng mga Sugo ay nagmula sa mga marangal na pamilya sa kani-kanilang mga bayan".

PAGHIRANG SA KANYA ﷺ

Sinabi ng Propeta Muhammad ﷺ: (Tunay na hinirang ng Allah si Isma'il mula sa mga anak ni Ibraheem, at hinirang mula sa mga anak ni Isma'il ang Kinanah, at hinirang mula sa Kinanah ang Tribo ng Quraysh, at hinirang mula sa Qurasyh ang pamilya ni Hashim, at hinirang ako mula sa pamilya ni Hashim).

ANG MGA PANGALAN NG PROPETA ﷺ

Ang lahat ng ito ay mga katangian at hindi mga pangalan na tumutukoy sa pagkakakilanlan lamang, bagkus ito ay mga pangalan o katawagan na hinango mula sa mga katangiang taglay ng Propeta ﷺ na kung saan marapat na sa kanya ang kapurihan at kaganapan, at kabilang ang mga sumusunod:

MUHAMMAD

Ito ang pinakakilalang pangalan ng Propeta ﷺ, at ito ang direktang ipinangalan sa kanya sa Torah.

At kahulugan nito: (Maraming katangian na kapuri-puri sa kanya).

AHMAD

Ibig sabihin: Ahmad o kapuri-puri na nilalang para sa Allah, kapuri-puri siya para sa mga taga langit at lupa, at sa mga taga daigdig at kabilang buhay, dahil yan sa dami ng mabubuting katangian nito, at ito rin ang katawagan sa kanya na kung saan itinawag sa kanya ni Hesus ✠.

AL-MUTAWAKKIL

Ipinangalan sa kanya ito dahil sa *Tawakkul* o pananalig nito nang ganap at walang pagtatambal sa Allah ﷻ sa pagtataguyod sa relihiyon.

ANG MGA PANGALAN NG PROPETA ﷺ

AL-MAHIY	Ibig sabihin: Ang Tagapagbura, kung saan sa pamamagitan ng Propeta ﷺ binubura ng Allah ﷻ ang Kufr, at kailaman ay hindi nabura ang Kufr sa pamamagitan ng sinuman maliban sa Propeta ﷺ.
AL-HASHIR	Ibig sabihin: Ang Tagapagtipon, na kung saan titipunin ang mga tao sa kanyang mga paa (Dahil siya ang unang babangon sa Araw ng Paghuhukom), na para bagang ipinadala siya upang tipunin ang mga tao.
AL-AQIB	Ibig sabihin: Ang Huling (Propeta) na kung saan ay wala ng propeta pagkatapos niya, kaya't siya ay nasa antas na pagiging Huling Selyo o Wakas ng Selyo ng lahat ng Propeta.
AL-MUQAFFIY	Ibig sabihin: Ang sumunod sa mga yapak ng mga nauna sa kanya, kaya naman ipinadala ng Allah si Propeta Muhammad ﷺ na sumusunod sa yapak at bakas ng mga nauna mga sugo sa kanya.
NABIYUT TAWBAH	Ibig sabihin: Ang Propeta ng Tawbah (Pagbabalik-loob), na kung saan ay binuksan ng Allah sa pamamagitan niya ang pintuan ng Tawbah sa mga taga lupa, at pinatawad Niya sila ng isang pagpapatawad na walang katulad sa mga nauna sa kanya, at kaya naman ang Propeta Muhammad ﷺ ay siya ang tao na pinaka palaging humingi ng kapatawaran at pagbabalik-loob.
NABIYUL MALHAMAH	Ibig sabihin: Ang Propeta ng Dakilang mga Digmaan, na kung saan isinugo siya upang makibaka laban sa mga kalaban ng Allah, walang sugo at nasyon nito na nakibaka at nakipaglaban maliban sa Sugong Allah ﷻ at Ummah nito, at mga dakilang digmaang naganap sa panahon niya ay walang katulad sa mga nauna sa kanya.
NABIYUR RAHMAH	Ibig sabihin: Ang Propeta ng Rahmah (habag), na kung saan ay ipinadala siya ng Allah bilang habag at awa para sa sanlibutan, kaya't kinaawan dahil sa kanya ang lahat ng nasa kalupaan; ang mga mananampalataya ay nagkamit ng pinakamaraming bahagi mula sa Rahmah, at ang mga Kuffar mula sa Ahlul Kitab ay namuhay ang ilan sa kanila sa lilim nito at sa ilalalim ng lubid at kasunduan nito.
AL-FATH	Ibig sabihin: Ang Tagapagbukas, na kung saan ay binuksan ng Allah dahil sa kanya ang pintuan ng gabay matapos na maging sarado ito, at binuksan ng Allah dahil sa kanya ang mga mata na bulag, mga tainga na bingi, at mga pusong natakpan, at binuksan ng Allah dahil sa kanya ang mga lungsod ng Kuffar, at binuksan dahil sa kanya ang mga pintuan ng Paraiso, at binuksan ang mga daan tungo sa kaalamang kapaki-pakinabang at mabubuting gawain.

ANG MGA PANGALAN NG PROPETA ﷺ	AL-AMIN	Ibig sabihin: Ang magpakakatiwalaang, siya ang karapatdapat sa mga nilalang para sa pangalan na ito, siya ang magpakakatiwalaan ng Allah sa Kanyang kapahayagan at relihiyon, at siya ang magpakakatiwalaan ng sinumang nasa langit at lupa, bagkus kahit ang mga Kuffar ng Quraysh ay tinawag siya na “Al-Amin” bago pa man siya ihirang bilang isang sugo.
	AL-BASHIR	Ibig sabihin: Ang tagapagbalita ng kabutihan; Tagapagbalita ng gantimpala para sa sinumang sumunod sa kanya at Tagapagbabala mula sa parusa parasa sinumang sumuway sa kanya.
	SAYYIDU WALADI ADAM	Ibig sabihin: Ang pinuno ng mga anak ni Adan, Sinabi ng Propeta ﷺ: (Ako ang magiging pinuno ng mga anak ni Adan sa Araw ng Pagkabuhay at hindi ito pagmamalaki).
	AS-SIRAJ AL-MUNIR	Ibig sabihin: Ang ilaw na maliwanag, na kung saan ay nagbibigay ng liwanag na walang kasamang paso, at ito ay salungat sa salitang <i>Wahhaj</i> o ilaw na maliwanag na nakapapaso.
	At siya ang Abdullah o Alipin ng Allah, na sa kanya ang natatanging pagkakaalipin sa Allah, dahil naging ganap sa kanya ang mga antas ng pagiging alipin ng Allah.	
ANG MGA PANGKALAHATANG KATANGIAN NG PROPETA ﷺ	Ang pinakaganap na katangian ng Propeta ﷺ ay ang mga tinangi niya sa kanyang sarili, Sinabi ng Propeta ﷺ: (Ako si Muhammad na alipin ng Allah at sugo Nito, at hindi kaibig-ibig sa akin ang itaas ako sa aking katayuan kung saan ako nilagay ng Allah ﷻ).	
	Ang Propeta ﷺ ay siyang pinakamabuti sa lahat ng tao sa panlabas at panloob na katangian at pag-uugali, sinabi ng Allah ﷻ: <i>﴿Tunay na ikaw ay nasa dakilang pag-uugali﴾</i> [68:4], at sinabi ni A'isha ﷺ: “Ang kanyang pag-uugali ay ang Qur'an” . Ibig sabihin ay isinasabuhay niya ito, at humihinto sa hangganan nito; kaya't nalulugod siya sa kinaluguran nito, at napupoot siya sa kinapootan nito.	
	KHALILULLAH	Sinabi ng Propeta ﷺ: (Tunay na ang Allah ay hinirang ako bilang malugod na kaibigan katulad ng pagkakahirang kay Ibraheem bilang malugod na kaibigan).
ANG MGA PISIKAL NA KATANGIAN NG PROPETA	ANG MARANGAL NIYANG KATAWAN	Ayon kay Anas bin Malik ﷺ: “Ang Sugo ng Allah ﷻ ay maliwanag ang kanyang kulay, hindi siya puting-puti at hindi rin naman kulay kayumanggi” . at “Ang kanyang pawis ay para bagang perlas, kapag siya ay naglalakad ay itinataas niya ang kanyang paa na para bagang siya ay naglalakad ng pababa, at hindi ako nakahawak ng sutla o sedang tela na mas malambot pa sa palad ng Sugo ng Allah ﷻ, at hindi ako nakaamoy ng halimuyak o pabango kailaman na mas mabango pa sa Sugo ng Allah ﷻ” .

ANG MGA PISIKAL NA KATANGIAN NG PROPETA ﷺ

KANYANG TAAS

Ayon kay Al-Bara bin A'zib رضي الله عنه : “Ang Propeta ﷺ ay may katamtamang taas, na malapad ang mga balikat, ang kanyang buhok ay umaabot sa dulo ng kanyang tainga, Nakita ko siya na nakasuot ng pulang damit, wala pa akong nakita na mas gwapo sa kanya kailanman”.

KANYANG MUKHA

Ayon kay Ka'ab bin Malik رضي الله عنه : “Nang batiin ko ang Sugo ng Allah ﷻ, ang kanyang mukha ay kumikinang sa kaligayahan, at ang Sugo ng Allah ﷻ kapag siya ay natutuwa ay nagniningning ang mukha niya na para bagang piraso ng buwan”, at tinanong si Al-Bara رضي الله عنه : Ang mukha ba ng Propeta ﷺ ay katulad ng espada? sinabi niya: “Hindi, bagkus ay katulad ng buwan”.

KANYANG BUHOK

Ayon kay Anas bin Malik رضي الله عنه : “Ang Propeta ﷺ ay may malaking mga kamay, at wala pa akong nakitang tao na katulad niya. Ang buhok ng Propeta ﷺ ay medyo kulot na nakalugaygay ngunit hindi masyadong kulot at hindi rin naman diresto”.

KANYANG MATA

Ayon kay Jabir bin Samurah رضي الله عنه : “Ang Ang Propeta ﷺ ay may malapad na bibig, at mga mata na may mga pulang linya sa kaputian nito, at hindi maláman ang sakong nito”.

KANYANG PAWIS

Ayon kay Anas bin Malik رضي الله عنه : “Ang Sugo ng Allah ﷻ ay dumating sa aming bahay, at siya'y umidlip sa oras ng *Qaylulah*, at nagkaroon ng pawis sa kanyang katawan. kaya't ang aking ina ay nagdala ng isang bote at nagsimulang tinupunin ang pawis niya doon sa bote. At nang magising ang Sugo ng Allah ﷻ ay sinabi niya: (O' Ummu Sulaym, ano itong ginagawa mo?) sinabi niya: Ito ang iyong pawis na hinahalo namin sa aming pabango at ito ay naging pinaka mabangong pabango”.

PALATANDAAN NG PAGKA-PROPETA

Ang Propeta ﷺ ay may palantandaan ng pagkapropeta sa pagitan ng kanyang mga balikat, ito ay isang bagay na lantad sa katawan ng Propeta ﷺ na katulad ng nunal.

Isinalaysay ni Jabir bin Samurah رضي الله عنه na kanyang sinabi: “At Nakita ko ang palatandaan ng pagkapropeta sa kanyang balikat na ang laki ay katulad ng itlog ng kalapati, na kahawig ng katawan niya”.

ANG MGA KAUGALIAN NG PROPETA ﷺ

PAGGALANG NG MGA SAHABAH SA KANYA

Sinabi ni Amr bi Al-A's رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ : “Wala ng ibang taong kamahal-mahal para sa akin kaysa sa Sugo ng Allah ﷻ, at wala ng pinakadakila sa mga mata ko maliban sa kanya, at hindi ko kayang ititig ang aking mga mata sa kanya bilang paggalang sa kanya, At kung hingiin sa akin na ilarawan ko siya, hindi ko ito makakayanan, dahil hindi ko man lang siya natitigan ng mabuti”

At sinabi ni Urwah bin Mas'ud Ath-thaqafiyy رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ habang nilalarawan niya ang Propeta ﷺ sa mga Quraysh noong araw ng Hudaybiyah: “Sumpa man sa Allah, Nakita ko na ang mga hari ngunit hindi ko pa nakita ang alinman sa mga ito na iginagalang ng kanyang mga kasamahan tulad ng paggalang ng mga Sahabah kay Muhammad, sumpa man sa Allah, kung siya ay dumura, ang laway ay sasaluhin ng kamay ng isa sa kanila, at ikukuskos niya ito sa kanyang mukha at balat; at kapag inutusan niya sila, isasagawa nila agad ang kanyang utos; at kung magsasagawa siya ng Wudhu, ay pipilitin nilang kunin ang natitirang tubig na ginamit sa Wudhu; at kung siya ay nagsasalita, sila'y mananahimik at hindi nila tinititigan ang kanyang mukha bilang paggalang”.

PAGGALANG NIYA SA ALLAH

Sinabi ni `Abdullah bin Ash-Shikhir رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ : “Nagsabi kami sa Sugo ng Allah ﷻ: Ikaw ang aming Sayyid (Pinuno), at sinabi niya: (Ang Sayyid ay ang Allah ﷻ), at Sinabi namin: At ikaw ang Pinakamainam at Pinakadakila sa amin sa kainaman, at sinabi niya: (Sabihin ninyo ang gusto ninyong sabihin -o ang ilan sa sinasabi ninyo- at huwag na huwag kayong gagawing kahalili ng Shaytan)”.

KANYANG TAPANG

Ayon kay Ali رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ : “kapag tumindi na ang labanan at nagtagpo na ang dalawang pangkat sa labanan, kami ay humihingi ng proteksyon sa pamamagitan ng paglapit naming sa Sugo ng Allah ﷻ, at wala sa amin ang pinakamalapit sa kalaban kaysa sa kanya”.

TAKOT SA ALLAH

Sinabi ng Propeta ﷺ: (Sumpa man sa Allah, higit na masunurin ako sa Allah at higit na natatakot sa Kanya kaysa sa inyo).

KABUTIHAN NIYA SA KANYANG PAMILYA

Sinabi ng Propeta ﷺ: (Ang pinakamahusay sa iyo ay ang isa na pinakamahusay sa kanyang asawa, at ako ang pinakamahusay sa iyo sa aking mga asawa).

KAHININAN NIYA

Ayon kay Abu Sa'id Al-Khudhriyy رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ : “Ang Sugo ng Allah ﷻ ay mas mahiyain pa kaysa sa isang birheng dalagang nasa silid niya, at kapag may kinamuhian siyang anumang bagay ay malalaman namin iyon sa kanyang mukha”.

KADALIAN NIYA

Ayon kay A'ishah رَضِيَ اللَّهُ عَنْهَا : “At hindi pinapili ang Propeta ﷺ sa pagitan ng dalawang bagay; maliban na pinili niya ang pinakamadali sa dalawa, basta't hindi ito uri ng kasalanan, at kapag ito ay naging kasalanan; siya ang pinakamalayo sa dalawang ito sa mga tao mula roon”.

ANG MGA KAUGALIAN NG PROPETA ﷺ

DI-
NAGHIHIGANTI
PARA SA SARILI
NIYA

Ayon kay A'ishah رضي الله عنها : "Sumpa man sa Allah, Hindi naghiganti ang Sugo ng Allah ﷻ, para sa kanyang sarili sa anumang bagay kailanman; maliban na lamang kung labagin ang kabanalan ng Allah sapagkat maghihiganti siya para sa Allah ﷻ".

HINDI NIYA
PINIPINTASAN
ANG PAGKAIN

Ayon kay A'ishah رضي الله عنها : "Hindi nilait ng Propeta ﷺ ang anumang pagkain kailanman, kung ito'y nagustuhan niya ay kakainin niya, at kung ito'y ayaw niya ito'y iiwan niya".

TUMATANGGAP
NG REGALO

Ayon kay A'ishah رضي الله عنها : "Ang Sugo ng Allah ﷻ ay tumatanggap ng mga regalo at siya'y nagbibigay din ng mga regalo bilang kapalit".

HINDI
KUMAKAIN
NG
SADAQAH

Ayon kay A'ishah رضي الله عنها : "Ang sambahayan ni Muhammad ay hindi kumakain ng mula sa Sadaqah (o kawanggawa)".

PAG-
PAPAKUMBABA
NITO

Ayon kay A'ishah رضي الله عنها : "Maging kalmado ka, sapagkat hindi ako isang hari. Katotohanan na ako ay anak lamang ng isang babae na kumakain ng pinatuyong karne".

SERBISYO NIYA
SA KANYANG
PAMILYA

Ayon kay Al-Awad bin Yazid رضي الله عنه : Tinanong ko si 'Ā'ishah رضي الله عنها, Ano ang ginagawa ng Propeta ﷺ, sa loob ng bahay niya? Nagsabi ito: "Siya ay nasa paglilingkod sa pamilya niya at kapag sumapit ang pagdarasal, lumalabas siya patungo sa pagdarasal".

HINDI NIYA
PAGPANSIN
SA MGA
JAHILIYAH

Sinabi ng Propeta ﷺ : (Hindi ba kayo nagtataka, kung paano nilihis ng Allah sa akin ang pang-aabuso at pagmumura ng Quraysh?! Ininsulto nila si 'Mudhammam' at isinumpa si 'Mudhammam' - ngunit ako si Muhammad).

KATAPATAN
NIYA

Ayon kay Ibn Mas'ud رضي الله عنه : Isinalaysay sa amin ng Sugo ng Allah ﷻ, at siya ang matapat at ipinagkakatiwalaan.

UGALI NIYA
KASAMA NG
KANYANG
TAGALINGKOD

Ayon kay Anas رضي الله عنه : "Naglingkod ako sa Sugo ng Allah ﷻ, nang sampung taon at Sumpa man sa Allah, hindi siya nakapagsabi sa akin ng "U", at hindi siya nakapagsabi sa bagay na ginawa ko kung bakit ko ginawa iyon, ni sa bagay na hindi ko ginawa kung bakit hindi ko ginawa iyon".

ANG MGA KAUGALIAN NG PROPETA ﷺ

ANG KANYANG WALANG PAG-IIBA SA PAGITAN NG KANYANG MGA
KASAMAHAN AT PAGIGING MALUWAG NG DIBDIB

Ayon kay Anas رضي الله عنه : Habang kami ay nagtitipun-tipon sa Masjid, isang lalaki ang dumating sakay ng isang kamelyo at pinaluhod ito sa Masjid at pagkatapos ay itinali niya ito, at sinabi sa kanila: "Sino sa inyo si Muhammad?" sa oras na iyon, ang Sugo ng Allah ﷻ ay nakasandal sa pagitan ng kanyang mga kasamahan, At sinabi: Sinabi naming sa lalaking iyon: "Ang Sugo ay itong maputing nakasandal". at sinabi ng lalaki sa kanya: "O' anak ni Abdul Muttalib", at sinabi sa kanya ng Sugo ng Allah ﷻ: **(Naririnig kita)**, At sinabi ng lalaki: "O' Muhammad; Tatanungin kita ng mga katanungan, at magiging malupit ako sa pagtatanong; kaya't huwag kang magagalit", at sinabi ng Sugo ng Allah ﷻ sa kanya: **(Itanong mo kung ano ang iniisip mo)**, sinabi ng lalaki: "Nakiki-usap ako sa iyo sa pamamagitan ng iyong Panginoon at Panginoon ng mga nauna sa iyo; isinugo ka ba ng Allah sa lahat ng mga tao?" Sinabi ng Sugo ng Allah ﷻ: **(Sumpa man sa Allah, Oo)**. Sinabi ng lalaki: "Nakiki-usap ako sa iyo sa pamamagitan ng Allah; Inutusan ka ba ng Allah na magdasal ng limang beses na dasal sa bawat araw at gabi?" Sinabi ng Sugo ng Allah ﷻ: **(Sumpa man sa Allah, Oo)**. Sinabi ng lalaki: "Nakiki-usap ako sa iyo sa pamamagitan ng Allah; inutusan ka ba ng Allah na mag-ayuno sa buwang ito sa bawat taon? Sinabi ng Sugo ng Allah ﷻ: **(Sumpa man sa Allah, Oo)**. Sinabi ng lalaki: "Nakiki-usap ako sa iyo sa pamamagitan ng Allah; inutusan ka ba ng Allah na kunin ang kawanggawa na ito mula sa aming mayayaman at ipamahagi ito sa aming mga mahihirap?" Sinabi ng Sugo ng Allah ﷻ: **(Sumpa man sa Allah, Oo)**. At sinabi ng lalaki: "Naniniwala ako sa iyong dala-dalang katuruan, at ako ang sugo ng aking bayan na nasa aking likuran, at ako si Dhimam bin Tha'labah, ang kapatid ng Banu Sa'id bin Bakr".

TINAPAY
NIYA

Ayon kay A'ishah رضي الله عنها : **"Hindi na nabusog ang Sambahayan ni Muhammad ﷺ ng tinapay na gawa sa sebada sa loob ng dalawang sunud-sunod na araw hanggang sa siya ay namatay"**.

PAG-IWAN NIYA
SA
MAKAMUNDONG
BAGAY

Sinabi ng Propeta ﷺ : **(Hindi magpapagalak sa akin na ako'y magkaroon ng ginto tulad ng Uhud na ito, na lilipas sa akin ang tatlong araw samantalang mayroon pa akong isang Dinar mula rito, bukod pa sa isang bagay na inilalaan ko para sa isang utang, malibang napamahagi ko ito sa mga lingkod ng Allah, nang ganito, ganyan, at ganoon)**.

HINDI
NAGMUMURA

Ayon kay A'ishah رضي الله عنها : **"Hindi kalikasan ng Sugo ng Allah ﷻ na makipag-usap nang bastos, at hindi rin sa paggamit ng malaswang salita, ni hindi siya sumigaw sa mga palengke, at hindi siya naghihiganti ng isang masamang gawain para sa isang masamang gawain, ngunit nagpapatawad siya, at nagpapaumanhin**.

HINDI SIYA
HUMAWAK
NG PALAD
NG BABAE

Ayon kay A'ishah رضي الله عنها : **"Ang kamay ng Sugo ng Allah ﷻ ay hindi humawak sa kamay ng isang babae kailanman"**

ANG MGA KAUGALIAN NG PROPETA ﷺ

ANG KANYANG BAHAY AT PAMUMUHAY

Ayon kay Umar رضى الله عنه : "Pumasok ako sa bahay ng Sugo ng Allah ﷺ at siya ay nakahiga sa kanyang banig, at ako ay umupo, at nakita ko na ang suot lamang niya ay ang kanyang tapis, kaya't Nakita ko ang bakas ng banig sa kanyang tagiliran, at nakita ng aking mga mata ang sisidlan ng Sugo ng Allah ﷺ at natagpuan ko lamang ang kakarampot ng sebed na katumbas ng isang gantang at ang katumbas na dami ng mga dahon ng Mimosa na inilagay sa gilid ng kwarto, at nakita ko ring nakasabit sa isang banda ang isang bayong na yari sa katad".... "At aking mga mata ay lumuha, kaya't sinabi ng Sugo ng Allah ﷺ: (O' Ibn Khattab, ano ang dahilan bakit ka umiiyak?!), sinabi ko: "O' Propeta ng Allah; bakit hindi ako mapapaluha?, ang banig na ito ay nag-iwan ng bakas sa iyong tagiliran, at itong sisidlan mo ay kakaunti lamang ang nasa loob nito, Ang Caesar ng Roma at Closures ng Persia ay nasa buhay na marangya, samantalang ikaw na Sugo ng Allah, Ang kanyang hinirang, at ito lamang ang nasa loob ng iyong sisidlan?!" At sinabi ng Propeta ﷺ: (O' Ibn Khattab; hindi ka ba nalulugod na para sa atin ang kasaganahan sa Kabilang-buhay, at para sa kanila ang kasaganahan ng mundo?), at sinabi ko: "Oo".

Unang Pagsusulit

TANONG	TAMA	MALI
☉ Ang kaligayahan sa mundo at kabilang-buhay at nakasalalay sa katuruan ng Propeta ﷺ.	☐	☐
☉ Ang mga Sugo ay ipinapadala sa kanilang sambayanang lahi.	☐	☐
☉ Ang pinakaganap na katangian ng Propeta ﷺ ay ang mga itinangi niya sa kanyang sarili: (Ako si Muhammad, isang alipin ng Allah at sugo Nito)	☐	☐
☉ Ang sutla o sedang tela ay mas malabot pa sa palad ng Propeta ﷺ.	☐	☐
☉ Tinipon ng Allah para sa Kanyang Sugo ﷺ ang mga ganap na pag-uugali at mabubuting katangian, at pinakalooban siya ng kaalaman at kahigitan, at ang kaligtasan, tagumpay at kaligayahan dito sa mundo at kabilang buhay na kung saan ay hindi naibigay sa sinuman sa buong sanlibutan.	☐	☐
☉ Ang Propeta ﷺ ay isang iletrado, di marunong bumasa at sumulat, at walang tagaturo sa kanya mula sa mga tao.	☐	☐

☉ Ang pinakamainam na lahi sa balat ng lupa: ☐ Yunus bin Matta ﷺ ☐ Muhammad bin Abdillah ﷺ
☉ Ang Pangalan Propeta ﷺ ay: ☐ lahat ng ito ay mga katangian ☐ mga pangalan na tumutukoy sa pagkakakilanlan lamang ☐ hinango mula sa mga katangiang taglay na kung saan marapat na sa kanya ang kapurihan at kaganapan ☐ Lahat ng Nabanggit ☐ Una at Pangatlo lamang.
☉ ((Ang kanyang pag-uugali ay ang Qur'an)) ibig sabihin: ☐ nalulugod siya sa kinaluguran nito ☐ napupoot siya sa kinapootan nito ☐ lahat ng nabanggit.
☉ Ang Khalil ng Allah ay si: ☐ Ibraheem ﷺ ☐ Muhammad ﷺ ☐ Lahat ng nabanggit.
☉ ((Ang Propeta ﷺ ay maliwanag ang kanyang kulay)) ibig sabihin: ☐ Kayumanggi ☐ Maputi ☐ Sobrang puti.
☉ Ang pinakamabangong pabango ay: ☐ Al- Misk ☐ Pawis ng Propeta ﷺ.
☉ Ang Propeta ay may katamtamang taas: ☐ Tama ☐ Mali
☉ Palantandaan ng pagkapropeta niya ﷺ: ☐ sa pagitan ng kanyang mga balikat ☐ kahawig ng katawan niya ☐ katulad ng itlog ng kalapati ☐ lahat ng nabanggit.

Tunay na hinirang ng Allah:	Kananah	Mula sa pamilya ni Hashim	Isma'il	Mula sa tribo ng Quraysh
Ang Kananah ay mula sa anak ni	☐	☐	☐	☐
Ang Quraysh ay mula sa	☐	☐	☐	☐
Ang Pamilya ni Hashim	☐	☐	☐	☐
Ang Sugo ﷺ ay mula sa	☐	☐	☐	☐

Lahi ng Propeta ﷺ:	Pangalan niya	Ama niya	Lolo niya	Ama ng lolo niya	Bago ang kalolohan	Kalolohan
Hashim	☐	☐	☐	☐	☐	☐
Abdul Muttalib	☐	☐	☐	☐	☐	☐
Abdullah	☐	☐	☐	☐	☐	☐
Muhammad	☐	☐	☐	☐	☐	☐
Isma'il	☐	☐	☐	☐	☐	☐
Ibraheem	☐	☐	☐	☐	☐	☐

Kahulugan ng Pangalan ng Propeta ﷺ:	MUHAMMAD	AHMAD	AL-A'QIB	AS-SIRAJ
kapuri-puri na nilalang para sa Allah	☐	☐	☐	☐
nagbibigay ng liwanag na walang kasamang paso	☐	☐	☐	☐
Maraming katangian na kapuri-puri sa kanya	☐	☐	☐	☐
Wala ng propeta pagkatapos niya	☐	☐	☐	☐

Ang Propeta ﷺ ay:	Palad	Amoy	Pakikitungo	Itsura at ugali	Takot
Pinakamabuti sa mga tao sa	☐	☐	☐	☐	☐
Pinakamalambot na	☐	☐	☐	☐	☐
Pinakamabangong na	☐	☐	☐	☐	☐
Pinakamabuting	☐	☐	☐	☐	☐
At pinakamatinding	☐	☐	☐	☐	☐

Ang Propeta ﷺ ay:	Para sa Allah	Pagkain	Para sa kanyang sarili	Sadaqah	Regalo
Hindi naghihiganti	☐	☐	☐	☐	☐
At naghihiganti	☐	☐	☐	☐	☐
Hindi namimintas ng	☐	☐	☐	☐	☐
Tumatanggap at nagbibigay ng	☐	☐	☐	☐	☐
Hindi tumatanggap ng	☐	☐	☐	☐	☐

Katuruan ng Propeta ﷺ

ANG MGA KATURUAN NG PROPETA ﷺ SA PANANAMIT, PAGKAIN, AT PAG-INOM

ANG PINAKA KAIBIG-IBIG NA KULAY PARA SA KANYA ﷺ

Kulay Puti; Sinabi ng Propeta ﷺ: (Ang pinakamainam sa inyong mga kasuotan ay ang mga puti, kaya't suutin ninyo ang mga ito at ibalot sa puting tela ang inyong mga patay).

PANANAMIT NIYA ﷺ

Kung ano ang mayroon siya, minsan ay nagsusuot siya ng damit na gawa sa lana, minsan ay koton, at minsan ay de lino, at kapag nagsuot siya ng *Qamis* ay sinisimulan niya sa kanan.

KATAMTAMAN NIYA ﷺ SA PANANAMIT

Ayon sa ilang mga Salaf: "Hindi kaaya-aya para sa kanila ang dalawang kasuotan na *Shuhrah* (may pagmamalaki at walang kabuluhan sa pang-itaas at pambaba". At sa salaysay ni Ibn Umar ﷺ: (Sinumang magsuot ng damit na *Shuhrah* ay bibihisan siya ng Allah ng isang damit ng kahihyan sa Araw ng muling pagkabuhay, pagkatapos ay maglalagablab ang apoy dito), dahil sa layunin nitong pagmamalaki at pagyayabang, kaya't pinarusahan siya ng Allah. At isinalaysay rin ni Ibn Umar ﷺ: (sinuman ang kaladkarin niya ang kanyang suot na damit bilang pagmamataas hindi siya titingnan ng Allah sa araw ng muling pagkabuhay).

PAGKAIN NIYA ﷺ

Ang Propeta ﷺ ay hindi niya inaayawan ang mayroon at hindi na hinahanap pa ang wala, ang lahat ng pagkain na *Halal* na inaalok sa kanya ay kinain nito, maliban na lamang kung hindi niya ito nagustuhan ay iniwan niya ito nang walang pagbabawal, Sinabi ni A'ishah ﷺ: "Hindi nilait ng Propeta ﷺ ang anumang pagkain kailanman, kung ito'y nagustuhan niya ay kakainin niya, at kung ito'y ayaw niya ito'y iiwan niya". at ito ay katulad sa pag-iwan sa pagkain ng "*Dhabb*", dahil hindi niya ito nakasanayang kainin.

PAMAMARAAN NG PAGKAIN NIYA ﷺ

- Ang karamihan sa kanyang pagkain ay nakalagay sa lapag na may sapin.
- Kumakain siya gamit ang tatlong mga daliri niya.
- Hindi siya kumakain na nakatukod ang kamay sa sahig.
- Siya ay sumasambit ng "*Bismillaah*" [sa Ngalan ng Allah] bago magsimulang kumain, at "*Al-Hamdu lillaah*" [Ang lahat ng pagpupuri at pasasalamat ay sa Allah], pagkatapos kumain.
- At kapag natatapos na siya sa pagkain ay sasairin niya ang mga natirang pagkain sa kanyang mga daliri.

INUMIN NIYA ﷺ

- Palagi siyang nakaupo kapag uminom, bagkus nagbawal siya sa isang umiinom nang nakatayo, at ipinapahintulot naman kung may dahilan na hindi maaaring makaupo.
- Kapag siya ay naka-inom na, inaabot niya ito sa sinumang nasa bandang kanan niya, kahit pa ang nasa kaliwa niya ay mas matanda sa sinumang nasa kanan.

KATURUAN NG PROPETA ﷺ SA PAG-AASAWA AT
PAKIKITUNGO SA ASAWA

- Sinabi ng Propeta ﷺ: (Naging kaibig-ibig sa akin sa Mundo ninyo: Ang mga kababaihan at pabango, ngunit ang aking kaginhawahan ay pagsasagawa ng Salah).
- Ang makatarungan paghahati sa pagitan ng kanyang mga asawa sa pamamalagi at pananatili sa kanya sa gabi, at pagbibigay ng pabahay at pagtutustos. Ayon kay A'ishah (رضي الله عنها): "Kapag ang Sugo ng Allah ﷻ ay nagnais ng sa isang paglalakbay, siya ay nagpapalabunutan sa pagitan ng kanyang mga asawa, sinuman sa kanila ang mabunot ay lalabas at kasama siya ng Sugo ﷻ sa paglalakbay at hindi niya pinapalitan para sa mga natira ang mga araw na iyon".
- Ang kanyang talambuhay kasama ng mga asawa niya ay magandang pakikitungo at mabuting pag-uugali.
- Hinahayaan ng Propeta ﷺ na makipaglaro si A'ishah (رضي الله عنها) sa mga batang babae ng Ansar, at kapag si A'ishah (رضي الله عنها) ay naghahangad ng isang bagay, tinutugunan niya ito sa kondisyon na hindi ito sumasalungat sa mga turo ng Islam.
- Ang Sugo ng Allah ﷻ ay humihiga sa kandungan ni A'ishah (رضي الله عنها) habang nagbabasa ng Qur'an, at si A'ishah (رضي الله عنها) ay nasa oras ng pagrereglá.
- Inuutasan niya si A'ishah (رضي الله عنها) habang may regla na maghipig ng tapis pagkatapos ay nakikipaglambingan ito sa kanya.
- Ang Propeta ﷺ habang siya'y nag-aayuno ay humahalik pa rin kay A'ishah (رضي الله عنها).
- At kabilang sa kababaan ng loob ng Propeta ﷺ at kagandahan ng pag-uugali kasama ng pamilya niya ay nakikipaglaro ito sa kanila, nakipagpaligsahan ito sa kanila sa paglalakad ng dalawang beses habang sila ay naglalakbay, at isang beses ay nagtutulakan sa paglabas ng bahay (animo'y nagkukulitan).
- Kapag siya naglalakbay at nakarating mula rito, hindi niya kinakatok ang pinto sa gabi, at ito ay ipinagbabawal niya.

KATURUAN NG PROPETA ﷺ SA PAGTULOG
AT PAGGISING

- Kapag humiga na ang Propeta ﷺ sa kanyang hingan para matulog, siya'y nagsasabi: (BI-SMIKA -LLĀHUMMA AMŪTU WA AHYĀ, [Sa ngalan Mo, o Allāh, nabubuhay ako at mamamatay ako]), at (kapag humiga siya sa higaan niya tuwing gabi, ay pinagdidikit niya ang dalawang palad niya. Pagkatapos ay bumubuga sa mga ito at bumibigkas sa mga ito ng [Sūrah ng] *Qul huwa -llāhu ahad*), [Sūrah ng] *Qul a`ūdhu birabbi -lfalaq*), at [Sūrah ng] *Qul a`ūdhu birabbi -nnās*). Pagkatapos ay ipinupunas niya ang mga ito sa abot ng makakaya niya sa katawan niya. Nagsisimula siya sa pagpunas ng mga ito sa ulo niya, mukha, at anumang nakaharap mula sa katawan niya. Ginagawa niya iyon nang tatlong ulit). at kapag nagising siya mula sa pagkakatulog niya, sinasabi niya: *Alhamdu lillāhi -lladhī ahyānā ba`da mā amātanā wa ilayhi -nmushūr*, [Ang papuri ay para sa Allāh na nagbigay sa atin ng buhay matapos magbigay ng kamatayan sa atin at tungo sa Kanya ang muling pagkabuhay]), at pagkatapos ay magsi-Siwaak.
- Ang Propeta ﷺ ay natutulog sa unang bahagi ng gabi at bumabangon upang mag-Salah sa huling bahagi nito, at minsan ay nagpupuyat siya sa unang bahagi ng gabi para asikasuhin ang mga pangangailang ng mga Muslim.
- Ang Propeta ﷺ ay natutulog lamang ang mata niya, subalit ang puso niya ay hindi natutulog.
- Ang Propeta ﷺ kapag natulog, hindi siya ginigising hanggang sa siya ang magising.
- Ang tulog ng Propeta ﷺ ay pinaka-katamtaman na pagtulog, at ito ang pinakamabuting uri ng pagtulog.

KATURUAN NG PROPETA ﷺ SA PAKIKITUNGO SA MGA TAO

- Ang Propeta ﷺ ay nakikipagbiruan subalit ang sinasabi niya sa kanyang biro ay katotohanan.
- Ang Propeta ﷺ ay nagsasalita ng mga nakatatawang pangungusap subalit ang kanyang sinasabi ay nasa katotohanan.
- Ang Propeta ﷺ ay nagbibigay ng konsulta at humingi rin ng konsulta.
- Ang Propeta ﷺ ay bumibisita sa may sakit, at dumadalo sa Janazah, at tumutugon sa imbitasyon, tumutulong sa mga balo, dukha, mahihina sa kanilang pangangailangan.
- Narinig ng Propeta ﷺ ang mga tula bilang papuri sa kanya kaya't ginantimpalaan niya ang makata, gayon pa man ang papuri na iyon ay isang maliit na bahagi ng kanyang kapurihan, at tungkol naman sa papuri ng iba ay ang karamihan sa mga ito ay hindi totoo at kasinungalingan.
- Inayos ng Propeta ﷺ ang kanyang sariling sandalyas gamit ang kanyang mga kamay pati na rin ang kanyang damit at ang kanyang balde, at ginatasan niya ang kanyang mga tupa, at tinatanggal ang mga tinik sa kanyang damit, at nagsilbi siya sa kanyang pamilya at sa kanyang sarili, at nagbuhat ng mga ladrilyo kasama ang kanyang mga kasamahan nang magtayo sila ng Masjid.
- Kung minsan, Siya ay nagtali ng isang bato sa kanyang tiyan dahil sa kagutuman at kung minsan naman ay nabubusog siya.
- Ang Propeta ﷺ ay naging punong-abala sa mga panauhin at naging panauhin din.
- Ang Propeta ﷺ ay nagpa-hijamah (*cupping*) sa bandang gitna ng kanyang ulo at sa likod ng kanyang paa, at sa kanyang dalawang "*Al-A'khdaa*" (Dalawang magkabilang gilid ng leeg), at ang kanyang mga bukung-bukong.
- Ang Propeta ﷺ ay gumagamit ng gamot, at siya ay gumamit ng pagpapaso ng sugat ngunit hindi niya hinahangad ito mula sa iba, nagsagawa siya ng *Ruqyah* ngunit hindi niya hinahangad ito para sa kanyang sarili mula sa iba.
- Ang Propeta ﷺ ay siyang pinakamahusay na tao sa pakikitungo, at kapag siya ay umutang ay nagbabayad siya ng mas mainam sa inutang niya.

KATURUAN NG PROPETA ﷺ SA PAGLALAKAD

- Ang Propeta ﷺ ay napakabilis sa paglalakad subalit mahusay at kalmado.
- Siya ﷺ ay ang pinakamabalis maglakad sa mga Sahabah niya, halos mapakod sila sa paghabol sa kanya.
- Minsan siya ay lumalakad nang nakayapak at minsan naman ay naka sandalyas.
- Ang mga Sahabah ay madalas na lumakad kasama ng Propeta ﷺ at siya ay nasa likod nila.
- Siya ﷺ ay lumalakad kasama ang kanyang mga Sahabah nang paisa-isa o bilang isang grupo.

KATURUAN NG PROPETA ﷺ SA DHIKR

Ang Propeta ﷺ ay ang pinakaganap na tao sa pag-alala sa Allah ﷻ, bagkus ang lahat ng kanyang pagsasalita ay bilang pag-alaala sa Allah at sa minamahal ng Allah.

Ang Propeta ﷺ ay nagdhi-Dhikr sa Allah sa tuwing siya'y gumigising, sa tuwing magsisimula sa Salah, sa tuwing lalabas ng bahay, sa tuwing papasok ng Masjid, sa umaga't gabi, sa tuwing magsusuot ng damit, sa tuwing papasok at lalabas ng bahay, sa tuwing papasok ng palikuran, at bago at pagkatapos mag-Wudhu', sa tuwing naririnig niya ang Adhan, at sa pagsipat sa buwan, at bago at pagkatapos kumain, at kapag siya nabahing..... at marami pang iba.

ANG SUNNAN AL-FITRAH, ATPB.	
KATURUAN NG PROPETA ﷺ SA PANANALITA	ANG MGA SUNNAH
	ANG PAGSISMULA PALAGI SA KANAN
	BUHOK
	SIWAK
	PABANGO
	BALBAS AT BIGOTE
	ORAS
ANG PANANALITA NIYA ﷺ	Sinabi ng Propeta ﷺ: (May sampung kasanayan na bahagi ng Fitrah: ang paggupit ng bigote, ang pagpapalago ng balbas, ang paggamit ng Siwāk, ang paglinis ng ilong gamit ang tubig, ang pagputol ng mga kuko, ang paghugas ng mga kasukasan ng daliri, ang pagbunot ng buhok sa kilikili, ang pag-ahit ng buhok sa ari, at ang paggamit ng tubig panlinis [kapag umihi o dumumi]). at nakalimutan ng mananalaysay ang ika-sampu. Ang Propeta ﷺ ay iniibig niya ang pag-una ng kanan sa pagsuot niya ng sandalyas, sa pagsusuklay niya, paglilinis niya, pagkuha at pagbigay niya, kanang-kamay niya sa pagkain, at pag-inom, at pagdadalisay niya, at kaliwang-kamay naman sa paggamit ng palikuran at iba pa na katulad nito o pagtanggap ng anumang karumihan. Ang katuruan ng Propeta ﷺ sa pag-ahit ng buhot: iniiwan ang lahat ng kanyang buhok o aahitin niya ang lahat ng ito. Gustung-gusto ng Propeta ﷺ ang paggamit ng <i>Miswak</i>, ginagamit niya ito habang nag-aayuno siya o kahit hindi nag-aayuno, at sa tuwing paggising, at kapag nagsasagawa ng Wudhu', at bago itayo ang Salah, at sa tuwing papasok ng bahay. siya ay gumamit ng isang uri ng sanga na tinatawag na "A'raak". Ang Propeta ﷺ ay palagiang nagpapabango, at kaibig-ibig para sa kanya ang pabango. Sinabi ng Propeta ﷺ: (Salungatin ninyo ang mga Mushrikin, palaguin ninyo ang mga balbas at Gupitin ninyo ang mga bigote). Ayon kay Anas ؓ: "Nagtakda ng panahon para sa atin ang Propeta ﷺ sa paggupit ng bigote, pagputol ng mga kuko, pagbunot sa kilikili, at pag-aahit sa buhok sa ari, na hindi hahayaan ng higit sa apatnapung gabi."
	- Ayon kay A'ishah ؓ: "Ang Propeta ﷺ ay hindi nagsasalita nang mabilis na tulad ng ginagawa ninyo na ito, sa halip siya ay nagsasalita nang malinaw, walang kamali-mali, na kung saan ang nakaupo kasama niya ay makakabisado ito agad". - Sa tuwing magsasalita ang Propeta ﷺ ay uulitin niya nang tatlong beses ang kanyang mga salita upang ang mga kahulugan ay maunawaan nang lubos, at sa tuwing makasasalubong siya sa isang pangkat ng mga tao, babatiin niya ang mga ito ng <i>As-Salam</i>, at inuulit niya ang pagbati na ito nang tatlong beses. - Ang Propeta ﷺ ay hindi nagsasalita kapag hindi naman kailangan, gayunpaman kapag siya ay nagsalita, siya ay nagsasalita nang maigsi, may kaunting mga salita na may dakila at makabuluhang kahulugan. - Hindi siya kailanman nagsalita sa mga bagay na wala siya kinalaman dito, sa halip ay nagsasalita siya tungkol sa mga bagay na inaasahan niyang makakuha ng gantimpala mula rito. - Hindi siya kailanman nagsalita nang bastos, at malaswang salita, ni hindi siya palasigaw.

KATURAAN NG PROPETA ﷺ SA PANANALITA, PAGTAWA,
PAG-IYAK, AT SERMON

KANYANG
TAWA

Ang kanyang ﷺ tawa ay puro ngiti, at ang pinakarurok ng tawa niya ay isang ngiti na kung saan makikita ang kanyang mga ngipin bagang.

PAG-IYAK NIYA ﷺ

- Ang Propeta ﷺ ay kailaman ay hindi humagulgol sa pag-iyak, subalit ang kanyang mga mata ay bumubuhos ng luha, at maririnig mula sa kanyang dibdib ang agahas.
- Minsan ay umiiyak siya bilang awa para sa namatay o takot para sa kanyang Ummah o pakikiramay o mula sa takot sa Allah o kung minsan kapag nakikinig sa Quran.

SERMON NIYA ﷺ

- Ang Propeta ﷺ ay nagbibigay ng *Khutbah* nang nakatayo sa lupa (o sahig) o kaya naman ay sa ibabaw ng *Mimbar*, o kaya naman aay habang nakasakay sa kamelyo.
- Ayon kay Jaber رضي الله عنه : “**Sa tuwing magbibigay ng Sermon ang Sugo ng Allah ﷺ ay namumula ang kanyang dalawang mata, at tumataas ang boses niya, at tumitindi ang kanyang galit hanggang sa para na siyang isang nagbibigay ng babala sa mga sundalo laban sa mga kalaban**”.
- Sa tuwing nagbibigay siya ng *Khutbah* ay nagsisimula siya sa pamamagitan ng *Hamadalah* (pagpuri) sa Allah.
- Ang Propeta ﷺ ay nagbibigay ng Sermon sa anumang oras na kinakailangan at sa ikabubuti ng mga pinangungusapang tao.

Ikalawang Pagsusulit

TANONG	TAMA	MALI
☉ Kapag sinuut niya ang kanyang damit ay nagsisimula ito sa kanan niya	☐	☐
☉ Ang karamihan sa kanyang pagkain ay nakalagay sa lapag na may sapin, at ito ang kayang hapag-kainan.	☐	☐
☉ Kapag siya naglakbay at nakarating mula rito, hindi niya kinakatok ang pinto sa gabi, at ito ay ipinagbabawal niya.	☐	☐
☉ Kung minsan, Siya ay nagtali ng isang bato sa kanyang tiyan dahil sa kagutuman at kung minsan naman ay nabubusog siya.	☐	☐
☉ Ang Propeta ﷺ ay gumagamit ng gamot, at siya ay gumamit ng pagpapaso ng sugat ngunit hindi niya hinahangad ito mula sa iba, nagsagawa siya ng Ruqyah ngunit hindi niya hinahangad ito para sa kanyang sarili mula sa iba.	☐	☐
☉ Ang Propeta ﷺ ay hindi ginawa ang mga Gawain ng mga tauhan ng Wiswas (Bulong ng Shaytan), tulad ng pagdi-dhikr na may kasamang sayaw, pag-uulit ng tinig ng isang tao sa kanilang tiyan, pagtalon, atbp. na ginagawa ng mga kampon ng Shaytan.	☐	☐
☉ Ang Propeta ﷺ ay isinugo para sa Al-Hanifiyah at ang salungat nito ay: Shirk at pagbabawal sa Halal.	☐	☐
☉ Siya ay mayroong 7 mga anak: 4 na anak na lalaki at 3 anak na babae.	☐	☐
☉ Ang lahat ng kanyang mga anak ay mula kay Khadeejah (رضي الله عنها) at hindi siya nagkaroon ng anak sa iba pang asawa niya.	☐	☐
☉ Ang lahat ng kanyang mga anak ay naunang pumanaw sa kanya.	☐	☐
☉ Walang pagtatalo na siya ay pumanaw at naiwan ang 9 na asawa: A'ishah, Zaynab bint Jahsh, Hafsa, Ummu Salamah, Safiyyah, Ummu Habeebah, Maymunah, Sawdah at Juwairiyah - رضي الله عنهن.	☐	☐
☉ Ang Allah ay nagpadala ng pagbati ng Salam at si anghel Jibril kay Khadeejah, at ito ay karangalan na bukod-tangi lamang sa kanya, at walang napag-alaman na babae na nagbigyan ng katulad nito.	☐	☐

- ☉ Ang pinaka-kaibig-ibig na kulay sa Propeta ﷺ: ☐ Puti ☐ Itim ☐ Anuman kulay ang madali sa kanya.
- ☉ Ang damit ng Propeta ﷺ: ☐ Hindi siya nagsusuot ng damit na gawa sa lana ☐ nagsusuot siya ng damit na gawa sa koton at de lino ☐ Nagsusuot siya kung ano ang mayroon siya ☐ Una at Pangalawa lamang.
- ☉ Ang damit ng Propeta ﷺ: ☐ Ang pinakamahal na damit ☐ pinakamura na damit dahil sa kanyang Zuhd ☐ Katamtaman lamang.

- ☀ Nagsasabi ang Propeta ﷺ ng Bismillah at Alhamdulillah: ☐ sa simula ☐ sa huli ☐ sa simula at huli ng kanyang pagkain.
- ☀ Siya ay palagi umiinom habang naka: ☐ Upo ☐ Nakatayo ☐ lahat ng nabanggit.
- ☀ Sinabi ng Propeta ﷺ: (Naging kaibig-ibig sa akin sa Mundo ninyo): ☐ Ang mga kababaihan ☐ pabango ☐ lahat ng nabanggit.
- ☀ Sinabi ng Propeta ﷺ. (ngunit ang aking kaginhawahan ay): ☐ Jannah ☐ Salah ☐ Lahat ng nabanggit
- ☀ Ang kanyang talambuhay ﷺ kasama ng mga asawa niya ay: ☐ magandang pakikitungo ☐ mabuting pag-uugali ☐ Lahat ng nabanggit.
- ☀ Ayon kay Anas ؓ: "Nagtakda ng panahon para sa atin ang Propeta ﷺ sa paggupit ng bigote, pagputol ng mga kuko, pagbunot sa kilikili, na hindi hahayaan ng higit sa: ☐ Tatlumpung gabi ☐ Apatnapung gabi ☐ limampung gabi.
- ☀ Ang katuruan ng Propeta ﷺ sa pag-ahit ng buhok: ☐ inaaahit ang ilan at iniwan ang ilan ☐ iniwan ang lahat ng kanyang buhok o aahitin niya ang lahat ng ito.
- ☀ Gustung-gusto ng Propeta ﷺ ang paggamit ng Miswak, ginagamit niya ito habang: ☐ hindi nag-aayuno ☐ nag-aayuno ☐ Lahat ng nabanggit.
- ☀ Ang kanyang ﷺ tawa ay: ☐ lahat puro ngiti ☐ ang karamihan nito ay ngiti.
- ☀ Isinugo ang Propeta ﷺ sa: ☐ Lahat ng tao ☐ sa lahat ng Jinn at Tao.
- ☀ Ang pinakamainam na anak na babae ng Propeta ﷺ ay si: ☐ Fatimah ☐ Zaynab
- ☀ Walang rebelasyon ang ipinahayag sa Propeta ﷺ habang nasa kandungan ng ibang babae liban sa kandungan ni: ☐ Hafsa ☐ Ummu ☐ Salamah ☐ A'ishah.

Ang Propeta ﷺ ay:	Janazah	Imbitasyon	Sa Mga Balo, Dukha, Mahihina Sa Kanilang Pangangailangan	May-Sakit
Bumibisita Sa	☐	☐	☐	☐
Dumadalo Sa	☐	☐	☐	☐
Tumutugon Sa	☐	☐	☐	☐
Tumutulong Sa	☐	☐	☐	☐

Mula sa mga gawain ng Propeta ﷺ ay:	Ang Tupa	Ladrilyo Nang Magtayo Sila Ng Masjid	Ang Mga Tinik Sa Kanyang Damit Gamit Ang Kamay Niya	Sandalyas Gamit Ang Kanyang Mga Kamay	Kanyang Pamilya At Sa Kanyang Sarili
Inayos Ang	☐	☐	☐	☐	☐
Tinatanggal	☐	☐	☐	☐	☐
Ginatasan	☐	☐	☐	☐	☐
Nagsilbi Sa	☐	☐	☐	☐	☐
Nagbuhat Ng	☐	☐	☐	☐	☐

Kabilang sa Fitrah:	Kuko	Kilikili	buhok sa ari	balbal	bigote
Paggupit ng	☐	☐	☐	☐	☐
Pagpapalago ng	☐	☐	☐	☐	☐
Pagputol ng	☐	☐	☐	☐	☐
Pagbunot ng	☐	☐	☐	☐	☐
Pag-ahit ng	☐	☐	☐	☐	☐

Ang Katuruan ng Propeta ﷺ sa pagkain:	Ang wala	Kinain nito	iniwan niya ito nang walang pagbabawal	Ang mayroon
hindi niya inaayawan	☐	☐	☐	☐
hindi na hinahanap pa	☐	☐	☐	☐
ang lahat ng pagkain Halal na inaalok sa kanya ay	☐	☐	☐	☐
maliban na laman kung hindi niya ito nagustuhan ay	☐	☐	☐	☐

Ang Propeta ﷺ ay:	kapag natatapos na siya	Pagkain	Isang daliri	Limang daliri	Tatlong daliri
Kumakain siya gamit ang	☐	☐	☐	☐	☐
sasairin niya ang	☐	☐	☐	☐	☐
Siya ay mas marangal kaysa sa	☐	☐	☐	☐	☐
Ang mapagmataas na tao kumakain gamit ang	☐	☐	☐	☐	☐
Ang suwapang na matakaw ay kumakain gamit ang	☐	☐	☐	☐	☐

Kahigitan ng Propeta ﷺ

KAHIGITAN NG PROPETA ﷺ

ISINUGO NA
DALA ANG
RELIHIYONG
AL-HANIFIYAH
AS-SAMHAH

Ayon kay Ibn Al-Qayyim رحمه الله : “Ang pagkakasugo ng Propeta ﷺ ay isang pinagsamang purong *Tawheed* (Al-Hanifiyah) at Mapag-umanhin [Madali] (As-Samhah) at ang kabaligtaran nito ay ang pagtatambal (Shirk) at pagtuturing sa bagay na *Halal* na *Haram*”.

ISINUGO
TUNGO
SA MGA
JINN AT
TAO

Sinabi ng Propeta ﷺ: (Ang mga Propeta ay ipinapadala sa kanilang sariling mga pamayanan, at samantalang ako ay isinugo sa buong sangkatauhan).

AKLAT
NIYA AT
DAWAH
NIYA

Sinabi ng Allah ﷻ: *‘Ali Lam Ra. Ito ang aklat na ipinahayag Namin sa iyo O’ Muhammad upang ilabas ang mga tao mula sa kadiliman tungo sa liwanag sa pahintulot ng kanilang Panginoon tungo sa landas ng Makapangyarihan at Kapuri-puri’* [14:1].

MGA
TANDA
NIYA

Ang pinakadakila sa kanyang mga palatandaan ay ang Al-Qur’an at walang propeta o sugo na nauna sa kanya na binigyan ng tanda maliban lamang na mayroon siyang bahagi dito.

PAG-
MAMAHAL
SA KANYA
AY BAHAGI
NG IMAM

Sinabi ng Propeta ﷺ: (Hindi magiging ganap ang pananampalataya ng isa sa inyo hanggang sa ako ay maging higit na kaibig-ibig sa kanya kaysa sa anak niya, magulang niya, at sa lahat ng tao).

HATOL SA
SINUMAN
NA
KINASUK-
LAMAN SIYA

Sinumang kinasuklanan niya ang Propeta ﷺ ay maiituring na isang Kafir, Malaking Kufr; Sinabi ng Allah ﷻ: *‘Tunay na ang nagalit sa iyo ang siyang napahamak’* [108:3].

KHALIL
Kaibigan ng Allah

Sinabi ng Propeta ﷺ: (Tunay na ang Allah ay hinirang ako bilang malugod na kaibigan katulad ng pagkakahirang kay Ibraheem bilang malugod na kaibigan).

ISA SA MGA
PROPETANG
TINAWAG
NA ULUL-
AZMI

Sinabi ng Allah ﷻ: *‘Banggitin, nang nakipagtipanan Kami sa mga propeta at sa iyo at kina Noah, Abraham, Moses at Jesus na anak ni Maria. Kami ay kumuha sa kanila ng kasunduang matibay’* [33:7].

KAALAMAN
NIYA

Sinabi ng Propeta ﷺ: (Hindi ba ako ang pinakalubos na nakaaalam tungkol sa Allah?). at Sinabi ng Allah ﷻ: *‘Sabihin O Muhammad, ‘Hindi ko sinasabi sa inyo na nasa akin ang mga imbakan ng Allah at hindi ko nalalaman ang mga nalilingid at hindi ko sasabihin sa inyo, ‘Tunay na ako ay anghel, subalit ako ay sumusunod lamang sa ipinahayag sa akin.’* [6:50].



KAHIGITAN NG PROPETA

HATOL SA SINUMANG
SUMUSUNOD SA KANYA AT
SUMUWAY

Sinabi ng Allah ﷺ: *«Sabihin O Muhammad, 'Kung kayo ay nagmamahal kay Allah ay sundin ninyo ako at mamahalin kayo ni Allah at patatawarin ang inyong mga kasalanan»* [3:33], at sinabi pa: *«Kaya huwag kayong panghinaan ng loob o malungkot habang kayo ay nangingibaw, kung kayo ay mga mananampalataya»* [3:138], at Sinabi ng Propeta ﷺ: **(Lahat kayo ay papasok sa Paraiso maliban sa sinumang umayaw)**, Sinabi: "At sino ang aayaw, o Sugo ng Allah?" Nagsabi siya: **(Ang sinumang sumunod sa akin ay papasok sa Paraiso at ang sinumang sumuway sa akin ay siyang tunay na umayaw)**. At sinabi pa ng Propeta ﷺ: **(Hinamak ang sinumang sumalungat sa aking utos)**.

KANYANG
UMMAH

Sinabi ng Allah ﷺ: *«Kayo ang pinakamainam na nasyon na umusbong sa mga tao. Nag-uutos kayo ng kabutihan, nagbabawal kayo sa kasamaan at nananampalataya kayo sa Allah»* [3:110]. Sinabi ng Propeta ﷺ: **(Ako'y sumusumpa sa siyang may hawak na aking buhay, Tunay na ako'y umaasa na kayo ay magiging kalahati ng mga maninirihan sa Paraiso)**.

KANYANG BAYAN

Sinabi ng Allah ﷺ: *«Tunay na ang unang bahay sambahan na inilagay para sa tao ay ang nasa Makkah na pinagpala at gabay sa mga nilikha ﷻ Naririto ang malilinao na patunay tulad ng pook-tayuan ni Abraham. Sinumang pumasok dito ay ligtas. Obligasyon ng tao para sa Allah ang Peregrinasyon sa Makkah patungo sa Bahay sambahan sa Ka'bah para sa sinumang may kakayanang tumungo rito. Sinumang hindi manampalataya ay tunay na ang Allah ay walang pangangailangan sa Kanyang nilikha»* [3:96-97]. Ang Makkah ay isang sagrong bayan, Sinabi ng Propeta ﷺ: **(Tunay na ang bayan na ito ay ginawang sagrado ng Allah mula noong araw na nilikha Niya ang mga kalangitan at kalupaan. kaya't ito ay sagrado sa pamamagitan ng kapasyahan ng Allah)**. at ito ay bayan ng mga Muslim hanggang sa muling pagkabuhay, Sinabi ng Propeta ﷺ: **(Walang ng Hijrah [Paglikas] pagkatapos ng pagsakop sa Makkah)**.

KANYANG QIBLAH

Ang Qiblah [Direksiyon ng Salah] ng Propeta ﷺ ay tungo sa Ka'bah, gayumpaman bago pa ito ay patungo sa Baytul Maqdis, Sinabi ng Allah ﷺ: *«Nakikita Namin ang pagharap ng iyong mukha O' Muhammad tungo sa langit at tiyak na ihaharap ka Namin sa direksiyon ng pagharap sa pagdarasal na kalulugdan mo. Kaya iharap mo ang iyong mukha tungo sa direksiyon ng Masjidul Haram. Nasaan man kayo ay iharap ninyo ang mukha ninyo sa direksiyon nito»* [2:144].

At ang Al-Masjidul Haram ay siyang kauna-unahan Masjid na inilagay sa lupa, Ayon kay Abu Dhar رضى الله عنه: **“Tinanong ko ang Sugo ng Allah ﷺ tungkol sa Masjid na unang itinatag sa mundo at sinabi niya: (Al-Masjidul Haram)”**.

At Sinabi ng Propeta ﷺ: **(Sinuman ang dumating sa Al-Bayt [Ka'bah] at hindi nagsalita ng malalaswa, at hindi nakagawa ng pagsuway, siya ay uuwing katulad ng araw na siya ay ipanganak ng kanyang ina)**.

KAHIGITAN NG PROPETA ﷺ

KANYANG QIBLAH

At Sinabi ng Propeta ﷺ: (Ang isang Salaah sa Masjidul-Haram ay katumbas ng isang daang libong Salah, at ang isang Salaah sa aking Masjid ay katumbas ng isang libong Salah, at ang isang Salah sa Baytul Maqdis ay katumbas ng limang daang Salah).

At Sinabi ng Propeta ﷺ: (At huwag kayong magmalabis sa paglalakbay maliban sa tatlong Masjid: Masjid sa Makkah, at Masjid Al-Aqsa at sa Masjid kong ito).

At Sinabi ng Propeta ﷺ: (Kapag nagtungo kayo sa silid-palikuran para magdumi, huwag kayong humarap sa Qiblah at huwag din kayong tumalikod dito sa [oras ng] pag-ihi, gayundin sa pagdumi ngunit humarap kayo sa silangan o kanluran).

Pamilya at mga Asawa ng Propeta ﷺ

ANG KANYANG MGA ANAK AY PITO: TATLONG LALAKI AT APAT NA BABAE

[1] Al-Qasim, at ito ang kanyang *Kunya* o katawagan "Abul Qasim"

[2] Zaynab رَضِيَ اللَّهُ عَنْهَا

[3] Ruqayyah رَضِيَ اللَّهُ عَنْهَا

[4] Ummu Kulthum رَضِيَ اللَّهُ عَنْهَا

[5] Fatimah رَضِيَ اللَّهُ عَنْهَا

[6] Abdullah, at binansagan na: At-Tayyib, at At-Tahir.

[7] Ibraheem, at siya ang anak ni Mariyah Al-Qibtiyah ang babaeng alipin ng Propeta ﷺ. Ang lahat ng anak ng Propeta ﷺ ay mula sa Khadeejah رَضِيَ اللَّهُ عَنْهَا at walang ibang asawa.

Lahat ng anak niya ﷺ ay pumanaw bago pa man siya mamatay maliban kay Fatimah رَضِيَ اللَّهُ عَنْهَا, dahil nahuli ang kanyang pagpanaw at ito ay nangyari lamang pagkatapos ng pagpanaw ang Propeta ﷺ pagkalipas ng anim na buwan.

Itinaas ng Allah ang katayuan ni Fatimah dahil sa kanyang pagtitiis at paghahangad ng gantimpala hanggang sa siya'y itinuturing na pinakamainam na babae at pinakahigit sa mga anak ng Propeta ﷺ.

ANG KANYANG MGA TIYUHIN AY LABING ISA:

[1] Sayyidus Shuhadaa' Hamzah رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ

[2] Al-A'bbas رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ

[3] Abu Talib, ang pangalan niya: Abdu Munaf

[4] Abu Lahb, ang pangalan niya: Abdul Uzza

[5] Az-Zubayr

[6] Abdul Ka'abah

[7] Al-Muqawwim

[8] Dhirar

[9] Qutham

[10] Al-Mugheerah, ang bangsag sa kanya: Hajal

[11] Al-Ghaydaq, ang pangalan niya: Mu'sab

Walang yumakap sa Islam mula sa mga tiyuhin ng Propeta ﷺ maliban kila Hamzah at Al-A'bbas رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُ.

TIYAHIN NIYA AY ANIM:	[1] Safiyyah, at siya ina ni Az-Zubayr bin Al-Awwam.		[2] Ummu Hakeem Al-Baydhaa’.	
	[3] A’tikah	[4] Barrah	[5] Arwaa	[6] Umaymah
PAGDADAGLAT SA MGA PANGALAN NG ASAWA NG PROPETA - HAJAZA SAKHRUN SAM-AHU -	HAJAZA حجاز	[HA, ح] = Hafsa Bint Umar Bin Al-Khattab ﷺ [JIM, ج] = Juwayriyah Bint Al-Harith ﷺ [ZAY, ز] = Zaynab Bint Jahsh ﷺ + Zaynab Bint Khuzaymah ﷺ		
	SAKHRUN صخر	[SAD, ص] = Safiyyah Bint Huyay Bin Akhtab ﷺ [KHA, خ] = Khadeejah Bint Khuwaylid ﷺ [RA, ر] = Ramlah Bint Abi Sufyan (Ummu Habibah) ﷺ		
	SAM-A-HU سمعه	[SIN, س] = Sawdah Bint Zam’ah ﷺ [MIM, م] = Maymunah Bint Al-Harith ﷺ [AYN, ع] = A’ishah Bint Abi Bakr ﷺ [HA, هـ] = Hind Bint Abi Umayyah (Ummu Salamah) ﷺ		
KHADEEJAH -رضي الله عنها-	Ang unang asawa ng Propeta ﷺ ay si Khadeejah Bint Khuwaylid Al-Qurashiyyah Al-Asdiyyah ﷺ , pinakasalan niya ito bago ang pagkapropeta niya habang si Khadeejah noon ay apatnapung taong gulang na. Ang Propeta ﷺ ay hindi nagpakasal sa sinumang babae hanggang sa pumanaw si Khadeejah. Lahat ng mga anak Propeta ﷺ ay mula sa kanya maliban kay Ibraheem. Tumulong si Khadeejah ﷺ sa Propeta ﷺ nang siya ay naging propeta at nakipaglaban kasama niya at ipinatanggol ang Propeta at ang Islam gamit ang kanyang buhay at kayamanan. At nagpadala ang Allah ﷻ kay Jibreel ﷺ ng pagbati ng Salam para kay Khadeejah, at ito ay bukod-tangi para sa kanya lamang, at wala ng ibang babae pa ang tumanggap ng naturang kahigitan maliban sa kanya. Pumanaw si Khadeeja ﷺ .			
SAWDAH -رضي الله عنها-	Makalipas ng pagkamatay ni Khadeejah ﷺ , Ang Sugo ng Allah ﷻ ay nagpakasal kay Sawda bint Zam'ah Al-Qurashiyyah ﷺ , at siya ang nagbigay sa kanyang gabi at ipinaubaya kay A’ishah ﷺ .			

AISHAH
رضي الله عنها

Pagkatapos ay pinakasalan ng Sugo ng Allah ﷺ si A'ishah As-Siddiqah Bint As-Siddiq ﷺ, ang babaeng iniligtas mula sa itaas ng pitong kalangitan ng Allah mula sa mga naninirang-puri laban sa kanya, siya ang pinakamamahal na asawa ng Propeta ﷺ. Si A'isha ﷺ ay ipinakita sa Propeta ﷺ sa isang panaginip ng isang anghel bago pa man niya ito pakasalan sa isang pirasong makinis na tela na nagsabing: "Ito ang iyong asawa", at pinakasalan siya ng Propeta ﷺ sa buwan ng Shawwal ng siya ay anim na taong gulang pa lamang, subalit nagsama sila sa buwan ng Shawwal sa unang taon ng Hijrah sa Madinah, at noon siya ay siyam na taong gulang na. At walang pinakasalan ang Propeta ﷺ na babaeng birhen maliban sa kanya. at walang rebelasyon ang ipinahayag sa Propeta habang nasa kandungan ng ibang asawa niya liban sa kandungan ni A'ishah ﷺ. At siya ang pinakamamahal niyang tao, at bumaba ang paumahin niya mula sa kalangitan, at pinagkasunduan ng buong Ummah na ang sinumang panirang-puri sa kanya ang hahatulan ng Kufr. At siya ang pinakamarunong na babae at pinakamaalam sa buong Ummah sa batas ng Islam, at kabilang siya sa mga malalaking iskolar mula sa mga Sahabah ng Propeta ﷺ na kung saan ay pinagtatanungan at sinasanggunion hinggil sa mga usapin sa batas ng Islam.

HAFAH
رضي الله عنها

Pagkatapos ay pinakasalan niya si Hafsah bint Umar bin Al-Khattab ﷺ, at siya yumakap sa Islam kasama ng kanyang naunang asawa na si Khunais bin Hudhafah As-Sahmiy ﷺ, at nag-Hijrah kasama niya patungong Madinah, at namatay rin ito pagtapos ng labanan sa Uhud, at doon lamang pinakasalan siya ng sugo ng Allah ﷺ.

ZAYNAB BINT
KHUZAYMAH
رضي الله عنها

Pagkatapos pinakasalan niya si Zaynab bint Khuzaymah bin Al-Harith Al-Qaysiyyah ﷺ mula sa Bani Hilal bin Amer, subalit namatay siya dalawang buwan matapos ang kasal niya sa Propeta ﷺ. At siya ang tinaguriang Ummul Masakeen (Ina ng mga mahihirap).

UMMU
SALAMAH
رضي الله عنها

Pagkatapos pinakasalan niya si Ummu Salamah, Hind Bint Abi Umayyah Al-Qurayshiyyah Al-Makhzumiyyah ﷺ, at pangalan ni Abi Umayyah: Hudhayfah bin Al-Mugheerah. Si Ummu Salamah ang kahuli-hulihang pumanaw sa mga asawa ng Propeta ﷺ, At pumanaw siya noong ika-62 ng Hijrah.

JUWAYRIYAH
رضي الله عنها

At pinakasalan niya si Juwayriyah bint Al-Harith bin Abi Dhirar Al-Mustaliqiyyah ﷺ siya ay nabihag ng mga Muslim mula sa Bani Mustaliq. at tumungo siya sa Propeta ﷺ para humingi ng tulong upang mabayaran ang Kalayaan niya mula sa nakabihag sa kanya, kaya't binayaran ng Sugo ng Allah ﷺ ang kasunduan na iyon at pinakasalan niya ito.

ZAYNAB BINT JAHSH

-رضي الله عنها-

Pagkatapos pinakasalan niya si Zaynab bint Jahsh رضي الله عنها, siya ay mula sa Bani Asad bin Khuzaymah, at siya ay anak ng tiyahin ng Sugo ng Allah ﷻ. At noon siya ay asawa ni Zayd Bin Harithah رضي الله عنه na itunuturing na anak ng Sugo ng Allah ﷻ, subalit hiniwalayan siya ni Zayd kaya't ibinababa ang talata tungkol sa kanya upang maging huwaran ito sa Ummah sa pagpapakasal sa mga dating asawa ng mga inampon na anak, sinabi ng Allah ﷻ: *(Nang ginawa ni Zaid na siya ay hiwalayan ay pinaasawa ka Namin sa kanya)* [33:37]. At ito ay ipinagmamalaki ni Zaynab bint Jahsh sa ibang mga asawa ng Propeta ﷺ at sinasabi niya: **"Ipinakasal kayo ng iyong mga pamilya, at ako ay ipinakasal ng Allah mula sa ibabaw ng pitong kalangitan"**. kaya't kabilang sa kahigitan nito ay ang kanyang Waliy sa kasal ay ang Allah na Siyang nagkasal sa Sugo Niya ﷺ mula sa ibabaw ng kalangitan. At siya ay pumanaw sa unang taon ng pamumuno ni Umar Bin Al-Khattab.

UMMU HABIBAH

-رضي الله عنها-

Pagkatapos pinakasalan niya si Ummu Habibah رضي الله عنها, ang pangalan niya ay Ramlah Bint Abi Sufyan Sakhar bin Harb Al-Qurayshiyah Al-Umawiyah. Pinakasalan siya ng Propeta ﷺ habang nasa paglikas siya sa bayan ng *Habashah*, at ang nagbigay ng dote sa kanya ay ang *Najashiy* sa halagang apat na daang Dinar, pagkatapos ay dinala siya sa Sugo ﷺ mula doon. At pumanaw siya sa panahon ng pamumuno ng kanyang kapatid na si Mu'awiyah رضي الله عنه.

SAFIYYAH

-رضي الله عنها-

Pagkatapos pinakasalan niya si Safiyyah bint Huyyay bin Akhtab ang pinuno ng Bani Nadhir. Si Safiyyah رضي الله عنها ay mula sa kaapu-apuan ni Harun bin Imran na kapatid ni Propeta Musa ﷺ, samakatuwid siya ay apo na babae ng isang propeta at asawa ng isang propeta. At siya ay isa sa mga pinaka magagandang babae. Naging bihag siya sa isang labanan kaya't pinalaya siya ng Propeta ﷺ, at ginawa niya itong dote, kalaunan ay naging Sunnah ito.

MAYMUNAH

-رضي الله عنها-

Pagkatapos pinakasalan niya si Maymunah Binti Al-Harith Al-Hilaliyyah رضي الله عنها, siya ang huling pinakasalan ng Propeta ﷺ. at pinakasalan niya ito sa Makkah matapos ang kabayaran Umrah, matapos na makalabas siya sa kalagayang Ihram.

Walang pagsasalungat na ang Propeta ﷺ ay pumanaw at naiwan niya ang siyam na mga asawa, at ang unang namatay mula sa mga asawa niya matapos niyang pumanaw ay si Zaynab bint Jahsh رضي الله عنها noong ika-20 ng Hijrah, at ang huling namatay sa kanila ay si Ummu Salamah رضي الله عنها noong ika-62 ng Hijrah sa panahon ng pamumuno ni Yazid bin Mu'awiyah.

Pangalawang Bahagi:
Talambugay ng
Propeta ﷺ

*Unang Kabanata:
Bago ang Pagka-Propeta*

KAPANGANAKAN	Ipinanganak ang Propeta ﷺ sa Makkah sa taon ng Al-Fil o pangyayari tungkol sa elepante, umaga ng lunes mula sa buwan ng Rabi'ul Awwal, 53 na taon bago ang Hijrah. Ito'y tumatapat sa taong 571 CE. At Nangyari ang hinggil sa Elepante, bilang pambungad ng Allah sa Kanyang Sugo at sa Kanyang sagradong bahay ang Ka'bah.		
AMA	Abdullah bin Abdil Muttalib, siya ay pumanaw habang nasa sinapupunan pa lamang ang Sugo ng Allah ﷻ, kaya't ipinanganak na ulila ang Propeta ﷺ.		
INA	Aminah bint Wahb, mula sa Bani Zuhrah, at pumanaw siya bago naging ganap na pitong taon gulang ang Propeta ﷺ.		
TAGAPAG-ALAGA	Pagkatapos na pumanaw ng kanyang inang si Aminah, siya ay inilagay sa pangangalaga ng kanyang lolong si Abdul Muttalib na pumanaw rin habang ang Propeta ﷺ ay nasa walong taong gulang, kaya't inilagay siyang muli sa pangangalaga ng kanyang tiyuhin na si Abu Talib, na nagngangalang Abdu Munaf.		
NAGPASUSO	THUWAYBAH	Ang Alipin ni Abu Lahb. Si Thuwaybah ay nagpasuso kay Propeta ﷺ kasama niya si Abu Salamah Abdullah bin Abdul Asad Al-Makhzumiy kasabay ng anak nito na si Masruh, at pinasuso rin kasama nilang dalawa ang kanilang tiyuhin na si Hamzah bin Abdil Muttalib رضى الله عنه .	
	HALIMAH AS-SADIYYAH	Pinasuso niya ang Propeta ﷺ kasabay ng anak niya na si Abdullah na kapatid ni Anisah at si Judhamah na may palayaw na Ash-Shayma, mga anak ni Al-Harith bin Abdil Uzza bin Rafa'ah As-Sa'diy, At pinasuso niya rin ang anak ng tiyuhin ng Propeta ﷺ na si Abu Sufyan bin Al-Harith bin Abdil Muttalib رضى الله عنه .	
NAG-ALAGA NOONG SANGGOL PA LAMANG	AMINAH	THUWAYBAH, ALIPIN NI ABU LAHAB	HALIMAH BINT ABI DHU'AYB AS-SA'DIYYAH
	ASH-SHAYMAH	Anak ni Halimah As-Sa'diyyah, at kapatid ng Propeta ﷺ sa gatas, at siya ay isa sa mga dumating sa Propeta ﷺ kasama ang delegasyon ng Hawazan, at nilatag ng Propeta ﷺ ang kanyang damit, at pinaupo rito si Ash-Shaymah bilang pagpapahalaga sa karapatan nito bilang kapatid nito sa gatas.	

NAG-ALAGA NOONG SANGGOL PA LAMANG	UMMU AYMAN	Siya si Barakah Al-Habashiyyah ﷺ , Minana ito ng Propeta ﷺ mula sa kanya ama at naging komadrona sa ina ng Propeta ﷺ. At ipina-asawa siya ng Propeta ﷺ sa kanyang ampon na si Zayd bin Harithah at pagkatapos ay nagkaroon sila ng anak na lalaki na si Usamah ibn Zayd ﷺ . At siya ang naabutan nila Abu Bakr at Umar ﷺ pagkatapos ng pagyao ng Propeta ﷺ, na umiiyak, sinabi ng dalawa: “Bakit ka umiiyak? Tiyak na kung ano ang mayroon sa Allah ay kabutihan para sa Sugo Niya ﷺ?”, at sinabi niya: “Alam ko na kung ano ang mayroon sa Allah ay kabutihan para sa Sugo Niya ﷺ, at Tunay na ang Sugo ng Allah ﷻ ay nasa mabuting kalagayan, subalit ako’y umiiyak dahil ang rebelasyon ay tumigil na mula sa kalangitan!!” ang mga salitang ito ay nagdulot din sa dalawa na umiyak kasama niya.
TRABAHO		Siya ay tagapastol ng mga tupa, at ito ang naging dahilan sa pagkakaroon niya ng katangian tulad ng pagtitiis, habag sa mga mahihina, at pangangalaga sa kanila. Sinabi ng Propeta ﷺ: (Walang ipinadala ang Allah na propeta, maliban na ito ay nagpastol ng tupa), sinabi ng mga Sahabah: “At ikaw?” Sinabi niya: (Oo, ako’y nagpapasol noon sa tupa kapalit ng mga karat (Ginto) ng mga taga Makkah).
HANAP- BUHAY AT PAG-AASAWA NIYA		Noong Siya ay dalawampu't limang taong gulang, pumunta siya patungong Sham [Syria] para sa kalakalan, at siya ay nakarating sa Busrah at mula roon ay bumalik patungon Makkah, pagkatapos ng pagbabalik niya ay ikinasal siya kay Khadeejah bint Khuwaylid ﷺ ang kauna-unahang asawa niya.
PAGTATAYO MULI SA KABAH		Nang Siya ay tatlungpu't limang taong gulang ang Ka'bah ay nawasak kaya nagpasya ang tribo ng Quraysh na itayo itong muli at ipinamahagi ang iba't ibang mga tungkulin sa iba't ibang mga pamilya ng Quraysh, gayumpaman nang dumating na ang pagkakataon sa pagkukumpuni sa lalagyan ng Hajarul Aswad, nagkaroon ng pagtatalo na kung sino ang maglalagay ng Hajarul-Aswad o itim na bato sa kinalalagyan nito, ang pagtatalo na ito ay nagpatuloy at tumagal ng limang gabi hanggang sa napagkasunduan nila na ang sinumang unang papasok sa kanila sa pintuan ng Masjid ay siyang maghahatol sa pagitan nila. at itinakda naman ng Allah na ang Propeta ﷺ ang unang pumasok, kaya't humingi siya ng tela at inilagay ang itim na bato sa gitna nito at hiniling niya sa bawat pinuno ng bawat pamilya na magsihawak sa bawat dulo ng tela, at inutusan silang itaas ito at ng makarating sila sa lugar nito ay kinuha ito ng Propeta ﷺ sa pamamagitan ng kanyang kamay at siya ang naglagay sa lugar nito.
PAG-IISA		Ayon kay A'ishah ﷺ : “Ginawang kaibig-ibig sa para sa kanya ang pag-iisa, at Siya ay madalas na pumapasok nang mag-isa sa yungib ng Hira upang sumamba nang patuloy sa maraming mga araw” at naging kasuklam-suklam sa kanya ang mga rebulto at relihiyon ng kanyang pamayanan, at walang bagay na kasuklam-suklam para sa kanya na hihigit sa bagay na iyon.

Unang Kabanata:
Pagsisimula ng Rebelasyon

Nang siya ay umabot ng apatnapung taong gulang, ang liwanag ng Pagka-Propeta ay sumisikat na sa kanya at pinarangalan siya ng Allah ﷻ ng Kanyang mensahe araw ng Lunes.

Inulat ni Aishah رضي الله عنها ang Ina ng mga mananampalataya na kanyang sinabi: (Ang pagsisimula ng Banal na rebelasyon sa Sugo ng Allah ﷻ ay nasa anyo ng mabuti at totoong mga panaginip sa pagtulog, at lahat ng nakikita niyang pangitain ay nagiging totoo at natutupad tulad ng maliwanag na sinag ng araw. At pagkatapos ay ginawang kaibig-ibig para sa kanya ang pag-iisa, at Siya ay madalas na pumapasok nang mag-isa sa yungib ng Hira upang sumamba nang patuloy sa maraming mga araw hanggang sa siya ay magnais na bumalik sa kanyang pamilya. Kaniyang dinadala sa kanyang paglalakbay ang pagkain para sa pamamalagi niya roon at pagkatapos ay muli siyang bumabalik sa (kanyang asawang) si Khadeejah upang kunin ang kanyang baong pagkain, hanggang sa biglang dumating ang Katotohanan sa kanya habang siya ay nasa yungib ng Hira. At ang anghel ay dumating sa Kanya at sinabi "Iqra" basahin mo! At sumagot ang Propeta ﷺ, (Hindi ko alam kung paano magbasa) dagdag pa ng Propeta ﷺ: (kinuha niya ako nang puwersahan at pinilit ako nang husto hanggang sa hindi ko na makayanan pa. pinakawalan niya ako at muling sinabi: "Iqra" Basahin mo! At sumagot ako, "Hindi ko alam kung paano magbasa." At muli sa pangalawang pagkakataon kinuha niya ako nang puwersahan at pinilit ako nang husto hanggang sa hindi ko na makayanan pa. pinakawalan niya ako at muling sinabi: "Iqra" Basahin mo! At sumagot ako "Hindi ko alam kung paano magbasa." At muli sa pangatlong pagkakataon kinuha niya ako nang puwersahan at pinilit ako nang husto hanggang sa pinakawalan niya ako at kanyang sinabi: ﴿Bigkasin mo, O Muhammad, ang anumang ipinahayag sa iyo na mula sa Dakilang Qur'ân bilang iyong pagsisimula! Sa Pangalan ng iyong 'Rabb' na Bukod-Tanging Tagapaglikha, na Siya ang lumikha ng lahat ng tao mula sa namuong dugo na malapot. Bigkasin mo, O Muhammad, ang anumang ipinahayag sa iyo! At katiyakan, ang iyong 'Rabb' ay sagana sa kabutihan at malawak ang kagandahang-loob﴾ [96:1-3] At ang Sugo ng Allah ﷻ ay bumalik sa kanyang tahanan na may dalang rebelasyon at ang kanyang puso labis na nanginig at nabahala. Pagkatapos ay nagpunta siya kay Khadeejah bint Khuwaylid at sinabi, (Takpan mo ako! Takpan mo ako!) Agad naman siyang tinakpan hanggang sa mawala na ang kanyang takot at pagkatapos, sinabi niya sa kanya ang lahat ng nangyari at sinabi, (Natatakot ako para sa aking sarili na maaaring mangyari sa akin ang isang bagay.) At tumugon si Khadeejah: "Huwag kailanman, sumpa man sa Allah ﷻ hindi ka kailanman ipapahamak ng Allah ﷻ, dahil pinananatili mo ang mabuting ugnayan sa iyong kapwa at kamag-anak, tinutulungan mo ang mga mahihirap at ang mga dukha, naglilingkod ka sa iyong mga bisita nang napakamabuti at tinutulungan mo ang mga karapat-dapat tulungan." Pagkatapos ay sinamahan siya ni Khadeejah sa kanyang pinsan na si Waraqa bin Naufal bin Asad bin 'Abdul' Uzza, na noong panahong bago duamating ang Islam ay naging isang Kristiyno at ang isang maalam sa pagsusulat sa mga titik na Hebreo. At siya ay taga-sulat ng Ebanghelyo gamit ang mga titik na Hebreo at sinusulat niya ang anumang nais niyang isulat mula Ebanghelyo. Siya ay isang matandang lalaki at nawala na kanyang mga paningin. Sinabi ni Khadeejah kay Waraqa, "Pakinggan mo ang kuwento ng iyong pamangkin, O aking pinsan!" Tinanong ni Waraqa, "O aking

pamangkin! Anong nakita mo? "Ang propeta ng Allah ﷺ ay inilarawan ang anumang nakita niya. Sinabi ni Waraqa, "Ito ang parehong "Naamoos" takapagtago ng mga lihim (anghel Gabriel) na ipinadala ng Allah kay Moises. Sana'y nagging bata pa ako at maaaring pang mabuhay hanggang sa ang oras kapag ang iyong mga kababayan ay papalayasin ka." At ang sugo ng Allah ﷻ ay nagtanong, (papalayasin ba nila ako?) Sumagot si Waraqah: "Oo" at sinabing, "Ang sinumang tao na dumating na may katulad na bagay na iyong dinala ay tunay na inapi at pinahirapan, at kung ako ay mananatiling buhay hanggang sa araw mong iyon ay Susuportahan kita nang napakalakas." Ngunit pagkatapos ng ilang araw, si Waraqah ay namatay at ang banal na rebelasyon pansamatalang tumigil" At sinabi ng Propeta ﷺ: (Habang naglalakad ako, bigla kong narinig ang isang tinig mula sa kalangitan. Tumingala ako at nakita ko ang isang anghel na bumisita sa akin sa yungib ng Hira 'na nakaupo sa upuan sa pagitan ng kalangitan at ng lupa. Natakot ako sa kanya at agad akong bumalik sa bahay at nagsabi ko "Takpan mo ako! Takpan mo ako!" (ng mga kumot). At pagkatapos ay ipinahayag ng Allah ang mga sumusunod na Banal na mga talata mula sa Quran: ﴿O ikaw Muhammad na nagbalabal (o nagtakip ng buong katawan) sa pamamagitan ng iyong kasuotan! Tumayo ka mula sa iyong higaan at balaan mo ang mga tao mula sa parusa ng Allâh!﴾ hanggang sa ﴿at manatili ka sa paglayo sa mga diyus-diyusan﴾ at pagkatapos ng kapahayagan sa talatang ito, ang paghahayag ay nagsimula nang maging sunud-sunod, madalas at palagian).

BAHAGDAN NG PAGDATING NG REBELASYON

[1] MABUTI
AT TOTOONG
MGA
PANGITAIN

At ito ang naging simula ng rebelasyon sa Propeta ﷺ, Sinabi ni A'ishah رضي الله عنها: **"At lahat ng nakikita niyang pangitain ay nagiging totoo at natutupad tulad ng maliwanag na sinag ng araw"**.

[2]
PAGPAHAYAG
DIREKTA SA
KANYANG PUSO

Minsan ang Anghel Jibreel ay lalapit sa kanya at ihahayag ang rebelasyon nang direktso sa kanyang puso nang hindi siya nakikita ng Propeta ﷺ, Sinabi ng Propeta ﷺ: **(Ang matapat na espiritu ay umihip sa aking puso at sinabi sa akin...)**

[3] ANGHEL
SA
KATAWANG
TAO

Sinabi ng Propeta ﷺ: **(At minsan naman dumarating sa akin ang isang Anghel sa anyo ng isang tao at saka niya ako kauusapin at mauunawaan ko ang kanyang mga sinasabi), at sa yugtong ito ay nakikita rin siya ng mga Sahabah رضي الله عنهم.**

[4] KALANGSING NG
KAMPANILYA

Sinabi ng Propeta ﷺ: **(Minsan ay dumarating sa akin na katulad ng isang kalangsing ng kampanilya, at ang uri na ito ang pinakamatindi para sa akin. At mawawala lamang ito sa akin kapag akin nang naunawaan ang mga inihayag sa akin), at Sinabi ni A'ishah رضي الله عنها: "Tunay na nakita ko ang sugo ng Allah ﷻ sa isang napakalamig na araw at napansin ko ang pawis na tumatagaktak mula sa kanyang noo habang bumababa sa kanya ng rebelasyon."**, bagkus kahit na ang kanyang kamelyo ay napapa-upo nalang sa lupa kapag siya nakasakay dito.

[5] ANGHEL
SA TUNAY
NITONG
ANYO

Minsan nakita ng Propeta ﷺ ang anghel sa kanyang likas na anyo kapag tumatanggap ng rebelasyon, at naganap ito nang dalawang beses tulad ng binanggit ng Allah ﷻ sa Surah An-Najm.

[6]
REBELASYON
MULA SA
ALLAH

Ito ang ipinahayag ng Allah ﷻ nang direkta sa kanya ﷺ mula sa itaas ng pitong kalangitan sa gabi ng Mi'raj, tulad halimbawa ang kapahayagan sa pag-uubliga ng Salah, at iba pa.

[7] PAKIKIPAG-
USAP NG
ALLAH SA
KANYA

Noong nakipag-usap sa kanya ang Allah ﷻ nang direkta na walang Anghel na tagapamagitan, tulad ng pakikapag-usap ng Allah ﷻ nang direkta kay Musa عليه السلام.

UNANG IPINAHAYAG SA KANYA	Ang unang limang Talata ng surah Al-'Alaq: ﴿اَفْرَأْ بِاسْمِ رَبِّكَ الَّذِي خَلَقَ ۝ خَلَقَ الْإِنْسَانَ مِنْ عَلَقٍ ۝ اَفْرَأْ وَرَبُّكَ الْأَكْرَمُ ۝ الَّذِي عَلَّمَ بِالْقَلَمِ ۝ عَلَّمَ الْإِنْسَانَ مَا لَمْ يَعْلَمْ﴾ ((Bumasa, sa ngalan ng iyong Panginoon na lumikha, Lumikha sa tao mula sa namuong laman na nakabitin sa sinapupunan. Bumasa at ang iyong Panginoon ang pinakamapagbigay. Ang nagturo sa pamamagitan ng panulat. Nagturo sa tao ng hindi niya nalaman)) [96:5].		
BAHAGDAN NG DAWAH	[1] Pagka Propeta	[2] Magbigay ng babala sa kanyang malapit na pamilya	[3] Magbigay ng babala sa kanyang pamayanan
	[4] Magbigay ng babala sa lahat ng pamayanan na hindi dumating sa kanila ang tagapagbabala bago pa ang panahon ng Propeta ﷺ, at ito ang lahat ng mga Arabo.		
	[5] Magbigay ng babala sa lahat ng inaabutan ng panawagan mula mg Jinn at tao hanggang sa huling panahon.		
BAITANG NG DAWAH	[1] DA'WAH SIRRIYYAH (Patagong Pag-Anyaya): Tumagal ng tatlong taon.		
	[2] DA'WAH JAHRIYYAH (Lantarang Pa-Anyaya): Ito ay nangyari lamang ito noong inutos na sa kanya: ﴿Ipatatid mo kung ano ang iniutos sa iyo﴾[15:96].		
ANG UNANG MGA MANANAMPALATAYA	SA KALALAKIHAN: Abu Bakr Assiddiq		SA KABABAIHAN: Khadeejah bint Khuwaylid
	SA KABATAAN: Ali Bin Abi Talib		SA MGA PINALAYANG ALIPIN: Zayd Bin Harithah
	SA MGA ALIPIN: Bilal Bin Rabah Al-Habashiy		
IBA PANG MGA NAUNANG NANIWALA SA KANYA ﷺ	Mula sa mga naunang naniwala sa Propeta ﷺ pagkatapos ng pagbanggit natin sa kanyang sambahayan ay sumunod na dito si: Uthman Bin Affan, Talhah Bin Ubaydillah, Az-Zubayr Bin Al-Awwam, Sa'ad Bin Abi Waqqas, AbdurRahmah Bin Awf, Khabbab Bin Al-Aratt, Suhayb Ar-rumiy, Ammar Bin Yaseer, Ummu Ammar Sumayyah., Abu Ubaydah Amer Bin Al-Jarrah, Uthman Bin Madz'un, Abu Salamah Bin Abdil Asad, at Utbah Bin Ghazawan ﷺ.		

*Ikatlong Kabanata:
Panahon na nasa Makkah*

PAMIMINSALA NG MGA MUSHRIKEEN SA PROPETA ﷺ
AT SA MGA SAHABAH

Nang makita ng Mushrikeen ang katotohanan ng Da'wah ng Propeta ﷺ at ang mga tao ay nagsimula ng nagtipun-tipon sa paligid niya, kaya naman ang naging tugon ng mga Mushrikeen hinggil sa bagay na ito ay ang pagamit ng malawakang pamiminsala at pananakit nila sa mga Mu'mineen sa pinakamasamang uri ng pamiminsala, kabilang sa mga halimbawa ng kanilang pamiminsala:

- Bintang na ang Propeta ﷺ ay isang salamangkero, upang luwayo ang mga tao sa kanya at matakot.
- Bintang na ang Propeta ﷺ ay isang baliw, upang ituring siya ng mga tao na hangal.
- Bintang na ang Propeta ﷺ ay isang sinugaling, gayon pa man ito ay walang bisa dahil kilala siya sa kanila bilang pinaka-matapat at mapagkakatiwalaan bago pa ang Islam.
- Pangungutya sa Propeta ﷺ at sa mensaheng dala niya.
- Paggawa ng mga bagay na pampagalit sa mga tao at paggawa ng maraming ingay tuwing lumalabas ang Propeta ﷺ upang hikayatin sila sa Islam, at ito ay upang ang mga tao ay tumalikod mula sa pakikinig sa paghahayag at sa mensaheng katotohanan.
- Pagsalubong sa mga taga-labas ng Makkah upang mag Umrah o Hajj o iba pa at pagbibigay ng babala laban sa Propeta ﷺ.
- Pisikal na pananangit sa Propeta ﷺ tulad ng ginawa ni 'Uqbah bin Abi Mu'et nang minsan ay hinatak nito ang damit ng Propeta ﷺ hanggang sa masakal ito, hanggang sa dumating si Abu Bakr ؓ at tinulak niya si 'Uqbah palayo sa Propeta ﷺ. At isa pang pagkakataon nang tapunan ni 'Uqbah bin Abi Mu'et ng mga laman-loob ng kamelyo ang Propeta ﷺ habang ito ay nagsasalah sa may Ka'bah, at dumating ang anak ng Propeta ﷺ na si Fatimah ؑ upang alisin ito sa kanya.
- Ang kanilang mga pagtatangka upang patayin ang Propeta ﷺ, inalok nila ang kanyang tiyuhin na si Abu Talib upang palitan siya para kay 'Amāra ibn Al-Waleed upang mapatay lamang siya, at pinagtakaan din nilang patayin ito noong siya ay magsasagawa na ng Hijrah.
- Pinarusahan at pinahirapan ang mga itinuturing nilang mahina mula sa mga pananampalataya, at mula kalabisan nila; inilalagay nila ang malaking bato sa tiyan ni Bilal o tulad ng ginawa nila sa pamilya ni 'Ammar ibn Yasir at iba pa.

PAGLIKAS PATUNGO
SA HABASHAH

Noong dumami ang bilang ng mga Muslim at nadagdagan ito, at ang mga Mushrikeen ay nagsimula ng matakot sa kanila, ang pang-aapi sa mga Muslim ay mas naging matindi, kaya't pinahintulutan ng Propeta ﷺ ang mga Muslim na lumikas patungo sa Habashah (Abyssinia), at sinabi niya ﷺ: *(Tunay na mayroong isang hari doon na walang naaping tao sa ilalim niya).*

PAGLIKAS PATUNGO SA HABASHAH

UNANG PAGLIKAS

Lumikas ang unang grupo ng mga Sahabah patungong Habashah, at ito ay binubuo ng labing dalawa (12) kalalakihan at apat (4) na kababaihan. kabilang sa kanila ay si 'Uthman Bin Affan ؓ na siyang unang tumungo doon kasama ang kanyang maybahay na si Ruqayyah na anak ng Sugo ng Allah ﷺ, at sila'y nanatili sa Habashah at namuhay bilang isang mabuting kapitbahay. Pagkatapos, nakarating sa kanilang ang balita na ang Qurasyh ay yumakap na sa Islam ngunit ang balitang ito ay isang kasinungalingan, kaya't nagmadali silang bumalik sa Makkah, at habang nasa paglalakbay ay dumating sa kanila ang tunay na balita at kaganapan nangyayari sa Makkah, kaya't bumalik ang iba patungong Habashah at iba naman ay nagpatuloy na pumasok sa Makkah, at pagkatapos ay mas tumindi pa sa kanila at sa mga Muslim ang pamiminsala at pagmamalupit ng mga Quraysh, at kabilang sa mga pumasok sa Makkah ay si Abdullah Ibn Mas'ud ؓ.

PANGALAWANG PAGLIKAS

Sa pagkakataong ito ay lumikas ang walumpu't-tatlong (83) kalalakihan at labing walong (18) kababaihan, at sila'y nanatili kapiling ang Najashiy at namuhay sila sa mabuting kalagayan. Kaya't ng dumating sa Quraysh ang balitang ito, ipinadala nila sina; 'Amru Bin Al-'As at Abdullah bin Abi Rabee'ah sa isang grupo upang linlangin at makipagsabwatan sa Najashiy na paalisin ang mga Muslim sa kanyang lupain, subalit tinanggihan ito ng Najashiy at hindi tinanggap ang alok.

PAGYAKAP SA ISLAM NI HAMZAH AT UMAR

Sa ika-6 na taon pagkatapos ng pagka-Propeta, Si Hamzah ibn 'Abdul-Muttalib (ang tiyuhin ng Propeta ﷺ) ay niyakap ang Islam, si Hamzah ay kilala bilang pinakamalakas at marangal ng Quraysh, at kaya't naging malakas ang Propeta ﷺ sa pamamagitan ni Hamzah. Pagkatapos ay yumakap din sa Islam si Umar bin Al-Khattab dahil sa pinagpalang panalangin ng Propeta ﷺ sa kanya, sa pagkakataong iyon ay lumakas ang mga Mu'mineen dahil sa dalawang ito at naging ligtas sila mula sa Quraysh.

SHI'IB NI ABU TALIB

Mas naging matindi pa ang pamiminsala na ginawa ng mga Quraysh sa Sugo ng Allah ﷺ tulad ng pagkubkob nila sa kanya at sa sambahayan at pamilya niya sa Shi'ib [Buro] ni Abi Talib sa loob ng tatlong taon (3), at sa loob ng Shi'ib ay isinilang si Abdullah bin Abbas ؓ. Tunay na ang mga Kuffar ng Quraysh ay naging sanhi ng matinding pinsala sa Propeta ﷺ sa panahong na iyon. hanggang sa ang Propeta ﷺ ay lumabas mula sa pagkakakubkob sa edad na apatnapu't siyam (49).

PAGPANAW NI ABU TALIB AT KHADEEJAH

Pagkalipas ng ilang buwan, pumanaw ang tiyuhin ng Propeta ﷺ na si Abu Talib sa edad na walumpu't pitong (87). at pagkatapos ng ilang buwan ay pumanaw na rin si Khadeejah ؓ. At ang pinsala ng mga Kuffar sa kanya ay naging mas malubha at tumindi pa.

PAGTUNGO SA TAI'F

Lumabas ang Propeta ﷺ patungo sa Ta'if, siya at si Zayd bin Harithah ؓ upang imbitahan ang mga taga-roon tungo sa landas ng Allah ﷻ, at ilang araw rin silang nanatili roon subalit walang tumugon sa kanilang panawagan at imbitasyon, bagkus sinaktan lamang siya at pinalayas, at pinagbabato siya ng mga bato hanggang sa magdugo ang kanyang mga paa, pagkatapos ng pangyayaring iyon ay bumalik na rin sila patungo sa Makkah, at pagkatapos ay napadpad ang Propeta ﷺ sa bakuran ni Al-Mut'im bin A'diy.

PAGPASOK SA ISLAM NI ADDAS

Sa paglalakbay pabalik ng Propeta ﷺ ay nakatagpo niya ang isang Kristiyanong si 'Addas na naniwala sa kanya at niyakap ang Islam.

PANANAMPALATAYA NG MGA JINN

At sa paglalakbay din pabalik ng Propeta ﷺ ay napadaan sila isang grupo ng mga Jinn sa lugar na tinatawag na Nakhlah, at pito sa kanila mula sa mga Naseeben, at pinakinggan nila ang Qur'an at niyakap ang Islam.

AL-ISRA WAL MIRAJ

At nag-Isra'a o naglakbay sa gabi ang Propeta ﷺ sa pamamagitan ng kanyang kaluluwa at pisikal na katawan, mula sa Masjid Al-Haram sa Makkah patungo sa Masjid Al-Aqsa sa Jerusalem. at pagkatapos ay iniakyat siya noong gabing iyon sa pamamagitan ng kanyang kaluluwa at pisikal na katawan mula sa Masjid Al-Aqsa patungo sa itaas ng mga kalangitan hanggang patungo sa Allah ﷻ. At doon kinausap siya ng Allah ﷻ, inobliga sa kanya ang limang beses na Salah.

PAGLALAHAD NG ISLAM SA MGA TRIBO

Ang Propeta ﷺ ay nanatili sa Makkah at nanawagan at nag-iimbata sa iba't ibang mga tribo patungo sa landas ng Allah, at nilalahad niya ang kanyang sarili sa kanila sa bawat panahon na naghahanap ng kanlungan upang maipahayag ang mensahe sa kanila upang makamit nila ang Paraiso, subalit wala ni isa sa mga tribong ito ang sumagot sa panawagang iyon. At itinakda ng Allah na ilaan ito bilang karangalan sa mga Al-Ansaar. Ang mensahe ay umabot sa anim sa kanila sa Makkah at tinugon nila ang panawagan ng Allah at ng Kanyang Sugo, at bumalik sila sa Al-Madinah at nanawagan din sa mga tao doon patungo sa Islam, hanggang sa kumalat ang Islam sa pagitan nila, kaya't sa bawat bahay ng Al-Ansaar walang ibang buwang-bibig maliban na lamang ay binabanggit ang Sugo ng Allah ﷻ.

ANG ANSAAR AT KASUNDUAN SA AQABAH

UNANG KASUNDUAN

At sa sumunod na taon, labing dalawang (12) kalalakihan mula sa Ansar, lima sa kanila ay mula sa naunang anim na nakipagtagpo sa Sugo ng Allah ﷻ noong nakaraang taon. At sila'y nagsipangako sa Sugo ng Allah ﷻ katulad ng pangako ng katapatan ng mga kababaihan na nabanggit sa Surah Al-Mumtahanah doon sa Aqabah sa Mina, at pagkatapos sila ay bumalik din sa Al-Madinah.

PANGALAWANG KASUNDUAN

At sa sumunod na taon, pitumpu't tatlong (73) kalalakihan at dalawang (2) babae ang dumating at sila ay mula sa Huling Aqabah, At sila'y nagsipangako sa Sugo ng Allah ﷻ na tutulungan nila siya at poprotektahan mula sa kung ano ang pinoprotektahan nila para kanilang mga kababaihan, mga anak at kanilang buhay. Pagkatapos nito, naglalakbay ang Propeta ﷺ sa kanila sa Al-Madinah kasama ang kanyang mga Sahabah, at humirang at nagtalaga siya ng labing dalawang Pinuno.

*Ika-Apat na Kabanata:
Panahon na nasa Al-Madinah*

PAHINTULOT SA PAGLIKAS

Pinahintulutan ng Sugo ng Allah ﷻ para sa kanyang Sahabah ﷺ na magsagawa ng Hijrah (Lumikas) patungo sa Al-Madinah, kaya't lumabas sila nang palusot na dahan-dahan at tahimik. At ang kauna-unahang lumikas, sinasabi ay si Abu Salamah Bin Abdul Asad Al-Makhzumiy ﷺ, at sinasabi rin ay si: Mus'ab Bin Umayr, at sila'y dumating sa mga Al-Ansaar, at binigyan sila ng matutuluyan at tinulungan sila at ipinalaganap ang Islam sa Al-Madinah.

Pagkatapos ay ipinahintulot na rin para sa Sugo ng Allah ﷻ na magsagawa ng Hijrah, kaya't lumabas siya mula sa Makkah, araw ng lunes sa buwan ng Rabi'ul Awwal, sa oras na iyon siya ay limampu't tatlong taong gulang na, at kasama niya si Abu Bakr As-Siddiq, 'Amir ibn Fuhairah (na isang alipin na pinalaya ni Abu Bakr) at ang kanilang gabay sa daan na si Abdullah ibn Urayqit Al-Laythiy. Ang Propeta ﷺ at si Abu Bakr ay nagtago ng tatlong araw sa kuweba ng 'Thawr' at pagkatapos ay ipinagpatuloy nila ang kanilang paglalakbay habang tinatahak nila ang daan sa baybaying-dagat.

PAGPASOK
SA
MADINAH

Nang makarating ang Propeta ﷺ at ang mga kasama niya sa Al-Madinah - Lunes, ika labing dalawa ng Rabi'ul Awwal- nanatili sila sa Quba, ang pinakamataas na distrito ng Al-Madinah, at dito sila ay nanuluyan ng labing apat na araw kasama ang tribo ni 'Amru ibn' Awf.

UNANG
MASJID SA
ISLAM

At itinayo ng Propeta ﷺ ang Masjid Quba, Sinabi ni Ibn Umar ﷺ: **“Ang Propeta ﷺ ay nakagawiang pumunta sa Masjid Quba tuwing Sabado nang naglalakad o nakasakay sa kamelyo”,** at sinabi ng Propeta ﷺ : **(Ang pagdarasal sa Masjid Quba ay tulad ng pagsasagawa ng 'Umrah).**

PAGTAYO SA MASJID NG
PROPETA ﷺ

At pagkatapos ay sumakay Ang Propeta ﷺ sa kanyang kamelyo at tumungo sa lansangan ng Madinah, ang bawat tao sa Al-Madinah ay humihiling sa kanya na sa kanilang bahay ito tumuloy at ang bawat isa ay hinihila ang tali ng kamelyo niya. at sinabi ng Propeta ﷺ : **(hayaan ninyo siya dahil napag-utusan na siya).** at huminto ang kamelyo sa lugar kung saan nakatirik ang Masjid niya ngayon, at ito ay dating patuyuan ng Tamr ng dalawang batang lalaki na sina Sahl at Suhayl na mula sa tribo ng Banu An-Najjar. Sa puntong ito ay mananatili siya kasama si Abu Ayyub Ansaari ﷺ, pagkatapos ay sinimulan na ng Propeta ﷺ ang pagtatayo ng kanyang Masjid sa pamamagitan ng kanyang mga kamay sa mismong lugar na iyon na dating patuyuan ng Tamr kasama ng kanyang mga Sahabah ﷺ gamit ang mga sanga ng palmera at ladrilyo, Pagkatapos nito ay itinayo niya ang kanyang bahay at bahay ng kanyang mga asawa sa tabi ng Masjid, at ang pinakamalapit na bahay sa kanyang Masjid ay ang bahay ni A'ishah ﷺ at pagkatapos ay lumipat na siya mula sa bahay ni Abu Ayyub ﷺ matapos ang pitong buwan na panunuluyan niya sa bahay nito.

KAPATIRAN	Matapos ang pagtatayo ng Propeta ﷺ sa Masjid ay tinayo rin niya ang pagkakapatiran sa pagitan ng mga Muhajireen na may bilang na siyamnapu (90) at sa pagitan ng Al-Ansaar para sa pagkakapantay-pantay, at pamamanahan ng bawat magkakatatambal na magkapatid ang isa't isa kapag namatay ito hanggang sa maganap ang labanan sa Badr.
HUDYO	Nang dumating ang Propeta ﷺ sa Al-Madinah Nakita siya ng mga Hudyo at nalalaman nila na siya ay isang tunay na Sugo ng Allah na binanggit at nakasulat sa Torah, subalit sa kabila nito ay mangilangngilan lamang mula sa kanila ang yumakap sa Islam; tulad ng kanilang pantas na si Abdullah Bin Salam ﷺ, At ang Propeta ﷺ ay gumawa ng isang hiwalay na kasunduan sa pagitan ng mga tribo ng mga Hudyo kabilang sa kanila ay ang tribo ng Banu Qaynuqa', Banun Nadheer, at Banu Quraydhah.
PAGLIPAT NG QIBLAH	Matapos na inubliga ang Salah noong gabi ng Al-Mi'raj, ang Propeta ﷺ ay dating nakaharap tuwing magdarasal patungo sa <i>Baitul-Maqdis</i> , gayunpaman ninanaisa niyang mailipat ang direksyon ng Salah sa Ka'bah, kaya't hinaharap niya ang kanyang mukha patungo sa kalangitan na umaasa na dinggin ito, kaya't ipinahayag ng Allah ﷻ sa kanya: <i>(Nakikita Namin ang pagharap ng iyong mukha O Muhammad tungo sa langit at tiyak na ihaharap ka Namin sa direksiyon ng pagharap sa pagdarasal na kalulugdan mo...)</i> [2:144]. At sa ikalawang taon pagkatapos ng Hijrah ang Qiblah ay nabago patungo sa Ka'bah.
PAHINTULOT SA JIHAD	Matapos na maging panatag ang pamumuhay ng Propeta ﷺ sa Al-Madinah at pinangalagaan siya ng Al-Ansaar ﷺ, ipinahayag ng Allah ﷻ ang talata: <i>(Pinahintulutan yaong mga nilalabanan dahil sa sila ay inapi. Tunay na ang Allah sa pagpapatagumpay sa kanila ay may kakayanan ☞ Silang mga pinalayas mula sa kanilang mga tahanan nang walang katarungan liban na lamang na dahil sa sinasabi nila, 'Ang aming Panginoon ay si Allah.'...)</i> [22:39-40]. Kaya't dito ipinahintulot ng Allah ﷻ sa mga Mu'mineen ang digmaan laban sa mga Muskrikeen. Ang ilan sa mga naunang labanan Propeta ﷺ: Labanan sa Al-Abwaa' at Buwaat, at Al-'Ushayrah at ilang mga Saraayaa (Squadrons) laban sa mga tribo at angkan ng mga Mushrikeen.
LABANAN SA BADR	Sa buwan ng Ramadhan, Sa ikalawang taon pagkatapos ng Hijrah, lumabas ang Sugo ng Allah ﷻ kasama ang tatlong daan at mahigit sampung kalalakihan mula sa mga Mu'mineen upang bawiin ang Karaban ng Quraysh na pabalik galing sa Syria, subalit ibinaling ni Abu Sufyan ang direksyon ng karaban patungo sa dalampasigan pakanluran (Red Sea), at iniwan niya ang pangunahing daan na dadaan sa Badr sa gawing kaliwa, sa pagkakataong iyon ay inapuhan ng Shaytan ang mga Quraysh na lumabas upang digmain ang mga Mu'mineen. At nagtagpo ang dalawang grupo sa Badr at nangyari ang labanan sa Badr na tinawag na araw ng Furqan (o Paghihiwalay). At noong nagtagpo ang dalawang grupong militar, nanalangin ang Sugo ng Allah ﷻ sa kanyang Panginoon at humingi ng saklolo sa Kanya, kaya't tinulungan ng Allah ﷻ ang mga Mu'mineen sa pamamagitan ng mga Anghel na makikipaglaban kasama nila, at pinagtagumpay sila ng Allah laban sa mga Kafireen, at itinaas ang Kanyang salita. At nasawi sa Badr ang pitumpong (70) katao mula sa mga Mushrikeen, at samantalang namatay bilang martir mula sa hanay ng mga Mu'mineen ay labing apat (14) na kalalakihan.

PAGLUSOB SA QAYNUQA'

Sa ikatlong taon ng Hijrah, sinira ng Banu Qaynuqa' ang kasunduang pangkapayapaan, kaya't ang Propeta ﷺ ay kinubkub at pinalibutan sila sa kanilang kuta na tumagal ng labing limang gabi, at sumuko sila at ibinababa sa kanila ang hatol ng Sugo ng Allah ﷻ, kalaunan ay tinaboy sila at pinalayas sa Madinah, at sila ay may bilang na pitong daan.

LABANAN SA UHUD

Sa buwan ng Shawwal naganap ang labanan sa Uhud, lumabas ang Qurasyh para sa digmaan bilang paghihiganti para sa mga nasawi sa kanilang hanay sa Badr, dala ang humigit kumulang na tatlong libong (3000) katao, at sumugod sila sa Al-Madinah, Kaya naman lumabas din ang Propeta ﷺ dala ang pitong daan (700) na Sahabah at tumalak patungo sa Uhud, at umatras at iniwan sila ng mga Munafiqeen.

Ang Unang pagsalakay ay para sa mga Muslim sa simula ng araw, at pagkatapos sinubok ng Allah ang mga Muslim at sumalakay ang mga Mushrikeen at pilit nilang inaasinta ang Sugo ng Allah ﷻ at sa pagkakataon na iyon ay sinugatan nila siya at nabungian nila ng ngipin sa gawing kanan sa ibabang bahagi nito. At sa araw na iyon ay nakipaglaban din ang mga Anghel kasama ng Propeta ﷺ. At nasawi bilang martir mula sa hanay ng mga Muslim ay pitumpong (70) Sahabah ﷺ kabilang sa kanila ay sina; Hamzah bin Abdil Muttalib, Mus'ab Bin 'Umayr, Anas Bin An-Nadhar, at Handhzalah Al-Ghaseel, at iba pa.

At sinubok si Talhah Bin Ubaydillah ng isang magandang pagsubok sa araw nito hanggang sa sinabi ng Sugo ng Allah ﷻ : **(Ang Paraiso ay obligadong para kay Talhah)**. At Ang Propeta ﷺ at ang mga Muslim ay bumalik sa bundok kung saan pinoprotektahan sila ng Allah mula sa mga kamay ng Mushrikeen.

Ang araw ng Uhud ay isang oras ng pagsubok at pagsasala, sinubok ng Allah ang mga Mu'mineen at nilatad naman ang mga Munafiqeen, at ipinagkaloob sa sinuman ang ninais niya pagkalooban ng Shahadah.

Matapos ang labanan sa Uhud, narinig ng Propeta ﷺ ang paglabas at pagsugod muli ng mga Quraysh at gusto nilang bunutin ang ugat ng mga Muslim, kaya't sumugod din ang Propeta ﷺ kasama ang mga Mu'mineen na mga sugatan, gayunpaman nang ang mga Muslim ay nakarating sa Hamra '-Asad, narinig ito ng mga Quraysh at tumakas pabalik sa Makkah.

IKA-4 NA TAON NG HIJRAH

Sa ika-apat na taon ng Hijrah ay nagkaroon ng isang trahedya sa Bi'ru Ma'una kung saan pitumpu sa mga Sahabah na Qurraa o may kaalaman sa Quran ang napatay.

At nangyari rin ang digmaan laban sa Banun Nadheer kung saan sila yaong kinubkob ng Propeta hanggang sa inilagay ng Allah ang takot sa kanilang mga puso at pagkatapos ay pinalayas sila mula sa Al-Madinah. Dahil dito ipinahayag ang Surah Al-Hashr na tungkol sa kanila.

LABANAN SA MURAYSEE

Sa ika-limang taon ng Hijrah, lumabas ang Propeta ﷺ para lusubin ang tribo ng Bani Al-Mustaliq, at siya'y bumalik dala ang tagumpay, at habang nasa daan ng paglalakabay ay naisabatas ang Tayammum, at nangyari rin Hadithatul-Ifk (o Pangyayari na kasinungalingan), na kung saan ang mga Munafiqun ay nagsalita ng paninirang-puri laban sa Ummul Mu'mineen A'ishah ﷺ na isang Dalisay at dinalisay. At ito ay naging matindi sa kanya at sa Sugo ng Allah ﷻ hanggang sa ipinahayag ng Allah ang pagiging walang kasalanan ni A'ishah na nabanggit sa Surah An-Nur, at nilatigo ang mga nanirang-puri sa kanya.

ANG LABANAN NG AL-AHZAAB

Ang labanan sa Khandaq (Ahzaab) ay nangyari sa buwan ng Shawwal sa ika-anim na taon ng Hijrah, na kung saan ay nakipagsabwatan ang mga Hudyo sa Quraysh at sa tagasuporta nila para labanan at digmain ang Propeta ﷺ at kanyang mga Sahabah, kayat nagsama-sama ang mga Quraysh, at Banu Sulaym, Banu Asd, Fazarah, Ashjaa' at iba pa sa kanila na kung saan umabot ang kanilang bilang na sampung libong (10,000) mandirigma, at sila'y tumulak patungong Al-Madinah.

Inimungkahi ni Salman Al-Farisiy ؓ sa Propeta na gumawa ng Khandaq o Malaki at malalim na hukay o kanal bilang prokteksyon nila sa mga Ahzaab, kaya't lumabas ang Propeta kasama ang tatlong libong (3000) Sahabah, at ginawa nilang tanggulan ang bundok ng Sal'a, at ang Khandaq ay nasa kanilang harapan. Ang Propeta ﷺ ay gumawa ng isang kasunduan sa tribo ng Banu Quraydhzah, gayunpaman sinira nila ang kasunduan at sumali sila sa Ahzaab na lumaban sa Propeta ﷺ. Kayat ipinadala ng Propeta ﷺ si Nu'aym Bin Mas'ud ؓ sa Hudyo at Ahzaab at panamit niya ang panlilinglang sa kanilang sariling hanay at ito ang naging sanhi ng paghihiwalay nila.

At nagpadala ang Allah sa mga Ahzaab ng mga Sundalo mula sa hangin na sumira sa kanilang mga kampo at pinataob ang kanilang mga kaldero sa pagluluto at sila ay pinayanig ng hangin at ang takot ay pinasok sa kanilang mga puso hanggang sa tumakas sila at pinabayaan ang labanan na walang nakamit mula sa kanilang mga masamang plano. Pagkatapos ay tumungo ang Propeta ﷺ sa Banu Quraydhzah, at itinalaga si Sa'ad Bin Mu'adh bilang isa sa mga maghahatol sa kanila kaso.

Sa labanan na ito ay ipinayahag ang Surah Al-Ahzaab na tumutukoy sa pangyayaring ito.

ANG KASUNDUAN SA AL-HUDHAYBIYAH

Sa ika-anim na taon ng Hijrah, lumabas ang Propeta ﷺ kasama ang Isang libo at apat na daan (1400) na Sahabah upang magsagawa ng Umrah, at nang maabot nila ang Al-Hudhaybiyah, pinigilan sila ng mga Quraysh mula sa pagpasok sa Makkah, kaya't sila ay nakipag-ayos at nagkasundo na iwanan ang labanan sa loob ng sampung (10) taon. At iyon ay isang malaking tagumpay para sa mga Mu'mineen, katulad ng sinabi ng Allah ﷻ : *﴿Tunay na Kami ay nagpatagumpay sa iyo ng tagumpay na malinaw﴾* [48:1].

kasama sa kasunduang pangkapayapaan na ito: Ang Quraysh ay magpapahintulot sa mga Muslim na bumalik sa Makkah sa susunod na taon upang magsagawa ng 'Umrah, kaya bumalik sila sa sumunod na taon sa buwan ng Dhul-Qa'dah at isinagawa nila ang 'Umrah Al-Qadaa' '(Kabayaran para sa nakaraang taon na Umrah).

LABANAN SA KHAYBAR

Dalawampung araw (20) pagkatapos ng pagbabalik ng Propeta mula sa Al-Hudhaybiyah, siya'y lumabas patungo sa Khaybar sa Hilagang bahagi ng Al-Madinah, at dito kinubkob at pinalibutan nila ang mga Hudyo nang dalawampung araw (20) at nakipaglaban nang matindi ang mga Muslim sa oras na iyon, hanggang sa matiyak ng mga Hudyo ang kanilang sariling pagkawasak at sila ay humingi sa Propeta ﷺ ng kapayapaan, kaya't pinagbigyan sila para sa kaligtasan ng kanilang buhay at paglabas nila mula sa Khaybar na walang dala maliban sa kanilang suot na damit, at ginamit sila ng Propeta ﷺ sa pagsasaka ng kanilang lupain at kalahati ng ani ay bilang pambayad sa buwis.

PAGDATING
NI JAFAR

Noong nasa Khaybar pa ang Propeta ﷺ, dumating si Abu Hurayrah ؓ sa Al-Madinah para yumakap sa Islam, at dumating na rin si Ja'far Bin abi Talib na pinsan ng Propeta ﷺ, kasama niya ang ibang natitirang Sahabah sa Habashah, at nagtagpo sila kasama ng Propeta ﷺ sa Khaybar at kasama rin nila ang mga Ash'ariyyun; Abu Musa, at mga kasamahan nito ؓ.

LABANAN SA MUTAH

Ang labanan sa Mu'tah ay nangyari taong ika-8 ng Hijrah, at ito ay dahil sa pagpatay kay Sharahbeel bin Amr Al-Ghassaani na isang sugo ng Propeta ﷺ tungo sa hari ng Roma. Ipinadala ng Propeta ﷺ ang tatlong libong (3000) Sahabah sa ilalim ng pamumuno ni Zayd Bin Harithah ؓ. Sinabi ng Propeta ﷺ: **(Kapag napaslang si Zayd ay si Ja'far ang papalit sa kanya, at kung mapasalang si Ja'far ay si Abdullah bin Rawaahah ang papalit sa kanya)**. At sumugod din si Heraclius at mga tagasuportang mga Arabo sa bilang na dalawang daang libong (200,000) mandirigma. At sila ay nagtagpo sa Mu'tah, at nangyari ang digmaan. Namatay bilang Martir ang mga kumander ng Propeta ﷺ, sa pagkakataong iyon ay kinuha ni Khalid Bin Waleed ؓ ang bandera, at ipinamalas niya ang pagiging bihasa at kagalingan bilang pinuno sa labanan upang maisalba ang mga Muslim sa kinasangkutan ng kanilang mga sarili sa labanang iyon hanggang sa mailigtas sila mula sa kalaban ng Allah, at kalaban nila.

DAKILANG PAGSAKOP SA MAKKAH

Sa parehong taon, Sinalakay ng Banu Bakr (Kaalyado ng Quraysh) ang tribo ng Khuza'a (Kaalyado naman ng Propeta ﷺ) at sa pagsalakay na ito ay tinulungan ng Quraysh ang Banu Bakr nang palihim. At nang makaabot ang pangyayaring iyon sa Propeta ﷺ ay nagdesisyon siya na sakupin na ang Makkah, kaya't tumungo si Abu Sufyan sa Al-Madinah upang kausapin ang Propeta ﷺ ngunit hindi nakinig sa kanya, at naki-usap siya kina Abu Bakr, Umar at Ali na kausapin ang Propeta ﷺ ngunit tumanggi rin sila sa kanya. At nanalangin ang Propeta ﷺ na huwag malaman ng Quraysh ang kanilang pagsugod sa kanila, at ito ay dininig sa kanya, at lumabas ang Propeta ﷺ kasama ang sampung libong (10,000) Mandirigma, hanggang sa makapasok sila sa Makkah.

At yumakap sa Islam bago pa ang pagsakop, ang tiyuhin ng Propeta ﷺ na si Al-'Abbas Bin Abdil Muttalib ؓ.

At kabilang sa mga sinabi ng Propeta ﷺ nung araw ng pagsakop sa Makkah: **(Sinuman ang pumasok sa tahanan ni Abu Sufyan siya ay ligtas, at sinuman ang pumasok sa Masjid siya ay ligtas, at sinuman ang magsara ng pinto niya siya ay ligtas)**. kaya naman walang dinigma ang Propeta ﷺ maliban sa mga sumubok na lumaban sa kanya, o ilan sa kanila na sumugod sa Propeta ﷺ at sumugod sa mga Muslim at napaslang nila ito.

At nang makapasok Propeta ﷺ sa Makkah at siya'y nag-Tawaf na wala sa kalagayan ng Ihraam noong araw na iyo. at pagkatapos ay ipinatawag niya si Uthman Bin Talhah at kinuha ang susi ng Ka'bah at pumasok siya sa loob at winasak niya ang mga rebulto at diyus-diyosan sa loob at sa nakapalibot dito. At pagkatapos ay ibinalik niya ang susi kay Uthman Bin Talhah.

At yumakap sa Islam pagkatapos ng pagsakop sa Makkah ang napakaraming tao, bagkus ang mga tribo ay nagsimula ng dumating sa Propeta ﷺ upang ihayag kanilang pagyakap sa Islam.

PAGWASAK SA REBULTO

Pagkatapos ng pagsakop sa Makkah, Ipinadala ng Propeta ﷺ ang kanyang mga Sahabah upang wasakin ang mga rebulto na nasa palibot ng Makkah, ipinadala niya si Amr Bin Al-A's ﷺ upang wasakin ang diyus-diyusan na kung tawagin ay Suwa', si Sa'ad Bin Zayd ﷺ upang wasakin ang diyus-diyusan na kung tawagin ay Manaat, at si Khalid Bin Al-Waleed ﷺ upang wasakin ang diyus-diyusan na kung tawagin ay Uzzah, at si At-Tufayl ﷺ upang wasakin ang diyus-diyusan na kung tawagin ay Dhul Kaffayn, at ipinadala niya si Ali ﷺ upang wasakin ang diyus-diyusan ng mga taga-Taif'.

LABANAN SA HUNAYN

Noong marinig ng mga Hawazin ang pagkakasakop sa Makkah, napagdesisyon nila na lumakad upang digmain ang Sugo ng Allah ﷻ, at ipinasama nila kaagapay ng mga tao ang mga kayamanan nila at mga kababaihan nila at mga anak nila. Kaya't lumabas din ang Propeta ﷺ sa kanila kasama ang labing dalawang libong (12,000) mandirimag, namangha ang mga Muslim sa dami nila hanggang sa marating nila ang lambak ng Hunayn. Ang mga Hawazin ay nagpaulan ng mga pana at inatake ang mga Muslim ng isang pagsalakay lamang hanggang sa napaatras ang mga Muslim mula sa Propeta ﷺ dahil sa sobrang takot nila, at walang natira kasama niya sa kinalalagyan niya kundi kakaunting bilang mula sa Al-Muhajirun at mga angkan ng tahanan niya. Pagkatapos ay pinatatagtag ng Allah ang mga silang nanampalataya, kaya't sila'y bumalik tungo sa Propeta ﷺ at nakipaglaban muli kasama niya hanggang sa ipinagtagumpay sila ng Allah laban sa kanilang mga kalaban, at tumakas ang mga Hawazin patungo sa Taif. Pagkatapos ay dumating ang labing apat (14) na kalalaki mula sa Hawazin sa Propeta ﷺ na mga Muslim na, at hiniling nila na ibalik sa kanila ang mga bihag, at ibinalik niya sa kanila, at ibinalik din ng mga Muslim.

PAGSALAKAY SA TAIF

Matapos ang digmaan ng Propeta ﷺ laban sa Hawazin, at nagdesisyon siya na salakayin ang Taif, at dumating siya roon at pinalibutan ang kanilang kuta ng labing walong (18) araw, pagkatapos ay bumalik ang Propeta ﷺ at walang naganap na labanan.

LABANAN SA TABUK

Noong ika-9 na taon ng Hijrah, naganap Ghazwah (labanan) sa Tabuk (Ghazwah Al-'Usrah), at ito ay sa panahon na ang araw ay napakainit, at panahon ng pagbubunga at lilim, at ito ang pinakamahirap na panahon para sa mga tao na lumabas. At noong ginusto na ng Propeta ﷺ na lumabas ay hinikayat at hinimok niya ang mga tao na tumustos ng kayamanan para rito, kaya't naglaan si Uthaman ﷺ ng tatlong daan (300) kamelyo na puno ng kargada at kasama nito ang isang libong (1000) Dinar, sinabi ng Propeta ﷺ: **(Walang makakapinsala kay Uthman sa anumang ginawa niya pagkatapos ng araw na ito)**, At nagbigay na rin ang iba pang mga Sahabah ng kanilang mga kayamanan sa abot ng kanilang kakayahan.

At ang karamihan sa mga Munafiqeen ay lumiban sa Propeta ﷺ at nagpaiwan ang tatlong mabubuting mga Sahabah ng walang katanggap-tanggap na kadahilanan na sila: Ka'ab bin Malik, Hilal bin Umayyah, at Murarah bin Ar-Rabi' ﷺ, at humingi sila ng patawad sa Propeta ﷺ nang makabalik siya sa Al-Madinah, at sa kanila ang dahilan sa pagbaba ng talata mula sa Surah At-Tawbah: **﴿Pinatawad Niya rin ang tatlong nagpaiwan﴾** [9:118], pinatawad sila ng Allah dahil sa nalaman ang kanila pagiging totoo, at hinamak ang mga Munafiqeen sa pagtatapos ng Surah na ito, kaya't tinagurian ang Surah na ito na Al-Fadhihah o Pagpapahiya at pagbubulgar; dahil ipinahiya at ibinulagar sila dito.

LABANAN SA TABUK

Sa labanan na ito nakipagkasundo ang pinuno ng Aylah sa Propeta ﷺ na magbibigay na lamang ito ng Jizyah (Buwis), at ganoon rin ang ginawa ng mga taga Jarba at Adhruh na magbibigay rin sila ng Jizyah sa Propeta ﷺ. At nagpadala sa kanila ang Sugo ng Allah ﷻ ng mga liham, at nakipagkasundo rin ang pinuno ng Dawmatul Jandal na si Ukaydir na magbabayad din ng Jizyah. Nanatili ang Propeta sa Tabuk ng higit sampung gabi at pagkatapos ay bumalik na rin sa Al-Madinah at walang naganap na labanan.

At nang makabalik siya sa Al-Madinah, inutusan siya ng Allah ﷻ na gibain ang Masjid Ad-Dhirar na siyang itinayo ng mga Munafiqun; *«upang maminsala at maghasik ng kawalang pananampalataya at pagkakawatak-watak sa mga nanampalataya at bilang himpilan ng mga sinumang nakipagdigma laban kay Allah at sa Kanyang Sugo»* [9:108], kaya't giniba ito ng Propeta ﷺ, at ito ang kahuli-hulihang digmaan na nilahukan mismo ng sarili niya ﷺ.

DELEGASYON

Matapos ang labanan sa Tabuk, yumakap sa Islam ang tribo ng Thaqeef, at tinawanag ang ika-9 na taon na taon ng delegasyon, dahil ang mga iba't ibang tribo ay nagsimula ng dumating sa Propeta ﷺ na mga Muslim na, kabilang sa kanila: Ang Delegasyon ng bani Tamim at kanilang pinuno na Atarid bin Hajib At-Tamimiy, at ang delegasyon ng taga Tay'i at kanilang pinuno na si Zayd Al-Khayl, at ang delegasyon ni Abdul Qays at pinuno nila na si Al-Jarud Al-Abdiy, at ang delegasyon ng Bani Hanifah, at kabilang sa kanila ay si Musaylamah Al-Kaddhab na siyang nagpanggap ng pagkapropeta kinalaunan.

HAJJ NI
ABU BAKR

Sa Ika-9 na taon ng Hijrah, ipinadala ng Propeta ﷺ si Abu Bakr ؓ bilang pinuno sa Hajj at mamamahala sa mga nagsasagawa nito, at ipinadala rin ng Propeta ﷺ si Ali ؓ upang basahin sa unang mga talata mula sa Surah At-Tawbah sa mga tao, at huwag pansinin ang mga kasunduan ng mga tauhan ng Shirk, at upang inanunsyo sa mga tao na hindi na maaari magsagawa ng Hajj ang sinumang Mushrik sa pagkatapos ng taon na ito, at hindi na rin maaaring magsagawa ng Tawaf sa paligid ng Ka'bah nang hubot' hubad katulad ng nakasanayan nila noong panahon ng Al-Jahiliyah (Kamangmangan).

HAJJATUL WADA'

At noong ika-10 ng Hijrah, nagsagawa ng Hajj ang Sugo ng Allah ﷻ at ito ang tinaguriang Hajjatul Wada' (Ang pamamaalam ng Hajj). Lumabas ang Propeta ﷺ at kasama niya ang mga Muslim sa iba't ibang mga tribo at pamayanan hanggang sa umabot ang bilang nila na humigit kumulang na isang daang libo (100000), at dito itinuro ng Propeta ﷺ sa mga tao ang mga alituntunin ng Hajj, at siya ay nag-Khutbah sa araw ng Arafah at binasa sa kanila ang sinabi ng Allah ﷻ: *«Sa araw na ito ay ginawa Kong perpekto ang inyong relihiyon at kumpleto ang Aking biyaya sa inyo at pinili Ko ang Islam bilang inyong relihiyon.»* [5:3]. At dito ipinaalam sa kanila na ang Relihiyon ay talagang ganap na, at itinagubilin sa kanila na manatili sa pagsunod sa anumang dumating sa Qur'an at Sunnah, at ginawang sagrado ang kanilang mga buhay, kayamanan at dignidad sa bawat isa, at ito ang huli at pamamaalam na Khutbah ng Propeta ﷺ.

SUNDALO NI
USAMAH

Sa buwang ng Safar, ika-11 taon ng Hijrah, naghanda ang Propeta ﷺ ng malaking hukbong sandatahan upang digmain ang Roma, at itinalaga niya na mamuno dito ay si Usamah bin Zayd ؓ, at lumabas sila at nagkampo sa Al-Jurf kaya nga lamang ay dumating sa kanila ang balitang pagkakasakit ng Propeta ﷺ.

*Buod ng mga Labanan at digmaan
sa Panahon ng Propeta ﷺ*

BUOD NG MGA LABANAN AT DIGMAAN SA PANAHON NG PROPETA ﷺ

Lahat ng mga Ghazawat (Labanan) ng Propeta ﷺ at mga Bu'uth (delegasyon) at Saraaya (maliit na pulutong ng sundalo) ay nangyari pagkatapos ng Hijrah sa loob ng sampung (10) taon. Ang mga Saraaya at Bu'uth ng Propeta ﷺ ay umabot sa animnapu (60), at mga Ghazawat naman ay umabot sa dalawampu't pito (27) at siyam (9) mula rito ay lumahok ang Propeta ﷺ at ito ang sumusunod: Badr, Uhud, Al-Khandaq, Quraydhzah, Al-Mustaliq, Khaybar, Fathul Makkah, Hunayn, at Taif. At napahayag sa Qur'an ang ilang sa mga ito:

ANG MGA LABANAN AT DIGMAAN NA
NAPAHAYAG SA QURAN

Ghazwat Badr: Naipahayag ito sa Surah Al-Anfal, at tinawag ito na Suratu Badr.

Ghazwat Uhud: Naipahayag ito sa mga huling bahagi ng Surah Al Imran, mula sa sinabi ng Allah ﷻ: *«Nang iniwan mo ang iyong pamilya upang isaayos ang mga nanampalataya sa mga posisyong pandigmaan sa labanan sa Uhud»* [3:121], hanggang sa ilang huling mga talata nito.

Ghazwatul Khandaq, Bani Quraydhzah, at Khaybar: Naipahayag ito sa kalagitnaan ng Suratul Ahzaab.

Ghazwatu Bani An-Nadheer: Naipahayag ito sa Suratul Hashr.

Ghazwatul Hdaybiyah, Khaybar at Al-Fath: Naipahayag ito sa Surah Al-Fath, at nabanggit din ang Al-Fath sa Surah An-Nasr.

Ghazwat Tabuk: Naipahayag ito sa mga talata sa Surah At-Tawbah.

Ang Propeta ﷺ ay nasugatan lamang sa labanan sa Uhud, at ang mga anghel ay nakipaglaban sa kasama niya sa labanan sa badr, Uhud, at Hunayn. Dumating ang mga anghel at ginimbal ang mga Mushrikeen at winasak ang kanilang mga puwersa sa labanan sa Al-Khandaq, ang Propeta ﷺ ay nagtapon ng graba sa mga mukha ng Mushrikeen kaya't silay ay nagsitakas. Ang pagsakop sa Makkah ay naganap sa loob ng dalawang laban: Badr at Hunayn. Ang nag-iisang labanan na gumamit sila ng Catapult ay sa Ta'if. At sila'y nagkuta gamit ang mga Khandaq (hukay na kanal) tulad ng ipinayo ni Salman Al-Farisiy ؓ noong digmaan laban sa mga Ahzaab.

*Pagkakasakit at Pagpanaw ng
Propeta ﷺ*

PAGKAKASAKIT AT PAGPANAW NG PROPETA ﷺ

Pinapili ng Allah ﷻ ang Propeta ﷺ sa pagitan ng pananatili dito sa Mundo o ang makatagpo ang Allah ﷻ at Paraiso, kaya pinili niya ang makatagpo Siya at ang Paraiso. Tumindi ang pagkakasakit ng Propeta ﷺ, hiniling niya sa kanyang mga asawa na siya ay magpahinga sa bahay ni A'ishah ؓ at pinayagan nila ito. At nang hindi na niya kayang mapamunuan ang Salah sa Masjid, inutusan niya si Abu Bakr ؓ na pamunuan ang Salah ng mga tao sa Masjid, at ito ay isang pahiwatig na si Abu Bakr ay karapatdapat sa Khilafah pagkatapos niya.

At noong Lunes ika-12 Rabi'ul-Awwal taon labing-isa pagkatapos ng Hijrah, ang Propeta ﷺ ay lumabas patungo sa mga tao habang sila ay nagdarasal ng Fajr, itinaas niya ang kurtina at binuksan ang pintuan upang sa ganoon ay makita nila siya, at sumenyas siya ng kanyang kamay sa kanila na ipagpatuloy ang Salah habang nakangiti ito sa kanila. at nang tumaas ang araw pumanaw ang Propeta ﷺ.

Ang pagpanaw ng Propeta ﷺ ay isang malaking pagsubok na dumating sa mga Muslim, labis at malubha silang nalungkot sa kanyang pagpanaw.

At nagtipun-tipon at nagkaisa ang mga tao na si Abu bakr ؓ ang itatanghal na Khalifah (kasunod na mamumuno) at walang sinuman ang sumalungat sa paghirang sa kanya bilang Khalifah dahil nalalaman nila ang pangunguna ni Abu Bakr sa Islam at kahigitan nito sa buong Ummah pagkatapos ng Propeta ﷺ.

Pagkatapos ay pinaliguan ang Propeta ﷺ at ibinalot siya sa tatlong puting tela, at inilibing siya kung saan siya namatay at ito ay sa Kuwarta ng Ummul Mu'mineen A'ishah ؓ, at iyon ang Sunnah ng Allah sa kanyang mga Propeta na kung saan ay kapag yumao sila ay iilibing sila kung saan sila namatay. At nagsagawa ng Salatul Janaiz para sa kanya ang mga tao at Jinn, Ang pagpapala at kapayapaan ng Allah ay mapasakanya. tayo ay sumasaksi na talagang ginampanan niya ang Amanah (ipinagkatiwala) sa kanya at nagbigay ng payo sa Ummah, at nakibaka para sa Allah ng tunay na pakikibaka, gantimpalaan nawa siya ng Allah para sa kanyang Ummah ng isang gantimpala na mas mainam pa sa gantimpala ng isang propeta para sa kanyang Ummah. Ang lahat ng papuri ay para Allah ang Panginoon ng sanlibutan.

Pangwakas:

Sinabi ni Hassan bin Thabit ؓ manunula ng Propeta ﷺ:

O' Allah tipunin mo kami kasama ng aming Propeta sa Paraiso na pinupuri ng mga matang inggit sa Paraisong Ferdaus at isulat mo ito para sa amin. O' Allah ang dakila at kataas-taasan ang nag mamay-ari sa lahat. Ang Allah at ang mga silang nasa paligid ng Arsh at mabubuting tao ay pumupugay sa pinagpalang Ahmad.

Pangatlong Pagsusulit

TANONG	TAMA	MALI
☀ Siya ay tagapastol ng mga tupa, at ito ang naging dahilan sa pagkakaroon niya ng katangian tulad ng pagtitiis, habag sa mga mahihina, at pangangalaga sa kanila.	☐	☐
☀ Nang siya ay umabot ng apatnapung taong gulang, ang liwanag ng Pagka-Propeta ay sumisikat na sa kanya at pinarangalan siya ng Allah ﷻ ng Kanyang mensahe araw ng biyernes	☐	☐
☀ Mas naging matindi pa ang pamiminsala na ginawa ng mga Quraysh sa Sugo ng Allah ﷻ tulad ng pagkubkob nila sa kanya at sa sambahayan at pamilya niya sa Shi'ib [Buro] ni Abi Talib sa loob ng tatlong taon hanggang sa ang Propeta ﷺ ay lumabas mula sa pagkakakubkob sa edad na apatnapu't siyam.	☐	☐

- ☀ Isinilang sa Makkah: ☐ Taon ng elepante ☐ Bago ang Hijrah 35 na taon ☐ Lahat ng nabanggit.
- ☀ Pagsisimula ng Rebelasyon: ☐ Ginawang kaibig-ibig sa para sa kanya ang pag-iisa ☐ Mabubuting mga pangitain ☐ Lahat ng Nabanggit.
- ☀ Bilang ng bahagdan ng pagdating ng rebalasyon: ☐ lima ☐ Pito ☐ Tatlo.
- ☀ Bilang ng bahagdan ng Dawah : ☐ dalawa ☐ tatlo ☐ lima.
- ☀ Naglakbay sa gabi ang Propeta ﷺ sa pamamagitan ng kanyang kaluluwa at pisikal na katawan, patungo sa Masjid Al-Aqsa at pagkatapos ay iniakyat siya noong gabing iyon patungo sa itaas ng mga kalangitan (.....) hanggang patungo sa Allah At doon kinausap siya ng Allah, inobliga sa kanya ang limang beses na Salah.: ☐ pamamagitan ng kanyang pisikal na katawan, ☐ kaluluwa ☐ sa pamamagitan ng kanyang kaluluwa at pisikal na katawan
- ☀ Ang kauna-unahang Masjid sa Islam: ☐ Al-Haram ☐ Nabawi ☐ Al-Aqsa ☐ Qubaa.
- ☀ Nangyari ang paglipat ng Qiblah sa : ☐ Makkah bago ang Hijrah ☐ sa ika-2 taon ng Hijrah ☐ sa ika-3 taon ng Hijrah.
- ☀ Nangyari ang Ghazwat badr sa buwan ng Ramadhan taong: ☐ ika-2 ng Hijrah ☐ Ika-3 ng Hijrah.

Unang naniwala sa Propeta ﷺ:

Mula sa kalalakihan

Mula sa Kabataan

Mula sa mga pinalayang alipin

Mula sa mga alipin

Ali bin Abi
Talib

Bilal bin
Rabah

Zayd bin
Harithah

Abu Bakr As-
Siddiq

☐
☐
☐
☐
☐
☐
☐
☐
☐
☐
☐
☐
☐
☐
☐
☐

**Tagapag-alaga ng
Propeta ﷺ:**

Abu Talib

Abdul
Muttalib

Walong
taon

Abdullah
bin Abdil
Muttalib

Pitong
taon

Pagkatapos pumanaw ng
kanyang inang si Aminah, siya
ay inilagay sa pangangalaga ng
kanyang lolong si

na pumanaw rin habang ang
Propeta ﷺ ay nasa

kaya't inilagay siyang muli sa
pangangalaga ng kanyang
tiyuhin na si

At ang Sugo ng Allah ay nasa
sinapupunan pa laman noong
namatay ang kanyan ama na si

At pumanaw ang kanyang ina
bago naging ganap ang eded ng
Propeta na

☐
☐
☐
☐
☐
☐
☐
☐
☐
☐
☐
☐
☐
☐
☐
☐
☐
☐
☐
☐
☐
☐
☐
☐
☐

Labanan ng Propeta ﷺ:	10 taon	60	27	9	1
Lahat ng mga Ghazawat (Labanan) ng Propeta ﷺ at mga Bu'uth (delegasyon) at Saraaya (maliit na pulutong ng sundalo) ay nangyari pagkatapos ng Hijrah sa loob ng	☐	☐	☐	☐	☐
Ang mga Saraaya at Bu'uth ng Propeta ﷺ ay umabot sa	☐	☐	☐	☐	☐
mga Ghazawat naman ay umabot sa	☐	☐	☐	☐	☐
mula rito ay lumahok ang Propeta ﷺ	☐	☐	☐	☐	☐
nasugatan lamang sa labanan	☐	☐	☐	☐	☐

Talaan ng Nilalaman

☪ Panimula	3
☪ Katangian ng Propeta ﷺ	5
☪ Unang Pagsusulit	13
☪ Katuruan ng Propeta ﷺ	15
☪ Ikalawang Pagsusulit	20
☪ Kahigitan ng Propeta ﷺ	23
☪ Pamilya at mga Asawa ng Propeta ﷺ	26
☪ Talambuhay ng Propeta ﷺ Bago ang Pagka-Propeta	31
☪ Pagsisimula ng Rebelasyon	33
☪ Panahon na nasa Makkah	37
☪ Panahon na nasa Al-Madinah	40
☪ Buod ng mga Labanan at digmaan sa Panahon ng Propeta ﷺ	47
☪ Pagkakasakit at Pagpanaw ng Propeta ﷺ	48
☪ Pangwakas	48
☪ Pangatlong Pagsusulit	49
☪ Talaan ng Nilalaman	52

هينم كان

الموقع الرسمي لفضيلة الشيخ



attaseel.alelmi



haythem_sarhan



attaseelalelm



haythemsarhan



attaseelalelmi1



attaseelalelm

<http://sarhaan.net>
www.attaseel.alelmi.net/ar

Ito'y **waqaf** alang-alang sa Allah
kaya't hindi maaring ipagbili

هذا وقف لله لا يجوز بيعه
مترجمة إلى اللغة الفلبينية

شرح متن الدُّروس المهمة لعامة الأمة

Ang Pagpapaliwanag sa Aklat

ANG MGA MAHAHALAGANG ARALIN PARA SA PAMAYANANG MUSLIM

ni **Shiekh Al-imam : AbdulAzeez bin Abdullah bin Baaz**
Rahimahullah

Ipinaliwanag ni:

Shiekh: Haytham bin Muhammad Jameel Sarhan

*Dating taga-pagturo sa Ma'had Alharam Almasjid Annabawiy
at kasalukuyang tagapamahala ng website:*

<http://attasseel-alelmi.com>

Isinalin sa wikang Filipino nina:

Engr. Hagmier Lim Jairan (*Faculty of Hadith*)

Shiekh Al-Hafeyz Atara Bautista (*Faculty of Da'wah*)

Islamic University of Madinah

AlMadinah AlMunawwarah

Kingdom of Saudi Arabia

Unang Limbag©2018

ALL RIGHTS RESERVED

Maliban sa sinuman na gustong iprint (ilimbag) o isalin sa ibang lengguwahe at para ipamigay ng libre pagkatapos makita-mabasa ng may-akda.

Makipag-ugnayan lamang sa:

islamtorrent@gmail.com

tagasalin:

mz4change2018@gmail.com



**Sa Ngalan ng Allah
Ang Pinakamahabagin at Pinakamaawain**

**Ang Pagpapaliwanag sa
Panimula ng May-akda**

**Sinabi ni Shiekh Al-Imam AbdulAzeez bin
Abdillah bin Baaz- *rahimahullah*-**

Sa ngalan ng Allah ang Pinakamahabagin at Pinakamaawain

Ang lahat ng papuri at pasasalamat ay para sa Allah lamang, Ang Panginoon ng sanlibutan. At ang pagpapala at pagbati ng Allahu taala ay mapasakay Propeta Muhammad at gayun din sa lahat ng kanyang pamilya at mga kasamahan.

Narito ang maikling aklat tungkol sa pagpapaliwanag sa ilang mahahalagang araling nararapat na malaman ng mga tao tungkol sa pananampalayang Islam, akin itong tinawag: ***“Addrurus Almuhiimah li-ammatil Ummah” (Ang mga mahahalagang aralin para sa Pamayanang Muslim).***

At aming hinihiling sa Allah na nawa'y makinabang ang bawat isa na makakabasa sa aklat na ito. At nawa'y tanggapin ang aking taus-pusong pagpapalaganap ng Islam, tunay na ang Allahu taala ang Lubos na Mabuti at Mapagbigay.

AbdulAzeez bin Abdullah bin Baaz

Bakit natin kailangan pag-aralan ang mga mahahalagang aralin na ito?

Sagot: Dahil ito'y mahalaga tulad ng katawagan sa kanya ng may-akda at ito ay tinagubilin ng mg Ulama'.

At kung may magsasabi: ***“Oo, ito’y mahalaga; ngunit ito’y para lamang sa isang pangkaraniwang mamayang Muslim, at ako’y isang taalibul ilm (naghahanap ng kaalaman), ang aking antas ay mas mataas kaysa sa kanila”.***

Sagot: Ating siyang tanungin, tungkol sa nilalaman ng aklat na ito, kung hindi niya ito nalalaman, ang pangkaraniwang mamayanang muslim ay mas mainam kaysa sa kanya, at nararapat sa isang taong naghahanap ng kaalaman ay maging isang mapagkumbaba at huwag maging mapagmalaki sa kaalaman at mga Ulama', at nararapat niyang tahakin ang yapak ng mga mabubuting Ulama'. At mula sa ***Sahee Albukhariy***, nagwika si **Mujahid rahimahullah**: ***“Hindi makakamit ng isang taong mahiyain, maging ang taong mapagmalaki; ang kaalaman”.***

Anu-ano ang mga napapaloob sa mahahalagang aralin na ito?

1. Ang kapamaraan ng Assalafus Saleh kasama ang Qur-an sa pagbabasa nito, pagsasaulo nito, pagninilay at pagsasabuhay nito.
2. Ang pagpapaliwanag sa Islam, Iman, Ihsan, Tawheed, at mga uri ng Shirk.
3. Ang pagpapaliwanag sa Salah (pagdarasal).
4. Ang pagpapaliwanag sa Wudhu'.
5. Ang pagtataglay ng mabuting katangian, at pagkakaroon ng mabuting pag-uugali na naaayon sa Islam.
6. Pagbabala mula sa Shirk, at ibat-ibang uri ng kasalanan.
7. Paghuhugas ng katawan ng patay, pagsasagawa ng Salah sa patay, at paglibing sa kanya.

Bakit sinisimulan ng mga Ulama' ang kanilang mga akda sa pamamagitan ng Basmalah?

Bilang pagsunod sa Qur-an, at pagsunod sa mga Sugo at Propeta.

Bilang paggalang sa hadith ((**kullu amrin dhi baalin...**)), kahit na ito'y Da'eef (mahinang hadith)

Bilang pagsunod sa mga Ulama' Assalaf

Bilang paghingi ng pagpapala sa pamamagitan ng pagsisimula sa pangalan ng Allah.

UNANG ARALIN

Ang Kabanata Al-fatiha at Qisar Assuwar (mga maiikling talata)

Ang Surah Al-Fatiha at ilang makakayang maiiksing surah mula sa Surah Al-zalzalah hanggang Surah Annas ay nararapat sa bawat Muslim na magsikap na mabasa, mabigkas, masaulo at mapaliwanag ang mga kinakailangang maunawaan.

Pagpapaliwanag

Nararapat na magsaulo sa bawat araw ng sampung ayah, na may kasamang pag-aaral ng paliwanag nito, mula sa mga aklat ng Tafseer; katulad ng aklat ni Shiekh Ibn Sa'di *rahimahullah* at nararapat din na humingi ng tulong mula sa Allah sa pagsasabuhay nito katulad ng kaugalian ng mga Salaf.

Sa anong aklat magsisimula ang talibul ilm (naghahanap ng kaalaman)?

Ipinapayo sa isang naghahanap ng kaalaman na siya ay magsimula sa aklat na **(Taysir Alkarim Arrahman fi tafsir kalam Almannan)** na sinulat ni Shiekh Abdurrahman bn Naaser Assa'diy *rahimahullah* at patawarin nawa siya ng Allah.

Bakit?

Dahil ito'y pinayo ng mga Ulama at sila ay nagbigay ng pagpapahalaga sa aklat na ito.

Dahil ito'y buod at maiikling aklat na nababagay na basahin ng isang nagsisimula pa lamang sa paghahanap ng kaalaman.

Dahil ang mga pangungusap at mga salita sa aklat na ito; madali, magaan at maliwanag.

Dahil ito'y tumutulong sa pagsasabuhay ng Qur-an ayon sa kapahintulutan ng Allah.

Dahil ang may-akda nito *rahimahullah* binibigyan ng tuon ang Tawheed o Kaisahan ng Allah.

**Anu-ano ang kalagayan ng mga tao
patungkol sa Qur-an?**

Nahahati ang mga tao sa tatlo:

(Wasath) Katamtaman:

Sila ang mga nangangalaga sa pagbabasa ng Qur-an at pagsasaulo nito at kanilang pinaglilina-ay, at sila ay humihingi ng tulong sa Allahu taala sa pagsabuhay nito, at ito ang kinaugalian ng mga Assalaf Assaleh at mga katagsunod nila.

**(Ifraat) Mga
nagmalabis:**

Sila ang mga nagbabasa ng Qur-an at nagsaulo nito ngunit walang paglilina-ay at pagsabuhay nito.

**(Tafreet) Ang
mga nagkulang:**

Sila ang mga iniwan nila ang Qur-an, at nangyari sa pamamagitan:

Pag-iwan sa
pagbabasa
nito.

Pag-iwan sa
pagsasaulo
nito.

Pag-iwan sa
paglina-ay
nito.

Pag-iwan sa
pagsasabuhay
nito.

Pag-iwan sa
paggamit nito
bilang gamot.

Sinabi ng Allahu taala: (At sinabi ng Sugo, Aking Panginoon tunay na ang aking nasyon ay kanilang iniwan ang Qur-an) at sinabi ng Sugo ng Allah sallallahu alayhi wa sallam ((tunay na magmumula sa kanyang lahi, ang isang grupo na nagbabasa ng Qur-an at ito'y hindi umabot sa kanilang mga lalamunan, pinapatay nila ang mga Muslim at hinahayaan nila ang mga sumasamba sa mga diyus-diyosan, at sila ay lalabas mula sa Islam katulad ng paglabas ng pana sa pinana', at kung aking silang aabutan sila'y aking papatayin katulad sa pagpatay sa tribo ni Ad)).

**Mga Ilang Bahagi mula sa Aklat na (Taysir Alkareem
Arrahman fi tafsir kalam Almannan)**

**[Ang Kapaliwanagan ng Surah Al-Fatiha]
At ito'y Makkiyah**

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ ١ الْحَمْدُ لِلَّهِ رَبِّ الْعَالَمِينَ ٢ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ ٣ مَالِكِ يَوْمِ
الدِّينِ ٤ إِيَّاكَ نَعْبُدُ وَإِيَّاكَ نَسْتَعِينُ ٥ اهْدِنَا الصِّرَاطَ الْمُسْتَقِيمَ ٦ صِرَاطَ الَّذِينَ أَنْعَمْتَ
عَلَيْهِمْ غَيْرِ الْمَغْضُوبِ عَلَيْهِمْ وَلَا الضَّالِّينَ ٧

Sa ngalan ng Allah ang Pinakamahabagin, Napakamaawain

1. Bismillaahir Rahmanir Raheem 2. Alhamdulillah rabbiil aalamiin 3. Arrahmaanir Raheem 4. Maaliki yawmid diin 5. Iyyaka na'budu wa iyyaka nas ta ii'n 6. Ihdinas siraatal mustaqiim 7. Siraatal ladhiina an amta alayhim ghayril maghduubi alayhim walad daa~l liin.

(1) (**Bismillahir Rahmanir Raheem**) Ako'y magsisimula sa ngalan ng Allahu taala

(**Allah**): Siya ang *ma'bud* (ang sinasamba), Siya ang nararapat sambahin dahil Siya ay nagtataglay ng katangian ng *uluhiyyah* (marapat sambahin), at ang katangiang nito ay ganap at kumpleto.

(**Arrahman Arraheem**): dalawang pangalan ng Allahu taala na tumutukoy sa Kanyang ganap at lubos na habag at awa sa Kanyang mga nilikha, na kung saan sumasaklaw sa lahat ng bagay at sumasaklaw sa lahat ng may buhay, at ito'y ginawad sa mga mananampalataya na sumusunod sa kanilang mga sugo't propeta, at para sa kanila ang ganap na awa at pagmamahal, at liban sa kanila mapapasakanya ang bahagi na para lamang sa kanya.

At alamin mo! Na ang pinagkasunduang panuntunan sa pagitan ng mga Salaf at mga Imam ng ummah: ang paniniwala sa magagandang pangalan ng Allah at sa kanyang kumpletong katangian at batas patungkol sa kanyang katangian; sila ay naniniwala dito. Halimbawa; ang Allahu taala Ang **Rahman** at Ang **Raheem** (Ang Maawain at Mabahabagin) at siya ay nagtataglay ng katangian na **Rahmah** o Ganap na Habag at Awa. At lahat ng biyaya ay bunga ng awa ng Allahu taala, at ganito ang kapamaraan sa lahat ng pangalan ng Allahu taala, tinatawag siya na **Al-Aleem** (Ang Lubos na may Kaalaman) na nagtataglay ng katangian na kaalaman sa lahat ng bagay,

Siya ang **Al-Qadir** (Ang Lubos na may Kakayanan) na nagtataglay ng katangian na **Qudra** (kakayanan) sa lahat ng bagay.

(2) (**Alhamdulillah**) (Ang lahat ng papuri ay nararapat lamang sa Allah): ito'y papuri ng Allah sa kanyang sarili dahil Siya ay nagtataglay ng ganap na katangian, at dahil Siya ay mayroong gawain na umiikot sa pagitan ng kainaman at kabutihan at katarungan, sa Kanya ang kumpleto at ganap na papuri sa lahat ng aspeto.

(**rabbil aalamiin**) ang Panginoon ng sanlibutan: **Arrabb**; Siya ang tagapangalaga sa lahat ng nilalang sa pamamagitan ng paglikha Niya sa kanila, at pagbibigay sa kanila ng mga kagamitan na makakatulong sa kanila, at pagbibigay ng biyaya sa kanila nang napakadakilang biyaya na kung saan ito'y mangyaring mawala sa kanila at hindi na sila maari pang manatili, at lahat ng biyaya na kanilang natatamasa; ito'y nagmula sa Allah.

At ang pangangalaga ng Allahu *taala* sa kanyang nilalang ay may **dalawang uri**:

Una: Al-ammah o ang pangkalahatang pangangalaga: at ito ang paglalang sa lahat ng nilikha at pagbibigay ng biyaya, at paggabay sa kanila tungo sa ikabubuti nila sa pananatili sa mundo.

Pangalawa: Alkhassah o ang natatangi na pangangalaga; para sa kanyang mga awliya' na mga mu'minin, aalagan sila sa pamamagitan ng Iman at gagabayan sila tungo dito, at sila ay gagawing ganap, at ilalayo sa kanila ang mga bagay na magiging harang at hadlang sa pagitan nila at pagitan ng pananampalataya. **At ang diwa nito**; ang paggabay tungo sa kabutihan at pangangalaga mula sa bawat kasamaan, at ang kahulugang ito'y ang tagong lihim kung bakit ang lahat ng mga panalangin ng mga propeta ay sa pamamagitan ng salitang *rabb* dahil ang kanilang hinihinging panalangin ay napapaloob sa natatanging pangangalaga, kaya naman sinabi ng Allahu *taala* (**rabbil aalamiin**) dahil siya ang bukod-tanging nagtataglay ng katangian ng paglikha, pangangasiwa, at ang biyaya at kaganapan ay pinagkaloob niya at lahat ng nilalang ay nangangailangan sa kanya sa kahit anong aspeto.

(4) (**maaliki yawmid diin**) : **Almalik**: Ang nagmamay-ari at naghahari na nagtataglay ng katangiang **Mulk** (paghahari), na kung saan kabilang sa kanyang mga bunga; siya ay nag-uutos at nagbabawal, naggagantimpala, nagpaparusa at nangangasiwa sa kanyang mga pinaghaharian sa lahat ng uri ng pangangasiwa at iniugnay ang Mulk sa **yawmid diin** at ito ang *yawmul qiyamah* dahil ito ang araw ng pagbibigay ng kabayaran ng mga tao sa lahat ng mga gawain nila, mabuti man ito o masama dahil sa araw na iyon makikita

ng mga nilikha ang ganap na paghahari ng Allah at katarungan niya at kanyang karunungan at kanyang wawasakin ang mga paghahari ng mga nilalang hanggang magiging pantay-pantay sa araw na iyon ang mga hari at kanilang pinagharian, ang isang alipin at malaya at lahat sila ay magpapakumbabaga sa kadakilaan ng Allahu *taala* at kanyang kapangyarihan, habang naghihintay sa kanilang paglilitis na naghahangad na makamit ang gantimpala ng Allah at nangangamba sila mula sa parusa nito. Kaya naman binukod-tangi ng Allahu *taala* ang pagbanggit dito; bagamat siya ang maghahari sa araw na iyon at sa iba pang mga araw.

(5) (*iiyaka na'budu wa iiyaka nastaii'n*) Ikaw lamang ang aming susundin at sasambahin at Ikaw lamang ang aming hihingan ng tulong sa lahat ng aming pangangailangan. At ang *ibadah* o ang pagsamba isang salitang pangkahalatan na sumasaklaw sa lahat ng iniibig ng Allah at kanyang kinalulugdan mula sa mga gawain at salita hayagan man ito o patago. At ang *istiana* o paghingi ng tulong; ay pagsandal sa Allahu *taala* sa pagkamit ng kabutihan at pag-iwas mula sa mga kasamaan na may kasamang pagtitiwala sa kanya na makakamit niya ito, at pagsasagawa ng ibadah at paghingi ng tulong; siya ang magiging daan upang makamit ang panghabangbuhay na kaligayahan at kaligtasan mula sa lahat ng kasamaan at wala ng ibang daan patungo sa kaligtasan maliban sa paggawa ng dalawang ito at matatawag lamang ang isang gawain na pagsamba kung ito'y nagmula sa Sugo ng Allah, na nagnanais makamit ang lugod ng Allahu *taala* at sa pamamagitan ng dalawang bagay na ito ang gawain ay magiging pagsamba, at binanggit ang *istiana* pagkatapos ng ibadah dahil ito'y kinakailangan ng isang alipin sa lahat ng ginagawang pagsamba, dahil kung hindi siya tutulungan ng Allah hindi niya makakamit ang kanyang ninanais mula sa paggawa ng mga ipinag-uutos at paglayo sa mga ipinagbabawal at pagkatapos ay kanyang sinabi:

(6) (*ihdinas siraatal mustaqiim*); ituro mo sa amin at patnubayan mo kami at gabayan patungo sa matuwid na landas. Ang *siratal mustaqiim* siya ang malinaw na landas patungo sa Allahu *taala* at patungo sa kanyang paraiso; sa pamamagitan ng kaalaman patungkol sa katotohanan at pagsasabuhay nito, gabayan mo kami sa daan na siyang pananatili sa relihiyong Islam at pag-iwan sa mga relihiyong maliban sa Islam, at gabayan mo kami sa daan na siyang maintindihan namin ang lahat ng kaalaman sa relihiyon at sa pagsasabuhay nito at ang panalanging ito'y kumpletong dua (panalangin) at kapakipakinabang sa isang alipin; kaya naman nararapat sa isang tao na

manalangin sa Allah sa bawat rakaah sa salah dahil sa pangangailangan ng tao dito at ito ang matuwid na landas:

(7) (*siraatal ladhiina an-amta alayhim*); daan ng mga pinagkalooban mo ng biyaya mula sa mga propeta, mga matatapat o siddiqeen, mga nangamatay ng *Shaheed* (nakipaglaban alang-alang sa Allah) at mga mabubuting tao, (*ghayri*) at huwag mo kaming ihanay sa daan ng (*almaghduub alayhim*) mga sinumpa dahil yaong mga nakakaalam ng katotohanan subalit ito'y kanilang iniwan o tinanggihan; katulad ng mga hudyo at ng mga gumagaya sa kanila at ganuon din sa daan ng mga (*dalliin*) mga nangaligaw; yaong iniwan nila ang katotohanan dahil sa kanilang kamangmangan at kaligawan katulad ng mga kristiyanong at ng mga sinuman na sumunod sa kanila.

At napapaloob sa surah na ito ang mga aral na wala sa ibang mga surah at sa surah na ito'y napapaloob ang **tatlong uri ng Tawheed**: *Tawheed Arrububiyah* na matutunghayan mula sa sinabi ng Allah (*rabbil aalamiin*) at *Tawheed Aluluhhiyyah* - na siyang kaisahan sa pagsamba - na ating matutunghayan mula sa salitang Allah at mula sa sinabi ng Allah (*iyakana'budu wa iyaka nastaiin*) at ang *Tawheed Al-asma' wa Assifat* - na siya'ng pagkilala at pagpapatibay sa mga kumpletong katangian ng Allahu *taala* - na kanyang pinagtibay para sa kanyang sarili at pinagtibay para sa kanya ng kanyang Sugo na walang *ta'til* pag-aalis ng kahulugan, walang *tamthil* paghahalintulad sa kanya sa anumang nilikha at walang *tashbih* pagwawangis sa kanya sa anumang nilikha; na ito'y matutunghayan natin sa sinabi ng Allah (*Alhamd*).

At napapaloob din sa surah na ito ang pagpapatibay ng *nubuwwah* pagkapropeta mula sa kanyang sinabi *ihdinas siratal mustaqim* dahil hindi maaari kung walang mensahe, at ang pagpapatibay sa paglilitis sa mga gawain mula sa sinabi ng Allah (*maaliki yawmiddiin*) at ang paglilitis na ito'y naayon sa kanyang katarungan; dahil ang kahulugan ng *diin* ay ang makatarungang paglilitis.

At napapaloob din dito ang pagpapatibay sa paniniwala sa Qadar, at ang isang tao ay siya'ng gumagawa ng kanyang gawain kasalungat sa paniniwala ng grupo na kung tawagin ay *Alqadariyyah* at *Aljabariyyah*. Bagkus napapaloob dito ang tugon sa lahat ng mga Ahlul Bid'a at Dalal; mula sa sinabi ng Allahu *taala* (*ihdinas siratal mustaqim*), dahil ito'y kaalaman sa katotohanan at pagsasabuhay nito at ang bawat mubtadi' at naliligaw ay sumasalungat dito.

At napapaloob din dito ang Ikhlas sa Allahu *taala* sa pagsamba at paghingi ng tulong sa kanya; mula sa sinabi ng Allahu *taala* (*iyakana'budu*

wa iyyakanas tai'n). *fal hamdulillahi rabbil aalamiin* at lahat ng papuri ay naayon lamang sa Allah Diyos ng sangkatauhan.

[Ang Kapaliwanagan ng Ayah Al-Kursiy]

﴿ اَللّٰهُ لَا اِلٰهَ اِلَّا هُوَ الْحَيُّ الْقَيُّوْمُ لَا تَاْخُذُهٗ سِنَةٌ وَّلَا نَوْمٌ لَّهٗ مَا فِى السَّمٰوٰتِ وَمَا فِى الْاَرْضِ مَنْ ذَا الَّذِى يَشْفَعُ عِنْدَهٗٓ اِلَّا بِاِذْنِهٖۙ يَعْلَمُ مَا بَيْنَ اَيْدِيْهِمْ وَمَا خَلْفَهُمْۖ وَلَا يُحِيطُوْنَ بِشَيْءٍ مِّنْ عِلْمِهٖۙ اِلَّا بِمَا شَاءَۚ وَسِعَ كُرْسِيُّهٗ السَّمٰوٰتِ وَالْاَرْضَۖ وَلَا يَـُٔوْدُهٗۚ حِفْظُهُمَاۚ وَهُوَ الْعَلِىُّ الْعَظِيْمُ ﴾

255. Allaahu la ilaaha illa huwal hayyul qayyum, lata'khudhuhu sinatuw wa la nawm, lahu maa fis samaawaati wa maa fil ardh, man dhalladhi yashfau' inn dahuu~ illa biidhnihi, ya'laamu ma bayna aydihim wa maa khalfahum, wa laa yuhiituuna bishay imm min ilmihi illa bimaa shaa~, wasi-a' kursiyyuhus samaawaati wal ardh, wa la ya-uuduhuu hifdhuhumaa, wa huwal Aliyyul Adhim

(255) Nagpahayag ang Propeta *salallahu alayhi wasallam* na ang ayah na ito ay ang pinakadakilang ayah sa Qur-an dahil sa mga napapaloob dito, mula sa mga kahulugan ng tawheed at kadakilaan ng katangian ng Allahu *taala*, at kanyang pinahayag na ang (**Allah**) Siya'y nagmamay-ari ng lahat ng kahulugan ng pagkadiyos at walang karapat dapat na sambahin maliban sa kanya at ang pagsamba maliban sa kanya ay isang **Baatil**. At Siya'ng (**Alhayy**) siya'ng nagmamay-ari ng lahat ng kahulugan ng walang haggang buhay, na sa kanya ang buong-kahulugan ng buong pagkabuhay na naayon sa kaniyang kadakilaan, mula sa mga katangian ng pandinig, paningin, kakayahan at kagusutuhan at iba pang mga pansariling katangian. (**Alqayyum**) napapaloob dito ang lahat ng panggawang katangian dahil ang salitang **Alqayyum** siya'ng tagapagtaguyud tagapagkalooob at tagapangalaga sa lahat ng bagay, at mula sa ganap na pagkabuhay at tagapagtaguyud, siya ay hindi maaring antukin at hindi rin Siya maaring matulog dahil ang pagtulog at antok ay nangyayari lamang sa isang linikha na nagtataglay ng kahinaan at walang kakayanan at hindi ito nangyayari sa isang nagtataglay ng isang kadakilaan at ipinahayag na siya ang **Almaalik** nagmamay-ari ng lahat ng bagay dito sa kalangitan

kalupaan at lahat sila ay alipin ng Allahu *taala* at sila ay hindi makakalabas sa kalagayan na ito.

(Tunay na ang bawat sinuma'ng nasa kalangitan at kalupaan ay alipin ng Rahman) Siya ang nagmamay-ari ng lahat ng pinaghaharian at Siya ang nagtataglay ng katangiang paghahari, pangangasiwa at kadakilaan mula sa Kanyang ganap na paghahari walang sinuman ang namamagitan maliban sa Kanyang kagustuhan, lahat ng tagapamagitan ay alipin ng Allah at Kanyang pagmamay-ari, hindi sila maaring mamagitan hangga't ito'y ipahintulot sa kanila **(Ipagbadya mo O Muhammad, ang lahat ng shafaah (o pamamagitan) ay pagmamay-ari ng Allah siya ang nagmamay-ari sa kalangitan at kalupaan)** at ang Allah ay hindi Niya pinapahintulot sa isang tao na mamagitan maliban sa sinumang kanyang pinili at kinalugdan at wala Siya'ng ibang kalulugdan maliban sa mga yaong may tawheed at mga sumusunod sa mga propeta, at ang sinumang hindi nagtataglay ng ganitong katangian, wala siyang makukuhang bahagi sa shafaah, at pagkatapos kanyang pinahayag ang kanyang malawak na kaalaman na nakababatid sa lahat at saklaw ng Kanyang kaalaman ang lahat ng mga nilikha; ang mga nangyari at ang nangyayari at pati na rin ang mga mangyayari pa lamang at walang maitatago sa kanya **(at alam niya ang mga naitatago at ang anumang naitatago sa puso)** at walang sinumang mula sa kanyang mga nilikha ang nakakabatid na mula sa kanyang kaalaman maliban na lamang kung ano ang kanyang itinuro at ipinabatid sa kanila **(maliban sa mga ninais niya)** mula sa mga bagay na Qadar shar-iiyyah (tinatadhana) at sa mga isinasabatas, at ito'y maliit na bagay lamang sa kaalaman ng Allah, katulad ng sinabi ng pinaka-maalam na nilikha; na sila'ng mga propeta at anghel: **(luwalhati sa Iyo, at wala kaming kaalaman maliban sa Iyong itinuro at ipinabatid sa amin).**

At Kanyang sinabi rin ang patungkol sa Kanyang kadakilaan, na ang Kanyang **kursiy** ay sakop ang mga kalangitan at ang buong kalupaan, at ito'y Kanyang pinangalagaan at ang sinuman ang napapaloob dito mula sa mga nilalang sa pamamagitan ng maayos na sistema at kadahilanan na kung saan ginagawa ito ng Allah sa Kanyang mga nilikha, at walang kahirap-hirap para sa Kanya ang pangangalaga ng mga ito, (at siya ang **Aliy**) ang kataas-taasan sa Kanyang sarili at Kanyang katangian, siya ang **Aliy** at siya ay nasa ibabaw ng lahat ng kanyang nilikha, at lumalapit sa kanya ang lahat ng umiiral at nagpapakumbaba sa kanya, (at ang **Adhim**) nasa kanya ang kabuohan ng lahat ng katangian at pagiging ganap at buong kataas-taasan, na siyang dahilan upang maging kaibig- ibig sa mga puso at dakilain ito ng mga kaluluwa, at upang malaman ng mga tao - na may kaalaman - na ang kadakilaan sa lahat ng bagay ay hindi papantay sa kadakilaan ng Allah.

[Ang Kapaliwanagan ng Surah Idha Zulzilati]
At ito'y Madaniyyah

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ

﴿١﴾ إِذَا زُلْزِلَتِ الْأَرْضُ زِلْزَالَهَا ﴿٢﴾ وَأَخْرَجَتِ الْأَرْضُ أَثْقَالَهَا ﴿٣﴾ وَقَالَ الْإِنْسَانُ مَا لَهَا ﴿٤﴾ يَوْمَئِذٍ تُخْبِتُ أَعْيُنُهَا ﴿٥﴾ إِنَّ رَبَّكَ أَوْحَىٰ لَهَا ﴿٦﴾ يَوْمَئِذٍ يَصْدُرُ النَّاسُ أَشْتَاتًا ﴿٧﴾ لِيُرَوْا أَعْمَلُهُمْ ﴿٨﴾ فَمَنْ يَعْمَلْ مِثْقَالَ ذَرَّةٍ خَيْرًا يَرَهُ ﴿٩﴾ وَمَنْ يَعْمَلْ مِثْقَالَ ذَرَّةٍ شَرًّا يَرَهُ ﴿١٠﴾

Sa ngalan ng Allah ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain

1. Idhaa zulzilatil ardhu zilzaalahaa 2. Wa akhrajatil ardhu athqaalahaa 3. Wa qaalal inn saanu ma lahaa 4. Yawma idhinn tuhaddithu akhbaarahaa 5. Bi ann na rabbaka awhaa lahaa 6. Yawma idhii yasdurunn naasu ashtaatal liyuraw a'maalahum 7. Famay ya'mal mithqaala dharratin khayray yarah 8. Wa may ya'mal mithqaala dharratinn sharray yarah.

(1-2) Pinapahayag ng Allah ang tungkol sa mangyayari sa araw ng *qiyamah*, at ang lupa ay mayayanig, lilindol at gagalaw hanggang sa maguguho ang lahat ng bagay sa ibabaw nito; mula sa mga gusali at tirahan at kabilang din dito ang mga bundok na kung saan magiging patag ito, (*wa akhrajatil ardhu athqaalaha*) ibig sabihin: at sa araw na ito ilalabas ng lupa ang anumang nilalaman nito mula sa mga patay at kayaman.

(3) (*wa qaalal inn saanu*) (at sasabihin ng tao) kapag nakita nila ang mga dakilang pangyayari na ito, ano ba ang nagyayari sa kalupaang ito (na may kasamang pagkagulat).

(4-5) (*yawma idhin yuhaddithu*) sa araw ng muling pagkabuhay ay magsasalita ang kalupaan (*akhbaarahaa*) hinggil sa anumang ginagawa sa ibabaw nito, ibig sabihin: magiging saksi ang lupa laban sa mga nilalang batay sa mga ginawa nila sa ibabaw ng lupa mula sa kabutihan o kasamaan at ang kalupaan ay kabilang sa mga saksi na kung saan sasaksi sila sa mga tao batay sa kanilang ginawa. Dahil (*bi ann na rabbaka awhaa laha*) (katiyakan ang Allah ay uutusan ito na mag-ulat o magsalita) uutusan itong magsalita at hindi niya susuwayin ang utos ng Allah.

(6) (*yawma idhin yasdurunn naasu*) at sa araw na yaon tutungo ang mga tao mula sa lugar ng paghuhukom (*ashtaata*) na hiwa-hiwalay na grupo, upang ipakita ng Allah ang kanilang mga ginawa na kasamaan at kabutihan, (*liyuraw a'malahum*) upang ipakita sa kanila ang katumbas ng kanilang ginawa.

(7-8) (7. *Famay ya'mal mithqaala dharratin khayray yarah* 8. *Wa may ya'mal mithqaala dharratin sharray yarah*) at ang sinuman ang gumawa nang kahit na katiting na kabutihan ay makikita niya ang gantimpala, at sinuman ang gumawa ng katiting na kasamaan ay makikita niya ang gantimpalang-parusa, at ito'y sumasaklaw sa lahat ng kabutihan at kasamaan dahil kapag nakita niya ang katiting na bagay na kung saan ang pinakamaliit na bagay ibibigay sa kanya ang gantimang ginawa niya, at ang mas malaki pa sa katiting na yaon ay karapat dapat na bigyan ng mas malaki, katulad ng sinabi ng Allah (*at sa araw na yaon matatagpuan ng bawat isa kung ano ang kanilang ginawang kabutihan; ito'y nag-aabang sa kanya. Ang anumang nagawa niya na masama ay nag-aabang sa kanya at nanaisin niya; ito'y mapalayo ng pagkalayo-layo mula sa kanya*) (*at matatagpuan nila ang kanilang ginawa na mag-aabang sa kanila*) at ito'y nag-aanyaya sa paggawa ng kabutihan kahit na maliit at nagbibigay ng babala mula sa paggawa ng kasamaan kahit na ito'y maliit.

[Ang Kapaliwanagan ng Surah Al-Adiyat] At ito'y Makkiyah

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ

﴿وَالْعَدِيدِ ضَبْحًا ١﴾ فَأَلْمُورِبَتِ قَدْحًا ٢﴾ فَأَلْمُغِيرَتِ صُبْحًا ٣﴾ فَأَتَرْنَ بِهِ نَقْعًا ٤﴾
فَوَسَطْنَ بِهِ جَمْعًا ٥﴾ إِنَّ الْإِنْسَانَ لِرَبِّهِ لَكَنُودٌ ٦﴾ وَإِنَّهُ عَلَىٰ ذَٰلِكَ لَشَهِيدٌ ٧﴾ وَإِنَّهُ
لِحُبِّ الْخَيْرِ لَشَدِيدٌ ٨﴾ أَفَلَا يَعْلَمُ إِذَا بُعْثِرَ مَا فِي الْقُبُورِ ٩﴾ وَحُصِّلَ مَا فِي الصُّدُورِ
١٠﴾ إِنَّ رَبَّهُم بِهِمْ يَوْمَئِذٍ لَّخَبِيرٌ ١١﴾

Sa ngalan ng Allah ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain

1. Wal aadiyaati dabhaa 2. Fal muuriyaati qadhaa 3. Fal mughiiiraati subhaa 4. Fa atharna bihi naf-aa 5. Fawasatna bihi jam-aa 6. Inn nal inn saana lirabbihi lakanuud 7. Wa inn nahu alaa dhalika lashahiid 8. Wa inn nahu lihubbil khayri lashadiid 9. Afalaa ya'lamu idhaa bu'thira maafii qubuur 10. Wa hussila maa fiis suduur 11. Inn na rabbahumm bihim yawma idhil lakhabiir.

(1) Sumumpa ang Allah sa mga kabayo dahil sa napapaloob na malinaw na palatandaan at lantad na biyaya na nalalaman ng nilikha, sumumpa ang Allah sa mga kabayo dahil sa kalagayan na kung saan hindi sila mapapantayan ng iba sa kanila, mula sa mga uri ng kahayupan at sinabi ng Allah (**wal aadiyaati dabhaa**) (At sumusumpa ang Allah sa mga Kabayong rumaragasa) **addabha** ito ang tunog na maririnig sa kanilang paghagok dahil sa kanilang bilis.

(2) (**fal muuriyati**) at sumusumpa ang Allah sa pamamagitan ng paghampas ng paa nito sa bato (**qad-ha**) nagdudulot ng tilamsik ng apoy dahil sa lakas ng hampas nito.

(3) (**fal mughiiraati**) at sa mga sumasalakay sa kanilang mga kalaban (**subha**) sa madaling araw.

(4-5) (**fa atharna bihi**) na nagdudulot ng makakapal na alikabok sa pinagdaraan nito (**naq-a**) alikabok, (**fawasatnaa**) (na sumasalakay sa kalagitnaan ng kanilang mga kaaway).

(6) (**inn nal insaana lirabbihi nakanuud**) (katiyakan ang tao ay binaliwala niya ang biyaya ng kanyang tagapaklikha) ibig sabihin: ang tao ay **manuun** (gahaman sa kabutihan) napakamaramot sa kabutihan na pinagkaloob sa kanya, ang likas na ugali ng tao ay hindi niya binibigay ang mga karapatan na nararapat sa iba, bagkus ang kanyang likas na ugali ay ang katamaran at karamutan sa mga bagay na nararapat niyang ibigay; katulad ng karapatan sa kayamanan at karapatan ng katawan, liban sa sinumang ginabayan ng Allah at sila ay hindi mapapabilang sa katangian na ito bagkus sila ay mapapabilang sa mga tao na mapagbigay at tinutupad nila ang kanilang mga obligasyon.

(7) (**wa inn nahu alaa dhaalika lashaahiid**) (at walang pag-aalinlangan inaamin niya ang pagtatanging ito) ibig sabihin katiyakan ang isang tao alam niya sa kanyang sarili na siya ay isang gahaman at hindi niya ito pinagkakaila at tinatanggi dahil ang bagay na ito'y malinaw, at ang Allah ay saksi sa bagay na ginagawa nila at dito'y mayroong parusa at matinding babala sa sinuman mula sa kanyang Panginoon; siya'y isang **kanud** (gahaman), tunay na ang Allah saksi sa bagay na ito at nababatid niya.

(8) (**wa inn nahu**) katiyakan ang tao (**lihubbil khayri**) siya ay gahaman sa kayamanan (**lashadiid**) ibig sabihin matindi ang pagiging gahaman sa kayamanan at ang pagiging gahaman niya dito at nagiging dahilan sa kanya upang iwanan niya ang mga obligasyon sa mga bagay na ito, pinairal niya ang kagustuhan ng kanyang sarili kaysa sa kaluguran ng Allah, at ang lahat ng ito'y dahil

sa ang kanyang iniisip lamang ay ang mundong ito at kanyang kinalimutan ang kabilang buhay.

(9-10) Dahil dito sinabi ng Allah na may kasamang pagkaganyak na dapat mangamba sa araw ng pagpaparusa (*afala ya'lamu*) hindi niyo ba batid kung ano ang naghihintay sa kanya (*idha bu'thira maa fiil qubuur*) kapag inilabas na ang mga patay mula sa kanilang libingan, upang sila ay tipunin para sa paghuhukom at pagbabayad, (*wa hussila maa fiis sudur*) at ilalantad na ang anumang itinatago ng mga puso mula sa mga kabutihan at kasamaan at sa araw na iyon ang lahat ng sikreto ay malalantad at ang lahat ng nakatago ay makikita, magiging malinaw sa lahat ng nilalang ang bunga ng kanilang gawain.

(11) (*inn na rabbahum bihim yawma idhil lakhabiir*) tunay na ang Allah nakikita niya ang ginagawang gawain; lantad man ito o nakatago at siya ang naggagantimpala dito at pinakadalubhasa na ganap na nakakabatid sa kanila sa araw na iyon, at sa kanilang mga gawain na walang anumang naililihim sa kanila.

[Ang Kapaliwanagan ng Surah Al-Qariah] At ito'y Makkiyah

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ

﴿الْقَارِعَةُ ۝١ مَا الْقَارِعَةُ ۝٢ وَمَا أَدْرَاكَ مَا الْقَارِعَةُ ۝٣ يَوْمَ يَكُونُ النَّاسُ كَالْفَرَاشِ الْمَبْثُوثِ ۝٤ وَتَكُونُ الْجِبَالُ كَالْعِهْنِ الْمَنْفُوشِ ۝٥ فَأَمَّا مَنْ ثَقُلَتْ مَوَازِينُهُ ۝٦ فَهُوَ فِي عِيشَةٍ رَاضِيَةٍ ۝٧ وَأَمَّا مَنْ خَفَّتْ مَوَازِينُهُ ۝٨ فَأُمُّهُ هَاوِيَةٌ ۝٩ وَمَا أَدْرَاكَ مَا هِيَةٌ ۝١٠ نَارُ حَامِيَةٍ ۝١١﴾

Sa ngalan ng Allah ang Pinakamahabagin, ang Napakamaawain

1. Al Qaariah 2. Maal qaariah 3. Wa maa adraaka mal qaariah 4. Yawma yakununn naasu kal faraashil mabthuuth 5. Wa takuunul jibaalu kal ihnil manfuush 6. Fa ammm maa man thaqulat mawaaziinuh 7. Fa huwa fii iishatir raadiyah 8. Wa ammm ma man khaffat mawaaziinuh 9. Fa umm muhu haawiyah. 10. Wa maa adraaka maa hiyah 11. Naarun haamiyah.

(1-3) **(Al-qariah)** *(Ang malagim na pangyayari)* ito'y kabilang sa mga pangalan ng yawmul qiyamah tinawag ito ng ganuon dahil sa araw na iyon ang mga tao ay matatakot at mangangamba sa tindi ng pangyayari.

(4) **(yawma yakuununn naasu)** sa araw na iyon ang mga tao dahil sa tindi ng pagkatakot at pangamba **(kal faraashil mabthuuth)** ay para silang nagkalat na gamu-gamu na kung saan hindi nila alam kung saan sila tutungo at kapag sinindiha na ang apoy ng impeyrno sila ay malalaglag dito dahil sa kanilang kahinaan at ito ang magiging sitwasyon ng mga tao.

(5) at ang mga matatatag na kabundukan **(kal ihnil manfuush)** ay magiging katulad ng mga nagliliparang balahibo, sinabi ng Allah **(at makikita ninyo ang mga kabundukan at inyo itong inaakala na matibay, sa araw na iyon ito ay lulutang katulad ng isang ulap, at pagkatapos ito ay magiging parang bula na maglalaho na walang matitirang bagay na makikita sa kanya, at pagkatapos nuon ay itatayo na ang timbangan at mahahati ang mga tao sa dalawang grupo; ang mga maliligaya at malulungkot).**

(6-7) **(fa amm ma man thaqulat mawaaziinuh)** at para sa kanya na naging mabigat ang timbangan ng kanyang kabutihan kaysa sa kanyang kasamaan **(fa huwa fii iishatir raadiyah)** ay magiging kalugod-lugod ang kanyang pamumuhay sa paraiso.

(8-11) **(wa amm ma man khaffat mawaaziinuh)** subalit siya naman na naging magaan ang timbangan ng kanyang kabutihan at naging mabigat ang kasamaan; **(fa umm muhu haawiyah)** ang kanyang hantungan at tirahan at patutunguhan ay ang impeyrno, at kabilang sa kanyang pangalan ay ang **haawiyah**, na para bagang isang katayuan ng isang ina na lagi niya nang kasama, at sinasabi rin na ang kahulugan ng **haawiyah** ay ang kanyang utak ay ihuhulog sa impeyrno; ibig sabihin na ihuhulog siya sa impeyrno na mauuna ang kanyang ulo. **(wa maa adraaka maa hiyah)** at ano ang magbabatid sa iyo O Muhammad kung ano ang kaila-ilaliman na ito na tinatawag, at pagkatapos ay kanyang pinaliwanag **(narun haamiyah)** ito'y matinding init ng apoy, na ang kanyang init ay pitong-pung doble kaysa sa init sa mundo, hilingin natin Allah na ilayo tayo mula sa apoy ng Impeyrno **[Ameen]**.

[Ang Kapaliwanagan ng Surah At-Takathur]
At ito'y Makkiyah

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ
﴿الْهَمَّكُمُ التَّكَاثُرُ ۝١ حَتَّىٰ زُرْتُمُ الْمَقَابِرَ ۝٢ كَلَّا سَوْفَ تَعْلَمُونَ ۝٣ ثُمَّ كَلَّا سَوْفَ تَعْلَمُونَ ۝٤ كَلَّا لَوْ تَعْلَمُونَ عِلْمَ الْيَقِينِ ۝٥ لَتَرَوُنَّ الْجَحِيمَ ۝٦ ثُمَّ لَتَرَوُنَّهَا عَيْنَ الْيَقِينِ ۝٧ ثُمَّ لَتُسْأَلُنَّ يَوْمَئِذٍ عَنِ النَّعِيمِ ۝٨﴾

Sa ngalan ng Allah ang Pinakamahabagin, ang Napakawaawain

1. Al haa kumut takaathur 2. Hatta zurtumul maqaabir 3. Kallaa sawfa ta'lamuun 4. Thumm ma kallaa sawfa ta'lamuun 5. Kalla law ta'lamuuna l'lmal yaqiin 6. Latarawunn nal jahiim 7. Thumm ma tarawunn nahaa aynal yaqiin 8. Thumm ma latus alunn na yawma idhin a'ninn na ii'm

(1) Sinasabi ng Allah nang may kasamang pagkagalit sa kanyang mga alipin ang tungkol sa kanilang pagkahibang at pagpapabaya sa pagsamba nila sa Allah nang nag-iisa at walang katambal na siyang dakilang layunin ng pagkakalikha sa kanila. At pagpapabaya nila sa pagkilala sa Allah at pagbabalik loob sa kanya at pag-una ng pagmamahal sa Allah ng higit sa anumang bagay : (*Al-hakumu*) nalinlang kayo sa mga nabanggit (*At-Takathur*) ang paligsahan hinggil sa makamundong bagay. At hindi binanggit dito kung anong makamundong bagay na inyong pinagpapaligsahan; upang masaklaw ang lahat ng paligsahan hinggil sa makamundong bagay at yung mga tao na gumagawa nito. At ang pagmamayabang sa pamamagitan ng pagpaparami ng kayamanan at mga anak at mga tauhan, sundalo, tagapagsilbi at katayuan at iba pang mga bagay na ang layunin ay ang pagpapaligsahan sa pagmamarami sa makamundong bagay at hindi nila hinangad ang Allahu taala.

(2) at nagpatuloy ang kanilang pagpapabaya at sila'y nalinlang at naging abala sa makamundong bagay (*hatta zurtumul maqaabir*) hanggang sa kayo ay makarating sa mga libingan at nalaman ninyo ang inyong mga ginawa, ngunit hindi na ninyo pa mababalik ang buhay ninyo sa mundo. At tinutukoy ng sinabi ng Allah: (*hatta zurtumul maqaabir*) na tunay na ang *Barzakh* ay ang

iyong tahanan at mula rito'y tutungo sa tahanan sa kabilang buhay. Tinawag ng Allah ang mga papasok sa barazkh na mga bisita dahil hindi sila mananaliti rito. Ito'y tumutukoy lamang na mayroong muling pagkabuhay at paglilitis sa mga gawain sa kabilang buhay.

(3-6) At dahil dito nagbabala ang Allah (**3. Kallaa sawfa ta'lamuun 4. Thumm ma kallaa sawfa ta'lamuun**) Ibig sabihin: kung inyong taos pusong nalalaman lamang ang inyong kinakaharap, hindi kayo magpapalinlang sa pagmamarami ng makamundong bagay, at kayo ay magmamadali sa paggawa ng Mabubuting Gawain, ngunit sa kawalan ng totoong kaalaman, ang siyang nagdala tungo sa inyong nakikita (**latarawunn nal jahiim**) makikita ninyo ang Qiyamah; upang makita ninyo ang naglalagablab na apoy ng Impiyerno na hinanda ng Allah para sa mga hindi mananampalataya.

(7) (**thumm ma latarawunn naha aynal yaqiin**) ibig sabihin: makikita ng iyong mga sariling mata ang Impiyerno katulad ng sinabi ng Allah : (**At makikita ng mga masasama ang Impiyerno, na kung kaya, natitiyak na nila na walang pag-aalinlangang sila ay ilulublob doon, at kailanman ay hindi sila makatatago sa anumang kaparaanan upang sila ay makatakas mula roon patungo sa iba**).

(8) (**thumm ma latus alunn na yawma idhin aninn na iim**) Ang mga biyayang natatamasa ninyo sa mundo; kayo ba ay nagpasalamat sa Allah? Inyo bang isinagawa ang karapatan ng Allah dito? At hindi niyo ginamit sa pagsuway sa kanya? Upang sa ganuon ay dagdagan pa ang inyong biyaya? O kayo ay nagpalinlang at nahibang dito? At hindi kayo nagpasalamat? Bagkus ay maaring ginamit niyo pa ito sa pagsuway? At mapaparusahan kayo dahil dito? Sinabi ng Allah: (**At sa Araw na ilalantad ang mga walang pananampalataya sa Impiyernong-Apoy upang parusahan at sasabihin sa kanila bilang pag-aalipusta: "Katiyakan, naubos na ninyo ang kabutihan at kagandahan ng buhay sa daigdig at nakapagsaya na kayo, kung kaya, ngayon ay papagbabayaran kayo ng kahamak-hamak na parusa sa Impiyernong-Apoy; dahil sa inyong pagmamataas sa kalupaan nang wala kayong karapatan at dahil sa inyong paglabag at di-pagsunod sa Allâh**).

**[Ang Kapaliwanagan ng Surah Al-Asr]
At ito'y Makkiyah**

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ
﴿١﴾ وَالْعَصْرِ ﴿٢﴾ إِنَّ الْإِنْسَانَ لَفِي خُسْرٍ ﴿٣﴾ إِلَّا الَّذِينَ ءَامَنُوا وَعَمِلُوا الصَّالِحَاتِ
﴿٤﴾ وَتَوَّصَوْا بِالْحَقِّ وَتَوَّصَوْا بِالصَّبْرِ ﴿٥﴾

Sa ngalan ng Allah ang Pinakamahabagin, ang Napakawaawain

**1. Wal asr 2. Inn nal inn saana la fii khusr 3. Illal ladhiina aamanuu
wa a'milus saa lihaati watawaa saw bil haqqi watawaa saw bissabr**

(1-3) Sumumpa ang Allah sa pamamagitan ng **Al-Asr** o Panahon na siyang gabi't araw, na siyang lugar na pagkilos ng mga Alipin at paggawa nila; Tunay na ang bawat tao ay nasa pagkalugi , at ang pagkalugi ay may maraming antas maari ang pagkalugi ay walang takda katulad ng pagkalugi dito sa Mundo at sa kabilang buhay at pagkawala sa kanya ng biyaya at pagpasok sa Impiyerno, at maari din na ang pagkalugi ay sa iilang panig at hindi sa iba, kaya naman nilahat ng Allah na ang bawat tao ay nasa pagkalugi maliban sa sinuman nagtataglay ng apat na katangian:

- Ang Iman o Paniniwala sa mga inutos ng Allah na paniwalaan ito, at hindi mangyayari ang Iman na walang kaalaman, dahil ito'y bahagi ng Iman at hindi magiging ganap maliban dito.
- Mabuting Gawain, at ito'y sumasaklaw sa lahat ng bawat mabuting Gawain ito man ay lantaran o patago, at ito man ay may kaugnayan sa mga karapatan ng Allah at karapatan ng kapwa tao, ito man ay Obligado o kaibig-ibig.
- Ang pagpapayuhan sa bawat isa at paggaganyak sa pananatili sa katotohanan at ito ang Iman at paggawa ng Mabuting Gawain.
- Ang pagpapayuhan sa bawat isa at paggaganyak sa pagtitiis para rito. Pagtitiis sa pagsunod sa Allah at paglayo sa pagsuway sa Kanya at pagtitiis sa mga masasakit na tadhana. Ang Una at pangalawa; ginagawang ganap ng isang tao ang kanyang sarili at ang pangatlo at pang-apat ay ginagawang ganap ang ibang tao, at sa pamamagitan sa pagganap sa apat na bagay na ito, ang isang tao ay magiging ligtas mula sa pagkalugi, at kanyang makakamit ang dakilang tagumpay.

**[Ang Kapaliwanagan ng Surah Al-Humazah]
At ito'y Makkiyah**

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ
 ﴿وَيْلٌ لِّكُلِّ هُمَزَةٍ لُّمَزَةٍ ۝١ الَّذِي جَمَعَ مَالًا وَعَدَّدَهُ ۝٢ يَحْسَبُ أَنَّ مَالَهُ أَخْلَدَهُ ۝٣
 ۝٤ كَلَّا لَيُنْبَذَنَّ فِي الْحُطَمَةِ ۝٥ وَمَا أَدْرَاكَ مَا الْحُطَمَةُ ۝٦ نَارُ اللَّهِ الْمَوْقَدَةُ ۝٧
 ۝٨ الَّتِي تَطْلُعُ عَلَى الْأَفْنَدَةِ ۝٩ إِنَّهَا عَلَيْهِمْ مُّوَصَّدَةٌ ۝١٠ فِي عَمَدٍ مُّمَدَّدَةٍ ۝١١﴾

Sa ngalan ng Allah ang Pinakamahabagin, ang Napakawaawain

1. Waylul likulli humazatil lumazah 2. Alladhii jama a' maalaww wa addadah 3. Yahsabu ann na maalahu akhladah 4. Kallaa layumm badhann na fil hutamah 5. Wa maa adraaka mal hutamah 6. Naarullaahil muuqadah 7. Allatii tattali u alal af idah 8. Inn nahaa alayhimm mu' sadah 9. Fii amadimm mumaddadah

(1) (**Waylul**) ibig sabahin: kapighatian at kapahamakan at matinding kaparusahan (**likulli humazatil**) ibig sabihin: sa sinuman naninira sa mga tao at nanlalait sa kanila. Ang **Al-hammaz** ito'y paninira sa tao at panlalait sa kanila sa pamamagitan ng paggalaw at kilos at Ang **Al-lammaz** ito ang paninira at panlalait sa tao sa pamamagitan ng kanyang salita.

(2) Mula sa katangian ng **Al-hammaz** at **Al-lammaz** ay wala siyang ibang ninanais liban sa pag-iipon ng yaman, wala siyang ibang ginawa kundi bilangin ito at ito ang kanyang kaligayahan, at walang siyang kagustuhan na gastahin ito sa daang mabuti at iba pa.

(3) (**Yahsabu**) kanyang inaakala (**ann na maalahu akhladah**) na ang kanyang kayamanan ay mananaliti rito sa mundo, kaya naman ang lahat ng kanyang Gawain at trabaho ay pagpaparami at pagpapa-unlad ng kayamanan lamang, sa kanyang pagkakaakala na ito'y makapagpapahaba sa kanya ng buhay, at hindi niya alam na ang pagiging maramot ay nagpapaikli ng buhay, at winawasak ang mga tahanan, at ang kabutihan ay nakakapagdaragdag ng buhay.

(4-7) (**Kallaa layumm badhanna**) ibig sabahin: Itatapon sila (**fil hutamah Wa maa adraaka mal hutamah**) Sa apoy na nilalamukos nito ang anumang

inihahagis dito. At pagkatapos ay pinaliwanag kung anong mayroon sa **Al-hutama (Naarullaahil muuqadah)** ito'y apoy na sinilaban ng Allah sa pamamagitan ng panggatong mula sa tao at bato. (**Allatii**) kung saan sa sidhi ng paglalagablab nito (**tattali u alal af idah**) ay umaabot ang sidhi ng init nito mula sa katawan ng tao na manunuot patungo sa mga puso.

(8) At ang sidhi ng init nito, sila ay hindi makakalabas pa rito, at sila walang pag-asa pa na makakaalis pa roon, kaya naman sinabi : (**Inn nahaa alayhimm mu- sadah**) ibig sabihin: magsasarado sa kanila (**Fii amadimm**) mula sa likod ng mga pintuang (**mumaddadah**) nagtataasang mga haligi ng apoy upang hindi na sila makakalabas pa roon, (**sa tuwing sila ay magnanais na lumabas doon ay ibabalik silang muli roon**), tayo ay magpapakupkup sa Allah mula rito, at hingin natin sa kanya ang kapatawaran at kaligtasan [**Ameen**].

[Ang Kapaliwanagan ng Surah Al-fil] At ito'y Makkiyah

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ
(أَلَمْ تَرَ كَيْفَ فَعَلَ رَبُّكَ بِأَصْحَابِ الْفِيلِ ۚ (١) أَلَمْ يَجْعَلْ كَيْدَهُمْ فِي تَضْلِيلٍ (٢) وَأَرْسَلَ عَلَيْهِمْ طَيْرًا أَبَابِيلَ (٣) تَرْمِيهِمْ بِحِجَارَةٍ مِّن سِجِّيلٍ (٤) فَجَعَلَهُمْ كَعَصِفٍ مَّا كُوِلَ (٥))

Sa ngalan ng Allah ang Pinakamahabagin, ang Napakawaawain

1. Alam tara kayfa fa ala rabbuka bi as haabil fiil 2. Alam yaj al kaydahum fii tadliil 3. Wa arsala alayhim tayran abaabiil 4. Tarmihimm bihi jaaratimm minn sijjil 5. Faja alahum ka asfimm ma' kuul

(1-5) Ibig sabihin: Hindi mo nakita ang kakayahan ng Allah at ang Kanyang kadakilaan at habag sa Kanyang mga alipin at ang mga batayan patungkol sa Kanyang kaisahan at pagiging totoo ng Kanyang sugo na si Muhammad; kung ano ang ginawa ng Allah sa mga nagmamay-ari ng Elepante? na ang hangarin nila ay wasakin ang sagradong tahanan ng Allah, na kung saan ay pinaghandaan nila ito, at nagdala sila ng mga Elepante para wasakin ang Ka'bah at nagdala sila ng napakaraming sundalo na walang sinuman na nakapantay mula sa mga arabo mula sa Abysinnia at Yemen, at noong sila'y

dumating sa isang lugar na malapit sa Makkah, walang kakayanan ang mga arabo na dumipensa kaya naman lumikas ang mga taga-makkah mula sa Makkah dahil sa pangamba para sa kanilang mga sarili mula sa mga kalaban. At ang Allah ay nagpadala laban sa mga kalaban ng mga ibon na napakarami na may dala-dalang bato na gawa sa mainit na luwad, at pinagbabagsakan sila nito at para silang nagmistulang mga nawasak na mga pananim sa bukirin na ang mga bunga nito'y parang kinain ng mga hayop at itinapon ang tangkay. Pinigilan ng Allah ang kanilang kasamaan at binalik sa kanila ang masamang balakin sa kanilang mga leeg. ang kanilang kuwento ay kilala, at sa taong din iyon ay isinilang ang sugo ng Allah na si Muhammad, at ito'y kabilang sa mga pagpapahiwatig ng kayang Da'wah at palatandaan ng kanyang pagkasugo, ang lahat ng papuri at pasasalamat ay para sa Allah lamang.

[Ang Kapaliwanagan ng Surat Li iilaa fi qurayysh] At ito'y Makkiyah

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ

إِلَآئِيفٍ فُرِيَشٍ ① إِلَآئِيفِهِمْ رِحْلَةَ الشِّتَاءِ وَالصَّيْفِ ② فَلْيَعْبُدُوا رَبَّ هَذَا الْبَيْتِ ③ الَّذِي أَطْعَمَهُمْ مِنْ جُوعٍ وَآمَنَهُمْ مِنْ خَوْفٍ ④

Sa ngalan ng Allah ang Pinakamahabagin, ang Napakawaawain

1. Li iilaa fi quray~ysh 2. Iilaa fihim rihlatash shita'a i wassay~yf
3. Falya' buduu rabba haadhah bay~yt 4. Alladhii at amahumm minn juu iww wa aamanahumm min khaw~wf

(1-4) Ayon sa mga Tagapagpaliwanag ng Quran: Ang kabanata na ito'y may kaugnayan sa naung kabanata; ito ang surat *Al-fil*, ibig sabihin: ginawa namin kung anuman ang mga nangyari sa mga nagmamay-ari ng elepante para sa tribu ng Qurasyh at ibinigay naming para sa kanila ang kaayusan at kapanatagan at naging banayad at patuloy ang kanilang mga pamumuhay at inaayos ang kanilang paglalakbay sa taglamig patungong Yemen at sa tag-init patungong Sham na walang pinangangambahan upang makipagkalakalan.

At dahil doon winasak ng Allah ang sinuman maghangad ng kasamaan sa kanila at dinakila ang katayuan ng Ka'bah at ang mga naninirahan dito sa mga puso ng mg Arabo , kaya naman nirerespesto sila at hindi sila hinaharang sa tuwing sila ay maglalakabay, dahil dito inutusan ang

mga Qurasyh na magpasalamat sa Allah kaya kanyang sinabi (*Falya' buduu rabba haadhal bayyt*) ibig sabihin: sambahin ninyo ang inyong Rabb nang nag-iisa at gawin ninyo'ng dalisay ang pagsamba sa kanya, (*Alladhii at amahumm minn juu iww wa aamanahumm min khawwf*) na siyang nagpakain sa kanila upang hindi sila mangagutom at ginawa silang ligtas mula sa pagkatakot at mga panganib. Ang pagbuhos ng biyaya at kaligtasan mula sa pagkatakot at panganib ay kabilang sa mga dakilang biyaya rito sa mundo na marapat natin ipagpasalamat sa Allah, Sayo ang papuri at pasasalamat -oh Allah- sa mga biyayang pinagkaloob mo, nakikita man ito o nakatago, Ang Allah ang bukod-tangi sa pagkapanginoon ng Ka'bah dahil sa kanyang biyaya at kadakilaan, bagkus siya ang Panginoon ng lahat ng bagay.

**[Ang Kapaliwanagan ng Surah Al- Ma'un]
At ito'y Makkiyah**

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ
(أَرَأَيْتَ الَّذِي يُكَذِّبُ بِالْإِيمَانِ ﴿١﴾ فَذَلِكَ الَّذِي يَدْعُ الْيَتِيمَ ﴿٢﴾ وَلَا
يُخْصُ عَلَى طَعَامِ الْمَسْكِينِ ﴿٣﴾ فَوَيْلٌ لِلْمُصَلِّينَ ﴿٤﴾ الَّذِينَ هُمْ عَنْ صَلَاتِهِمْ
سَاهُونَ ﴿٥﴾ الَّذِينَ هُمْ يُرَاءُونَ ﴿٦﴾ وَيَمْنَعُونَ الْمَاعُونَ ﴿٧﴾)

Sa nagan ng Allah ang Pinakamahabagin, ang Napakawaawain

1. Ara aytal ladhii yukadh dhibu bid diin 2. Fadhaalikal ladhii yadu' ul yatiim 3. Walaa yahud du alaa ta aamil miskiin 4. Fawaylul lil musalliin 5. Alladhiinahum ann salaatihim saahuun 6. Alladhiinahum yuraa uun 7. Wayamna uu'nal maa uu'n

(1) Sinabi ng Allah nang mayroon kasamang pagmamaliit sa mga silang iniwan ang karapatan niya at karapatan ng kapwa tao: (*Ara aytal ladhii yukadhdhibu biddiin*) Nakita mo ba ang kalagayan niya na pinasinungalingan ang muling Pagkabuhay at Pagbabayad at hindi naniwala sa mga katuruang dala ng mga sugo.

(2) (*Fadhaalikal ladhii yadu' ul yatiim*) Na siya ay matinding nagtataboy sa mga ulila mula sa kanilang karapatan at hindi siya nahahabag dito at dahil sa katigasan ng kanyang puso at dahil hindi siya naghahangad ng gantimpla at

hindi nangangamba sa parusa.

(3) (*Walaa yahuddu*) At hindi niya hinihimok ang iba (*alaa ta aamil miskiin*) na magpakain ng mahihirap, na kung kaya, paano pa kaya niya ito ipatutupad sa kanyang sarili na magpakain ng mahihirap.

(4-5) (*Fawaylul lil musalliin*) matinding kaparusahan at kapahamakan sa mga yaong nagsasagawa ng ‘Salâh. (*Alladhiinahum ann salaatihim saahuun*) silang nagpapabaya sa kanilang Salah, at hindi nila ito ginagawa sa tamang kaparaanan at wala ito sa tamang oras na itinakda, dahil sa kanilang walang pagpapahalaga sa kautasan ng Allah, kung saan ay nagpabaya sila sa kanilang mga Salah na siyang pinakamahalagang pagsunod, at gumagawa ng “Sahu Annis Salah” ay karapatdapat siyang magkamit ng parusa at walang kapurihan, ngunit ang “Sahu Fis Salah” ito ang pagkakamali sa Salah na nagagawa ng bawat isa, kahit ang Propeta Muhammad *sallahu alayhi was wallam*.

(6-7) kaya naman nilarawan sila na mga yaong nagsasagawa ng kabutihan nang lantaran para lamang makita ng tao, matigas ang puso at walang habag. At Sinabi: (*Alladhiinahum yuraa uun*) Ibig sabihin: nagsasagawa ng kabutihan nang lantaran para lamang makita ng tao. (*Wayamna uunal maa uun*) Ipinagkakait nila ang pagbibigay o pagpapahiram ng isang maliit na bagay hindi naman nakakaapekto sa kanila kapag ito'y kanilang ibinigay o ipinahiram (na katulad ng kagamitang pambahay), at iba pa, at dahil sa kanilang karamutan pinagkakait nila ang *Ma'un* o ang mga maliit na mga kabutihan, paano pa kung mas marami?!

Sa kabanatang ito: Nagtuturo na magpakain sa mga ulila at mahihirap at paghihimok sa iba, at pangangalaga sa Salah at pakakaroon ng Ikhlas habang isinasagawa ito at sa lahat ng gawain at nagtuturo ng paggawa ng kabutihan, pagbibigay ng kahit ano ito man ay maliit, dahil ang Allah ay kanyang minaliit at pinawalang-puri yaong mga silang hindi ginawa ito. Ang Allah lubos na nakakaalam.

[Ang Kapaliwanagan ng Surah Al- Kawthar] At ito'y Makkiyah

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ

﴿إِنَّا أَعْطَيْنَاكَ الْكَوْثَرَ﴾ ﴿١﴾ فَصَلِّ لِرَبِّكَ وَانْحَرْ ﴿٢﴾ إِنَّ شَانِئَكَ هُوَ الْأَبْتَرُ ﴿٣﴾

Sa ngalan ng Allah ang Pinakamahabagin, ang Napakawaawain

**1. Inn naa a' taynaa kal kawthar 2. Fa salli lirabbika wan har 3.
Inn na shaani aka huwal abtar**

(1) Pinapahayag ng Allahu taala sa kanyang Sugo na si Muhammad bilang biyaya sa kanya: (*Inn naa a' taynaa kal kawthar*) Ibig sabihin: Masaganang kabutihan at biyaya, na mula sa mga ipinagkaloob ng Allah sa kanyang Sugo na si Muhammad *sallahu alayhi was wallam* sa Araw ng muling pagkabuhay, na kabilang dito'y ang ilog ng (*Kawthar*) , at kabilang din ang (*Al-hawdh*) na ang kanyang haba ay katumbas ng isang buwang paglalakbay, at ang kanyang lapad ay katumbas ng isang buwang paglalakbay, na ang tubig nito'y mas maputi pa kaysa sa gatas at mas matamis pa kaysa pulut-pukyutan, na ang sisidlan nito'y kasing dami at kasing liwanag ng mga bituin sa kalangitan, sinuman ang makakainom nang kahit isang beses mula rito, kailaman hindi na siya makakatikim ng pagka-uhaw.

(2) At noong binaggit ng Allah ang biyayang ito sa kanyang Sugo, inatasan siyang magpasalamat, kanyang sinabi: (*Fa salli lirabbika wan har*) Na kung kaya, maging taimtim ka sa lahat ng iyong pagsa-Salâh sa iyong Rabb, at maghandog ng hayop bilang pag-aalay lamang sa Kanya. Ibinukod-tangi ang dalawang gawaing pagsambang ito dahil sa pagiging pinakamainam na pagsamba, at pinakadakilang alay sa Allah, dahil ang Salah ay napapaloob dito ang pagsuko ng puso at katawan sa Allah , na siyang nagdadala sa tao sa iba pang pagsamba, Ang *Nahr* o paghahandog ng hayop bilang pag-aalay ay isang uri ng pagsamba upang mapalapit sa Allah sa pamamagitan ng pag-aalay ng pinakamainam na hayop na mayroon siya, at paggasta para sa Allah upang maiwasan ang pagiging maramot at sobrang paghahangad sa kayamanan.

(3) (*Inn na shaani aka*) ibig sabihin: ang nagalit sa iyo at nagkaroon ng poot nagmamaliit sa iyo (*huwal abtar*) Ibig sabihin: ay ipagkakait sa kanya ang anumang kasaganaan at kabutihan dito sa daigdig at sa Kabilang-Buhay at hindi siya kikilalanin. At ang Propeta Muhammad *sallahu alayhi was wallam* ay isang tunay na ganap na nagtataglay ng kaganapan nababagay para sa isang nilalang katulad ng matataas na pagkikila at maraming tagatulong at tagasunod.

**[Ang Kapaliwanagan ng Surah Qul yaa ayyuhal kaafiruun]
At ito'y Makkiyah**

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ

﴿قُلْ يٰٓأَيُّهَا الْكَافِرُونَ ﴿١﴾ لَا أَعْبُدُ مَا تَعْبُدُونَ ﴿٢﴾ وَلَا أَنْتُمْ عٰبِدُونَ مَا أَعْبُدُ ﴿٣﴾ وَلَا أَنَا عٰبِدُ مَا عٰبَدْتُمُ ﴿٤﴾ وَلَا أَنْتُمْ عٰبِدُونَ مَا أَعْبُدُ ﴿٥﴾ لَكُمْ دِينُكُمْ وَلِيَ دِينِ ﴿٦﴾﴾

Sa nalan ng Allah ang Pinakamahabagin, ang Napakawaawain

1. Qul yaa ayyuhal kaafiruun 2. Laa a'budu maa ta'buduun 3. Wa laa ann tum aabiduuna maa a'bud 4. Wa laa ana aabidumm maa abattum 5. Wa laa ann tum aabiduuna maa a'bud 6. Lakum diinukum waliya diin

(1-6) Ibig sabihin: Sabihin mo sa mga **Kaafiruun: (Laa a'budu maa ta'buduun)** ibig sabihin: Hindi ko sasambahin ang anumang sinasamba ninyo na mga rebulto at mga diyus-diyosan na walang kabuluhan lantaran man o patago. **(Wa laa ann tum aabiduuna maa a'bud)** At kayo ay Hindi rin ninyo sasambahin ang aking sinasamba na Bukod-Tanging Nag-iisa, na Siya lamang ang karapat-dapat na sambahin, dahil sa kawalan ninyo ng kadalisan sa pagsamba sa Allah, at ang iyong pagsamba sa Kanya nang mayroon kasamang Shirk o pagtatambal ay hindi matatawag na pagsamba, at ang Ayah ay inuli-ulit sa kabanatang ito upang tukuyin na ang Una ay dahil sa kawalan ng paggawa at ang pangalawa ay ipinahayag patungkol sa partikular na mga walang pananampalatayang na batid ng Allâh na kailanman ay hindi na sila maniniwala pa, kaya naman malalalaman at mapag-iiba ang dalawang pangkat, at pinaghiwalay ang dalawang pangkat, kanyang sinabi: **(Lakum diinukum waliya diin)** Na kung kaya, sa inyo na lamang ang inyong "deen" (o relihiyon) na inyong pinagpipilitan na sundin, at sa akin na lamang din ang aking "deen", na hindi na ako maghahangad ng iba pa. katulad din ng sabi ng Allah: **(Sabihin mo, O Muhammad, sa mga tao: Ang bawa't isa sa inyo ay gumawa ayon sa likas niyang katangian)**, kayo ay walang kinalaman sa kung ano ang aking ginawa at ako'y walang kinalaman sa iyong mga ginagawa.

**[Ang Kapaliwanagan ng Surah An-Nasr]
At ito'y Madinayyah**

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ
﴿إِذَا جَاءَ نَصْرُ اللَّهِ وَالْفَتْحُ ﴿١﴾ وَرَأَيْتَ النَّاسَ يَدْخُلُونَ فِي دِينِ اللَّهِ أَفْوَاجًا ﴿٢﴾﴾
فَسَبِّحْ بِحَمْدِ رَبِّكَ وَأَسْتَغْفِرْهُ إِنَّهُ كَانَ تَوَّابًا ﴿٣﴾﴾

Sa ngalan ng Allah ang Pinakamahabagin, ang Napakawaawain

**1. Idhaa jaa a nasrullaahi wal fath 2. Wara aytann naasa
yadkhuluuna fii diinil laahi afwaajaa 3. Fasabbih bihamdi rabbika
wastaghfirhu inn nahuu kaana tawwaabaa.**

(1-3) Sa dakilang kabanatang ito'y napapaloob dito ang isang magandang balita at bagay para sa sugo ng Allah na kanyang makakamit, at isang palatandaan at paalala sa mga bagay na kakalabasan nito, at ang magandang balitang iyon ay ang Tulong ng Allah sa kanyang Sugo, at pagkapanalo sa Makkah at pagpasok ng mga tao sa **(fii diinil laahi afwaajaa)** Islâm na Deen ng Allâh, na kung saan marami rito'y nagmula sa mga taga Makkah at taga Madinah na noon ay kalaban ng Islam, at itong balitang ito'y ganap na nangyari. At pagkatapos na makamit ang tagumpay na ito, inatas ng Allah sa Kanyang sugo na magpasalamat sa Kanya dahil sa mga biyayang ito, luwalhatiin Siya sa pamamagitan ng papuri sa Kanya at paghingi mula sa Kanya ng kapatawaran. At ito'y tumutukoy rin sa dalawang bagay; **Una**: mapagpapatuloy ang tagumpay ng relihiyon Islam at madadagdagan ito kapag isinagawa ang pagluwalhati sa Allah sa pamamagitan ng papuri sa Kanya at paghingi mula sa Kanya ng kapatawaran. Tunay na ito'y kabilang sa Pagpapasalamat, at Ang Allah ay nagsabi: **(Kapag kayo ay nagpasalamat ay katiyakan na daragdagan pa Niya ito sa inyo)** at ito'y nangyari sa panahon ng mga sumunod sa kanila mula sa Ummah na ito; ang mga Khulafa Rashideen at sa mga sumunod sa kanila sa Ummah na ito at nananatili ang tulong ng Allah hanggang sa umabot ang Islam sa kung saan man ang kanyang inabot na hindi umabot dito ang mga ibang relihiyon. At pumasok dito ang maraming tao, na hindi katulad sa iba, hanggang sa nangyari sa Ummah na ito ang pagsuway sa kautusan ng Allah, at sinubok sila sa pamamagitan ng pagkawatak-watak, at pagsasalungat, nangyari ang nangyari,

ngunit para sa Ummah na ito at relihiyong ito; ay ang habag ng Allah at kabutihan Niya na hindi na ikinaakala. At **Pangalawa**; ito'y tumutukoy na ang kamatayan ng Sugo ng Allah ay nanalalapit na, dahil ang kanyang buhay ay isang biyaya at dakila, sumumpa ang Allah sa pamamagitan nito, at ang mga bagay na dakila ay tinatapos sa pamamagitan ng paghingi na kapatawaran katulad ng Salah at Hajj at iba pang mga Gawain. Kaya naman inutusan ng Allah ang kanyang Sugo na magsagawa ng papuri at pasasalamat at paghingi ng kapatawaran, sa kalagayang ito ang kanyang buhay ay natapos na, kaya naman pinaghandaan niya ang kamatayan, at tinapos niya ang kanyang buhay sa pamamagitan ng pinakamainam na Gawain. Sumakanya nawa ang kapayapaan at pagpapala mula sa Allah, at kaya naman kanyang binibigkas na maraming beses sa tuwing magsasagawa siya ng Ruku' at Sujud: **"Subhanaka Allahumma Rabbana wa bihamdika Allahummagh Fir li"**

[Ang Kapaliwanagan ng Surah Tabbat] At ito'y Makiyyah

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ
 ﴿تَبَّتْ يَدَا أَبِي لَهَبٍ وَتَبَّ ۝١ مَا أَغْنَىٰ عَنْهُ مَالُهُ وَمَا كَسَبَ ۝٢ سَيَصْلَىٰ نَارًا ۝٣ ذَاتَ لَهَبٍ ۝٤ وَامْرَأَتُهُ حَمَّالَةَ الْحَطَبِ ۝٥ فِي جِيدِهَا حَبْلٌ مِّن مَّسَدٍ ۝٦﴾

Sa ngalan ng Allah ang Pinakamahabagin, ang Napakawaawain

1. Tabbat yadaa abii lahabiww watabb 2. Maa aghnaa anhu maaluhu wa maa kasab 3. Sayaslaa naarann dhaata lahab 4. Wamra atuhuu hamm maalatal hatab 5. Fii jiidihaa hablumm mimm masad

Si Abu Lahb ay amain ng Propeta Muhammad sallahu alayhi wa sallam, at siya ay naging matinding kalaban at parusa sa kanya, walang relihiyon para sa kanya at walang kamakamag-anak para sa kanya, winasak siya ng Allah nang dakilang pagkawasak na kung saan ito'y kahihyan dito sa mundo hanggang sa araw ng muling pagkabuhay, Sinabi ng Allah:

(1) (**Tabbat yadaa abii lahabi**) Ibig sabihin: Pagkawasak at tuluyang pagkabigo sa dalawang kamay, (**watabb**) at hindi nagtagumpay.

(2) (*Maa aghnaa anhu maaluhu*) Hindi naging kapaki-pakinabang sa kanya ang kanyang kayamanan, bagkus ito ang naging dahilan upang maging mapagmalabis, at kahit ang kanyang (*wa maa kasab*) kinitang kayamanan, kung kaya kailanman ay walang magagawa ang mga ito sa kanya upang siya ay iligtas mula sa kaparusahan ng Allâh kapag ito'y dumating na sa kanya.

(3-5) (*Sayaslaa naarann dhaata lahab*) Ibig sabihin: papalibutan sila ng Apoy, walang pag-aalinlangan, siya ay papapasukin sa naglalagablab na Apoy (*Wamra atuhuu Hamm maalatal hatab*) at gayundin ang kanyang asawa, na naging matindi ang pamiminsala sa Sugo ng Allâh na si Propeta Muhammad, at silang dalawang mag-asawa ay nagtulungan sa kasamaan at pamiminsala, at paghahasik ng kasamaan, at lahat ng bagay na makakasakit sa Propeta Muhammad ay kanilang ginawa, dahil dito titipunin ang mga kasalanang ito at ipapatong sa kanyang likod na katulad sa tinipong kahoy para gawing panggatong, at hinanda ng Allah ang magaspang na lubid na ipapalupot sa kanyang leeg na mula sa (*mimm masad*) hibla ng puno ng palmera, iniaangat siya sa pamamagitan nito sa Impiyernong-Apoy, pagkatapos ay ihahagis siya tungo sa kaila-ilaliman nito.

Sa kabanatang ito ating matutunghayan ang ilang sa dakilang himala ng Allah, at tunay na ang Allah ay Kanyang pinayahag ang Surah na ito kay Abu Lahb at sa kanyang asawa noong sila ay nabubuhay pa. At pinayahag ng Allah na silang dalawa ay dapat parusahan sa Impiyerno, ngunit hindi sila naniwala sa Kaisahan ng Allah, kaya naman tunay na nagyari ang balitang pinayahagay ng Allah *subhanahu wa taala*.

[Ang kapaliwanagan ng Surah Al-Ikhlaas] At ito'y Makiyyah

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ
(قُلْ هُوَ اللَّهُ أَحَدٌ ١) اللَّهُ الصَّمَدُ ٢) لَمْ يَكُنْ لَهُ كُفُوًا أَحَدٌ ٣) وَلَمْ يَكُنْ لَهُ كُفُوًا أَحَدٌ ٤)

Sa ngalan ng Allah ang Pinakamahabagin, ang Napakawaawain

1. Qul huwAllaahu ahad 2. Allaahus Samad 3. Lam yalid wa lam yuulad 4. Wa lam yakul lahuu kufuwan ahad

(1) Ibig sabihin: **(Qul)** Sabihin mo, O Muhammad nang mayroon katiyakan at paniniwala at kaalaman sa kanyang kahulugan, na ang Allah **(huwallaahu ahad)** Nag-iisa at Bukod-Tangi sa kaganapan, na nagtataglay ng magagandang pangalan at nagtataglay ng Kataas-Taasan at ganap na katangian at nagtataglay ng banal na Gawain na walang kapantay at katulad.

(2) **(Allaahus samad)** Ibig sabihin: ang Bukod-Tangi na inaasahan ng Kanyang mga nilikha sa lahat ng kanilang pangangailangan, ang lahat ng nilalang sa kalangitan at kalupaan ay lubos na nangangailangan sa Kanya, at humingi lamang sila sa Kanya sa lahat ng kanilang pangangailangan, dahil siya ang lubos na ganap sa Kanyang mga katangian, ang lubos na nakakaalam, ang lubos na mapagpahintulot, ang lubos na mahabagin na kung saan ang kanyang habag ay sumasaklaw sa lahat ng bagay ... lahat ng Kanyang katangian ay lubos na ganap at perpekto.

(3) At kabilang sa kanyang pagiging ganap, siya ay **(Lam yalid wa lam yuulad)** kailanman ay hindi Siya nagsilang at kailanman ay hindi Siya nagkaroon ng anak, at kailanman ay hindi Siya isinilang o ipinanganak dahil hindi niya ito kailangan.

(4) **(Wa lam yakul lahuu kufuwan ahad)** at kailanman ay walang maihahalintulad sa Kanya, sa Kanyang Pangalan, sa Kanyang mga Katangian at sa Kanyang mga Gawain, na luwalhati sa Kanya na Kataas-Taasan.

Ang kabanatang ito'y tumutukoy na ang Allah ay Nag-iisa at Bukod-Tangi na nagtataglay ng magagandang pangalan at ng Kataas-Taasan at ganap na katangian sa Kaisahan ng Allah.

[Ang Kapaliwanagan ng Surah Al-Falaq] At ito'y Makiyyah

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ

﴿قُلْ أَعُوذُ بِرَبِّ الْفَلَقِ﴾ ١ ﴿مِنْ شَرِّ مَا خَلَقَ﴾ ٢ ﴿وَمِنْ شَرِّ غَاسِقٍ إِذَا وَقَبَ﴾ ٣
﴿وَمِنْ شَرِّ النَّفَّاثَاتِ فِي الْعُقَدِ﴾ ٤ ﴿وَمِنْ شَرِّ حَاسِدٍ إِذَا حَسَدَ﴾ ٥

Sa ngalan ng Allah ang Pinakamahabagin, ang Napakawaawain

1. Qul a uu'dhu bi rabbil falaq 2. Minn sharri maa khalaq 3. Wa minn sharri ghaasiqin idhaa waqab 4. Wa minn sharrinn naffaa thaa ti fil uqad 5. Wa minn sharri haasidin idhaa hasad

(1) Ibig sabihin: (**Qul**) Sabihin mo, O Muhammad: Nagpapakupkop ako: (**Auudhu**): hinihingi ko ang kalinga at proteksyon ng Allah, (**rabbil falaq**) na Rabb ng Falaq, na ito'y pagbubukang-liwayway.

(2) (**Minn sharri maa khalaq**) Mula sa kasamaan ng lahat ng nilikha mula sa mga tao at jinn at mga hayop, dahil dito nagpapakupkop sa Lumikha ng mga nilalang na ito mula mga kapinsalaan na maidudulot nito.

(3) (**Wa minn sharri ghaasiqin idhaa waqab**): At mula sa kasamaan na nangyayari sa gabi kapag natatakpan na ang mga tao ng matinding kadiliman nito. At kapag kumalat na sa gabi ang maraming masamang kaluluwa at makapipinsalang mga hayop.

(4) (**Wa minn sharrinn naffaa thaa ti fil uqad**) Ibig sabihin: Mula sa mga kasamaan ng mga nagsasagawa ng karunungan itim na mga kababaihan na hinihipan nila ang kanilang mga ibinuhol na tali, na ito'y kanilang pinagbubuhul-buhol bilang pangkukulam.

(5) (**Wa minn sharri haasidin idhaa hasad**): Ang “*Hasid*” ay ang mainggitin kapag kinapopootan na niya ang mga tao dahil sa mga biyayang ipinagkaloob ng Allâh sa kanila, na kapag siya ay naiinggit ay nais niyang mawala ito sa kanila. Kaya naman lahat ng bagay na maari na maging dahilan upang mawala ang biyayang ito mula sa taong kinaiinggitin niya. Kaya nararapat na humungi tayo ng pagpapakupkop sa Allah at kanyang kalinga mula sa kasamaan ng maiinggitin, at kabilang rin sa mga bunga na pagkainggit ay ang “*A ’yn*” o ang Usog , dahil hindi ito mangyayari kung hindi dahil sa inggit ng isang masamang maiinggitin.

Napapaloob sa kabanatang ito ang pagpapakupkop mula sa lahat ng uri ng kasamaan, at ito rin ay tumutukoy na ang “*Sihr*” o karunungan-itim ay may katotohanan na dapat natin katakutan at humingi ng kalinga at pagpapakupkop sa Allah mula rito at sa mga nagsasagawa nito.

**[Ang Kapaliwanagan ng Surah An-Nâs]
At ito'y Makiyyah**

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ

(قُلْ أَعُوذُ بِرَبِّ النَّاسِ ١) مَلِكِ النَّاسِ ٢) إِلَهِ النَّاسِ ٣) مِنْ شَرِّ الْوَسْوَاسِ
الْخَنَّاسِ ٤) الَّذِي يُوَسْوِسُ فِي صُدُورِ النَّاسِ ٥) مِنَ الْجِنَّةِ وَالنَّاسِ ٦)

Sa ngalan ng Allah ang Pinakamahabagin, ang Napakawaawain

1. Qul a uu'dhu bi rabbinn naas
2. Malikinn naas
3. Ilaahinn naas
4. Minn sharril waswasil khann naas
5. Alladhii yuwaswisu fii suduurinn naas
6. Minal jinn nati wann naas

(1-6) Napapaloob sa kabanatang ito ang paghingi ng pagpapakupkop at pagkalinga sa Panginoon ng mga tao, ang nagmamay-ari sa kanila, ang sinasamba nila, laban sa mga Shaytan o Demonyo, na siya ang pinagmulan ng lahat ng kasamaan, at mula sa kanyang kapinsalaan at kasamaan ay (yuwaswisu fii suduurinn naas) Na siya ang nambubuyo ng kasamaan at naglalagay ng pag-aalinlangan sa mga dibdib ng mga tao; ginawa niyang mabuti para sa mga tao ang masama, at pinapakita sa kanila na para bagang mabuting larawan, at ipinapagawa ang kasalanang ito sa mga tao, at nilalayo sila sa paggawa ng kabutihan, at pinapakita sa kanila na ito'y kasamaan. Ang Shaytan ay palaging na sa ganitong kalagayan, siya'y naglalagay ng pag-aalinlangan sa mga dibdib ng mga tao at pagkatapos ay nambubuyo sa oras ng pagkalimot ng tao sa pagkakaalaala sa Allâh at naglalaho kapag naalaala ang Allâh at kapag humingi ito ng tulong sa Allah ng pagkalinga. Marapat lamang na humingi ang isang tao ng tulong at pagkupkop at pagkalinga sa pamamagitan ng Pagkapanginoon ng Allah sa lahat ng Tao, at lahat ng nilalang ay nasa ilalim ng pangangalaga at paghahari ng Allah, sa pamamagitan ng pagka-Diyos ng Allah na siyang sinasamaba, na ito ang layunin kung bakit nilikha ang mga nilalang, at hindi ito magiging ganap para sa mga tao maliban na lamang na labanan nila ang kalaban nilang si Shaytan na nagnanais na putulin ang pagsamba ng mga nilalang sa Allah at lagyan ito ng harang sa pagitang ng nilalang at pagsamba sa Allah, at siya'y nagnanais na ilagay ang mga nilalang sa kanyang hanay o pangkat upang mapabilang sa mga taga impiyerno. At ang waswas o pambubuyo ay maaaring magmula sa

isang Jinn o isang tao, kaya naman sinabi ng Allah: (**Minal jinn nati wann naas**) Mula sa mga shaytân na nagmula sa lahi ng jinn at mula sa lahi ng mga tao.

Ang lahat ng Papuri ay sa Allah lamang, ang Panginoon ng mga nilalang, hingin natin mula sa Kanya ang Kanyang biyaya at patawarin tayo sa ating mga kasalanan na naging dahilan upang maharang ang maraming pagpapala ng Allah sa atin. At patawarin tayo sa ating pagkakamali at mga masamang pagnanais na siya ang dahilan ng pagkawala ng ating mga puso sa pagnilay-nilay sa mga palatandaan ng Allah, at ating inaasam at hinangad na huwag ilayo ng Allah sa atin ang kanyang kabutihan ng dahil sa mga kasamaan natin, tunay na ang mga nawalan ng pag-asa sa kapatawaran ng Allah ay silang mga di-mananampalataya, at ang mga nawalan ng pag-asa na makamit ang habag ng Allah ay silang mga naligaw. At ang pagpapala at pagbati ng Allahu *taala* ay mapasakay Propeta Muhammad *sallallahu alayhi wa sallam* at gayun din sa lahat ng kanyang pamilya at mga kasamahan. Ang lahat ng Papuri ay sa Allah lamang, na sa pamamagitan na kanyang biyaya ay nagaganap ang mga kabutihan.

**Mga Katanungan sa
Panimula at Tafseer**

- 1) Sino ang may-akda ng Ang mahahalagang mga Aralin para sa pangkaraniwang Muslim?
 - ☐ AbdulAzeez bn Baz
 - ☐ Muhammad bn Uthaymeen
 - ☐ Haytham Sarhan
- 2) Bakit natin kailangan itong pag – aaralan?
 - ☐ dahil ito'y mahalaga
 - ☐ dahil ang mga Ulama' ay nagbigay ng payo na pag-aralan ito
 - ☐ dahil napapaloob dito ang mga mahahalagang usapin na kailangan ng isang Muslim
 - ☐ lahat ng nabanggit
- 3) Napapaloob sa aklat na ito ang sumusunod:
 - ☐ kalagayan ng Muslim sa Qur-an at Tawheed
 - ☐ Salah at Wudhu'
 - ☐ mabuting pag-uugali
 - ☐ ang babala mula sa pagsuway
 - ☐ lahat ng nabanggit
- 4) Marapat na magsimula ang isang Muslim sa pagbabasa, pagsa-ulo at pag-aaral ng:
 - ☐ Surah Al-Alaq
 - ☐ Surah Al-Fatiha
 - ☐ Surah Al-Ikhlās
- 5) Nahahati ang tao sa pag-aaral ng Qur-an at pagsabuhay nito sa tatlong pangkat.
 - ☐ Tama
 - ☐ Mali
- 6) Aling aklat ng tafseer o pagpapaliwanag sa Qur-an marapat na magsimula ang isang mag-aaral sa:
 - ☐ Ibn Katheer
 - ☐ Ibn Sa'diy
 - ☐ Alqurtubiy
- 7) Magsisimula ang isang mag-aaral sa mga maiigsing aklat bago sa mga mga malalalim na aklat.
 - ☐ Tama
 - ☐ Mali

- 8) Magsisimula ang mag-aaral sa pagbabasa ng mga aklat ng tafseer sa surah nagugustuhan niya itong ipagpatuloy at laging inuulit katulad ng surah: Al-qasas, Maryam at Al-kahfa.
☐ Tama ☐ Mali
- 9) Maari para sa isang mag-aaral na makinig sa mga palatuntunan nagpapaliwanag ng tafseer ng Qur-an sa radio.
☐ Tama ☐ Mali
- 10) Nagbabala ang Propeta *sallallahu alayhi wassalam* sa mga sinumang nagbabasa ng Qur-an ngunit hindi nila sinasapuso ang mga kahulugan nito.
☐ Tama ☐ Mali

Mga Katanungan sa Surah Al-Fatiha

- 11) Tinawag ang surah na ito surah Al-fatiha dahil ito'y nababakuran ng mga bakod, hindi maaring makalabas ang anumang bagay at hindi rin makakapasok dito ang anumang bagay.
☐ Tama ☐ Mali
- 12) Tinawag na surah Al-Fatiha dahil:
.....
.....
.....
- 13) Mula sa mga pangalan ng Surah Al-fatiha:
☐ Ummul Qur-an
☐ Assaba' Almathaniy
☐ Arruqyah
☐ Assalah
☐ lahat ng nabanggit
- 14) Ang pagpapakupkop sa Allah ay isang *wajib* bago tayo magsimulang magbasa ng Qur-an, bakit ito *wajib* kung ito naman ay pagsamba at hindi kasalanan:
.....
.....
.....
.....

15) Ano ang kahulugan ng "Audhu"?

.....

.....

.....

16) Bakit tinawag na "rajeem" ang Shaytan?

- ☐ dahil isa siya'ng *marjoom* o malayo sa habag ng Allah
- ☐ dahil binabato siya sa pamamagitan ng *shubb* o bulalakaw
- ☐ dahil binabato niya ang mga tao sa pamamagitan ng *shahawat* at *shubuhahat*
- ☐ lahat ng nabaggit

17) Sino ang Allah?

- ☐ Siya ang Mahal at dakilang sinasamba
- ☐ walang ni isang nagpangalan ng pangalan na ito maliban sa kanya
- ☐ ito ang pinakadakilang pangalan ng Allah
- ☐ lahat ng nabanggit

18) Ano ang pinagka-iba ng "Arrahman" sa "Arraheem"?

.....

.....

.....

.....

19) Ang pangangalaga ng Allah sa mga nilalang ay dalawang uri:

- ☐ pangalahatan o pangbukod-tangi
- ☐ walang takda at may takda

20) Ang pinakalaging ginagamit ng mga Propeta sa kanilang panalangin sa pamamagitan ng salitang:

- ☐ Allahumma
- ☐ Arrabb

21) Ang "yawmud diin" ay:

- ☐ yawmul *qiyaamah*
- ☐ ang araw ng pagbibigay ng kabayaran sa lahat ng ginawa
- ☐ lahat ng nabanggit

22) (*Ihdinas siraatal mustaqiim*) ito'y kabilang sa mga dua at kapakipakinabang sa isang tao.

- ☐ Tama
- ☐ Mali

23) Ang salitang "*diin*" ang maaaring kahulugan nito'y:

- ☐ gantimpala
- ☐ gawain
- ☐ minsan gantimpala at minsan gawain

24) Bakit nauna ang salitang *ibadah* kaysa sa *isti-anah*?

- ☐ dahil ito'y salitang pangkalahatan
- ☐ dahil ito'y karapatan ng Allah sa kanyang mga alipin
- ☐ lahat ng nabanggit

25) Anong dahilan bakit ginamit sa ayah na ito "*iiyakana' budu*"; ang pantukoy na pangmaramihan?

.....

.....

.....

.....

26) Ang salitang *ibadah* ay:

- ☐ salitang pangkalahatan sa lahat ng kinalugdan at minamahal ng Allah na mga pananalita at mga gawain hayagan man o panloob
- ☐ Ang pagsuko sa Allah sa pamamagitan ng pagsunod sa kanyang utos at pag-iwas sa kanyang mga pinagbabawal dahil sa kanyang pagmamahal sa Allah at pagdadakila sa kanya
- ☐ maari ang dalawang nabanggit

27) Ang *hidayah* o gabay na nabanggit sa ayah na ito (*ihdina*) ay:

- ☐ gabay na pagtuturo at pagtutukoy
- ☐ gabay na pagsang-ayon sa Allah
- ☐ lahat ng nabanggit

28) Ang tinutukoy sa ayah na ito (*siraatal ladhiina an amta alayhim*) ay:

- ☐ lahat ng sumasampalataya sa ummah na ito
- ☐ sinuman ang nabiyayaan ng Allah mula sa mga propeta at mga siddiqin at mga shuhada' at mga saliheen

29) Naglalaman ang ayah na ito (*iiyakana' budu wa iiyakanas taiin*) ang pagsasama ng "*batas*" at "*qadar*".

- ☐ Tama
- ☐ Mali

30) Alin sa mga sumusunod ang napapaloob sa kanya ang mga hindi napapaloob sa ibang surah sa loob ng Qur-an?

- ☐ Surah Al-Fatiha
- ☐ Ayah Al-Kursiy
- ☐ Surah Al-Ikhlâs

31) Napapaloob sa ayah na ito (*ihdinas siraata*):

- ☐ ang pagpapatunay sa pagkapropeta
- ☐ tugon sa lahat ng mga ahlul bid-ah at mga naligaw
- ☐ ang gantimpala ay sa gawain lamang
- ☐ lahat ng nabanggit

32) Napapaloob sa ayah na ito (*maaliki yawmid diin*):

- ☐ ang gantimpalang makatarungan
- ☐ ang tao siya ang gumagawa ng kanyang gawain
- ☐ ang gantimpala ay sa gawaing lamang
- ☐ lahat ng nabanggit

Mga Katanungan sa Ayah Al-Kursiy

33) Tinawag na ayah Al-kursiy dahil nabanggit dito ang salitang "kursiy".

- ☐ Tama
- ☐ Mali

34) Ano ang pinakadakilang ayah sa Qur-an?

- ☐ Ayah Addayn
- ☐ Ayah Alhuquq Al-ashara
- ☐ Ayah Alkursiy

35) Ang Qur-an ay dakila dahil sa magagandang kahulugan nito.

- ☐ Tama
- ☐ Mali

36) Ilang pangalan ng Allah ang nabanggit sa ayah Al-kursiy?

- ☐ 5
- ☐ 6
- ☐ 7

37) Ang pangalan ng Allah na *Al-Hayy* ay nangangahulugan na ganap sa kanyang:

- ☐ Sarili
- ☐ Kapangyarihan

38) Ang pangalan ng Allah na *Al-Qayyum* ay nangangahulugan na ganap sa kanyang:

- ☐ Sarili
- ☐ Kapangyarihan

39) Ang pangalan ng Allah na *Al-Hayy* at *Al-Qayyum* ay nangangahulugan na kaganapan ng kanyang sarili at kapangyarihan.

- ☐ Tama
- ☐ Mali

40) Paulit-ulit nabanggit sa Qur-an ang pagsasama ng pangalan ng Allah na *Al-Hayy* at *Al-Qayyum* sa ilang lugar?

- ☐ 3
- ☐ 4
- ☐ 2

- 41) Nararapat na ang mga katangian na hindi pinagtibay ng Allah sa kanyang sarili ay iwaksi at hindi tanggapin, ganoon din sa mga hindi pinagtibay ng Propeta *sallallahu alayhi wasallam* sa Allah, ngunit marapat ipagtibay ang kabaliktaran ng mga katangian hindi pinagtibay ng Allah sa kanyang sarili; halimbawa: winaksi ng Allah para sa kanyang sarili ang katangian "pagtulog" nangangahulugan ang Allah ay walang haggang buhay at lakas.
- ☐ Tama ☐ Mali
- 42) Hindi papahintulutan ng Allah ang sinuman na mamagitan maliban sa sinumang kanyang pinili at kinalugdan at sila ang mga:
- ☐ nasa tawheed
☐ pagsunod sa Propeta
☐ lahat ng nabanggit
- 43) Ang mga bagay na pinapakita ng Allah mula sa mga batas at tadhana ay:
- ☐ Kakaunti ☐ Marami
- 44) Ang ayah na ito (*ya'lamu maa bayna aydiihim*) ay ang kaalaman ng Allah na sumasaklaw sa mga nangyayari at mangyayari pa lamang at ang ayah (*wa ma khalfahum*) ay sumasaklaw sa mga nangyari na.
- ☐ Tama ☐ Mali
- 45) Ano ang kahulugan ng pangalang ng Allah na *Al-Aliy* kataas-taasan:
- ☐ ang kataas-taasan ng kanyang sarili
☐ kataas-taasan ng kanyang katangian
☐ nasa ibabaw ng kanyang mga nilikha
☐ lahat ng nabanggit
- 46) Sinuman ang basahin niya sa gabi ang ayah na ito, ay mananatili siyang nasa pangangalaga ng Allah, at hindi makakalapit ang Shaytan sa kanya hanggang sa umaga, at ito?
- ☐ ang huling mga ayah mula sa surah Al-baqarah
☐ Ayah Al-kursiy
- 47) Binabasa ang ayah Al-kursiy:
- ☐ pagkatapos ng mga obligadong Salah
☐ sa tuwing matutulog
☐ sa umaga at gabi
☐ lahat ng nabanggit

Mga Katanungan sa Surah Al-Zalzala

48) Ang surah Alzalalah ay surah:

- ☐ Makkiyah ☐ Madaniyyah

49) Ang surah Alzalalah ay mayroong:

- ☐ Babala
☐ Panghihikayat
☐ nalihat ng nabanggit

50) (wa *akhrajatil ardhu athqaalaha*) ibig sabihin:

- ☐ bundok ☐ mga bangkay at kayamanan

51) Ang kalupaan ay kabilang sa mga sasaksi sa alipin sa kanilang gawa.

- ☐ Tama ☐ Mali

52) (*ashtaata*) ibig sabihin:

- ☐ hiwa-hiwalay na grupo
☐ mag-isa

Mga Katanungan sa Surah Al-Adiyat

53) Ang surah na ito'y:

- ☐ Makkiyah ☐ Madaniyyah

54) Ibig sabihin ng salitan "Al-adiyat" ay:

- ☐ Ang kabayo
☐ lahat ng gumagalaw
☐ lahat ng nabaggit

55) Ang surah Al-adiyat ay mayroong babala mula sa pagpapabaya sa mahahalagang karapatan.

- ☐ Tama ☐ Mali

56) Ibigay ang kahulugan ng mga salita sa ibaba:

(*dabhan*)

.....

(*qadhan*)

.....

(*naq-an*)

.....

(*lakanuud*)

.....

Mga Katanungan sa Surah Al-Qariah

57) Ang surah na ito'y:

- ☐ Makkiyah ☐ Madaniyyah

58) Mula sa mga layunin ng surah al-qariah ay babala:

- ☐ sa masidhing takot sa raw ng pagbangong muli
☐ sa mga pagsubok sa mundo

59) Al-qariah ito'y:

- ☐ mga ayah ng pagbabanta
☐ yawmul qiyamah

60) Ibigay ang kahulugan ng mga salita:
(kal faraashil mabthuth)

.....
(kal ihnil mann fush)
.....

61) Al-mizan (Ang timbangan) na nasabi sa surah na ito'y:

- ☐ totoong timbangan
☐ ibig ipahiwatig ay katarungan

62) (ishatir raadiyah) ibig sabihin ay sa:

- ☐ mundo ☐ paraiso

63) Mula sa pangalan ng Impyerno:

- ☐ Alhawiyah ☐ jahannam ☐ Alhutamah
☐ ladhaa ☐ Assaiir ☐ saqar

64) (naarun haamiyah) mas labis ang kanyang init kaysa sa init ng mundo ng?

- ☐ 70% ☐ 90% ☐ 99%

Mga Katanungan mula sa At- Takhatur

65) Ang surah na ito'y:

- ☐ Makkiyah ☐ Madaniyyah

66) Ang surah na ito'y mayroong:

- ☐ sa kanilang pagpapabaya sa kadahilan ng pagkalikha sa kanila
- ☐ pagbibigay ulat sa mga kalagayan ng mga tao.

67) Sa surah na ito'y ipinagbawal ang *at-takathur* kahit pa ito'y alang-alang sa Allah.

- ☐ Tama
- ☐ Mali

68) Salitang: paglipat sa huling hantungan:

- ☐ mayroon itong pagpapasinunganling ng araw ng pagkabuhay
- ☐ *jaaiz* (maaring sabihin)

69) ((*hatta zurtumu*)) pinangalangan silang mga bisita at hindi mga *muqim*

- ☐ dahil ang *barzakh* ay tahanan upang
- ☐ dahil lumipat sila sa kanilang tirahan sa mundo papunta sa libingan na hindi nila pagmamay-ari.

70) Nabahagi ang Ilm (kaalaman) sa tatlo, ito ang: *Ilmun yaqeen, aynun yaqeen, haqqun yaqeen*.

- ☐ Tama
- ☐ Mali

Mga Katanungan sa Surah Al-Asr

71) Ang surah na ito'y:

- ☐ Makkiyah
- ☐ Madaniyyah

72) Ang surah Al-Asr ay mayroong *dalil* (katibayan) sa apat na *masail*. Ang kaalaman, gawa, da'wah at sabar (pagtitiis).

- ☐ Tama
- ☐ Mali

73) Saan dito ang tama na tumutukoy sa pagsumpa bukod sa Allah.

- ☐ Ang Allah ay maaring sumumpa kanino man sa kanyang nilikha
- ☐ Hindi maari na susumpa ang nilikha maliban sa Allah.
- ☐ Maaring sumumpa ang nilikha bukod sa Allah

74) Ang sabar (pagtitiis) ay nahati sa:

- ☐ 2
- ☐ 3
- ☐ 4

75) Ang surah na ito'y mayroong apat na utos; ang unang dalawa pakukumpleto ng alipin sa kanyang sarili, at ang huling dalawa makukumpleto ng alipin sa iba.

- ☐ Tama
- ☐ Mali

Mga Katanungan sa Surah Al-Humazah

- 76) Ang surah na ito'y:
☐ Makkiyah ☐ Madaniyyah
- 77) Ibig sabihin ng salitang " wayl " :
☐ lambak sa Impiyerno
☐ babala kasama dito isang lambak sa Impiyerno
- 78) Ang *hamz* ay sa pamamagitan ng salita at ang *lamz* ay sa pamamagitan ng gawa.
☐ Tama ☐ Mali
- 79) Ang ayah : ((*yahsabuna anna lahu maalahu akhladah*)) makukuha natin dito na ang kabutihan at nadadagdagan sa paglipas ng edad.
☐ Tama ☐ Mali
- 80) Ibig sabihin ng salita ng Allah: (*wa ma adraka*) na ang Propeta *sallallahu alayhi wassalam*:
☐ alam niya ☐ hindi niya alam
- 81) Sa salita ng Allah: (*naarul muuwadah*) *quudun naar* ibig sabihin ay :
☐ mga tao ☐ mga bato ☐ lahat ng nabanggit
- 82) Ibig sabihin ng salita ng Allah: (*tattaliu alal af-idah*)
☐ anumang pinaniniwalaan
☐ aabot ang init mula katawan hanggang manunuot sa puso

Mga Katanungan sa Surah Al-Fiyl

- 83) Ang surah na ito'y:
☐ Makkiyah ☐ Madaniyyah
- 84) Sa surah na ito ang mahalagang kaalaman na makukuha natin, ang isang malaking hayop takot na bigyan kapinsalaan ang bahay mula sa bahay ng Allah, paano na kaya ang tao mas lalo na siya.
☐ Tama ☐ Mali
- 85) Ipinanganak ang Propeta *sallallahu alayhi wassalam* sa taon ng:
☐ elephante ☐ kalungkutan ☐ alabok

86) Sa surah na ito isa sa mga *irhasah nubuwwah* ng Propeta *sallallahu alayhi wassalam*; eto ang mga pangyayari na taliwas sa kina-ugalian ng isang bagay nangyari bago ang kanyang pagkakasugo.

- ☐ Tama ☐ Mali

87) Ibigay ang kahulugan ng mga salita:
(*tayran abaabil*)

.....
(*ka-asfim ma'kuul*)
.....

Mga Katanungan sa Surah Quraysh

88) Ang surah na ito'y:

- ☐ Makkiyah ☐ Madaniyyah

89) Ang surah na ito'y mayroon kaugnayan sa surah:

- ☐ Fil ☐ Kaafirun ☐ Nas

90) Ang paglalakbay ng Quraysh noon sa panahon ng tag-lamig papunta ng Shams at tag-init papunta ng Yemen.

- ☐ Tama ☐ Mali

91) Itinangi ng Allah ang *rububiyah* (pagiging rabb) sa bayt dahil sa kanyang kadakilan at kataas-taasan bagkus siya ang panginoon ng lahat ng bagay.

- ☐ Tama ☐ Mali

92) (*Rabba hadhal bayt*) kabilang sa *idafah* (idinikit) nilikha sa lumikha bilang pagdakila.

- ☐ Tama ☐ Mali

Mga Katanungan sa Surah Al-Maun

93) Ang surah na ito'y:

- ☐ Makkiyah ☐ Madaniyyah

94) Ibig sabihin ng salitang "deen" sa salita ng Allah: (*ara-aytalladhi yukadh-dhibu biddeen*) ay:

- ☐ ang pagbangon at pagbibigay jazaa'
☐ ang pagpasinungalin ng mga karapatan

- 95) Ibig sabihin ng salitang "yadu'-u" ay:
☐ pinabayaan ☐ itinaboy ng matindi
- 96) Ang *yateem* siya na namatay ang kanyang:
☐ ama ☐ ina
- 97) Tinatawag ding *yateem* ang:
☐ hindi pa *baaligh* ☐ kahit *baligh*
- 98) Ang *sahw fis Salah* karapatdapat sa kanya ang kaparusahan at walang kapurihan ngunit at *sahw an Salah* ito'y nagagawa ng lahat.
☐ Tama ☐ Mali
- 99) Hukom ng *riya'*:
☐ *jaaiz* ☐ *makruh* ☐ *muharram*
☐ *shirk asghar* ☐ *shirk akbar*
- 100) Sa surah na ito'y nagtuturo ng paggawa ng *ma'ruf* (kabutihan).
☐ Tama ☐ Mali
- 101) Ang *maaun* sa tinutukoy sa ayah ay:
☐ Ang lalagyan
☐ lahat ng kina-ugalian na pinapalitan at ipinagpasensiya

Mga Katanungan sa Surah Al-Kawthar

- 102) Ang surah na ito'y:
☐ Makkiyah ☐ Madaniyyah
- 103) Itinangi ng Allah ang dalawang ibadah na ito: Assalah at Pagkatay; dahil sa kainaman ng pagsamba at pinamabuting gawain na makakalamit sa Allah.
☐ Tama ☐ Mali
- 104) Ibig sabihin ng "*shaanika*":
☐ kinagalit mo ☐ nangmamaliit sayo
☐ naninira sa iyo ☐ lahat ng nabanggit

- 105) **(huwa abtar) dalil sa kanyang pagkakaintindi na ang nagmamahal sa Propeta sallallahu alayhi wassalam ay mananatili pag-alaala o pagpupuri man ito.**
☐ Tama ☐ Mali
- 106) **Itong surah na ito'y tumutukoy na marami ang tagatulong at tagasunod ng Propeta sallallahu alayhi wassalam.**
☐ Tama ☐ Mali

Mga Katanungan sa Surah Al-Kafiruun

- 107) **Ang surah na ito'y:**
☐ Makkiyah ☐ Madaniyyah
- 108) **Binabasa itong surah sa unang rakaah pagkatapos ng Al-Fatiha sa:**
☐ *ratibah* ng Fajar ☐ *ratibah* ng Maghrib
☐ *sunnah* ng tawaf ☐ *witr*
☐ lahat ng nabanggit
- 109) **Ang ibadah na may kasamang Shirk:**
☐ *ibadah khas* ☐ hindi matatawag na ibadah
- 110) **Ang utos sa salitang "Qul" ay para kay:**
☐ Propeta *sallallahu alayhi wassalam*
☐ Propeta at sa lahat na maari ang utos na ito.
- 111) **Ang *kaafiruun* ay sila na:**
☐ lahat ng dumating sa kanila ang panawagan ng Propeta *sallallahu alayhi wassalam*
☐ *kaafir* ng Makkah
- 112) **Sa surah na ito'y mayroong pagpapatotoo ng paglayo mula sa Shirk at sa gumagawa nito sa puso, dila at katawan.**
☐ Tama ☐ Mali
- 113) **Ang *takrar* (pag-ulit) sa surah na ito:**
☐ para sa *tawkid* (pagbibigay diin)
☐ tumutukoy ang una na hindi umiiral ang gawa, at ang pangalawa ay tumutukoy na ang gawain ay naging katangiang *lazim* (hindi nahihwalay)

Mga Katanungan sa Surah An –Nasr

- 114) Ang surah na ito'y:
☐ Makkiyah ☐ Madaniyyah
- 115) Dito sa Surah na ito napapaloob ang magandang balita, ulat at utos.
☐ Tama ☐ Mali
- 116) Para sa ummah na ito at itong relihiyon ay habag ng Allah na hindi pa pumasok sa isip ng tao ni sa kanyang imahinasyon.
☐ Tama ☐ Mali
- 117) Para sa pagsasabuhay sa surah na ito; ang Propeta *sallallahu alayhi wassalam* ay nagpaparami ng salitang: (*subhanaka Allahumma rabbana wa bihamdika. Allahummagh firli*) sa kanyang ruku' at sujud.
☐ Tama ☐ Mali

Mga Katanungan sa Surah Al-Masad

- 118) Ang surah na ito'y:
☐ Makkiyah ☐ Madaniyyah
- 119) Abu Lahab siya ay:
☐ amain ng Propeta *sallallahu alayhi wassalam*
☐ walang anumang koneksyon mula Propeta
- 120) Ibigay ang ibig sabihin ng sumusunod:
(*tabbat*)
.....
(*maaksab*)
.....
(*fiyjiida*)
.....
(*masad*)
.....
- 121) Dito sa ayah na ito'y mayroon nakakahigit na patunay mula sa patunay ng Allah; na si Abu lahab at ang kanyang asawa ay hindi nagmuslim.
☐ Tama ☐ Mali

Mga Katanungan mula sa Surah Al-Ikhlās

- 122) **Ang surah na ito'y:**
☐ Makkiyah ☐ Madaniyyah
- 123) **Pinangalanan surah Al-ikhlas nang ganitong pangalan dahil:**
☐ dinalisay sa katangian ng Allah
☐ dadalisayin ang nagbabasa nito mula sa shirk
☐ lahat ng nabanggit
- 124) **Katumbas ng surah na ito sa jaza' ng :**
☐ 1/2 ng Qur-an ☐ 1/4 ng Qur-an ☐ 1/3 ng Qur-an
- 125) **Binabasa itong surah sa unang rakaah pagkatapos ng Al-Fatiha sa:**
☐ *ratibah* ng Fajar ☐ *ratibah* ng Maghrib
☐ *sunnah* ng tawaf ☐ *witr*
☐ sa pagtulog ☐ lahat ng nabanggit
- 126) **Binabasa ang Al-kafiruun at Al-ikhlas sa araw at gabi para pamatotohanan ang tatlong uri ng Tawheed.**
☐ Tama ☐ Mali
- 127) **Napapaloob sa surah Al-ikhlas:**
☐ *tawheed arrububiyah*
☐ *tawheed arrububiyah* at *tawheed al-asma' wa assifat*
- 128) **Ibig sabihin ng "Qul" ay:**
☐ dila lamang ☐ salita, gawa at paniniwala
- 129) **(*qul huwa Allahu Assama*) ibig sabihin nag-iisa kanyang *rububiyah* at *uluhiyyah* at kanyang mga pangalan at natatanging katangian.**
☐ Tama ☐ Mali
- 130) **(*assamad*) ibig sabihin ay:**
☐ Ang hinihingan sa lahat ng pangangailangan
☐ Ang walang pangangailangan ngunit ang iba ay may pangangailangan sa kanya
☐ *Assayyid* ang Panginoon na punong-puno ng karalangan at perpekto sa kanyang *rububiyah* at *uluhiyyah* at mga pangalan at katangian
☐ lahat ng nabanggit

131) Ang pagtatangi ng anak o nagka-anak sa Allah ay tinuturing *kufur akbar*.

- ☐ Tama ☐ Mali

Mga Katanungan sa Surah Al-Falaq

132) Ang surah na ito'y:

- ☐ Makkiyah ☐ Madaniyyah

133) Binabasa ang surah Al-falaq sa tuwing:

- ☐ Pagkatapos ng limang obligadong Salah
☐ pagtulog
☐ lahat ng nabanggit

134) Ibigay ang kahulugan ng mga salita sa ibaba:
(*a-udhu*)

.....
(*Alfalaq*)

.....
(*fiyjiida*)

.....
(*waqab*)

.....
(*annaffathat*)

.....
(*al-uqad*)

.....
(*haasid*)

135) Ang surah na ito'y napapaloob ang:

- ☐ Paghingi ng pagpapakupkop para sa lahat
☐ na ang *sihir* ay totoo
☐ lahat ng nabanggit

Mga Katanungan sa Surah An-Nâs

136) Ang surah na ito'y:

- ☐ Makkiyah ☐ Madaniyyah

137) **Binabasa ang surah Al-Naas sa:**

- ☐ Pagkatapos ng limang obligadong Salah
- ☐ pagtulog
- ☐ lahat ng nabanggit

138) **Ano ang ibig sabihin ng salita "Al-khannas"?**

.....

.....

.....

.....

IKALAWANG ARALIN

Ikalawang Aralin: Arkan (Ang mga Haligi) ng Islam

Ang pagpapaliwanag ng limang haligi ng Islam, pinaka-una at ang pinakamahalaga: **shahadatu an la ilaha illa Allah wa anna Muhammad rasulullah** kabilang ang pagpapaliwanag ng kanyang ibig ipahiwatig at kasama din ang pagpapaliwanag sa mga kondisyon ng la ilaha illa Allah.

Ibig sabihin ng: (**la ilaha**) pagkakaila sa lahat ng sinasamba liban sa Allah, (**illa Allah**) pagkilala na ang ibadah (pagsamba) ay naaayon lamang sa Allah ang Nag-iisa at Walang kahalintulad.

Patungkol naman sa kondisyon ng (la ilaha illa Allah) ito ang mga:

1. **Al-ilm** Kaalaman kasalungat ng **Aljahal** Kamang-mangan.
2. **Alyaqeen** Katiyakan kasalungat ng **Ash-shak** Pagdududa.
3. **Al-iklhas** Pagkadalisay kasalungat ng **Ash-shirk** Pagtatambal.
4. **Assidq** Pagpapatotoo kasalungat ng **Alkadhib** Kasinungalingan.
5. **Almahabbah** Pagmamahal kasalungat ng **Albughdh** Galit.
6. **Al-inqiyad** Pagtalima kasalungat ng **Attark** Pag-iwan.
7. **Alqabul** Pagtanggap kasalungat ng **Alrad** Pagtanggi.
8. **Alkufr** Pagwaksi sa sinuman na sinasamba liban sa Allah.

At aking pinag-isa sa dalawang saknong:

مَحَبَّةٍ وَانْقِيَادٍ وَالْقَبُولَ لَهَا	عِلْمٍ يَقِينٍ وَإِخْلَاصٍ وَصِدْقِكَ مَعِ
سُوءِ الْإِلَهِ مِنَ الْأَشْيَاءِ قَدْ أُلْهَا	وَزَيْدَ ثَامِنُهَا الْكُفْرَ رَأَى مِنْكَ بِمَا

Kasama ang pagpapaliwanag sa pagsaksi na si Muhammad ay mensahero o sugo ng Allah at kaakibat nito: Ang pagpapatotoo sa anumang kanyang iniulat, pagsunod sa anumang kanyang iniutos, paglayo sa anumang kanyang ipinagbawal at ipina-iwasan, at hindi sasamba liban sa kanyang isinabatas.

Pagkatapos ay ipapaliwanag sa mag-aaral ang mga naiwan sa limang haligi ng Islam; ito'y ang mga: ***Assalah, Azzakah, Sawm Ramadhan, Hajj sa baytul Allah sa sinuman ang may kakayahang tumahak.***

Ang Haligi ng *La ilaha illa Allah*

**(*la ilaha*) Annafyu Pagkakaila
(Pagwaksi)**

Pagkakaila sa lahat ng sinasamba
liban sa Allah

(*illa Allah*) Al-ithbat Pagkilala

Pagkilala na ang *ibadah* (pagsamba) ay
naaayon lamang sa Allah.

لِكَلِمَةِ الْإِخْلَاصِ رُكْنَانِ هُمَا النَّفْيُ وَالْإِثْبَاتُ فَاحْفَظْنُهُمَا

Pagpapaliwanag sa mga Kondisyon ng *La ilaha illa Allah*:

Ang mga kondisyon ng *La ilaha illa Allah* ay kahalintulad ng mga ngipin ng susi, ang salitang (*la ilaha illa Allah*) ay susi ng Paraiso at ang susi hindi nito maaring mabuksan liban kung mayroong itong mga ngipin, kaya lahat ng naiulat mula sa Qur-an at Sunnah na sinuman ang magsabi ng (*la ilaha illa Allah*) para sa kanya ay ganito; para makuha ang kabutihan nito'y nararapat na patotohanan at gawin ang mga kondisyon at ito'y walo:

1. Ang *ilm* Kaalaman sa ibig sabihin nito: kasalungat ng *jahal* kamangmangan sa ibig sabihin nito, kung walang alam sa kahulugan nito hindi ito makakapagbigay ng kabutihan kaya nararapat sa isang papasok sa Islam ay alam niya ang ibig sabihin nito; sabi ng Propeta: ((*Sinuman ang namatay; alam niya ang pakahulugan ng la ilaha illa Allah makakapasok ng Paraiso*)) iniulat ni Muslim.

2. Ang *yaqeen* Katiyakan o isangdaang porsyentong katiyakan, kung nagduda man kahit isang porsyento sa kawalan ng pananampalataya sa pagsamba sa mga diyos-dyusan o hindi magsasalita o nagdududa; hindi siya mabibilang na *muwahhid*. Sabi ng Propeta: ((*Ako'y sumasaksi ng walang ibang diyos liban sa Allah at ako'y sugo ng Allah, hindi haharapin ng Allah sa isang alipin ang dalawang ito (pagsaksi) nang walang anumang pagdududa liban siya ay makakapasok ng Paraiso*)). Iniulat ni Muslim

3. Ang *ikhlas* Kadalisayan: sinuman ang nagpakitang-tao lamang o nakagawa ng Shirk (pagtatambal) na malaki – tulad ng pagsamba sa mga diyos-diyosan

– hindi ito makakapagbigay ng kapakinabangan sa kanya, mula sa Propeta siya ay nagsabi: ((**Ang pinakamasayang tao sa aking shafaah (pamamagitan): sinuman ang magsabi ng La ilaha illa Allah khalisan (tapat) na nagmumula sa kanyang puso o sarili**))). Iniulat ni Albukhariy

4. Ang **sidq** Pagpapatotoo: sinuman ang magsabi nito bilang kasinungalingan – tulad ng **munafiq** – hindi ito makakapagbigay ng kapakinabangan sa kanya, mula sa Propeta siya ay nagsabi: ((**Walang sinuman ang sasaksi na la ilaha illa Allah at si Muhammad alipin niya at sugo sidqan (totoo) na nagmumula sa kanyang puso liban na ipagbabawal sa kanya ng Allah ang Apoy (Impiyerno)**))).

5. Ang **mahabbah** Pagmamahal: minamahal niya ang Allah at hindi niya binibigyan ng katambal ang pagmamahal na ito at minamahal din niya ang pinag-uutos sa kanya na mahalín. Kasalungat nito ang bughdh (galit); kaya nabilang ito isa sa mga nakakasira ng Islam: "sinuman ang magalit sa anumang dala ng sugo kahit pa ito'y kanyang ginagawa; kafara (siya ay nabilang sa mga walang pananampalaya). Sinabi ng Allah: (**mayroong mga tao na ginawa nilang andad (katambal sa pagsamba sa Allah) ang iba bukod sa Allah, minamahal nila ito katulad ng pagmamahal nila sa Allah**)).

6. Ang **inqiyad** Pagtalima: nararapat na mayroong paggawa, sinuman ang iniwan ang paggawa hindi ito makakapagbigay ng kapakinabangan sa kanya; sinabi ng Allah: (**Hindi! at sa iyong Panginoon [sumumpa ang Allah] hindi sila mananampalataya hangga't hindi ka nila ginagawang hukom sa anumang hindi nila pagkakasunduan sa mga pagitan nila, pagtapos ay hindi sila makararamdam sa kanilang mga sarili ng pagtutol sa anumang iyong pinasyahang paghahatol at sila'y susunod ng ganap na pagsunod**)).

7. Ang **qabul** Pagtanggap: hindi tatanggihan ang salita, gawa at pagtalima sa kanya; sinabi ng Allah: (**Katiyakan noong sinabi sa kanila la ilaha illa Allah ay nagmamataas * at kanilang sinasabi "tatalikuran ba namin ang pagsamba sa aming diyos-diyusan dahil sa sinasabi ng manunula na wala sa katinuan?"**)).

8. Ang **kufir** Pagwaksi: pagtanggi sa mga sinasamba liban sa Allah; na ang pagsamba na iyon sa kanila ay batil mali, at kailanman wala nang karapat dapat na sambahin maliban sa Allah.

Paalala:

Nararapat sa **kalimah ng Ikhlas** ay may kaakibat na **salita, gawa at pagtalima**.

Mga Uri ng Pagmamahal

Ang Pagmamahal kasama ng Allah

Ito'y kabilang sa Shirk Akbar, Sinabi ng Allah: **(mayroong mga tao na ginawa nilang andad (katambal sa pagsamba sa Allah) ang iba bukod sa Allah, minamahal nila ito katulad ng pagmamahal nila sa Allah).**

Ang Pagmamahal para sa Allah

Ito'y obligado, bagkus ito ang pinakamatibay na bigkis ng Iman. At mangyayari ito sa apat:

Likas na Pagmamahal

Ito'y *jaaiz* (maari) sa kondisyon hindi mauuna sa pagmamahal sa Allah, halimbawa nito pagmamahal sa anak at asawa, sabi ng Propeta: **((hindi makukumpleto ang inyong pananampalataya hangga't hindi ako magiging pinakamamahal niyo kaysa sa inyong magulang, anak at lahat ng tao)).**

sa mga gawain na minamahal ng Allah, ito ang lahat ng gawain na mayroong batas tulad ng tawheed.

sa mga gumawa nito katulad ng mga propeta at sugo, mga anghel, mga kasamahan ng Propeta, at lahat ng *muwahhid*.

sa mga panahon na minamahal ng Allah katulad ng *laylatul qadr* at pinakahuling 1/3 ng gabi.

sa mga lugar na minamahal ng Allah katulad ng Makkah at Almadinah.

Ano ang ibig sabihin ng salita ng Muslim; (*abduhu* o alipin) sa pagsaksi *anna Muhammad rasulullah*?

Siya ang pinaka-palasambang nilalang dahil nagagawa niya ang kumpletong pagsamba sa Allah

Hindi siya maaring sambahin, dahil wala siya'ng anumang katangian ng pagkapanginoon at pagiging diyos.

Mga Uri ng Pagkaalipin sa Allah

**Ammah
(Pangkalahatan)**

Ito ang pagkaalipin sa *rububiyyah (Alqahar)*, at ito'y para sa lahat ng nilikha. Sabi ng Allah: (lahat nang nasa kalangitan at kalupaan liban na darating sa **Ar-rahman bilang alipin**), at kabilang dito ang Mu'min at Kafir.

**Khassah
(Natatangi)**

Ito ang pagkaalipin sa pangkalahatang pagsunod; sabi ng Allah: (at ang alipin ng **Ar-rahman na kung saan naglalakad sa kalupaan ng mahinahon**), at ito'y pangkalahatan sa lahat ng sasamba sa Allah.

Khassatul Khassah

Ito ang pagkaalipin ng mga sugo, sabi ng Allah: (katotohanan siya ay isang aliping nagpapasalamat). Ang pagkaaliping ito'y idinikit sa mga sugo na natatangi lamang sa kanila dahil walang may kakayahan na malampasan ang kanilang pagkaalipin sa Allah.

**Buod mula sa Talambuhay ng Propeta
*sallallahu alayhi wassalam***

Talaangkanan:

Siya si **Muhammad bn Abdullah bn Abdulmuttalib bn Hashim**, at si Hashim ay mula sa Quraysh, at ang Quraysh ay mula sa Arabo at ang Arabo ay mula sa angkan ni Ismael bn Ibrahim *alayhissalaam*.

Kapanganakan:

Siya ay isinilang sa taon ng elepante sa Makkah sa buwan ng Rabi' Alawwal at ang kanyang edad ay 63, kabilang dito 40 na taon bago ang pagkapropeta at 23 na taon bilang propeta at sugo. Siya ay ulila sa ama (*yateem*), pumanaw ang kanyang ama bago pa man siya isinilang at ang kanyang lolo ang nag-alaga sa kanya pagkatapos, noong pumanaw ang kanyang lolo ang kanyang amain ang nag-aruga sa kanya.

Pagkakapadala:

Ipinadala sa ***thaqilayn*** Jinn at mga Tao, sino man ang dumating sa kanya ang mensahe at hindi niya ito pinaniwalaan siya ay kafir, kufur akbar.

Panawagan:

Nanawagan sa tawheed at sa pinakamagandang pag-uugali at gawa, pinagbawal ang shirk at masamang pag-uugali at gawa.

**Al-isra'
at Mi'raj:**

Naglakbay sa gabi mula Makkah hanggang Baytul Maqdis, pagkatapos ay iniangat sa ikapitong kalangian, kinausap ng Allah at inobliga sa kanya ang limang beses na pagdarasal.

**Hijra at
Kamatayan:**

Nangibang-bayan mula Makkah papuntang Almadinah, at dito na pumanaw *sallallahu alayhi wasallam*, inilibing sa bahay ng Ina ng mga mananampalataya na si Aisha *radiyallahu anha*.

Mensahe:	Ginawang ganap ng Allah ang relihiyon sa pamamagitan niya, naiparataing niya ang pinakamalinaw na mensahe, naibigay ang amanah, napaalalahanan ang Ummah at nakipagjihad alang-alang sa Allah ng totoong jihad sa lahat ng uri ng jihad kaya hindi maaari sa kahit sinuman na magdagdag sa relihiyon na ito na kahit anuman.
Importanteng Ghazawat:	Pito ito ang: Badar, Uhod, Alkhandaq, Khaybar, fathu Makkah, Tabuk, at Hunayn.
Hijra at kamatayan:	Alqasim, Ibrahim, Abdullah siya din sin Attayyib Attahir, Zaynab, Ruqayyah, Um Kulthum, Fatima; lahat sila namatay na buhay pa ang Propeta liban kay Fatima, namatay siya pagkatapos ng kamatayan ng Propeta ng anim na buwan. <i>Radiyallahu anhum jamian</i>
Mga asawa Labingdalawa:	Khadijah, Aisha, Sawdah, Hafsa, Zaynab Alhilaliyyah, Um Salamah Hind, Zaynab bnt Jash, Juwayriyyah bnt Alharith, Safiyyah bnt Huyay, Um Habibah Ramlah, Rayhanah bnt Zayd, Maymunah bnt Alharith <i>radiyallahu anhunna ajmain.</i>
Murdiatuh:	Nanay niya Aminah bnt Wahab, Thuwaybiyah <i>mawla</i> ng amain niyang si Abi Lahab, Halimah bnt Abi Dhuayb Assaaidiyyah <i>radiyallahu anha.</i>
Unang kapahayagan:	Unang limang ayah mula sa Surah Al-alaq: 

**Unang
naniwala:**

Mula sa mga kalalakihan Abu Bakr Assiddiq, mula naman sa kababaihan Khadijah bnt Khuwaylid, mula sa kabataan Aliy bn Abi Talib, mula naman sa mga pinalaya Zaid bn Haritha, mula sa mga alipin Bilal bn Rabah *radiyallahu anhum ajmain*.

Hajj at Umrah

Nakapagsagawa siya ng apat na Umrah lahat nito sa buwan ng Dhul Qa'dah, nakapagsagawa ng isang Hajj na tinawag Hajjatul Wada' sa ikasampung taon ng hijrah.

Pag-uugali:

Sinabi ng Allah: (**at katotohanan ikaw; nasa iyo ang pinakamakagandang pag-uugali**), at sabi pa ni Ummul mu'minin Aisha *radiyallahu anha* "Ang kanyang pag-uugali ay Qur-an".

**Kainaman sa
pag-aaral ng
talambuhay:**

Sinabi ni Ibn Alqayyim *rahimahullah*: "Kung ang tulong ng alipin sa dalawang tirahan ay nauugnay sa gabay ng Propeta *sallallahu alayhi wassalam*, magiging obligado sa lahat ng sinuman nagpapayo sa sarili, gusto ng tagumpay, at tulong; na malaman kung ano ang kanyang gabay at talambuhay at mga gawain na magiging daan para makalabas mula sa kawalan ng kaalaman nito at papasok sa bilang ng kanyang tagasunod at kasamahan. Ang mga tao sa paksang ito'y nasa pagitan ng kaunti, marami, kulang na kulang at ang kapakinabangan ay nasa kamay ng Allah binibigay niya sa sinuman ang kanyang nais at ang Allah ay *dhu fadlin adhim*".

IKATLONG ARALIN

Arkan (Mga Haligi) ng Iman (Pananampalataya)


Arkanul iman ay anim: Ang manilawa sa Allah, sa mga Anghel, sa mga Kasulatan (kapayagan), sa mga Sugo, sa huling araw, at ang maniwala sa qadar (tadhana) maging mabuti man o masama ito'y nagmula sa Allah.

Kahulugan ng Iman shar-an:


Salita ng dila at paniniwala ng puso at gawain ng katawan at *arkan* – puso -, tumataas sa pagsunod at bumababa sa pagsuway o paggawa ng masama, ang *dalil* (patunay):

<i>Dalil ng salita</i>	<i>Dalil ng gawain ng katawan</i>	<i>Dalil ng gawain ng puso</i>	<i>Dalil sa pag-taas ng Iman</i>	<i>Dalil sa pagbaba ng iman</i>
Sabi ng Propeta: ((ang pinakamataas na antas, ang pagsasabi ng la ilaha illa Allah)).	Sabi ng Propeta: ((ang pinakamababa nito'y pag-alis ng nakakapinsala sa daan)).	Sabi ng Propeta: ((ang pagkamahiyain ay kabilang sa Iman)).	Sabi ng Allah: ((sino sa inyo ang nadagdagan nito ng Iman?))	Sabi ng Propeta: ((wala akong nakita na mababa sa pag-iisip at pananampalata ya)).


Sanhi ng Pagtaas ng Iman



Sanhi ng Pagbaba ng Iman



Ang mga Haligi ng Iman ay anim:



Ang Unang Haligi: Ang Paniniwala sa Allah, at ang Kinakailangang Malaman;



Pangalawang Haligi: Paniniwala sa mga Anghel

Ang mga anghel: sila ay *Alamun* na hindi nakikita, nilikha sila ng Allah mula sa liwanag, sumusunod at hindi sumusuway, mayroong silang mga espirto (**ruhul qudus**), katawan (**ginawa ang mga Anghel bilang mga mensahero na may mga pakpak; dalawa tatlo at apat. Dinadagdagan niya sa kanyang mga nilikha anuman ang kanyang nais**), isipan at puso (**hanggang sa mawala ang takot sa kanilang mga puso, kanilang sasabihin: ano ang sinabi ng inyong Panginoon?**), naniniwala tayo sa kanila, at sa mga ipinaalam sa atin na kanilang mga pangalan (katulad ni Jibreel, Mikail, at Israfil), at kanilang katangian (**hindi sila sumusuway sa anumang ipinag-uutos sa kanila ng Allah, at sumusunod lamang sa kung ano sa kanila ay iniutos**) at kanilang mga gawain.

Kabilang sa mga naiulat sa atin patungkol sa mga Anghel

Mula sa kanila na may tangan sa *arsh* (trono) na walo, si Jibreel ang itinalaga bilang may tangan ng rebelasyon, si Mikail naman sa pagbuhos ng ulan . . . , naniniwala tayo sa anumang dumating sa ating kaalaman patungkol sa kanila.

Pang-apat na Haligi: Paniniwala sa Kasulatan

Obligado sa atin na maniwala na ito'y salita ng Allah *haqiqah* katotohanan hindi *majaz* nasa-isip o haka-haka, at ito'y mga rebelasyon hindi nilikha, at ang Allah ay nagpadala ng kasulatan sa bawat mensahero. Naniniwala tayo sa mga ito at sa anumang iniulat sa atin ng Allah na mga pangalan, mga ulat at mga hukom *ijmalan* tuwiran man o *tafsilan* detalyado; kung hindi nawalan ng bisa. Tayo'y naniniwala na ang Qur-an ay *nasikh* (nagpawalang bisa) sa lahat ng kasulatan bago nito at ito ang mga: *Attawraah* – *Al-injeel* – *Azzabur* – *suhuf* ni Ibrahim at Musa *alayhis salam*.

Pang-apat na Haligi: Paniniwala sa mga Sugo

Obligado sa atin na maniwala na sila ay mga tao at wala silang katangian ng pagkapanginoon at sila ay mga alipin na hindi dapat sambahin, at sinugo sila ng Allah at pinagkalooban ng rebelasyon at binigyan ng mga patotoo.

Naniniwala tayo sa kanila tulad ng ipinaalam sa atin na kanilang mga pangalan at katangian at mga kwento o salaysayan at ang unang propeta ay si Adam at ang unang sugo ay si Nuh, at ang pinahuling propeta at sugo ay si Muhammad at ang lahat ng batas ng nauna ay burado na ng batas ni Muhammad, ang *ulul azmi* na lima na naiulat sa dalawang surah: Ash-shura at Al-ahzab: (Muhammad, Nuh, Ibrahim, Musa at Isa) *alayhimussalaam*.

Panglimang Haligi: Ang Paniniwala sa Huling Araw

Kabilang sa paniniwala nito ang lahat ng naiulat sa atin ng Propeta kung anuman ang mangyayari pagkatapos ng kamayatan, halimbawa: *fitna* pagsubok sa libingan, ang pag-hip ng trumpeta, ang pagtayo ng mga tao sa kanilang libingan, ang mga timbangan, ang libro ng gawain, ang *sirat*, ang *hawd*, ang *shafaah* (tagapamagitan), ang paraiso, ang Impiyerno, ang makita ng mga mananampalataya ang kanilang Panginoon sa araw ng pagbangon muli at sa loob ng paraiso, at iba pa sa mga ulat na *ghaybiyyah* (hindi nakikita).

Pang-anim na Haligi: Ang Paniniwala sa Qadar (tadhana) mabuti man o masama

Mayroon itong apat na bahagdan aking ginawan ng tula:

عَلَّمَ، كِتَابَهُ مَوْلَانَا، مَشِيئَتُهُ وَخَلَقَهُ وَهُوَ إِيجَادٌ وَتَكْوِينٌ

Al-ilm Kaalaman	Alkitabah Pagsulat	Almashiah Kagustuhan	Alkhalq Paglikha
Ang paniniwala na ang Allah ay batid niya ang lahat kabuohan o kabahagi, ang <i>dalil</i> sabi ng Allah: (alam ng Allah ang nasa pagitan ng inyong mga kamay at sa inyong likuran).	Ang paniniwala na ang Allah ay naisulat na ang lahat ng mangyayari hanggang sa dumating ang oras (pagkagunaw ng mundo), ang <i>dalil</i> sabi ng Allah: (at wala sa mga hindi nakikita sa kalangitan at kalupaan liban na lamang ito'y nasa kitab na malinaw).	Ang paniniwala na kung anuman ang gustuhin ng Allah ay mangyayari, at anuman ang kanyang hindi ginusto kailanman hindi mangyayari, at sa tao ay mayroon <i>mashiah</i> ngunit ito'y nakapasok pa din sa <i>mashiah</i> ng Allah, sabi ng Allah: (at anuman ang inyong gusto liban kung ginusto ng Allah).	Ang paniniwala na ang mga alipin ay nilikha, siya at ang kanyang gawain, kayundin ang lahat ng mga nandirito. Ang <i>dalil</i> (Nilikha ng Allah ang lahat), (at nilikha kayo ng Allah at anumang inyong gagawin).

IKAAPAT NA ARALIN

Ang mga Uri ng Tawheed at Ang Mga Uri ng Shirk

Pagpapaliwanag sa mga uri ng tawheed, ito'y tatlo: ***Tawheed Arrububiyah, Tawheed Al-uluhiyyah, Tawheed Al-asma' wa Assifat.***

Ang ***tawheed arrububiyah***: ito'y ang paniniwala na ang Allah subhaanah ang tagapaglikha ng lahat ng bagay, at nangangasiwa sa lahat, at wala siya'ng kasama sa Kanyang mga gawain.

Ang ***tawheed al-uluhiyyah***: ang paniniwala na ang Allah subhaanah ay siya lamang ang karapatdapat na sinasamba walang siya katambal o kahati dito, at ito ang kahulugan ng la ilaha illa Allah. Dahil ang ibig sabihin nito walang sinasamba na tunay at karapatdapat liban sa Allah; kaya ang lahat ng ibadah (pagsamba) tulad ng salah, pag-ayuno at iba pa ay nararapat magkaroon ng ikhlas alang-alang sa Allah, at hindi maari na ibaling ang anumang pagsamba sa iba pa.

Ang ***tawheed al-asma' wa assifat***: ito'y ang paniniwala sa lahat ng naiulat mula sa Qura-an at mga Hadeeth Sahee na mga pangalan ng Allah at katangian Nito, pagkilala na ito'y kanyang mga pangalan na angkop na angkop sa kanyang kamaharlikaan nang walang tahreef, ni ta'teel, ni takyeef at ni tamtheel, pagsunod sa sinabi ng Allah subhaanah ((**Qul huwallahu ahad, Allah Assamad, lam yaleed wa lam yuulad, wa lam yakul lahu kufuwan ahad**)) at kanyang sinabi ((**laysa kamithi shay-un wa huwas sameeul baseer**)).

At ang mga uri ng Shirk ay tatlo: **Shirk Akbar** (malaki), **Shirk Asghar** (maliit), **Shirk Khafiy** (nakatago).

Ang **Shirk Akbar**: sumisira sa mga ang gawain at pananatili sa impeyrno kung sinuman ang namatay sa ganitong kalagayan. Katulad ng sinabi ng Allah: (at kung sila'y magtatambal mawawasak ang anumang mga gawaing kanilang ginawa). At Kanyang sinabi subhanahu: (Hindi kinaugalian ng mga Mushrik na magtayo ng tahanan ng (pagsamba sa) Allah, samantalang lantaran ang kanilang pagtanggì paglabag sa Allah. Sila yaong walang saysay ang anuman na kanilang mabuting gawa sa Kabilang-Buhay, at ang kanilang patutunguhan ay Impiynong-Apoy magpasawalang-hanggan). At sinuman ang namatay sa ganitong kalagayan; hindi ito papatawarin sa kanya at ang Paraiso ay ipagbabawal sa kanya, tulad ng sabi ng Allah: (Katiyakan, ang Allah hindi niya pinapatawad ang kasalan ng Shirk (pagtatambal sa kanya), subali't Kanyang pinapatawad ang anumang kasalanan maliban dito - Shirk - sa sinumang Kanyang nais). At Kanya pang sinabi: (Katiyakan, sinuman ang gagawa ng Shirk (pagtatambal) sa Allah, walang pagdududa ipagbabawal sa kanya ang Paraiso at ang kanyang magiging tahanan ay Impiynong-Apoy. At walang sinuman ang makakatulong sa mga dhalim).

At kabilang sa kanyang mga uri: panalangin sa mga patay at mga diyos-diyusan, at paghingi ng tulong sa kanila, ang nadr para sa kanila, ang pagkatay para sa kanila at iba pa.

Ang **Shirk Asghar**: ito'y anumang naiulat mula sa kitab at sunnah na tinawag na shirk ngunit hindi naibibilang sa shirk akbar, katulad ng riya' (pakitang-tao) sa ibang mga gawain, ang pagsumpa liban sa Allah, tulad ng pagsasabi ng: ma sha Allah wa ma shaa fulan, at iba pa.

Dahil sa pagkakasabi ng Propeta: ((ang pinakalubos kong kinakatakot para sa inyo ay ang shirk asgar, tinanong siya patungkol dito kanyang sinabi: Arriya' (pakitang-tao))).

At sinabi pa niya: ((sinuman ang sumumpa liban sa Allah, katotohan siya ang nakagawa ng pagtatambal)).

At sinabi pa niya: ((huwag ninyong sabihing: ma sha Allah wa ma shaa fulan, ngunit sabihin niyo: ma sha Allah thumma ma shaa fulan)) iniulat ni Abu Dawud na Sahee ang Isnad mula kay Hudhayfah bn Alyaman.

Ang shirk na ito'y hindi makalabas sa Islam ang sinuman na makagawa nito, ni ang pananatili magpakailanman sa Impiyerno, ngunit ito'y sumasalungat sa pagiging kumpleto ng pananampalataya.

Ang pangatlong uri: ito'y ang **Shirk Khafiy**, ang batayan nito'y ang sinabi ng Propeta: ((hindi ko ba sasabihin sa inyo kung ako ang pinakakinatatakutan ko sa inyo kaysa sa Almasih Addajjal? Sabi nila: bala sabihin mo sa amin Rasulullah. Sabi niya: Ash-shirk Alkhafiy, tumatayo ang isang tao para magsagawa ng salah at kanya itong pagagandahin para sa paningin ng mga tao)).

At maari rin hatiin sa dalawang uri lamang: **Akbar** at **Asghar**. Habang ang shirk khafiy ay kapapaloob na sa kanilang dalawa.

Maari itong ibilang sa akbar katulad ng shirk ng mga munafiq, dahil tinatago nila ang kanilang mga paniniwala, at pinapakita sa labas ang Islam bilang pakitang-tao lamang at takot sa kanilang sarili.

At maari din itong mabilang sa asghar, tulad ng riya' katulad nang naiulat mula sa hadith ni Muhammad bn Labid Al-ansariy na nauna, at hadith ni Abi Saeed. At ang Allah ang siya'ng naggagabay.

Mga Uri ng Haram (Pinagbabawal)

Assagair (Malilit na Kasalanan) Ito'y ang lahat ng ipinagbawal ng <i>shaari'</i> ngunit wala itong itinakdang natatanging kaparusahan.	Alkabair (Malakaing Kasalanan) Ito'y ang lahat na may itinakdang natatanging kaparusahan katulad ng sumpa, pagtaboy, o pag-iwas sa gumawa nito, o kabilang siya sa mga kafir o mushrik, o hindi kabilang sa mga mananampalataya, o inihalintulad sa pinakamasang hayop.	Ang Maliit na Shirk Ito'y hindi kabilang sa Akbar na shirk ngunit mas malaki kaysa sa mga malalaking kasalanan.	Ang Malaking Shirk Ito ang pinakamataas.
---	--	--	---

Mga Malalaking Kasalanan

Hukom nito: Kailangan niya na magbalik-loob (humingi ng kapatawaran) dahil sa sinabi ng Propeta: ((Annaaihah kung hindi magbabalik-loob bago ang kanyang kamatayan...)) iniulat ni Muslim, at sa iba pa: ((kung lalayuan ang mga kabair...)) iniulat ni Muslim.	Antas nito: Magkakaiba, dahil sa sinabi ng Propeta: ((hindi ko ba sasabihin sa inyo ang pinakamalaking kabair...)) muttafaq alayhi.	Hukom ng gumawa nito: Mu'min kulang ang Iman o mu'min dahil sa kanyang Iman fasiq dahil sa kabirah. Minamahal sa anumang mayroon sa kanya na Iman at kinagalitan sa anumang mayroon sa kanya na kabirah. Hindi makikisama sa kanya sa oras na gumagawa ng kabirah.	Dami nito: Hindi mabibilang ngunit natutukoy ng saligan na nasabi sa itaas.
--	---	---	--

Ang Kaibahan ng Shirk Akbar sa Asghar

Ash-shirk Al-akbar

1. Makakalabas sa Islam
2. Makakalipol (mawala) ng lahat ng gawain
3. Obligado na manatili magpakailanman sa Impiyerno.
4. Mubah ang kanyang dugo at ari-arian ng Sultan.
5. Ang maniwala na ang mga sabab (sanhi) ay mayroong nakatagong kakayahan sa mga nilikha.
6. Hindi papatawarin kapag namatay siya dito.
7. Kung humingi siya ng tawbah (kapatawaran) papatawarin siya ng Allah liban sa dalawang pagkakataon: pagsikat ng araw sa kanluran at ang *ghagharah* ito ang pagdating ng kamatayan.

Ash-shirk Al-asghar

1. Hindi makakalabas sa Islam.
2. Hindi makakalipol sa lahat ng gawain bagkus sa ibang natatanging gawain.
3. Hindi maobligado na manatili sa Impiyerno magpakailanman.
4. Hindi mubah ang kanyang dugo at ari-arian.
5. Kapag mayroon dalil na ito'y kabilang sa Asghar.
6. Kapag ginawa niyang sabab (sanhi) na hindi naman ginawa ng Allah na sabab (sanhi).
7. Lahat nang magiging daan patungo sa Akbar.
8. Lahat ng sinabi ng batas na ito'y pangkalahatan na shirk o kufur at hindi dinagdagan ng (Al) ito'y Asghar kundi hindi man tumutukoy na ito'y Akbar.

IKALIMANG ARALIN

Al-ihsan

Ang rukun (haligi) ng Ihsan ay: Ang sambahin mo ang Allah na para mo itong nakikita, ngunit kapag hindi mo siya makita isipin mo na nakikita ka niya.

Ang rukun nito'y iisa na may dalawang baytang:

Ibadah Almushahadah

Ito ang ibadah ng pagmamahal at pagnanais ng anuman ang meron sa Allah, at ito'y ibadah ng mga propeta at sugo; tulad ng pagkakasabi ng Propeta: ((**Hindi ba ako magiging alipin na nagpapasalamat?!**)), ang tutulong sa pagtayo ng ibadah na ito ay pagmamahal at pagnanais nang anumang meron sa Allah at hindi dahil sa takot nito sa Allah.

Ibadah Almuraqabah:

Ito ang ibadah ng pagkatakot at paglayo, walang sinuman ang makakalabas na muslim dito.

**Mga Katanungan sa
Tawheed**

- 1) **Ilan ang bahagdan ng Deen (Relihiyon)?**
☐ tatlo ☐ dalawa ☐ lima
- 2) **Ilan ang haligi ng Islam?**
☐ lima ☐ anim ☐ pito
- 3) **Ang Islam ay mas mataas ang level kaysa sa Iman?**
☐ Tama ☐ Mali
- 4) **Ilan ang haligi ng pagsaksi ng Ikhlas?**
☐ pito ☐ wala ☐ dalawa
- 5) **Ilan ang kondisyon ng (*la ilaha illa Allah*)?**
☐ walo ☐ pito ☐ lima
- 6) **Ang ilm ay kabilang sa kondisyon ng (*la ilaha illah Allah*) at ang ibig sabihin nito?**
☐ pag-intindi sa kung ano ang katotohan nito.
☐ wala nang karapatdapat sambahin bukod sa Allah.
- 7) **Kapag nagduda sa pagiging kafir nang sinuman ang dumating sa kanya ang mensahe at hindi niya pinaliwalan; ano ang hukom nito?**
☐ Ito'y kufur; kufur akbar
☐ Kung ang yaqeen mas mabigat kaysa sa pagdududa; ito'y hindi nakakakufur
- 8) **Ang *qabul* ay kabilang sa kondisyon ng (*la ilaha illa Allah*) at ang ibig ipahiwatig nito:**
☐ salita ☐ gawa
☐ paniniwala ☐ lahat ng nabanggit
- 9) **Ang *riya'* sa (*la ilaha illa Allah*) katulad ng *riya'* sa *sadaqah* mula sa shirk asghar.**
☐ Tama ☐ Mali

- 10) Sinuman ang sasambit ng kanyang dila (*la ilaha illa Allah*) nang hindi kasama ang paniniwala sa kanyang puso; siya ay?
- ☐ muwahhid ☐ muslim hindi mu'min
☐ kufur asghar ☐ mahina ang iman
- 11) Kung minahal niya ang Propeta *sallallahu alayhi wa sallam* katulad ng pagmamahal niya sa Allah; *mahabbah musawiyah*
- ☐ kufur akbar
☐ kufur asghar
☐ malaking kasalanan
- 12) Ilan ang uri ng *mahabbah* pagmamahal?
- ☐ apat ☐ tatlo ☐ dalawa
- 13) Ang pagmamahal alang-alang sa Allah ay mangyayari sa gawain, gumawa, panahon at lugar?
- ☐ Tama ☐ Mali
- 14) Ang pagmamahal kasama sa pagmamahal sa Allah; ang hukom nito'y:
- ☐ shirk asghar ☐ wajib ☐ shirk akbar
- 15) Ang pagmamahal alang-alang sa Allah; ang hukom nito'y:
- ☐ *jaaiz* ☐ *wajib* ☐ shirk akbar
- 16) Ilan ang uri ng pagkaka-alipin?
- ☐ dalawa ☐ tatlo ☐ apat
- 17) Lahat ng nilikha at nagpapa-alipin sa Allah ng pagkaka-aliping *qahar* [sasapilitan] at maging ang mga walang pananampalatay.
- ☐ Tama ☐ Mali
- 18) Kung kanyang sinambit (*La ilaha illa Allah*) at iniwan ang lahat ng gawain; hindi nagsasagawa ng Salah at hindi gumawa ng kahit anuman uri ng pagsamba.
- ☐ magbibigay sa kanya ng kapakinabangan ☐ o hindi
- 19) (alipin at kanyang sugo) sa *shahadatayn* dalawang pagsaksi ibig sabihin: alipin hindi sinasamba at sugo hindi nagsisinungaling.
- ☐ Tama ☐ Mali
- 20) Sa pagsaksi(si Muhammad ay alipin at sugo ng Allah): pagsunod sa anumang kanyang iniutos at pagpatotoo sa anumang kanyang iniulat ay mabibilang lang:
- ☐ ibig sabihin nito ☐ ka-akibat nito

- 21) Sinuman ang magbibigay sa Propeta *sallallahu alayhi wassalam* kahit ano mula sa pagiging Rabb hindi ito sumaksi na siya ay alipin.
☐ Tama ☐ Mali
- 22) Pinakamataas na paglalarawan ng Propeta *sallallahu alayhi wassalam* ay:
☐ rasul ng Allah
☐ alipin at sugo ng Allah
☐ pinakahuling propeta
- 23) "Sinuman ang magdagdag ng bago sa Islam ng bid-ah, sa tingin niya ito'y maganda; Katotohan pinaratangan niya si Muhammad *sallallahu alayhi wasllam* na ipinagkanulo ang mensahe; dahil sinabi ng Allah: (Sa araw na ito akin nang ikinumpleto para sa inyo ang inyong relihiyon).
☐ Tama ☐ Mali
- 24) Ang Propeta *sallallahu alayhi wassalam* ay mula sa talaangkanan ni propeta:
☐ Ishaq *alayhissalaam*
☐ Ismael *alayhissalaam*
- 25) Punan ang patlang: Siya ay pinanganak sa taon ng _____ sa bayan ng _____ at ang kanyang edad ay _____, kabilang dito _____ na taon bago ang pagkapropeta at _____ na taon bilang propeta at sugo. Naging ganap na propeta sa pagkakapadala ng surah _____ at ganap na sugo sa pagkakapadala ng surah _____.
- 26) Ipanadala *sallallahu alayhi wassalam* sa:
☐ kanyang nasyon ☐ mga tao ☐ *thaqilayn*
- 27) Ang *mi'raj* ay paglalakbay niya *sallallahu alayhi wassalam* sa gabi mula Makkah hanggang Baytul maqdis.
☐ Tama ☐ Mali
- 28) Nangibang-bayan ang Propeta *salallallahu alayhi wa sallam* papuntang:
☐ taif ☐ habasha
☐ madinah ☐ lahat ng nabanggit
- 29) Ilan ang kanyang *sallallahu alayhi wassalan* pinaka-importanteng ghazawat ?
☐ isa ☐ dalawa ☐ tatlo
☐ apat ☐ lima
- 30) Ilan ang kanyang mga anak *sallallahu alayhi wassalan*?
☐ tatlo ☐ apat ☐ pito

31) Nagsagawa ang Propeta *sallallahu alayhi wassalam* ng Hajj Alwida', at ito'y tumutukoy na siya ay nagsagawa ng Hajj bago nito.

- ☐ Tama ☐ Mali

32) Ang pag-aaral ng talambuhay ng Propeta *sallallahu alayhi wassalam*?

- ☐ wajib ☐ mustahab ☐ jaaiz

33) *Punan ang patlang:* Ang Iman *shar-an* ito'y Salita ng _____ at paniniwala ng _____ at gawain ng _____ umaangat _____ at bumababa _____.

34) Ilan ang haligi ng Iman?

- ☐ anim ☐ lima ☐ apat

35) Ang paniniwala sa Allah ay mayroong kaakibat na kinakailangang malaman; ilan ito? _____

36) Ilan ang mga dalil sa *wujud* (pag-iral) ng Allah na pangkalahatan:

- ☐ apat ☐ hindi mabibilang

37) Si Mikail ay anghel na itinalaga sa pagbuhos ng ulan.

- ☐ Tama ☐ Mali

38) Ang puso ay maari para kay Adam at hindi sa mga Anghel.

- ☐ Tama ☐ Mali

39) Ilan ang libro (kasulatan) na alam natin ang kanilang mga pangalan?

- ☐ anim ☐ apat
☐ pito ☐ marami

40) Nagpadala ang Allah sa lahat ng propeta ng libro (kapahayagan).

- ☐ Tama ☐ Mali

41) Ang pinaka-unang rasul ay si Adam?

- ☐ Tama ☐ Mali

42) Si Muhammad *sallallahu alayhi wassalam* ay sugo at hindi propeta.

- ☐ Tama ☐ Mali

43) Ilan ang *ulul azmi* mula sa mga sugo o mensahero?

- ☐ lima ☐ apat ☐ marami

44) Ang paniniwala sa huling araw ay napapaloob dito ang lahat ng mangyayari pagkatapos ng kamatayan hanggang sa pagbangong muli sa kanilang libingan.

- ☐ Tama ☐ Mali

45) Ang Iman sa *qadar* ay mayroong bahagdan, ilan ito?

- ☐ apat ☐ lima ☐ tatlo

46) Alam ba ng Allah ang mga bagay bago pa ito mangyari?

- ☐ Oo ☐ hindi

47) Lahat ba nang alam ng tao ay alam ng Allah?

- ☐ Oo ☐ hindi

48) Lahat ba nang alam ng tao ay pinasulat ng Allah?

- ☐ Oo ☐ hindi

49) Sa isang alipin ng Allah, mayroong siyang *mashiah* at *iradah* maari niyang gawin anuman ang kanyang gusto.

- ☐ Tama ☐ Mali

50) Ang gawain ba ng alipin ng Allah ay nilikha?

- ☐ Oo ☐ hindi

51) Nahati ang tawheed sa:

- ☐ dalawa ☐ tatlo ☐ wala

52) Magbigay ng limang pagkaka-iba ng Shirk Akbar sa Shirk Asghar.

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

53) Magbigay ng limang halimbawa sa bawat Shirk Akbar at Shirk Asghar.

Shirk Akbar	Shirk Asghar

54) Ang *nifaaq i'tiqadiy* ay shirk asghar hindi makakalabas sa Islam.

- ☐ Tama ☐ Mali

55) Ang *ihsan* ay napapaloob ng:

- ☐ isang haligi ☐ dalawang haligi

IKAAANIM NA ARALIN

Shurut (Kondisyon) ng Salah Ang Kondisyon ng Salah ay siyam:

- | | |
|-------------------------------|------------------------------|
| 1. Al-islam | 6. Pagtakip ng awrah |
| 2. Tamang pag-iisip | 7. Pagpasok ng takdang oras |
| 3. At-tamyiz | 8. Pagharap sa qiblah |
| 4. Pag-angat ng Hadath | 9. Intensyon |
| 5. Pag-alis ng Najasah | |

Ang Unang Kondisyon: Al-Islam

At ang kabaliktaran nito'y *Al-kufur* o Ang kawalan ng pananampalataya, kung nagsagawa man ng pagsasalah ang isang umiinsulto sa Allah o nagtatangi ng anuman sa *ibadah* (pagsamba) liban sa Allah; ang kanyang pagsagawa ng salah ay mali liban na lamang kapag siya ay humingi ng kapatawaran sa Allah.

Ang Pangalawang Kondisyon: Al-aql (tamang pag-iisip)

At ang kabaliktaran nio ay wala sa kamalayan (kawalan ng pag-iisip), at ang lango sa alak ay kabilang na dito.

Ang Pangatlong Kondisyon: At-tamyiz

At hindi ibig sabihin nito ang **bulugh** (tamang gulang); ngunit ang ibig sabihin nito ang kaalaman sa pagkakaiba ng dalawang bagay; alam niya ang tanong at ang sagot, at walang takdang edad; ngunit sa karamihan ang pitong gulang na bata marunong na ng pagkakaiba ng dalawang bagay.

Kailan magiging tama ang salah ng isang bata? Kapag kaya niya nang alamin ang pagkakaiba ng dalawang bagay; o alam niya na ang tanong at sagot, ang kaibahan ng tubig sa apoy halimbawa, kung hindi man ang kanyang salah ay hindi tama.

**Ang Pang-apat na Kondisyon:
Pag-angat (Pag-aalis) ng
Hadath**

At napapaloob dito:

Ang hadath asghar:

Maiangat (maalis) sa
pamamagitan ng Wudhu'

Ang hadath akbar:

Maiangat (maalis) sa
pamamagitan ng *Ghusl* (pagligo)

Ang Panglimang Kondisyon: Pag-alis ng Najasah (Dumi)

Mula sa katawan at lugar at damit, kung magsagawa siya ng salah at mayroon itong dumi, alam niya at may kakayanan siyang alisin ito o nasabihan siya; ang kanyang salah ay mali. Ang pag-alis ng najasah ay nabahagi sa tatlo:

Matindi:

Ito ang dumi ng aso,
inutusan ng Propeta ﷺ na
linisan ang palanggana
kapag ito'y dinilaan ng aso
nang pitong beses, una
dito ang lupa. Iniulat ni
Muslim

Mababa:

Maalis ito sa paggamit
ng *nadh*, ito ang
pagwisik lamang ng
tubig kahit walang
pagpiga. At ito ang ihi
ng batang lalaki na
hindi pa kumain ng
pagkain liban sa gatas
ng ina, *madhiy* (pre
cum), *manni* (semilya)
kahit ito'y malinis dahil
ang Propeta ﷺ
binubuhusan niya ito ng
tubig kapag basa, at
kinukusot kapag ito
naman ay tuyo.

**Mutawassitah o sa
pagitan ng dalawa
(katamtaman):**

Maalis ito sa
pamamagitan ng
paghugas; na may
kasamang pagpiga,
kabilang dito ang hindi
matindi at mababang
dumi; tulad halimbawa
ng ihi ng lalaki at babae
at iba pang mga dumi.

Ang mga Najasah (dumi)

Ihi ng tao at dumi nito, ihi at dumi ng hayop na hindi maaring kainin, at lahat ng maninila (mandaragit) na hayop ay *najis* dumi liban sa mga mahirap lumayo mula sa kanila; tulad ng pusa at donkey, ang dugo na kung saan lumalabas mula sa mga hayop kapag ito'y kinakatay, dugo na lumalabas sa dalawang labasan, at bangkay; liban sa bangkay ng tao at yung walang dugo mula sa mga hayop, at patay mula sa lamang-dagat, at tipaklong.

Ang Pang-anim na Kondisyon: Pagtakip ng Awrah

Ang awrah ay tatlong klase:

Maliit:

Ito ang awrah ng batang lalaki na ang edad ay pito hanggang sampu, kinikailangan na takpan ang dalawa nitong maselang bahagi.

Malaki:

Ito ang awrah ng babaeng malaya na nasa wastong gulang (*baligha*), kinikailangan na takpan niya ang lahat ng kanyang katawan liban sa mukha, at ito'y kanyang tatakpan sa harapan ng hindi niya kakilala (mahram).

Mutawassitah o sa pagitan ng dalawa

Ito ang awrah na hindi kabilang sa dalawa; kinikailangan na takpan ang anumang nasa pagitan ng pusod at tuhod, mas mainam na takpan din ang balikat, at ang paggamit ng magandang damit.

Ang Pangpitong Kondisyon: Ang Pagpasok ng Takdang Oras

Hindi magiging tama ang salah na isinagawa bago ang takdang oras nito ni hindi pagkapos nito liban na lamang kapag mayroon itong sapat at katanggap-taggap na dahilan, kapag sinadya niya na patagalin ang salah sa takdang oras nito; nagkasala siya.

Ang Pangwalong Kondisyon: Ang Pagharap sa Qiblah (Ang ka'bah)

Liban na lamang sa mga sunnah na salah ng naglalakbay, maari siya magsagawa ng salah kahit saan siya nakaharap; tulad sa panahon natin ang salah sa eroplano. Kabilang din dito kapag wala itong kakayahan na humarap sa qiblah o takot ito dahil sa kalaban.

Ang Pangsiyam na Kondisyon: Ang Intensyon

At ito'y sa puso, ang pagsambit sa kanya ay bid-ah. Kapag halimbawa nauna ito (intensyon) bago ang salah o siya ay nag-intensyon ng obligadong salah lamang; tama pa din ang salah.

Mga Mahahalagang Paalala:

1. Hindi tatanggapin ang pagliban sa kondisyon kahit anupaman ang dahilan; ni hindi ng kamangmangan, ng pagkalimot, ng pagsadya liban na lamang kapag siya ay nagsagawa ng salah at mayroon najasah; hindi niya alam o nakalimutan niya itong linisin ang kanyang salah ay tama pa din.
2. Ang mga kondisyon ay labas sa *ibadah* (pagsamba) at ito'y mauuna sa kanya. At nararapat na meron nito hanggang sa matapos ang ibadah.

IKAPITONG ARALIN

Ang mga Rukun ng Salah **Ang mga rukun ng Salah ay labing-apat:**

1. Ang pagtayo ng matuwid sa mayroong kakayahan
2. Ang **takbiratul ihram**
3. Ang pagbabasa ng **Al-fatiha**
4. Ang **ruku'** (pagyuko)
5. Ang pagtayo ng matuwid pagkapos ng **ruku'**
6. Ang pagsujud sa pitong bahagi ng katawan
7. Ang pagtayo mula sa **sujud** (pagpatirapa)
8. Ang pag-upo sa pagitan ng dalawang **sujud**
9. Ang **tuma' nina** pagpapabuti sa lahat ng gawain
10. Ang pagkasunod sunod ng mga **rukun**
11. Ang panghuling **tashahud**
12. Ang pag-upo dito
13. Ang pagbigkas ng **salawat**
14. Ang dalawang **taslim**

Ang Unang Rukun: Ang Pagtayo ng **Matuwid sa Mayroong Kakayahan**

Sa limang obligadong salah **(faridah):**

Ang pagtayo ng matuwid ay rukun, at maari lamang itong iwan kapag walang kakayahan na tumayo o may kakayahan ngunit nawawala ang konsentrasyon nito. At kapag may kakayahan na tumayo kahit na kaunting minuto; dapat itong tumayo.

Sa hindi obligado na salah **(nafilah):**

Tama pa rin ang salah ng nagsasagawa nito kahit nakaupo ngunit ang makukuha niya ditong kabutihan ay kalahati ng kabutihan isang nakatayo, o sa kanyang tagiliran at para sa kanya ay kalahati ng kabutihan ng nakaupo.

Ang Pangalawang Rukun: Takbiratul Ihram

Hindi matatanggap ang salah liban na magsimula sa salitang:
"Allahu Akbar"

Ang Pangatlong Rukun: Ang Pagbabasa ng Al-fatiha

Obligado na basahin ito sa lahat ng rakaah ng salah kahit pa ito sa salah na lantaran ang pagbigkas nito o mahina. Basahin ng kumpleto at maayos. At maari lamang itong iliban kapag naabutan ang imam na naka-ruku'.

Ang Pangsiyam na Rukun: Ang Tuma'nina o Pagpapabuti ng mga Gawain

Magigigng tama lamang ang *tuma'nina* kapag nasambit lahat ng obligadong sasambitin sa lahat ng rukun.

Mga Mahahalagang Paalala:

Ang mga *rukun* ay nasa loob (o kabilang) ng *ibadah* (pagsamba), hindi tatanggapin ang pagliban sa *rukun* kahit anupaman ang dahilan; ni hindi ng kamangmangan, ng pagkalimot. At hindi sapat na siya ay *magsujud sahwi* bagkus siya ay inutusan na ulitin ang salah. Ang mga salah na kanyang naisagawa pagkatapos naliban niya ang mga ibang rukun; ito'y sapat na sa kanya, dahil ang propeta hindi niya inutusan ang nagsagawa ng salah na ulitin ang lahat ng salah liban sa salah na kanyang ginagawa sa oras na iyon, kahit pa naiwan niya ang *tuma'nina* na kabilang sa rukun ng salah.
Wallahu a'lam.

IKAWALONG ARALIN

Ang mga Wajib sa Salah Ang mga wajib sa Salah ay walo:

1. Lahat ng takbir liban sa *Takbiratul Ihram*.
2. Ang pagsabi ng: ((*samiAllahu liman hamida*)) ng Imam at kapag mag-isang nagsasagawa ng Salah.
3. Ang pagsabi ng: ((*rabbana wa lakal hamd*)) para sa lahat.
4. Ang pagsabi ng: ((*subhana rabbiyal Adhim*)) sa *ruku'*.
5. Ang pagsabi ng: ((*subhana rabbiyal A'la*)) sa *sujud*.
6. Ang pagsabi ng: ((*rabbigh firliy*)) sa pagitan ng dalawang *sujud*.
7. Ang *tash-shahud Al-awwal*.
8. Ang pag-upo dito.

Importanteng Paalaala:

Obligado na sabihin ang salitang (*subhana rabbiyal Adhim*) sa *ruku'* ng ganitong salita lamang, at ito'y mas mainam na dagdagan ng anuman na naiulat mula sa propeta. At ganuon din sa *sujud*, kanyang sasabihin (*subhana rabbiyal A'la*) ng ganitong salita lamang pagkapos dagdagan niya ng anuman na naiulat mula sa propeta.

IKASIYAM NA ARALIN

Pagpapaliwanag ng At-tashahhud

Ito ang ((*Attahiyatu lillahi, was salawaatu, wat tayyibaatu, assalamu alayka ayyuhan nabiyy wa rahmatullahi wa barakaatuhu, assalamu alayna wa ala ibadillahis saliheen, Ash-hadu an la ilaha illa Allah wa ash-hadu anna Muhammad abduhu wa rasuluh*)).

Pagkatapos hihingi siya sa Allah ng panalangin at pagpapala para sa sugo ng Allah; sa pamamagitan ng pangalangin na ito: ((*Allahumma salli ala Muhammad, wa ala aali Muhammad, kama sallayta ala Ibrahim, wa ala aali Ibrahim, innaka hamidun majid, wa baarik ala Muhammad, wa ala aali Muhammad, kama baarakta ala Ibrahim, wa ala aali Ibrahim, innaka hamidun majid*)) [tinatawag na salah ibrahimiyyah].

Pagkatapos panalangin ng pagpapakupkop sa Allah sa pinakahuling *tashahhud* mula sa kaparusahan ng Impiyerno, at sa kaparusahan sa libingan, at sa pagsubok ng buhay at kamatayan, at sa pagsubok ng Dajjal, pagkatapos ay pipili na siya ng mga panalangin na alam niya, tulad halimbawa ng panalangin na ito: ((*Allahumma a-inniyy ala dhikrika wa shukrika wa husni ibadatik. Allahumma inniy dhalamtu nafsiy dhulman kathiran, wa la yaghfirudh dhunuuba illa anta, faghfirliy maghfiratan min indik, war hamniy, innaka antal Ghafurur Raheem*)).

At yaong *tashahhud Al-awwal*, siya ay tatayo pagkatapos ng shahadatayn para sa ikatatlong rakaah ng Dhuhr at Asar at Maghrib at Isha. Kapag sinambit niya ang panalangin at pagpapala sa propeta; ito'y mas mainam pagkatapos siya ay tatayo na para sa ikatlong rakaah.

IKASAMPUNG ARALIN

Ang mga Sunnah sa Salah Kabilang sa mga sunnah ng Salah:

1. **Al-istiftah** (ang pambungad na panalangin).
2. Ang paglagay ng kamay sa dibdib, habang ang kanang kamay ay nasa ibabaw ng kaliwa habang nakatayo bago magruku' at pagkatapos nito.
3. Pagtaas ng dalawang kamay; habang nakabukas at nagdidikit dikit ang mga daliri hanggang balikat o tainga sa oras ng **takbiratul ihram**, at kapag magruku', at pag-angat mula sa ruku', at pagtayo mula sa **attashahhud al-awwal** para sa ikatlong rakaah.
4. Anumang idadagdag sa isang beses sa sinasabi sa ruku' at sujud.
5. Anumang idadagdag sa pagsasabi ng: ((**rabbana wa lakal hamd**)) pagkatapos ng pagtayo mula sa ruku'. At ang anumang idadagdag sa isang palangalin sa pagitan ng dalawang **sujud**.
6. Ang pagkakapantay ng ulo at likod sa **ruko'**.
7. Ang paglayo ng kamay sa katawan, at tiyan sa tuhod, at tuhod sa bukong-bukong sa **sujud**.
8. Ang pag-angat ng braso sa lupa kapag nagsujud.
9. Ang pag-upo ng nagsasagawa ng salah sa kanyang kaliwang paa, habang nakatayo ang mga daliri ng kanang paa sa **tashahhud al-awwal** at sa pagitan ng dalawang **sujud**.
10. **At-tawarruk** sa panghuling **tashahhud** ng salah na apat o tatlong rakaah. Ito ang pag-upo sa kanyang kinalalagyan habang ang kaliwang paa ay nasa ilalim ng kanan, at ang mga daliri ng paa ay nakataas.
11. Ang pagturo kamay sa **tashahhud al-awwal** at pangalawa, mula ng siya ay uupo hanggang matapos ang **tashahhud**, habang pinapagalaw ito sa oras na isasambit ang panalangin.
12. Ang panalangin at paghingi ng biyaya para kay Muhammad, at sa kanyang pamilya, at para kay Ibrahim, at sa kanyang pamilya sa **tashahhud al-awwal**.
13. Ang panalangin sa pinakahuling **tashahhud**.

14. Ang malakas na pagbabasa sa Salah ng Fajar, at Salah ng Jumuah, at Salah ng dalawang Eid, at sa Salah ng Istisqa', at sa pinakaunang dalawang rakaah ng Salah ng Maghrib at Iesha.
15. Ang mahinang pagbabasa sa Salah ng Dhuhr at Asar, at sa pangatlong rakaah ng Maghrib, at ang pinakahuling dalawang rakaah ng Iesha.
16. Anumang idadagdag na babasahin mula sa Qur-an pagkatapos ng Al-fatiha.

Habang binibigyan ng attensyon ang ibang sunnah ng Salah na naiulat mula sa propeta. Katulad ng: Anumang idadagdag sa pagsasabi ng: **((*rabbana wa lakal hamd*))** pagkatapos ng pag-angat mula sa ruko' kung ikaw ay Imam, o nasa likod ng Imam, o kapag ikaw ay mag-isa; dahil ito'y sunnah. Katulad din ng: paglagay ng kamay sa tuhod na nakabuka ang mga daliri kapag nagruko'.

Panalangin sa Al-istiftah

Ito'y sinasabi pagkatapos ng *takbiratul ihram* nang anumang naiulat mula sa Propeta na mga panalangin; katulad ng: **((*Allahumma baa'id bayniy wa bayna khatayaaya kama baa-adta baynal mashriq wal maghrib. Allahumma naqqiniy minal khataaya kama yunaqqath thawbul abyadu minad danas. Allahummagh silniy min khataayaaya bil maa-i' wath thalji wal bard*))** o **((*Subhaanaka Allahumma wa bihamdika wa tabaarakas muka wa taala jadduka wa la ilaha ghayruka*))**.

IKALABING-ISANG ARALIN

Ang mga Nakakasira sa Salah Ang mga nakakasira sa Salah ay walo:

1. Ang sadyang pagsasalita kapag alam niya at nasabihan, habang kapag nakalimutan o hindi niya alam; hindi ito kabilang sa nakakasira ng Salah.
2. Ang pagtawa
3. Ang pagkain
4. Ang pag-inom
5. Ang paglabas ng *Awrah*
6. Paglingon ng marami sa hindi *Qiblah*.
7. Ang paggalaw ng sunod-sunod sa Salah
8. Pagkasira ng *tahara*

Ang Unang Nakakasira: Ang Sadyang Pagsasalita

Ngunit hindi kabilang dito ang pagbibigay babala sa Imam kapag siya ay nakalimot o nagkamali sa pagbabasa.

Mga Uri ng Paggalaw sa Salah

Ang paggalaw na haram; ito ang paggalaw ng maraming beses na magkasunod-sunod na kanyang alam at hindi naman kailangan. Katulad ng pagkain.

Ang paggalaw na makruh; ito ang kaunting paggalaw na hindi naman kailangan, tulad ng pagtingin liban sa qiblah.

Ang paggalaw na mubah; ito ang paggalaw na kailangan niyang gawin. Katulad ng pagkamot ng kanyang balbas.

Ang paggalaw na mustahab (mainam); mga gawain na dito magiging kumpleto ang Salah, tulad ng papunan ng lugar sa pagitan ng nagsasalaw.

Ang paggalaw na wajib (obligado); mga gawain na dito magiging tama ang Salah, tulad ng pag-alis ng dumi.

Importanteng Paalala

Ano ang kaibahan ng shurut, ng rukun, ng wajib, at ng sunnah sa Salah?

Shart Kondisyon	Rukun Haligi	Wajib Obligado	Sunnah Kaibig-ibig
Sa labas ng ibadah	Kabilang sa ibadah		
Magpapatuloy sa lahat ng ibadah	Ito'y limitado sa bahagi mula sa mga bahagi ng ibadah		
Hindi maaring maging katwiran ang jahal o pagkalimot o pagsadya		Maari maging katwiran ang jahal o pagkalimot at hindi ang pagsadya	Maari maging katwiran ang jahal o pagkalimot at pagsadya
Walang sujud sahw	Hindi sapat ang sujud sahw	Sapat na ang sujud sahw	/

Sujud As-sahw

Ang mga dahilan sa *sujud as-sahw*
(sujud ng nakalimot) ay tatlo:

Ang shak (pagdalawang isip):

Katulad ng
nagdadalawang isip siya
kung ilang rakaah ang
kanyang nagawa; tatlo o
apat, at ito'y may
dalawang uri:

Ang naqs (kulang):

Halimbawa kapag
nagkulang nakulangan
niya ang wajib mula sa
mga wajib ng Salah.

Ang ziyadah (dagdag):

Halimbawa kapag
nadagdagan niya ang
ruku' o sujud o pagtayo o
pagupo.

Ang pagdadalawang isip pagkatapos ng Ibadah:

Hindi mo na kailangan tingnan pa ang
iyong pagdadalawang isip hanggang sa
dumating ang kasiguruhan.

Ang pagdadalawang isip sa loob ng Ibadah:

Kapag ito'y marami huwag mo nang
alalahanin at tingnan pa, ngunit kapag
kaunti naman doon ka sa kung saan ka
siguro, kapag naman pantay kunin mo
ang pinakakaunti o mababa.

Mga Komento:

- Kapag nagkamali ang nagsasagawa ng Salah sa *sujud sah* ; ang kanyang salah ay tama pa din.
- Kapag naiwan nito ang rukon, hindi magiging tama ang kanyang Salah hanggang sa gawin niya ang rukon at pagkatapos siya ay *magsujud sah*.
- Kapag naman naiwan niya ang wajib, at hindi niya na pwedeng balikan siya ay *magsujud sah* na lamang.

**Buod ng Pamamaraan ng Salah at
Paglalarawan nito:**

- Ang una ay ang pagdalisay ng isang muslim (o pagsasagawa ng wudhu') sa kanyang bahay at magsuot ng mainam na damit
- At maglakad patungo sa Masjid – o pagsakay sa sasakyan – nang mahinahon na paglalakad at mataimtim ibig sabihin ay iwasan ang pagtakbo o sobrang paglingon o pagtaas ng boses.



- Kapag siya ay dumating na sa masjid, huhubarin ang kanyang suot sa paa at ilagay sa lagayan nito, at kanyang iiwan ang lahat ng makamundong bagay at ipinagbabawal ang magbenta at magbili, pati na rin ang paghanap ng nawawalang bagay sa loob Masjid.
- Unahin ang kanang paa sa pagpasok sa loob ng Masjid at bigkasin ang panalangin: ((***Bismillah wassalaatu wassalaamu ala rasulillah, Allahumfahtahliy abawaaba rahmatik***)) at kaliwa naman kapag ito'y lalabas mula rito at kanyang bibigkasin ang panalangin: ((***Bismillah, wassalaatu wassalaamu ala rasulillah, Allahumma inniy as-aluka min fadlik***)).
- Mauuna ang mga kalalakihan sa *saf* (hanay) at mahuhuli naman ang mga kababaihan.
- Kapag ang Salah ay nagsimula na, siya ay magsasabi ng ((***Allahu Akbar***)) at susundan ang Imam sa anumang posisyon na kanyang naabutan, at bibilangin na isang rakaah kapag naabutan nito ang pagtayo o ang *pagruko'*, at kapag nagsalam ang Imam pupunan na lamang niya ang kanyang naiwan na rakaah.

- At kapag siya ay nasa loob na ng Masjid at hindi pa nagsisimula ang salah, magsagawa siya ng *Salah ratibah qabliyyah* (sunnah bago ang salah), kapag wala naman sunnah na qabliyyah, magsagawa siya ng *tahiyyatul masjid* bago pa man siya mauupo.
- At huwag labagin ang kabanalan ng Masjid sa pamamagitan ng pagbabantay sa oras at pagmamadali sa pagtayo ng Salah.




- At pagpantay pantayin ang pagitan ng paa katulad ng balikat nang walang labis at kulang.



- Pagkatapos gawin ang mga *shart* ng Salah, kanyang bibigkasin ang ((*Allahu Akbar*)) kasama nito ang pag-taas ng dalawang kamay - nakabukas ang mga daliri - hanggang tainga o balikat, at ang kanyang palad ay nakaharap sa *qiblah*.



- Pagkatapos ilalagay ang kanyang kanang kamay sa ibabaw ng kaliwang kamay. Ito man ay nakalatag o nakahawak.



- At tumingin sa lugar kung saan ka magsasagawa ng sujud, at hindi palingun-lingon.



- *Mustahab* (kaibig-ibig) na basahin niya ang panalangin sa *istiftah* sa unang rakaah lamang, at mainam din na basahin niya ang iba't ibang panalangin na naiulat dito.
- Pagkatapos ay humingi ng pagpapakupkup katulad ng naiulat: ((***audhu billahi minash shaytanir rajeem***)).
- Pagkatapos basahin ang *basmalah*: ((***bismillahir rahmanir raheem***)).
- Pagkatapos ay basahin ang Al-fatiha nang maayos at tama.
- Pagkatapos ay magbasa ng makakaya mula sa Qur-an; ito'y mainam na gawin at basahin ang *basmalah* sa unang surah lamang.
- Pagkatapos ay itaas ang dalawang kamay tulad sa *takbiratul ihram* at sambitin ang ((***Allahu Akbar***)) pagkatapos ay magsagawa ng Ruko'.
- Pagkatapos ay hawakan ang tuhod, at gawin pantay ang likod sa ulo.
- At sambitin nang isang beses bilang *wajib* (obligado): ((***subhaana rabbiyal Adhim***)) at *mustahab* (mainam) na dagdagan nang anumang naiulat patungkol dito.



- Pagkatapos kasabay ng pag-angat mula sa ruko' at bago ang pagtayo ng matuwid, kanyang sasambitin ang: ((**samiAllahu liman hamidah**)) habang itinataas din ang dalawang kamay hanggang tainga o balikat.
- Kapag nakatayo na ng matuwid kanya namang sasambitin: ((**rabbana wa lakal hamd**)).
- Pagkatapos ay sasambitin ang takbir: ((**Allahu Akbar**)) nang hindi na tinataas pa ang dalawang kamay at pagkatapos ay magsagawa ng sujud gamit ang pitong bahagi ng katawan: ito'y ang noo kasama ang ilong, dalawang palad, dalawang tuhod, at ilalim ng daliri ng dalawang paa.
- At pagkatapos ay paghiwalayin ang pagitan ng dalawang kili-kili, pati na rin sa pagitan ng tiyan at hita, at pagitan ng hita sa bukong-bukong, at iangat ang kanyang braso mula sa lupa.



- At pagkatapos ay sambitin ang: ((***Subhaana rabbiyal A'la***)) isang beses bilang *wajib* (obligado) at *mustahab* (mainam) na kanyang dadagdagan ng anumang naiulat patungkol dito, at pagkatapos ay manalangin ng anuman kanyang gustong panalangin, liban ang pinakamainam ay ang manalangin ng amunang panalangin na naiulat patungkol dito.
- Pagkatapos ay magtakbir at umupo sa kaliwang paa *muftarish* habang nakatayo ang kanyang kanang paa at ang ilalim ng mga daliri nito'y nasa lupa habang nakaturo naman sa *qiblah* ang mga daliri. Ilagay ang palad sa hita. Ito (*muftarish*) ang klase ng upo sa lahat ng salah liban sa pangatlong rakaah o pangapat sa pinakahuling *tashahhud* dahil ang klase ng upo dito'y tinatawag na *tawarruk*; ilagay ang kaliwang paa sa ilalim ng kanang bukong-bukong. [pakitingnan na lamang ang larawan sa ibaba]



- Pagkatapos ay magtakbir at magsagawa ng sujud katulad ng unang sujud.
- Pagkatapos ay magtakbir at tumayo para gawin ang pangalawang rakaah, at gawin na lamang ang mga ginawa sa una liban na lamang ang rakaah sa pangalawa ay walang nang *takbiratul ihram* at *dua istiftah*.
- Kapag natapos na niya ang pangalawang sujud siya ay uupo para sa *attashahhud*.
- At kanyang ituro ang kanyang hintuturo, habang ipagdikit ang naiwang daliri ng pabilog, pagkatapos ay pagalawin ang hintuturo kapag nananalangin.
- Ang pagbasa ng *attashahhud* ay *wajib* (obligado).
- Kapag ang ginagawang salah ay mayroong dalawang rakaah lamang basahin niya ang *salah ibrahimiyyah* [pakitingnan sa pahina 86] bilang *wajib*, at humingi ng pagpapakupkop mula sa apat:

((*Allahumma inniy audho bika min adhabi jahannam, wa audho bika min adhabil qabr, wa audho bika min fitnatil dajjal, wa audho bika min fitnatil mahya wal mamaat*)) at pagkatapos ay manalangin, pinakamainam dito ang panalangin na naiulat tulad ng: ((*Allahumma ainniy ala dhikrika wa shukrika wa husni ibaadatik*)).



- Pagkatapos ay magtaslim ng dalawang beses, mula sa kanan pagkatapos sa kaliwa lilingon lang gamit ang ulo hindi kasama ang balikat ni hindi pagagalawin ang ulo mula pataas at pababa ni igalaw ang kamay.



- Kapag ang ginagawang salah ay mayroong tatlo o apat na rakaah, tatayo siya pagkatapos niya mabasa ang *tashahhud al-awwal* at mustahab ang pagsambit ng *salah ibrahimiyyah*.
- Magtakbir at magsagawa ng Salah para sa pangatlong rakaah at uupo para gawin ang tashahhud kung ang Salah ay tatlong rakaah, ngunit kung ito'y apat magsagawa ulit ng Salah para sa ikaapat na rakaah pagkatapos ay uupo at gawin ang pinahuling tashahhud. Sambitin ang tashahhud at salah ibrahimiyyah at humingi ng pagpapakupkop mula sa apat: ((**Allahumma inniy audho bika min adhabi jahannam, wa audho bika min adhabil qabr, wa audho bika min fitnatil dajjal, wa audho bika min fitnatil mahya wal mamaat**)) at pagkatapos ay manalangin, pinakamainam dito ang panalangin na naiulat tulad ng: ((**Allahumma ainny ala dhikrika wa shukrika wa husni ibaadatik**)).
- Kung ang salah ay *fard* (obligado), *mustahab* na bumigkas ng mga *dhikr* na naiulat pagkatapos ng Salah.
- ((**Astaghfirullah, Astaghfirullah, Astaghfirullah, Allahumma anta Assalaam wa minkas salaam tabaarakta dhal jalaali wal ikram**)).
- Pagkatapos ay sambitin: ((**Subhaanallah, wal hamdulillah, wAllahu akbar**)) tatlungpung tatlong beses: lahat-lahat ay siyamnaput tatlo, at kanyang kukumpletuhin bilang pang-isang daan ((**la ilaha illa Allah wahdahu la shareeka lah, lahul mulku wa lahul hamdu wa huwa ala kulli shay-in qadeer**)).
- Pagkatapos ay basahin ang *Ayatul Kursi*: ((**Allahu la ilaaha illa huwal hayyul qayyum, lata'khudhuhu sinatuw wa la nawm, lahu maa fis samaawati wa maa fil ardh, man dhalladhi yashfau indahu illa biidhnihi, ya'lamu ma bayna aydihim wa maa khalfahum, wa la yuhiituna bishay-im min ilmihi illa bimaa shaa', wasi-a kursiyyuhus samaawaati wal ardh, wa la yauuduhu hifdhuhumaa, wa huwal aliyyul adhim**)), pagkatapos ay basahin ang surah *Al-ikhlas* at *Alfalaq* at *Annas*.

Mga Mahahalagang Paalala:

- Kabilang sa *shurut* ng salah ay ang pagtatakip ng awrah, nararapat sa isang nagsasagawa ng Salah na maging maingat mula sa paglitaw ng kanyang awrah habang siya ay nagsasagawa ng salah na ito'y magiging dahilan para masira ang kanyang Salah.



- Kapag nagsagawa ng Salah ang *ma'mum* kasama ang Imam, isinabatas na siya ay tatayo sa bahaging kanan nito. Hindi siya uuna at hindi din lalayo bagkus magkapantay ang kanilang balikat.



Buod ng mga Salah:

Pangalan	Hukum	Oras	Dami	Katangian
Salatul Jumuah	Fard	Oras ng Dhuhr	Dalawang rakaah	Ang salah ng Jumuah ay <i>jahriyyah</i> (malakas ang pagbabasa) at mabibilang na jamaah ang tatlong kalalakihan pataas.
Salatul Kusuuf	Fard kifaayah	Oras ng eclipse	Dalawang rakaah	Ang salah ng Kusuuf ay <i>jahriyyah</i> (malakas ang pagbabasa) na may dalawang ruku' sa bawat rakaah.
Salatul Witr	Sunnah muakkadah	Pagkatapos ng Iesha hanggang Fajar	Mula isa hanggang labing-isa	Maari itong: – Isang rakaah – Tatlong rakaah na magkadugtong, uupo lamang sa pinakahuling tashahhud, o magsagawa ng salah na dalawang rakaah pagkatapos ay magtaslim at magsagawa ulit ng isang rakaah. – Limang rakaah uupo lamang para gawin ang tashahhud sa ikalimang rakaah. – Pitong rakaah uupo lamang para gawin ang tashahhud sa ikapitong rakaah

Pangalan	Hukum	Oras	Dami	Katangian
				– Siyam na rakaah uupo para gawin ang tashahhud sa ikawalong rakaah at pagkatapos ay tatayo para sa ikasiyam na rakaah at magtashahhud at magtaslim. – Tigdadalawang rakaah pagkatapos ay magwitr ng isang rakaah.
Ratibah ng Fajar	Sunnah muakkadah	Pagkatapos ng Salat ul fajar	Dalawang rakaah	Babasahin sa unang rakaah ang Surah Alkafiruun at sa pangalawa Alikhlas
Sunnah ng Dhuhr	Sunnah	Apat na rakaah bago ang Dhuhr at dalawa pagkatapos	Dalawa / Apat	Tigdadalawang rakaah na magkahiwalay
Sunnah ng Maghrib	Sunnah	Pagkatapos ng Salat ul Maghrib	Dalawang rakaah	Babasahin sa unang rakaah ang Surah Alkafiruun at sa pangalawa Alikhlas
Sunnah ng Iesha	Sunnah	Pagkatapos ng Salat ul Iesha	Dalawang rakaah	

Pangalan	Hukum	Oras	Dami	Katangian
Tahiyatul masjid	Wajib	Pag papasok ng Masjid bago uupo	Dalawang rakaah	
Ad-duha	Sunnah	Mula sa pagsikat ng araw hanggang bago ang zawal	Mula dalawang rakaah hanggang walo	
Al-istikharah	Sunnah	Kahit anong oras	Dalawang rakaah	Manalangin pagkatapos ng salam ng dua sa istikharah
Salatul istisqa'	Sunnah	Mula sa pagsikat ng araw	Dalawang rakaah	Magtakbir katulad ng takbir sa Eid na pito kasama ang takbiratul ihram sa unang rakaah at lima sa pangalawa hindi kabilang ang takbir sa intiqal
Salatul Eid	Sunnah	Pagsikat ng araw	Dalawang rakaah	Magtakbir ng pitong beses kasama ang takbiratul ihram sa unang rakaah at lima sa pangalawa hindi kabilang ang takbir sa intiqal.

Mga oras na ipinabawal ang pagsagawa ng Salah na Naafilah:

1. Mula fajar hanggang sa pagsikat ng araw.
2. Mula sa salah ng Asar hanggang maghrib.
3. Mula sa pagtirik ng araw hanggang sa zawal.

**Mga Katanungan sa
Salah**

- 1) Ilan ang kondisyon ng Salah?
☐ siyam ☐ labing-isa ☐ walo
- 2) Ang pagiging Muslim bilang kabilang sa kondisyon ng Salah ay mali; dahil walang nagsasagawa ng Salah maliban sa Muslim.
☐ Tama ☐ Mali
- 3) Attamyiz ay ang *bulugh*.
☐ Tama ☐ Mali
- 4) Pag-angat ng *hadath* ay tumutukoy sa katawan, lugar at damit.
☐ Tama ☐ Mali
- 5) Ang *najasah* (kadumihan) ng baboy ay *najasah*:
☐ malaki ☐ *mutawassit*
- 6) Ang *manni* (semilya) ay dumi na mag-oobliga na maligo pagkatapos nitong lumabas.
☐ Tama ☐ Mali
- 7) Walang pinag-kaiba ang *nadh* at pagligo.
☐ Tama ☐ Mali
- 8) Ang lahat ng bangkay ay *najis* (dumi).
☐ Tama ☐ Mali
- 9) Sapat na sa paglilinis ng *najasah* ng aso kahit hindi lupa at kahit ang makabagong kagamitang panlinis.
☐ Tama ☐ Mali
- 10) Ang mga hayop na kung saan ating palaging nakakasalamuha ay kalimitan mahirap ang pag-iwas mula rito. At maaring ang pusa ay dalisay para sa ibang tao at para sa iba naman ay hindi.
☐ Tama ☐ Mali
- 11) Ilan ang haligi ng Salah?
☐ 8 ☐ 14 ☐ 9

- 12) Ang *takbiratul ihram* ay ang pagtaas ng kamay.
☐ Tama ☐ Mali
- 13) Kung naiwan ang isang rukon *sahwan* (nakalimutan) para sa kanya ay *sujud sahwi* lamang.
☐ Tama ☐ Mali
- 14) Ilan ang *wajibat* obligado sa Salah?
☐ 8 ☐ 14 ☐ 9
- 15) Kapag sinabi sa *sujud* (*subbuhun quddusun rabbul malaikati war ruh*), at alam niya na ang *wajib* ay (*subhana rabbiyal a'la*) ng isang beses ang kanyang Salah ay *batil* (hindi tanggap).
☐ Tama ☐ Mali
- 16) Isinabatas sa Salah na ilagay ang kanang kamay sa ibabaw ng kaliwang kamay.
☐ Tama ☐ Mali
- 17) Ang pagpapalakas ng pagbasa ay sa unang rakaah sa obligadong Salah kung ito'y sa gabi at sa bawat Salah isinabatas na magtipon-tipon sa isang taon katulad ng dalawang Eid.
☐ Tama ☐ Mali
- 18) Ilan ang nakakasira ng Salah?
☐ 8 ☐ 14 ☐ 9
- 19) Mangyayari ang *tawwaruk* sa *tashahhud* na:
☐ Una ☐ Huli ☐ lahat ng nabanggit
- 20) Ang dagdag na (*wash shukr*) sa salitang (*rabbana wa lakal hamd wash shukr*); ang hukom nito'y:
☐ *jaaiz* ☐ *mustahab* ☐ *muharramah* (haram)
- 21) (*rabbigh firliy wa liwalidayya*) sa pagitan ng *sujud*:
☐ *jaaiz* ☐ *muharram* ☐ *makruh*
- 22) Paglagay ng siko sa lupa sa *sujud*:
☐ *muharram* ☐ *mustahab* ☐ *makruh*
- 23) Ilan ang *asbab* (mga rason) ng *sujud sahwi*:
☐ 2 ☐ 3 ☐ 4

24) (ang pagdududa pagkatapos ng Salah hindi nakaka-apekto ganundin kapag dumami ang pagdududa).

- ☐ Tama ☐ Mali

25) Natatangi ang *sunnah* ng Fajar mula sa mga ibang *rawatib* sa: dahil sa kanyang kainaman, pagiging magaan, mayroong natatanging binabasa at kahit sa paglalakbay ay sinasagawa ito.

- ☐ Tama ☐ Mali

26) Ibigay ang hukom ng bawat *mas-alah* (pangyayari) sa ibaba:

<i>Mas-alah</i> (Sitwasyon)	Hukom
Salah ng sinumang nang-iinsulto sa relihiyon	
Salah ng lango sa alak	
Salah ng maysakit na Alzheimer	
Salah ng batang maliit	
Nagsagawa ng Salah habang nakalimutan nito na wala siyang wudhu'	
Nagsagawa ng Salah habang nakalimutan nito na ang damit niya ay marumi	
Ihi ng baka	
Ihi ng uwak	
Nagsagawa ng Salah habang nakalabas ang dalawang tuhod	
Nagsagawa ng Salah habang nakalimutang hindi pa pumasok ang oras	
Ang Salah sa loob ng eroplano	
Nag-intensyon na obligado ang oras	
Nagsagawa ng Salah habang nakaupo	
Nakalimutan ang Al-fatiha	
Naabutan ang Imam ng naka-ruku'	
Ang pagmamadali sa Salah	
Maraming pagdududa pagkatapos ng Salah	
Nagduda sa kanyang wudhu' pagkatapos ng Ihram	
Nadagdagan ng ruku' nang hindi sadya	
Iniwan ang <i>takbiratul ihram</i>	
Iniwan ang <i>tashahhud al-awwal</i>	
Iniwan ang pinakahuling <i>tashahhud</i>	

Nagduda kung tatlo o na apat rakaah ang kanyang nagawa	
Nagduda pagkatapos ng Salah	
Nagduda sa kalagitnaan ng Salah	
Nakalimutan ang <i>sujud sahw</i>	
Nagsagawa ng Salah habang nakalitaw ang kanyang awrah nang hindi niya alam maliban lamang pagkatapos ng Salah	
Ang <i>taharah</i> Paglilinis sa bahay bago lumabas patungo sa Salah	
Ang pagbebenta sa Masjid	
Ang pagpapalit ng pera sa Masjid	
Naabutan ang Imam sa pinakahuling <i>tashahhud</i>	
Ang <i>sutrah</i> sa Salah	
Ang kaunting paglingon	
Ang maraming paglingon	
Pagsagawa ng Salah na mabilis	
Ang <i>salah ibrahimiyyah</i> sa <i>attashahhud</i>	
Ang pagsasalita sa Salah	
Ang paggalaw sa Salah	
Nakalimutan ang Al-fatiha	
Ang <i>salah</i> sa Jum-ah	
<i>Al-witr</i>	
<i>Tahiyatul masjid</i>	

27) Banggitin ang pagkakaiba ng *shart*, *rukun*, *wajib* at *sunnah*.

<i>Shart</i>	<i>Rukon</i>	<i>Wajib</i>	<i>Sunnah</i>

IKALABING-DALAWANG ARALIN

Mga Kondisyon (Shurut) ng Wudhu'

Mga kondisyon ng Wudhu ay sampu:

1. *Al-islam*
2. Tamang Pag-iisip
3. *At-tamyiz*
4. Ang intensyon
5. *ishishaabu hukmiha bi an la yanwiya qat-aha hatta yatimma tahaaratuhu* (Ang pagkakaroon ng intensyon mula umpisa hanggang sa matapos ang kanyang wudhu').
6. *inqitaau muujibul wudhu'* (paglayo mula sa mga nakakasira sa wudhu').
7. *instinjaa'* o *istijmaar* bago ang wudhu'.
8. Malinis ang tubig at pagiging *mubah* nito.
9. Pag-alis sa kung anumang makakapigil sa pagkabasa ng balat.
10. Pagpasok ng oras ng Salah sa kung sinuman ang kanyang hadatah ay palagian.

Pagpapaliwanag sa ibang mga kondisyon:

- (*ishishababu hukmiha bi an la yanwiya qat-aha hatta yatimma tahaaratuhu*) ibig sabihin magpapatuloy ang intensyon mula sa unang wudhu' hanggang sa pinakahulihan nito.
- (*inqitaau muujibul wudhu'*) hindi siya magsasagawa ng wudhu' habang siya ay kumakain ng laman ng kamelyo halimbawa, o kapag siya ay umiihi, bagkus dapat matapos muna ang nakakasira ng wudhu' saka pa lamang siya magsasagawa ng wudhu'.
- (*instinjaa' o istijmaar bago ang wudhu'*) liban na lamang kapag ang pagsasagawa ng wudhu' sa kadahilan ng utot o di kaya pagtulog o di kaya pagkain ng laman ng kamelyo hindi na kailangan ang dalawa.

- (**Malinis ang tubig at pagiging mubah nito**) hindi maaring magsagawa ng wudhu' kapag marumi ang tubig o kinuha ng walang paalam sa may-ari [halimbawa na lang nakaw].
- (**Pag-alis sa kung anumang makakapigil sa pagkabasa ng balat**) tulad ng tinta o cutex o nail polish sa kuko dahil ito'y makakapigil sa tubig para mabasa ang bahagi ng katawan.

Sunnah ng fitra (Likas sa Sangkatauhan):

Mula sa sunnah ng fitrah:

1. **Pagpapatuli** : ito'y *wajib* (obligado) sa mga kalalakihan at *sunnah* naman sa mga kababaihan kung kinakailangan.
- 2-5. **Paggupit ng bigote, pagputol ng kuko, pag-alis ng buhok sa kilikili, at pag-ahit ng buhok sa maselang bahagi:** mula kay Anas *radiyallahu anhu*: ((Binigyan kami ng panahon sa paggupit ng bigote, at pagputol ng kuko, at pag-alis ng buhok sa kili-kili, at pag-ahit ng buhok sa maselang bahagi na hindi papabayaang mahigit sa apatnapung gabi)). Ibig sabihin hindi maari na pabayaang ito nang mahigit sa apatnapung gabi.
6. **Pabayaang lumago ang balbas:** ang hukom niya ang *wajib* (obligado) at ang pag-ahit sa kanya ay kabilang sa malalaking kasalanan.
7. **Assiwak:** ito ang paggamit ng kahoy ng *arak* o katulad nito sa paglilinis ng mga ngipin. Ito'y *sunnah*, pwede itong gawin sa kahit anong oras, at sa tuwing wudhu', at Salah, at kapag papasok ng bahay, at pagbabasa ng Qur-an, at paggising, at kamatayan, at kapag nag-iba ang amoy ng bibig.

IKALABING-TATLONG ARALIN

Furud (Mga Obligado) ng Wudhu'

Furud ng wudhu' ay anim:

1. Paghugas ng mukha kabilang dito ang pagmumug at pagsinghot.
2. Paghugas ng kamay hanggang siko.
3. Pagpunas ng lahat ng bahagi ng ulo at kabilang dito ang tainga.
4. Paghugas ng paa hanggang bukong-bukong.
5. Pagkasunod-sunod
6. ***Almuwalah*** (tuloy-tuloy)

Mustahab (mainam) na ulitin ang paghugas ng mukha, at kamay, at paa ng tatlong beses, ganuon din ang pagmumug at pagsinghot, ngunit ang *fard* (obligado) ay isang beses lamang. Ang pagpunas naman ng ulo; hindi *mustahab* (mainam) ang ulitin ito, katulad ng pagkakasukoy sa mga hadith.

Ibig ipahiwatig ng Almuwalah:

Ito'y ang hinding pagpapatagal ng nagsasagawa ng wudhu' sa paghugas ng parte ng katawan hanggang sa ang parteng nahugasan ay natuyo.

IKALABING-APAT NA ARALIN

Nawaqid (mga nakakasira) ng Wudhu'

Nawaqid ng wudhu' ay anim:

1. Ang mga lumabas sa dalawang labasan.
2. Ang lumabas na *najis* (dumi) mula sa katawan.
3. Pagkawala ng pag-iisip o ulirat sanhi ng pagkatulog o iba pa.
4. Paghawak sa maselang bahagi gamit ang kamay, sa uhanan man ito o sa likod nang walang anumang sapin.
5. Pagkain ng karne ng kamelyo.
6. Pagtalikod sa pananampalatayang Islam.

Importanteng Paalaala:

Ang paghugas ng patay: Ang tama hindi ito kabilang sa nakakasira ng wudhu, ito ang ulat ng karamihan ng ating Maaalam dahil sa walang dalil (katibayan) patungkol dito. Ngunit kapag nahawakan ng naglilinis ang maselang parte ng namatay ng walang anumang sapin magiging wajib sa kanya ang wudhu'. At ang wajib sa kanya ay ang hinding paghawak sa maselang bahagi ng namatay liban na mayroong sapin.

At ganuon din ang paghawak sa babae, hindi ito nakakasira ng wudhu. Ito man ay hinawakan niya nang may pagnanasa o wala; ayon sa pinakatamang ulat ng ating Maaalam, nang walang lumalabas sa kanya na kahit ano. Dahil ang propeta hinahalikan niya ang kanyang asawa, at pagkatapos ay magsasagawa siya ng salah nang hindi nagsasagawa ng panibagong wudhu'.

Datapwat sa salita ng Allah subhaanah : ((**aw laamastumun nisaa'**)), ang ibig ipahiwatig dito'y Aljima' (pakikipagtalik) ayon sa pinakatamang ulat ng ating Maaalam, at ito din ang salita ni Ibn Abbas radiyallahu anhu, at mga grupo ng mga Ulama' mula sa unang panahon at sa kasalukuyan.

Pagpapaliwanag sa ibang mga nakakasira:

- (Ang lumabas sa dalawang labasan) ito'y pangkalahatan, halimbawa nito; ang ihi, tae, *manni* (semilya), *madhiy* (pre-cum), *wadiy* (malagkit na likido na sumama sa ihi), hangin, kahoy, dugo, uod, *hayd*, *nifas*.
- (Ang lumabas na *najis* (dumi) mula sa katawan) ang *raajih* (pinakatama), hindi ito kabilang sa *naqid* (nakakasira) ng wudhu' liban na lamang kung ito'y kabilang sa klase ng ihi o tae.
- (Pagkawala ng pag-iisip sanhi ng pagkatulog o iba pa) ang pagtulog ay hindi mismo ang *naqid* (nakakasira) liban na malamang may lumabas na hangin, kapag alam niya sa sarili niya na walang lumabas na kahit ano hindi ito maituturing na *naqid*.
- (Paghawak sa maselang bahagi gamit ang kamay, sa unahan man ito o sa likod nang walang anumang sapin) *rajjaha* (mas pinili) ni Shiekh Islam Ibn Taymiyyah *rahimahullah* na *mustahab* (mainam) na magsagawa ng wudhu at hindi *wajib* (obligado).

**Buod ng pamamaraan ng Wudhu'
at paglalarawan nito:**

- Kapag nag-intensyon na magsasagwa ng wudhu', isinabatas na magsabi ng ((*bismillah*)).
- Pagkatapos ay hugasan ang kamay ng tatlong beses, bubuhusan niya ang tubig ang kanyang kamay.
- Pagkatapos ay kukuha ng tubig gamit ang kanang kamay at magmumug, pagkatapos ay sisinghot ng tubig at ito din ay ilalabas, uulitin ito nang tatlong beses.
- Pagkatapos ay hugasan ang mukha ng tatlong beses, ang kabuohan ng mukha ay mula sa tubuan ng buhok sa ulo hanggang sa balbas, at sa pagitang ng dalawang tainga.
- Pagkatapos ay hugasan ang kamay hanggang siko ng tatlong beses, kanang kamay ang mauuna pagkatapos ay kaliwa.
- Pagkatapos ay punasan ang ulo, dadaan mula sa ulunan hanggang batok pagkatapos ay ibalik.
- Pagkatapos ay ipasok ang hintuturo sa tainga at punasan.
- Pagkatapos ay hugasan ang paa hanggang bukong-bukong nang tatlong beses. [pakitingnan lamang ang mga larawan]







- Pagkatapos maisagawa ang wudhu' kanyang sasambitin: ((**Ash-hadu an la ilaha illa Allah wahdahu la shareeka la, wa ash-hadu anna Muhammadan abduhu wa rasuluhu**)) at sa ulat ni Imam Tirmidhiy: ((**Allahummaj alniy minat tawwabiina waj-alniy minal mutatah-hiriin**)).

Hukom (o hatol) sa anumang idadagdag sa mga isinabatas

Hindi maari na magdagdag sa anumang isinabatas patungkol sa wudhu, tulad na lamang nang lagpas sa tatlo ang paghuhugas, o ang paghugas lagpas sa siko, o lagpas ng bukong-bukong, o ang pagpunas ng batok.



**Iba pang usapin na mayroong
kaugnayan sa Arkan ng Islam**

Una: At-tahara (Paglilinis)

At-tayammum:

Ito ang pamalit sa paglilinis gamit ang tubig, kapag mayroong dahilan para hindi magamit ang tubig sa katawan o sa ibang mga parte nito dahil sa kawalan ng tubig o takot na makasama ang paggamit nito, papalitan ng lupa ang paggamit ng tubig.

Pamamaraan ng Tayammum

Magsasagawa ng *niyah* (intensyon) ng tayammum, pagkatapos ay sabihin ang ((*bismillah*)), pagkatapos ay ihampas ang kamay sa lupa ng isang beses, pagkatapos ay ipunas sa mukha at kamay.



Hindi na isinabatas na paghiwalayin ang mga kamay habang inihamapas ang kamay sa lupa, kahit ang pagpunas sa mga daliri habang pinupunasan ang kamay.



Pamamaraan ng Obligadong Pagligo (Ghusl)

Magsagawa ng *niyah* ng pagligo at pag-aaalis ng *janaabah*, pagkatapos ay sabihin ang ((**bismillah**)), buhusan ang buong katawan pati ang kailaliman ng buhok – makapal man ito o manipis - sa pamamagitan ng tubig, kasama na ang pagmumug at pagsinghot.

Ang Sunnah sa Pagligo

Hugasan ang maselang bahagi, pagkatapos ang kamay, pagkatapos ay magsagawa ng wudhu' para sa Salah, pagkatapos ay basain ang buhok sa ulo, pagkatapos ay hugasan ang kanang bahagi ng katawan pagkatapos ang kaliwa, pagkatapos ay hugasan ang paa.

Ang mga dahilan upang maging obligado ang Pagligo

1. *Aljanaabah*: ito'y kapag may lumabas na semilya sa pagtatalik man o iba pang kadahilanan.
2. Paglabas ng dugo ng *hayd* o *nifas*.
3. Pagkamatay liban sa *shaheed* (namatay sa pakikipagdigma).
4. Kapag nagmuslim ang isang hindi nanampalataya.

Kondisyon sa Pagpunas ng Khuf

Dapat ay isinuot na nasa *taharah* o nahugasan ang mga paa ng tubig sa wudhu'.

Dapat ang *Khuf* (isinusuot sa paa na gawa sa leather) o medyas ay malinis.

Dapat ay matakpan paa

Dapat ang pagpunas ay para sa *hadath asgar* hindi para sa *janaabah* o anumang obligado ang pagligo.

Dapat ang pagpunas ay naayon sa tinakdang oras; ito'y isang araw (24 oras) para sa mga mamamayan (nakatira), at tatlong araw para sa mga naglalakbay (72 oras). Magsisimula sa unang punas pagkatapos ng *hadath*.

Pamaaraan ng pagpunas ng Khuf

Ang daanan lamang ng mga unahang daliri ang paa hanggang bukong-bukong, ibig sabihin ang pupunasan ang harapan ng *khuf*, at pupunasan ng dalawang kamay ang dalawang paa na magkasabay, ibig sabihin ang kanang kamay pupunasan ang kanang paa at ang kaliwang kamay ay pupunasan ang kaliwang paa nang magkasabay; katulad sa pagpunas ng tainga, dahil ito ang sunnah.

Mga katanungan patungkol sa pagpunas

1. Kapag natapos na ang oras ng pagpunas at inalis na ang pinunasan, mananatili ang *taharah* at hindi ito nasira.
2. Maaring punasan ang mga *khuf* at medyas na mayroong mga butas, o ang anumang makita ang balat dahil sa nipis nito.

Mga Kaugalian sa Paggamit ng Palikuran

Mustahab (mainam o kanais-nais):

- Kapag papasok sa palikuran: mauuna ang kaliwang paa at kanyang sasabihin: ((*Bismillah, Allahumma inniy audho bika minal khubthi wal kabaaith*)).
- At kapag lalabas naman uunahin ang kanang paa at sasabihin: ((*gufranaaka*)).

Hindi maari para sa kanya:

- Ang pagdumi sa daan, sa lugar na inuupuan ng mga tao, sa ilalim ng punongkahoy, sa lugar na makakapinsala sa tao, at sa tubig na hindi umaagos.
- Ang humarap sa *qiblah* o tumalikod habang siya ay dumudumi o umihi.
- Ang hawakan ang kanyang ari ng kanyang kanang kamay.
- Ang magdhikr sa Allah.

Kapag siya'y dudumi kanyang gagamitin ang tubig bilang panglinis (istinja) o istijmaar (gamit ang bato o katulad nito), at ang kondisyon ng istijmaar:

- Dapat ay tatlong punas o higit pa, hindi maaari na gamiting pamunas ang nagamit na.
- Dapat nakakalinis, at malalaman kung nakakalinis ito; gamitin ang bato o tissue na tuyo.
- Hindi maaari ang *istijmaar* ng anumang madumi, o anumang pinapahalagahan katulad ng pagkain, at hindi ang buto o dumi.

Maaaring umihi ng nakatayo sa kondisyon na sigurado itong walang tatalsik na ihi sa kanyang katawan o damit at hindi lalabas o makikita ang kanyang awrah: ((*dumating ang propeta sa isang pamayanan at umihi siya ng nakatayo – tulad ng kanyang pagkakasabi*)). *muttafaq alayhi*

**Mga Katanungan sa
Taharah**

1) Ilan ang kondisyon ng wudhu'?

- ☐ 9 ☐ 10 ☐ 8

2) Ang *furud* ng wudhu':

- ☐ apat na bahagi ng katawan
☐ ang mga nauna kasama ang pagkasunod-sunod at *almuwalah*

3) Ilan ang *nawaqid* ng wudhu'?

- ☐ 6 ☐ 5 ☐ 8

4) Ano-ano ang *naqid* ng wudhu' sa mga nasambit:

- ☐ karne ng kamelyo ☐ ingay ng tiyan ☐ utot
☐ pagkahilo ☐ paghugas ng patay ☐ paghawak sa babae

5) Paano ang pamamaraan ng *tayammum*:

.....
.....
.....
.....
.....
.....
.....
.....

6) Paano ang pamamaraan ng pagligo:

.....
.....
.....
.....
.....
.....
.....
.....

7) Ibigay ang hukom ng bawat *mas-alah* (pangyayari) sa ibaba:

<i>Mas-alah</i> (sitwasyon)	Hukom
Pagpapalakas ng intensyon	
Nag-intensyon ng wudhu' para sa isang Salah pagkatapos ay nagsagawa ng Salah ng mas marami pa rito.	
Nagsagawa ng wudhu' para sa pagbasa ng Qur-an pagkatapos ay nagsagawa ng Salah	
Pagsira ng intensyon sa kalagitnaan ng wudhu'	
Pagsira ng intensyon pagkatapos ng wudhu'	
Nagsagawa ng wudhu' habang sa kanyang bukong-bukong ay masa (dough)	
Nagsagawa ng wudhu' habang kumakain ng laman ng kamelyo	
Nagsagawa ng wudhu' gamit ang tubig na ninanakaw	
Nagsagawa ng wudhu bago ang istinja' wa istijmar	
Pagkuha ng bagong tubig para punasan ang taynga	
Pagpunas ng ulo nang tatlong beses	
Pagsasagawa ng wudhu' nang paulit-ulit	
Ang pagsasagawa ng tatlong ulit	
Paghugas ng <i>khuff</i> sa wudhu'	
<i>Takhilil</i> ng balbas	
Paghilod sa wudhu'	
Pagpunas sa bahagi na obligadong hugasan	
Paghugas ng ulo	
Pagpasok ng kamay sa lalagyan ng tubig	
Pagpapa-una ng kanan sa wudhu'	
Pagdagdag ng higit sa tatlo sa paghugas	
Paghugas ng bukong-bukong	
Pagsasagawa ng Salah pagkatapos lumango ng alak	
Pagsasagawa ng Salah pagkatapos maligo nang hindi nagsasagawa ng wudhu	

Pangalawa: Az-zakah (Kawang-Gawa)

Ito'y nahahati sa dalawa:

Zakah ng katawan

Ito ang *zakatul fitr*, obligado sa bawat muslim na matanda o bata, lalaki o babae, alipin o malaya.

Zakah ng pera o yaman

Ito ang pangatlong rukon (haligi) mula sa mga haligi ng Islam, at ito'y wajib (obligado) sa bawat Muslim na malaya, nagmamay-ari, nasaban (umabot na sa timbangan), at walang zakah hanggang sa umabot sa kanya ang hawl (isang buong taon) liban sa mga mula sa ilalim ng kalupaan at anumang sumunod sa orihinal nito katulad ng dagdag sa nisab o kita sa kalakalan dahil ang hawl nito'y kasama sa orihinal nila. Ito naman ay nahati sa apat:

An-naqdayn

Ginto at pilak kasama na rito ang mga salapi at iba na kasing-kahulugan nito. Nisab ng ginto ay 20 *mithqal* (85 gramo) at *nisab* ng pilak ay 200 *dirham* (595 gramo)

Assaimatu mula sa bahimatul an-am

Ito ang pag-aalaga ng hayop na halal; isang buong taon o mas higit pa.

Ibig ipahiwatig ng *bahimatul an-am* : Kamelyo, baka at tupa (kambing).

Ang inilabas ng kalupaan (Produkto ng Lupa)

Ito ang mga bunga at prutas

Urudh Atijaarah

Ito'y kabilang sa pagbenta at pagbili.

Ang mga Makakatanggap ng Zakah

1. **Ang mga faqir:** sila yaong mga nangangailangan na walang mahanap na kahit ano o mayroong mahanap ngunit hindi sapat.
2. **Ang mga miskin:** sila yaong mayroon maitugon ng higit o kalahati ng kanilang pangangailangan. Kung ilalagay natin ang pangangailangan sa isang taon ay 12000; para sa faqir hindi aabot sa 6000 ang mayroon siya sa loob ng isang taon o wala talaga sa kanya kahit ano, ang miskin naman mayroon siyang 6000 sa isang taon o mas marami pa hindi lamang aabot sa 1200. Ibibigay natin sa *faqir* at *miskin* anuman ang kanyang pangangailangan sa isang taon dahil ang *Zakah* ay sa loob ng isang *hawl*.
3. **Ang mga naglilingkod sa pagtitipon ng Zakah:** sila yaong mga nagtitipon o nangangalap nito at nangangalaga at binigyan ng karapatan sa pagbahagi. Ang *wali amr* ang magbibigay sa kanila ng kapangyarihan, at hindi kondisyon na sila ay kabilang sa mga mahihirap bagkus sila ay bibigyan kahit pa sila ay mayaman.
4. **Ang mga mapalulubag-loob ng mga puso:** sila yaong mga hinahangad na pumasok sa Islam o tumigil ang kanilang kasamaan o upang lumakas ang kanyang pananampalataya.
5. **fi Arriqab:** sila yaong:
 - *almukatab almuslim*, siya ay isang alipin na binili ng kanyang sarili ang kanyang kalayaan.
 - Ang pagpapalaya sa mga aliping muslim.
 - Muslim na bihag ng kalaban.
 - At hindi kabilang ang pinalaya ng kanyang amo pagkatapos ay kukuha ng pera sa zakah, hindi ito maaring gawin.
6. **Algharimun (may pagkakautang):** sila yaong:
 - Nagkautang upang magkasundo ang dalawang panig na magkaaway.
 - walang kakayahang bayaran ang kanyang pagkakautang.
 - Hindi magiging sapat na mawala ang responsibilidad ng isang mahirap na may utang sa intensyon ng zakah.

7. **Pakikibaka alang-alang sa Allah:** tinutukoy dito ang pakikipagdigma kasama na ang mga pangangailangan mula sa mga armas at iba pa.
8. **Ibn Assabil:** Ito yaong naglalakbay at naubusan ng panggastos, bibigyan siya ng panustus upang makabalik siya sa kanyang lugar.

Maaaring ibigay sa isa man sa kanila, at hindi maaaring ibigay ang *zakah* sa isang mayaman o sa isang malakas na may kakayahang maghanapbuhay, at hindi rin sa pamilya ni Muhammad; sila ang angkan ni Hashim, at hindi rin sa sinuman na obligado sa kanya na tustusan ang pangangailangan nito, at hindi rin sa isang kaafir. Ngunit ang *sadaqah tatawwu'* maari itong ibigay sa kanila at sa iba pa, ngunit kung saan mas malaki ang kabutihan - pangkalahatan man o natatangi – ito ang pinakamainan o kumpleto.

Mga importanteng kahulugan

- ***Bint makhadin*** mula sa lahi ng kamelyo, ang gulang ay isang taon, tinawag nang ganito dahil ang kanyang ina ay buntis.
- ***Bint labun*** mula din sa lahi ng kamelyo, ang gulang ay dalawang taon, tinawag nang ganito dahil ang kanyang ina ay may gatas.
- ***Alhiqqah*** mula din sa lahi ng kamelyo, ang gulang ay tatlong taon.
- ***Aljada-'ah*** mula din sa lahi ng kamelyo, ang gulang nito'y apat na taon.
- ***Attabii' o Attabiah*** mula sa lahi ng baka, ang gulang nito'y isang taon.
- ***Almusinnah*** mula din sa lahi ng baka, ang gulang nito'y dalawang taon.

Mga Halaga ng Zakah

Amwal (yaman)	Alhawl	Annisab	Porsyento ng Zakah
<i>Assaimah mula sa bahimatul an-am</i>	kabilang sa kondisyon	tingnan ang talaan pagkatapos	tingnan ang talaan pagkatapos
<i>Ang inilabas ng kalupaan (produkto ng lupa)</i>	hindi kondisyon	300 saa'	pinatutubigan ng ulan o ilog 10%
			pinatutubigan ng <i>Annadh</i> (patubig) 1/2 (10%)
			pinatutubigan ng dalawa sa kanila 3/4 (10%)
<i>Al-athman</i>	kabilang sa kondisyon	85 gramo kung Ginto at 595 gramo kung ito'y Pilak	1/4 (10%)
<i>Urudh Attijarah</i>	kabilang sa kondisyon	Titimbangin sa pinakamainam para sa mga mahihirap mula sa ginto o pilak	1/4 (10%)

Nisab ng zakah ng saimah mula sa bahimatul an-am at ang bilang nila:

Alghanam: Adda'n at Almaaiz			Kamelyo na mayroong isang sanam o dalawa			Ang baka		
bilang		Zakah nito	bilang		Zakah nito	bilang		Zakah nito
mula	hanggang		mula	hanggang		mula	hanggang	
40	120	shah (kambing)	5	9	shah	30	tabiun o tabiah	
			10	14	2 shah	39		
121	200	2 shah (kambing)	15	19	3 shah	40	59	musinnah
			20	24	4 shah			
201	300	3 shah (kambing)	25	35	bint makhadh	60	69	2 tabiah
pagkatapos sa bawat 100 ay isang shah			36	45	bint labun	pagkatapos sa bawat 30 isang tabiun at sa bawat 40 isang musinnah **[pakitingnan lamang ang talaan sa pahina 126 para sa mga kahulugan nito]		
Hindi maaaring gawing sadaqah: <i>taysun</i> (lalaking ma'z), ni ang <i>harimah</i> , ni mayroong depekto, ni hindi ang pinakamapangit na pagmamay-ari. At hindi rin maaaring gawing sadaqah: ang payat, bagong panganak, matakaw kumain, ni ang pinagpiliang pagmamay-ari.			46	60	hiqqah			
			61	75	jadaah			
			76	90	2 bint labun			
			91	120	2 hiqqah			
			121	129	3 bint labun			
			pagkatapos sa bawat 40 isang bint labun at sa bawat 50 isang hiqqah. Ang <i>waqs</i> ay mula 9 pababa (at siya ay pagitan ng dalawa)					

Mga Katanungan sa Zakah

- 1) **Hindi ma-oobligado ang zakah hangga't hindi ito umabot ng isang hawl; at ito'y isang taon:**
☐ hijri ☐ gregorian ☐ walang pinag-iba
- 2) **Nisab ng ginto ay:**
☐ 85 g ☐ 595 g ☐ 95 g
- 3) **Nisab ng pilak ay:**
☐ 200 dirham ☐ 595 g ☐ lahat ng nabanggit
- 4) **Bahimatul an-am kinapalooban ito ng kamelyo, baka, at kambing.**
☐ tama ☐ mali
- 5) **Walang zakah sa mansanas.**
☐ tama ☐ mali
- 6) **Assamiah ay:**
☐ ito ang umaakyat ang presyo
☐ ito ang inalagaan ng isang hawl o madami pa
- 7) **Ang inaalagaan na mubah ay:**
☐ ito ang kumakain ng mga mabubuti
☐ ito'y walang nagmamay-ari
- 8) **Kapag sinabing *masakin* nakapasok na dito ang mga *fuqara*'.**
☐ tama ☐ mali
- 9) **Bibigyan ang *faqir* na makakasapat sa kanyang pangangailang ng:**
☐ isang taon ☐ isang buwan
- 10) **Ang naglilingkod sa pangangalaga sa zakah sila ang:**
☐ lahat nang nagtrabaho sa kanya
☐ silang lamang ang inutusan ng sultan

11) Kuwentahin ang *miqdar* (dami) ng ibibigay na zakah.

Yaman	<i>Miqdar</i>	Wags kung mayroon man
100 dirham		
300 dinar		
400 dirham		
80 gram ng ginto		
500 gram ng pilak		
30 kambing		
60 kambing		
565 kambing		
4 na kamelyo		
17 na kamelyo		
449 na kamelyo		
30 baka		
49 baka		
77 baka		
99 baka		
20 milyon riyal		
40 riyal		
45679 riyal		
255 sa' ng harina		

12) Ang mga mapalulubag-loob ng mga puso kabilang dito ang kafir kahit hindi niya gustong pumasok sa Islam.

- ☐ tama ☐ mali

13) Kapag pinalaya ang isang alipin ng kanyang amo, bibigyan siya (amo) mula sa zakah.

- ☐ tama ☐ mali

14) Isang mayaman hinihingi mula sa mahirap ang bayad, hindi kayang ibigay ang bayad at binilang ito mula sa zakah.)

- ☐ tama ☐ mali

15) Ang *fi sabilillah* (alang-alang sa daan ng Allah) napapaloob dito ang lahat ng paggawa ng kabutihan tulad ng paggawa ng Masjid.

- ☐ tama ☐ mali

16) Bibilangin ang zakah ng *naqdayn* ng 40%.

- ☐ tama ☐ mali

17) Wajib ang zakah sa *saaimah* ng *bahimatul an-am* at hindi sa *hindi-saimah*.

- ☐ tama ☐ mali

18) Wajib ang zakah sa mga bunga at prutas kapag umabot sa *nisab*, at ito'y bibilangin sa oras na mahinog.

- ☐ tama ☐ mali

19) Wajib ang zakah sa mga bunga at prutas na 1/2 10% kung ito'y pinatubigan sa sarili niyang gastos.

- ☐ tama ☐ mali

20) Wajib ang zakah sa ginto kapag ito'y umabot sa *nasab* at ito'y 20 *mithqal*.

- ☐ tama ☐ mali

21) Piliin sa ibaba ang wajib bigyan ng zakah.

- ☐ Manok
- ☐ tindahan
- ☐ Mga kambing pinapakain ng feeds
- ☐ kamelyo *saimah*
- ☐ date palm
- ☐ 25 *mithqal* ng ginto

22) Ang *tabii'* mula sa baka ay yaong umabot sa 2 taon.

- ☐ tama ☐ mali

23) Ititimbang ang paper money sa:

- ☐ *urudh tijarah*
- ☐ sa presyo ng nisab ng ng ginto o pilak
- ☐ sa presyo ng nisab ng ginto at pilak

24) Ang wajib sa zakah ng paper money ay:

- ☐ 1/4 ng 10% ☐ 1/2 ng 10%

25) 80 gramo ng ginto, ang zakah nito:

- ☐ 2 gramo ☐ 4 gramo ☐ walang zakah

26) Wajib na bigyan ng zakah ang bahay para gawing tirahan.



- ☐ tama ☐ mali

27) Lahat ng manlalakbay ay bibigyan mula sa zakah dahil sila ay *ibn sabil*.

- ☐ tama ☐ mali

Pangatlo: As-siyam (Pag-aayuno)

Literal na kahulugan: *Al-Imsak* o Ang pagpipigil, at kahulugan pang-Islamiko: Ang pagsamba sa Allah sa pamamagitan ng pagpipigil mula sa pagkain at pag-inom at lahat ng nakakasira ng pagaayuno mula sa pagsikat ng *fajar saadiq* hanggang sa paglubog ng araw.



Shurut sa Pagkaobligado ng Pag-aayuno

1. *Al-Islam*
2. Tamang pag-iisip
3. *Albulugh* (tamang gulang): kung hindi *baaligh* mainam na siya'y tuturuan at uutusan ng kanyang waliy.
4. *Al-istitaan*: hindi magiging *wajib* sa isang naglalakbay, ngunit pinakamainam na siya'y mag-ayuno kung walang anumang mararanasang hirap sa paglalakbay; dahil sa nagawa ito ng Propeta, at dahil upang mapabilis ang pagkawala mula sa nakapatong na responsibilidad, at ito'y mas madali para sa mga *mukallaf*, at para matamasa ang kainaman ng buwan
5. Ang kalusugan
6. Walang *hayd* o *nifas*

Mga Uri ng Sakit sa Pag-aayuno

Sakit na hindi na maaring gumaling

Kabilang dito ang mga matatanda na walang kakayahang mag-ayuno, hindi obligado ang pag-aayuno para sa kanila ngunit sila'y magpapakain sa bawat araw ng isang *miskin*, o di kaya ay iipunin sila katumbas ng araw na hindi nila napag-ayunuhan at pagkatapos sila'y pakakainin sa tanghali man o sa gabi, o di kaya ay maghanda ng pagkain sa kanila katumbas ng araw na kanyang naiwan; sa bawat isang *Miskin* ay 1/4 saa' katumbas ng 1/2 kilo 10 gram ng arina na mainam. Mainam pa dito na dagdagan niya ng ulam mula sa laman o taba.

Sakit na maaring maalis ngunit magiging mahirap para sa nag-aayuno

Kabilang dito ang mayroong *hayd*, *nifas*, kabilang na dito ang inang nagpapasuso ng anak, at manlalakbay. Babayaran na lamang niya ang naiwan nilang araw ng pag-aayuno. At kapag siya'y namatay bago pa man gumaling wala na siyang pananagutan pa rito.

Paano mapagtitibay ang pagpasok ng buwan ng Ramadhan?

Ito'y maaari sa pamamagitan ng pagsipat o pagtanaw sa *hila* o buwan ng Ramadhan, o ang pagkumpleto ng sha'ban ng tatlongpung araw.

Mga Nakakasira ng Pag-aayuno

1. Sadyang pag-inom o pagkain, kung siya'y nakalimot; ang kanyang pag-aayuno ay mananatili pa ring nasa tama.
2. Pakikipagtalik: kapag ito'y sa araw ng ramadhan at ang pag-aayuno ay *wajib* kailangan niya ng *kaffarah mughalladhah*; ito ang pagpapalaya ng alipin, kung hindi makahanap siya'y mag-aayuno ng dalawang buwan na magkasunod, kung hindi makakayanan magpapakain ng animnapung *miskin*.
3. Paglabas ng semilya dahil sa *foreplay* o paghalik o pagyakap o anumang katulad nito.
4. Anumang kapalit ng pagkain at pag-inom, tulad ng iniksyon na katumbas ng pagkain kung hindi naman ito pagkain; hindi ito kabilang sa nakakasira ng pag-aayuno.
5. Paglabas ng dugo gamit ang *hijamah*, at ang paglabas ng kaunting dugo dahil sa check-up o anumang katulad nito; hindi kabilang sa nakakasira ng pag-aayuno.
6. Sadyang pagsuka.
7. Paglabas ng dugo ng *hayd* o *nifas*.

Kabilang sa maaaring gawin ng isang nag-aayuno

Paglunok ng laway, pagtikim ng pagkain kung kinakailangan, pagligo, paggamit ng siwak, pagpapabango, pagpapalamig.

Mga Mustahab sa Pag-aayuno

1. *Assuhur*
2. Pagpapahuli ng *suhur*
3. Pagmamadali sa *fitr*
4. Ang pag-iftar sa pamamagitan ng *rutab*, kung wala naman ay tamar at dapat ay ayon sa bilang ng *witr* (gansal), kung wala naman maari ang pag-inom ng tubig, kung walang mahanap na anumang pang-iftar; maari na siya'y mag-intensyon na lamang ng *fitr*.
5. Ang panalangin sa oras ng *fitr* o kalagitnaan ng pagaayuno
6. Pagpapadami ng *sadaqah*
7. Ang pagsasagawa ng Salah sa mga gabi
8. Pagbabasa ng Qur-an
9. Pagbanggit ng (*inniy saaim*) sa sinumang inaaway siya
10. Ang pasasagawa ng Umrah
11. Pagsasagawa ng I'tikaf sa huling sampung gabi ng Ramadhan
12. Paghahanap sa *laylatul qadar*

Ang mga Makruh sa Pag-aayuno

1. Ang sobrang pagmumug at pagsinghot.
2. Pagtikim ng pagkain na hindi naman kinakailangan.

Ipinagbabawal sa Nag-aayuno

1. Ang paglunok ng plema at hindi ito nakakasira.
2. Ang paghalik, ito'y ipinagbabawal sa sinumang hindi niya mapapangalagaan ang kanyang pag-aayuno mula sa pagkasira nito.
3. *Qawl Azzuur* (ito ang paggawa ng mga haram).
4. *Al-jahal* (ito ang kamangmangan o kahangalan at walang kainaman).
5. *Al-wisaal* (hindi siya mag-iiftar ng dalawang araw na magkasunod).

Pag-aayuno ng Nafl:

1. Pag-aayuno ng anim na araw sa buwan ng Shawwal sa sinuman ang nakakumpleto ng pag-aayuno sa buwan ng Ramadhan, at nararapat ay sunod-sunod mula sa pangalawang araw.
2. Pag-aayuno sa araw ng Arafah sa sinuman na hindi nagsasagawa ng Hajj.
3. Pag-aayuno sa araw ng Ashura', kasama ang ika-siyam at labing-isang araw.
4. Pag-aayuno sa araw ng lunes at huwebes.
5. Pag-aayuno ng tatlong araw sa bawat buwan, pinakamainam ang *ayyamul biyd* (13 – 14 – 15) [ng hijrah calendar].
6. Pag-aayuno ng isang araw at kinabukasan ay iftar.
7. Pag-aayuno sa banal na buwan ng Allah; ang Muharram
8. Pag-aayuno sa unang siyam na araw sa Dhul Hijja
9. Pag-aayuno ng Sha'ban ngunit hindi ito ikukumpleto.

Pag-aayuno na Makruh

Makruh ang pagbubukod-tangi ng pag-aayuno sa araw ng biyernes o sabado o linggo, ngunit kung mayroon itong rason tulad ng pag-aayuno sa araw ng Arafah; maaari itong gawin.

Pag-aayuno na Muharram (Ipinagbabawal)

1. Pag-aayuno ng bukod-tangi sa buwan ng *Rajab*.
2. Pag-aayuno sa dalawang araw ng *Eid*.
3. Pag-aayuno sa araw ng *shak*.
4. Pag-aayuno sa araw ng *tashreeq* liban sa walang *hadiy*.
5. Pag-aayuno ng isang buong taon.

Mga Hukom sa Qada' (Pagbabayad)

- *Mustahab* ang pagkasunod-sunod sa *qada'*.
- Nararapat na madaliin ito pagkatapos ng araw ng Eid.
- Hindi maari ang pagpapahuli ng *qada'* hanggang sa dumating ang panibagong Ramadhan.
- Kung ito'y ipapahuli ng walang dahilan, hindi na obligado ang pag-aayuno na kanyang naiwan liban na lamang mayroong siya kasalanan.

Zakatul Fitr

Obligado sa sinuman na lulubog sa kanya ang araw ng huling araw mula sa buwan ng Ramadhan at siya ay Muslim, maging ito'y matanda o bata, lalaki o babae, alipin o malaya, at mayroong siyang labis na pagkain na katumbas ng isang saa' sa araw ng *Eid* at gabi nito, at *mustahab* para sa batang nasa sinapupunan.

Ang *hikmah* sa pagsasabatas nito:

- Pagdadalisay sa nag-aayuno mula sa walang pakinabang na gawain o kasamaan.
- Ito'y makakatulong sa mga mahihirap at mga nangangailangan sa araw ng *Eid* upang di na sila manghingi pa.

Oras para ilabas ang Zakatul Fitr:

Oras ng jawaaz:

Bago ang *Eid* ng isa o dalawang araw.

Oras ng mustahab:

Bago ang salah ng *Eid* pagkatapos ng fajar.

Oras ng tahreem:

Pagkatapos ng *Eid*

Timbangan ng Zakatul Fitr

Saa'un mula sa pagkain na kinakain ng mga tao, hindi magiging katanggap-tanggap kung ito'y pera, at ang timbangan ng saa' ay 2.40 kilo ng harina.

Salatul Eid

Ito'y *fard ayn* sa bawat isa, magsasagawa ng salah pagtapos ng pagsikat ng araw na kasing haba ng pana hanggang *zawal*. Hindi na kailangan ang *qada'* (pagbabayad) kapag nakaligtaan. At ang sunnah ay idadaos sa disyerto labas ng kabahayan ngunit maari ring gawin sa masjid. At kumain ng tamar sa bilang na *witr* (gansal) bago ang Eid, at pagkatapos ay maglinis, magpabango at magsuot ng pinakamagandang damit. Pumunta at bumalik sa magka-ibang daanan, walang masama kung magsasabi ng: (*taqabballahu minna wa minkum*). Sunnah din ang pagtakbir sa gabi ng Eid at pagkatabos ng bawat obligadong Salah hanggang sa paglubog ng araw sa araw ng Eid, ang pamamaraan ng takbir: (*Allahu Akbar, Allahu Akbar, la ilaha illa Allah, Allahu Akbar, Allahu Akbar, wa lillahil hamd*). Ang pamamaraan ng Salat ul Eid ay dalawang rakaah bago ang khutbah, magtakbir sa unang rakaah ng anim na beses pagkatapos ng *takbiratul ihram*, at sa pangalawang rakaah bago pa ang pagbabasa; magtakbir ng limang beses hindi pa kabilang ang takbir sa pagtayo.

**Mga Katanungan sa
Pag-aayuno**

1) Ilan ang haligi ng pag-aayuno?

☐ 2

☐ 3

☐ 4

2) Kani-kanino wajib ang pag-aayuno?

.....

.....

.....

.....

.....

.....

3) Lahat ng maysakit ay pinipigilan na mag-ayuno.

☐ tama

☐ mali

4) Ibigay ang hukom ng bawat *mas-alah* (pangyayari) sa ibaba:

<i>Mas-alah</i> (sitwasyon)	Hukom
Nag-intensyon ng pag-aayuno pagkatapos ng Fajar	
Pag-aayuno ng walang intensyon	
Pag-aayuno ng bata	
Pag-aayuno ng isang naglalakbay	
Pag-aayuno ng may <i>nifas</i>	
Pag-aayuno ng walang kakayahan	
Kumain siya habang nag-aayuno	
Iniksyon na katumbas ng pagkain sa isang nag-aayuno	
Mga pinapatak sa mata	
Injection pampakalma	
Ang <i>hijamah</i>	
Pagsusuka	
Paglunok ng laway	
Pagtikim ng pagkain	
Pagtulog	

Pagligo	
Pagpapalamig	
Paggamit ng siwak	
Bukhoor uri ng pabango	
Oras ng <i>suhur</i>	
Ano ang kinakain sa suhur?	
Ano ang kinakain sa pag-iftar?	 kung wala ay kung wala ay kung wala
Salatul Taraweh	
Umrah sa Ramadhan	
Ang labis na pagmumumog at pag-singhot ng tubig	
Ang paghalik ng nag-aayuno	
Ang <i>wisal</i> pag-aayuno ng magkasunod na dalawang araw	
Pag-aayuno ng 6 na araw sa Shawwal	
Pag-aayuno sa araw ng Arafah	
Pag-aayuno sa araw ng <i>shak</i>	
Pag-aayuno sa araw ng Eid	
Pag-aayuno sa araw ng <i>tashriq</i>	
Pag-aayuno sa buwan ng Muharram	
Pag-aayuno sa buwan ng Rajab	
Pag-aayuno ng isang buong taon	
Pag-aayuno sa araw ng Jumuah	
Pinapahuli ang <i>qada'</i> (pagbabayad) hanggang sa dumating ang panibagong Ramadhan	

Pang-apat: Ang Hajj

Ang Hajj ay panglimang *rukun* (haligi) mula sa mga haligi ng Islam, at ito'y *wajib* sa kondisyon; Al-Islam, tamang pag-iisip, *bulugh*, malaya, may kakayahan, at karagdagan para sa mga kababaihan ay dapat magkaroon ng *mahram* kung kailangan niya'ng maglakbay para maisagawa ang Hajj. Ang *arkan* (mga haligi) nito'y apat:

Al-ihram

Ito ang intensyon para pumasok sa nusuk, at ito'y hindi talbiyah at hindi rin ang pagsuot ng Izar (tapis) at rida' (balabal).

Pananatili sa Arafah

Mula *zawal* sa ikasiyam na araw ng Dhul Hijja hanggang sa pagsikat ng *fajar* sa araw ng Eid. Sabi ng Propeta ﷺ: ((**Ang Hajj ay Arafah**)).

Tawaf Al-ifadah

(*tawaf azziyarah*) ito'y pagkatapos nang pananatili sa Arafah, at hindi ito *tawaf alqudum*.

Assai'y

Sa pagitan ng Safa at Marwah, sabi ng Allah: (**katotohan ang Safa at Marwah mula sa mga tanda ng Allah**).

Mga Uri ng Nusuk

Al-ifrad

Ito ang intensyon na Hajj lamang, at isasagawa niya ang gawain ng iisa lamang.

Alqiraan

Ito ang intensyon na Hajj at Umrah na magkasama sa isang gawain, at nararapat na mag-alay siya ng *hadiy*.

Attamattu'

Ito ang intensyon na Umrah sa buwan ng Hajj, pagkatapos ay magintensyon ng Hajj sa taon na iyon, at nararapat na mag-alay siya ng *hadiy*.

Ang mga Wajib (obligado) sa Hajj

Sinuman ang may maiwan mula sa mga wajib ng Hajj magiging obligado sa kanya ang *dam*; ito'y *shah* (tupa) na kanyang kakatayin sa haram makkiy at ipamimigay sa mga mahihirap ng Makkah, at hindi maaari para sa kanya ang kumain mula rito.

Ang <i>Ihram</i> sa <i>meeqat</i>	Ang pananatili sa Arafah hanggang paglubog ng araw sa sinuman ang nagsimula sa araw.
Ang pananatili sa gabi sa Mudzdalifa	Pananatili sa gabi sa Mina sa mga gabi ng <i>tashriq</i>
Ang pagbato sa jamarat na pinakamalaki	Ang pagpapagupit o pag-ahit ng buhok.
<i>Tawaful wada'</i> sa mga walang <i>hayd</i> at <i>nifas</i>, sa sinuman ang gustong umalis ng Makkah kahit pagkatapos ng mga buwan ng Hajj.	

Ang mga Meeqat ng Hajj at Umrah

Panahon	Lugar
Ito ang mga buwan ng Hajj: Shawwal, Dhul Qa'dah at Dhul Hijja. Ang mga <i>meeqat</i> na ito'y natatangi lamang sa Hajj, ngunit sa Umrah walang natatanging panahon ang pagsasagawa nito.	– Dhul hulayfah para sa mga taga Madinah at sinuman ang dadaan dito. – Aljuhfa para sa taga Shams, Egypt at Morroco. – Qarn Almanazil para sa mga galing ng Najd – Yalamlam para sa taga Yemen – Dhata Irq para sa mga taga Iraq

Mga Mustahab ng Hajj



Ang mga Ipinagbabawal sa Ihram

Ito'y siyam: Pagputol o paggupit ng buhok sa ulo man o katawan, pagputol ng mga kuko, pagtakip ng ulo sa pamamagitan ng pagdikit nito para sa kalalakihan, pagsusuot ng mga tinahi (damit) para sa kalalakihan; ito'y mga iniayon sa katawan o sa isang parte nito, pagsusuot ng *niqab* at *qaffazin* (guwantes) para sa mga kababaihan, ang pabango (tulad ng sabong mabango), ang pagpatay ng hayop sa kalupaan at pangangaso nito, *aqdun* (pagsagawa ng *nikah* sa sarili niya o sa iba, ang pagtatalik, foreplay hindi kasama ang maselang bahagi.

Sinuman ang makagawa ng anuman dito nakalimutan o hindi alam o *makruh* walang anumang ipapataw sa kanya, liban sa pagpatay ng hayop; marapat na siya ay magbigay ng *fidyah*. Para naman sa sinadyang gawin ang anuman dito, ito'y nahati sa apat:

Walang fidyah

Ito ang Aqdun *nikah* kasama na dito kung ginawa niya para sa sarili niya o para sa iba, ganuon din sa foreplay na hindi kasama ang maselang bahagi; at kapag hindi naman nagbulalas walang anumang *kaffarah*, bagkus humingi na lamang ng kapatawaran.

Mayroong fidyah na katulad niya

Ito ang pagpatay sa hayop sa kalupaan at pangangaso nito, kung sinuman ang nakapatay para sa kanya ay fidyah. Ito ang hayop na ipapataw ng isang adl makatarungan na tao.

Mayroong fidyah mughalladah (malaki)

Ito ang pagtatalik, kung ang pagtatalik ay bago ang tahallul; nasira ang kanyang Hajj at kailangan niya paring itong ipagpatuloy at marapat niyang ulitin ang Hajj at oblidago sa kanya ang badannah (kamelyo).

Mayroon fidyah na tinatawag fidyah adhan

Ito ang mga naiwan mula sa mga ipinagbabawal at ang fidyah ay pagpili mula sa: Pag-ayuno ng tatlong araw o pagpapakain ng anim na mahihirap na ang bawat isa sa kanila ay kalahating saa' o pagkatay ng tupa at ipamimigay sa mga mahihirap sa loob ng Makkah.

Mga Pangalan ng mga Araw sa Hajj

Yawmut tarwiiyyah	Yawm Arafah/ Alwaqafah	Yawmul Eid o yawmun nahar	Yawmul qar	Yawmun nafar al-awwal	Yawmun nafar ath-thaniy
Ito ang ikawalong araw, ginagawa nila nagdadala sila ng tubig papunta sa Mina.	Ito ang ikasiyam na araw	Ito ang ikasampung araw	Ito ang ikalabing isang araw	Ito ang ikalabing dalawang araw	Ito ang ikalabing tatlong araw

At **laylatu jam-in** ito ang gabi ng Eid, tinawag ito ng ganito dahil sa *ijtima'* o pagtitipon ng mga tao pagkatapos ng pagtayo sa Arafah; dahil ang mga taga Makkah sa panahon ng *jahiliyyah* hindi sila lumalabas papuntang Arafah.

Mga lugar ng panalanginan sa Hajj ay lima:

sa Arafah pagkatapos ng <i>zawal</i> ikasiyam na araw hanggang sa paglubog ng araw.	sa Mudzdalifah pagkatapos ng Fajar ikasiyam hanggang lumiwanag.	pagkatapos batuhin ang <i>jamarah sughrah</i> at <i>wusta</i> sa araw ng <i>tashriq</i> .	habang nagsasagawa ng <i>tawaf</i>	habang nagsasagawa ng <i>saiy</i> sa Safa at Marwah at sa pagitan nito.
---	---	---	------------------------------------	---

Ang Pamamaraan ng Pagsasagawa ng Hajj at Umrah
Sh. Saleh Al-uthaymin *rahimahullah*

At kapag kayo ay darating sa *meeqat*; maligo kayo at magpabango sa inyong katawan kasama ang ulo at balbas pagkatapos ay mag-*ihram* (mag-intensyon) ng umrah *mutamatti'*. Maglakbay papuntang Makkah habang nagtatalbihay at kung inyong mararating ang *baytul haram*; magsagawa ng tawaf na pitong ikot at itong tawaf ay para sa Umrah *tawaful umrah*. Pakaalamin na ang lahat ng lugar sa Masjid ay lugar na maaring isagawa ang tawaf malapit man sa Ka'bah o malayo, ngunit ang pinakamainam ay yaong pinakamalapit; kung hindi makakadagdag sa kasikipan ng lugar dahil kung magkagayon ay lumayo ka dito - ang paksa ito'y madali Alhamdulillah -. Kapag inyo nang natapos ang tawaf; magsagawa ng Salah sa likod ng *maqam Ibrahim alayhissalaam* maaring malapit dito kung makakayanan at kung hindi man kahit malayo. Ang importante gawin mo ang *maqam* sa pagitan mo at ng Ka'bah. Pagkatapos ay magsagawa ng *Sai'y* sa umrah at magsimula sa Safa, at kung makumpleto mo ang pitong *sawt* [paglalakad mula Safa hanggang Marwa o baliktaran] at pagkatapos ay magbawas ng buhok – nang pantay-pantay - mula sa inyong mga ulo sa lahat ng parte nito . Hindi sapat na bawasan lamang ang ibang parte, wag kang pabaya katulad ng ginagawa ng karamihan sa mga tao ngayon.

Kung darating ang ikawalo ng Dhul Hijjah; maligo, magpabango, mag-*ihram* (mag-intensyon) para sa Hajj sa inyong kinalalagyan, at lumabas papuntang Mina at magsagawa roon ng Salatuh Dhuhr, Asar, Maghrib Iesha at Fajar *qasran* (pina-ikli) at hindi jam-an (pinagsama); dahil ang inyong Propeta *sallallahu alayhi wassalam* ay pinapaikli (qasr) niya ang Salah sa Mina at Makkah hindi pinagsasama (jama'). Sa pagsikat ng araw sa araw ng Arafah, pumaron papuntang Arafah habang nagtatalbihay at nagpapakumbaba sa Allah, ipagsama ang Dhuhr at Asar *jama' taqdeem* nang tig-dadalawang rakaah, pagkatapos ay punuin ang panahon sa panalangin at pag-alaala sa Allah, at palagian mong gawin na ikaw ay nasa loob ng Taharah. Humarap sa qiblah kahit pa ang bundok ay nasa iyong likuran; dahil ang *masru'* (isinabatas) ay pagharap sa qiblah at tingnan maiigi ang mga hangganan ng Arafah at kanyang palatandaan, dahil karamihan ng mga *hujjaj* (nagsasagawa ng Hajj) sila'y nanatili hindi sa Arafah at sinuman ang hindi tatayo o mananatili sa Arafah walang Hajj para sa kanya; dahil sa pagkakasabi ng Propeta *sallallahu alayhi wassallam* ((**Ang Hajj ay Arafah**)) at lahat ng Arafah ay *mawqif* lugar tayuan kanluran man o silangan nito, timog man o

hilaga nito maliban sa tiyan ng waadiy (*wadiy arnah*); dahil sa pagkakasabi ng Propeta *sallallahu alayhi wassalam* ((**Ako'y tumayo dito, at ang Arafah ay lahat mawqif**)). Sa paglubog ng araw at kayo'y sigurado sa kanyang paglubog, pumunta ng Mudzdalifah habang nagtatalbiyyah at nagpapakumbaba sa Allah.

Kung kayo ay darating sa Mudzdalifa magsagawa ng Salah doon ng Maghrib at Isha, hindi binigyan ng permiso ng Propeta *sallallahu alayhi wassalam* ang sinuman na umalis ng Mudzdalifa bago ang Fajar maliban sa mahihina binigyan sila ng permisyo na umalis sa pinakahuling gabi. At pagkatapos ninyong magsagawa ng Salah ng Fajar humarap sa qiblah, dakilain at purihin ang Allah, at manalangin hanggang pumula ang kalangitan. Pagkatapos ay maglakbay - bago sumikat ang araw - papuntang Mina, pagkatapos kumuha ng pitong maliliit na bato at pumunta sa *jamrah aqabah*; ito ang pinakahuli pagkatapos nito'y ang Makkah. Batuhin ito pagkatapos sumikat ang araw ng pitong beses, habang nagtatakbir sa bawat bato at nagpapakumbaba sa kanya at siya ay dinadakila.

Pakaalamin ninyo na ang *maqsud* ng pagbato ay upang idakila ang Allah at pagsagawa ng pag-alaala sa kanya. Kailangan na makapasok ang mga bato sa *hawd* at hindi kondisyon na matamaan ang column. Pagkatapos niyo sa pagbato ay katayin ninyo ang inyong *hadiy*, hindi sapat ang *hadiy* maliban kung ano ang sapat sa *udhhiyah*. Walang masama kung mayroon kang itatalaga para sa pagkatay nito. Pagkatapos ay ahitin ang buhok pagkatapos ng pagkatay, wajib na ahitin ang lahat ng buhok sa ulo at hindi maaari na ahitin lamang ang ibang parte. Ang babae puputulan lamang pinakadulo ng buhok na kasing haba ng daliri. At pagkatapos nito'y maaari na siyang magtahallul [ibig sabihin yung mga dating ipinagbawal sa kanya ay maari na niyang gawin] ito'y tinatawag na *tahallul al-awwal*; maari na siyang magsuot ng damit, magputol ng kuko at magpabango maliban ang lumapit sa babae (pakikipagtalik at ang mga gawain papunta dito). Bago ang Dhuhr ay pumunta ng Makkah at magsagawa ng tawaf ng Hajj at magsai' pagkatapos ay bumalik sa Mina. Sa pagkasagawa ng tawaf at sai'y kasama ang *ramyu* (pagbato) at *halq* (pag-ahit) kayo nasa *tahallul thaniy* ibig sabihin maari na sa inyo ang kahit ano pati na ang paglapit sa asawa.

O kayong mga tao! Katotohanan ang nagsasagawa ng Hajj sa araw ng Eid ay mayroong apat na *nusuk* (ritwal) na gagawin: *ramyul jamrah* (pagbato sa jamarat), pagkatapos ang *nahar* (pagkatay), pagkatapos *halq* (pag-ahit), pagkatapos tawaf at sai'y, itong pagkasunod-sunod ay mas mainam ngunit kung mauna man ang iba sa iba; halimbawa nauna ang *halq* bago ang

pagkatay walang *haraj* (problema), o di kaya ay gawin ang tawaf at sai'y kapag aalis na lamang mula sa Minaa walang din *haraj* (problema), o di kaya ay gagawin mo ang pagkatay sa ikalabing-tatlong araw walang ding *haraj*, lalong lalo na sa panahon na kinakailangang mong gawin ito o para sa ikakabuti.

At manatili sa gabi ng ikalabing-isang araw sa Mina, at sa oras ng *zawal* batuhin ang tatlong jamarat; unahin ang una pagkatapos ang wusta at pagkatapos ang aqabah sa bawat isa sa kanila ay pitong batong maliliit habang nagtatakbir sa bawat bato. Ang oras ng pagbato sa araw ng Eid - sa may kakayahan - mula sa pagsikat ng Araw at para sa mga mahihina mula sa pinakahuling gabi at ang pinakahuli nito hanggang paglubog ng araw. At ang oras naman nito maliban sa araw ng Eid mula *zawal* hanggang sa paglubog ng araw at hindi maaring magbato bago ang *zawal*. Maari naman ang pagbato sa gabi kung napupuno ng mga tao sa araw. Kung sinuman ang walang kakayahang magbato dahil sa katandaan, sakit o sa murang edad maari siyang magtalaga ng magbabato para sa kanya. Kapag nakapagbato kayo sa ikalabing dalawang araw natapos niyo na ang Hajj, at kayo ay pwedeng pumili na manatili o aalis na. Kung inyong gusto na manatili hanggang ikalabing tatlo, kailangan niyong magbato sa tatlong jamarat pagkatapos ng *zawal* at ito ang pinakamainam; dahil ginawa ito ng Propeta *sallallahu alayhi wassalam*.

Kung gusto niyong lumabas ng Makkah magsagawa ng tawaf wida', at ang mayroon *hayd* at *nifas* walang wida' para sa kanilang dalawa, at hindi rin isinabatas na tumayo sa pinto ng masjid.

Mga Katanungan sa Hajj

- 1) Kani-kanino wajib ang Hajj?
 - a.
 - b.
 - c.
 - d.
 - e. At idadag sa kababaihan ang.....
- 2) Ilan ang haligi ng Hajj?
☐ 2 ☐ 3 ☐ 4
- 3) Ang *ihram* ay haligi mula sa mga haligi ng Hajj at ito ang pagsuot ng *izar* at *rida'* sa mee^qat.
☐ tama ☐ mali
- 4) Ang *tawaf ifadah* ay hindi ito ang *tawaf ziyarah*, ang una ay haligi at ang pangalawa ay sunnah.
☐ tama ☐ mali
- 5) Nagsagawa ng Hajj ang Propeta *sallallahu alayhi wasallam* ng tatlong Hajj.
☐ tama ☐ mali
- 6) Wajib na isagawa ang Hajj agad-agad.
☐ tama ☐ mali
- 7) Magsagawa ng Ihram ang taga-Madinah sa Yalamlam.
☐ tama ☐ mali
- 8) Ang mee^qat ng Umrah na panahon ay sa Ramadhan.
☐ tama ☐ mali
- 9) Magsasagawa ng Ihram ang taga-Makkah para sa Hajj sa Attanaim.
☐ tama ☐ mali
- 10) Magsusuot ang mga kababaihan para sa Ihram ng puting kasuotan.
☐ tama ☐ mali
- 11) Mustahab sa sinuman ang magsasagawa ng Ihram na magpabango at hindi pagpabango

12) Hindi *jaaiz* sa kababaihan ang magsuot ng tinahing damit.

- ☐ tama ☐ mali

13) Hindi *jaaiz* sa muhrim na magsuot ng sinturon.

- ☐ tama ☐ mali

14) Hindi magsusuot ang kababaihang *muhrim* ng
at

15) Sunnah ang *idhtiba'* sa:

- ☐ tawaf ng Umrah
☐ tawaf *alqudum*
☐ tawaf *azziyarah*
☐ una at pangalawa lamang
☐ lahat ng nabanggit

16) Mustahab na magsagawa ng *sai'y* na mabilis.

- ☐ tama ☐ mali

17) Ang *sai'y* magsisimula sa at magtatapos sa

18) Pupunta ang *hujaj* sa Arafah bago ang Maghrib.

- ☐ tama ☐ mali

19) Ang *wuquf* sa Arafah ay wajib mula sa mga wajib ng Hajj.

- ☐ tama ☐ mali

20) Ang gawain ng Hajj ay magsisimula sa araw at
magpapatuloy hanggang sa pinakahuling araw

21) Hindi isinabatas na umakyat ng bundok sa Arafah.

- ☐ tama ☐ mali

22) Wajib ang *hadiy* sa *mutamatti'* at *qarin* at sunnah naman sa *mufrid*.

- ☐ tama ☐ mali

23) Matatapos ang *talbiyyah* sa pagbato sa *jamrah aqabah* sa araw ng Eid.

- ☐ tama ☐ mali

24) Kapag mailagay ng nagsasagawa ng Hajj ang bato sa may *hawd* at hindi
natamaan ang pader, tama ang kanyang pagbato.

- ☐ tama ☐ mali

25) Babatuhin ng *hujjaj* sa ikasampung araw ang tatlong jamarat.

- ☐ tama ☐ mali

26) Magsisimula ang pagbato sa jamarat sa araw ng *tashriq* pagkatapos ng zawal.

- ☐ tama ☐ mali

27) Isinabatas ang panalangin pagkatapos magbato sa *jamrah aqabah*.

- ☐ tama ☐ mali

28) Kapag pinahuli ang *tawaf al-ifadah* sa araw na lalabas siya ng Makkah maari na rin pumasok dito ang *tawaf alwida'*, at ang *tawaf al-ifadah* katulad ng tawaf sa Umrah maliban sa
at

29) Banggitin ang hukom ng mga gawain sa ibaba:

<i>Mas-alah</i> (sitwasyon)	Hukom
Hajj ng bata	
Hajj ng babae na walang mahram	
Hajj ng mayroong utang	

IKALABING-LIMANG ARALIN

Ang Pagtataglay ng mga Magagandang Katangian na isinabatas para sa Bawat Muslim

Ang pagtataglay ng mga magagandang katangian na isinabatas para sa bawat Muslim, kabilang dito: Ang katapatan, mapagkakatiwalaan, abstinesya (kalinisang-puri), pagkamahiyain, tapang, mapagbigay, katapatan, pagpigil sa lahat ng ipinagbawal ng Allah, mabuting kapitbahay, pagtulong sa mga nangangailangan sa abot ng makakaya, at iba pa sa mga mabubuting pag-uugali na isinabatas sa loob ng Qur-an at sa Sunnah.

Mga Mahahalagang Punto:

- (**Ang katapatan**) katapatan sa Allah sa iyong mga salita at gawain at paniniwala, kasama na ang katapatan sa mga alipin ng Allah. Kabaliktaran nito Ang kasinungalingan.
- (**Ang mapagkakatiwalaan**) ito'y napakalaking tungkulin dadalhin ng tao, kabaliktaran ng pagtataksil.
- (**Ang abstinesya o kalinisang-puri**) ito ang pagpigil sa paggawa ng haram.
- (**Ang pagkamahiyain**) ito'y mabuting pag-uugali na ginagawa ang mainam at iniwan ang pangit.
- (**Ang mabuting kapitbahay**) kabilang dito ang iwasan ang pagsilip (pagtingin) sa *awrah* ng kapitbahay.
- (**pagtulong sa mga nangangailangan**) sinabi ng Propeta *sallallahu alayhi wassalam*: ((Sinuman ang mag-alis ng paghihirap ng mananampalataya dito sa mundo ay aalisin ng Allah ang kanyang paghihirap sa araw ng pagbangon muli, at sinuman ang magpagaan sa kahirapan ng isang mananampalataya ay pagagaanin ng Allah ang kanyang buhay dito sa mundo at sa kabilang buhay, at sinuman ang pagtakpan niya ang kanyang kapatid dito sa mundo ay pagtatakan siya ng Allah dito sa mundo at sa kabilang araw. Ang Allah ay kumakalinga sa kanya hangga't siya ay kumakalinga sa kanyang kapatid)).

IKALABING-ANIM NA ARALIN

Pagtataglay ng Mabuting Kaasalan at Pag-uugali ng Islam

Pagtataglay ng mabuting kaasalan at pag-uugali ng Islam, ay kabilang dito: *As-salam*, kasayahan, pagkain at pag-inom sa pamamagitan ng kanang kamay, pangalanan ang Allah sa tuwing magsisimula ng gawain, pagpuri sa Allah sa tuwing matatapos, pagpuri sa Allah kapag nabahing, panalangin sa nagsabi ng pagpuri sa Allah, pagbisita sa may sakit, pagsunod sa janazah para sa pagsagawa ng Salah at paglibing.

Pagsunod sa pag-uugali ng Islam sa tuwing papasok ng masjid o bahay at paglabas mula rito, at sa tuwing maglalakbay, pakikitungo sa magulang, malapit na kamag-anak, kapitbahay, at matanda pati bata.

Pagbati sa bagong panganak, panalangin ng biyaya sa bagong kasal, pakikiramay sa nagdadalamhati, at iba pang mga kaasalan at pag-uugali ng Islam sa pagsuot at paghubad ng damit at sapatos.

Importanteng Komento:

- (**As-salam**) pagsambit nito at ang pinakakumpleto: (***Assalamu alaykum wa rahmatullahi wa barakatuhu***), sambitin ang salam sa sinuman na iyong kilala o hindi at sagutin sinuman ang nagsambit ng salam sa iyo.
- (**Ang pagkain at paginom sa pamamagitan ng kanang kamay**) *wajib* (obligado); sa tuwing kakain gamitin ang talong daliri, at ang pagkuha at pagbigay gamit ang kanang kamay ay *mustahab*.
- (**Pangalanan ang Allah tuwing magsisimula ng gawain**) pagsambit ng (*bismillah*)
- (**Pagpuri sa Allah sa tuwing matatapos**) ng anumang naiulat katulad ng pagsabi: (***Alhamdulillah alladhiy at-amaniy hadha wa razaqaniihi min ghayri hawlin minniy wa la quwwatin***)).
- Isinabatas na kumain at kumuha lamang nang malapit sa iyo at huwag magsabi ng masama sa lasa o anupaman ng pagkain.

- (**Pagpuri sa Allah kapag nabahing**) pagsabi ng (*Alhamdulillah*).
- (**Panalangin sa nagsabi ng papuri sa Allah**) pagsabi ng ((*yarhamukallah*)) pagkatapos obligado sa nabahin na sabihin: ((*yahdiikumullah wa yuslihu baalakum*)).
- (**Pagbisita sa may sakit**) bumisita at bumalik ulit sa oras na angkop sa pagbisita, huwag magpatagal at wag mawalan ng pag-asa sa habag ng Allah.
- (**Pagsunod sa janazah para sa pagsagawa ng Salah at paglibing**) para sa mga kalalakihan at hindi sa mga kababaihan.
- (**Pagsunod sa pag-uugali ng Islam sa tuwing papasok ng masjid o bahay at paglabas mula rito**) unahin ang kanang paa kapag papasok sa masjid at sabihin: ((*Bismillah wassalaatu wassalaamu ala rasulillah. Allahummaf tahliy abwaaba rahmatik*)). Iuna naman ang kaliwa kapag lalabas at sabihin: (((*Bismillah wassalaatu wassalaamu ala rasulillah. Allahumma inniy as-aluka min fadlik*))). At ang patungkol sa bahay ay inuuna ang kanang paa sa pagpasok at paglabas; sabihin kapag lalabas: ((*Bismillah tawakkaltu ala Allah wa la quwwata illa billah. Allahumma inniy a-udho bika an adhilla aw udhal, aw azilla aw uzal, aw adhlim aw udhlim, aw ajhal aw yujhal alayya*)) at sa pagpasok naman: ((*Allahumma as-aluka khayral mawliji wa khayral makhraji, bismillah walajna wa bismillah kharajna, wa ala rabbina tawakkalna*)) pagkatapos ay sambitin ang salam sa pamilya.
- (**Panalangin ng biyaya sa bagong kasal**) pagsabi ng ((*baarakallahu lakuma, wa baaraka alaykuma wa jamaa baynakuma fi khayr*)).
- (**Pakikiramay sa nagdadalamhati**) ito'y sa limitasyon ng tatlong araw hindi na lalagpas pa.

IKALABING-PITONG ARALIN

Ang Babala mula sa Shirk at sa mga iba't ibang Uri ng Kasalanan

Ang pag-iingat at pabibigay babala mula sa Shirk at sa mga iba't ibang uri ng kasalanan:

At kabilang dito: Ang pitong mapanganib makapinsalang kasalanan; ito ay ang mga sumusunod: Ang Shirk (Pagtatambal) sa Allah, Ang *Sihr* (Salamangka), pagpatay ng tao na ipinagbawal ng Allah maliban sa katarungan, pagkain ng *riba* (patubuan), pagkain ng pera ng *yateem*, pagtakas sa oras ng pagtatagpo ng dalawang panig sa labanan, pag-aakusa sa mga babaeng-dalisay relihiyosong mananampalataya.

At kabilang din ang pagiging suwail sa mga magulang, pagputol ng ugnayan sa mga magkamag-anak, pagsaksi ng huwad na patunay, pangakong kasinungalingan, pamiminsala sa kapitbahay, mapang-api ng tao sa pagkuha dugo (pagpatay) kayaman at dignidad, pag-inom ng mga nakakalasing, *laibul qimar* – pagsusugal - , *ghibah at namimah* - paninirang-puri -, at iba pang mga ipinagbawal ng Allah sa atin o ng kanyang Sugo.

Mga Mahahalagang Punto:

- (**Ang Shirk o Pagtatambal**) kabilang na dito ang Shirk na malaki at maliit.
- (**Ang Sihr Salamangka**) kabilang dito ang *sarf* at *athf*, sinuman ang gumawa o sumang-ayon dito *kafar* (nakagawa ng kufur), at ipinagbabawal ang pagpunta sa kanila, at kahit ang pagpasok sa lugar nila, o panonood ng mga programang *sihr* (magic) at pagbasa ng mga pahayagan at diyaryo na mayroon horoscope, hindi maaari na gamutin ang *sihr* sa pamamagitan din ng *sihr* bagkus ito'y gagamutin sa pamamagitan ng *ruqyah shar-iyah*, panalangin, gamot na *mubah* tulad ng *hijamah*.

- (**Ang pagpatay ng tao na ipinagbawal ng Allah**) Muslim man ito o *muahad* o *dhimma* o *musta'man*.
- (**maliban sa katarungan**) at ito'y tatlo: ((Ang pumatay, pakiki-apid ng may asawa, iniwan ang relihiyon)).
- (**Ang yateem o Ulila**) siya na namatay ang tatay nito na hindi pa umabot sa hustong gulang.
- (**Pagtakas sa oras ng pagtatagpo ng dalawang panig**) sila ang mga sundalo na nakipaglaban sa daan ng Allah.
- (**Pag-aakusa sa mga babaeng-dalisay**) mga malaya at hindi ibig-sabihin iyong mayroong asawa.
- (**Pangakong kasinungalingan**) gayundin ang pagsumpa sa iba bukod sa Allah; tulad ng pagsumpa sa Propeta *sallallahu alayhi wassalam* o katayuan o buhay o *dhimma* o libingan o katandaan.
- (**laibul qimar – pagsusugal -**) lahat ng bagay na umiikot panalo at pagkatalo o pagkalugi katulad ng lottery (o loto).
- (**Ang ghibah**) binigyan ito ng kahulugan ng Propeta *sallallahu alayhi wasalam*: ((**pagbanggit mo sa iyong kapatid nang anumang hindi niya gusto**)).
- (**Ang namimah**) ito ang nagdadala ng mga kwento at salita upang gawing magka-away ang mga tao.

**Hatol sa Paligsahan at
Labanan ng Kuponan**

**Jaaiz (maari) na may
premyo o iba pa**

Paligsahan sa kabayo,
kamelyo at palaso; dahil
sa pagkakasabi ng
Propeta: ((**walang
paligsahan maliban sa
khuf** (ng kamelyo o
elephante) o **hafir** (ng
kabayo [paa]) o **nasl**
(paligsahan sa sandata o
katulad nito))).

**Pangkalahatang
pinagbabawal**

Chess, backgammon
at katulad nila.

**Jaaiz (maaari) kung
walang premyo at
hindi maari kapag
mayroon itong
premyo**

Lahat ng labanan ng
kuponan na hindi
nabanggit sa simula.

IKALABING-WALONG ARALIN

Paghahanda sa Namatay, Pagsagawa ng Salah sa kanya at Paglibing

Ang mga detalye ayon sa pagkasunod-sunod:

Una: Isinabatas ang *talqin almutadhar* diktahan ng: (La ilaha illa Allah); sa pagkakasabi ng Propeta *sallallahu alayhi wa sallam*: ((**Diktahan niyo ang inyong namatay: La ilaha illa Allah**)), ang ibig ipahiwatig ng salitang namatay: ang naghihintay ng kamatayan, sila yaong lumabas na ang mga palatandaan ng kamatayan.

Pangalawa: Kung kumpirmado ang kanyang kamatayan, ipikit ang kanyang mata at ibalik o isarado ang panga; dahil ito'y naiulat sa Sunnah.

Pangatlo: Wajib na paliguan ang namatay na Muslim, liban na lamang kung ito'y namatay na *shaheed* sa pakikipaglaban dahil ito'y hindi na paliliguan at magsagawa ng Salah sa kanya bagkus ililibing ito sa kanyang damit; dahil ang Propeta hindi niya pinaliguan ang mga namatay sa uhod ni hindi nagsagawa ng Salah sa kanila.

Pang-apat: Pamamaraan ng paghugas ng patay: tatakpan ang kanyang *awrah*, iaangat siya ng kaunti pagkatapos ay pigain ng marahan ang tiyan. Paikutin ang tela sa kamay ng naghuhugas at linisin ito at pagkatpos ay linisan ito na parang nagsasagawa ng wudhu' sa Salah. Hugasan ang ulo at balbas ng tubig at sidr o katulad nito, pagkatapos ay ang kanang bahagi ng katawan hanggang kaliwa. Pagkatapos ay hugasan ulit ito nang dalawa hanggang tatlong beses habang idinadaan ang kamay sa tiyan nito; kung mayroon man lalabas na kahit ano ay hugasan ulit. Pagkatapos ay lagyan ng bulak ang butas o katulad nito at kung hindi kayang pigilan ng bulak ang paglabas ng dumi palitan ito ng luwad o anumang ginagamit sa panahon na ito tulad ng plaster o iba pa. Ulitin muli ang pagsagawa ng wudhu' at kung hindi makayanan ng tatlong hugas dagdagan ito hanggang maging lima o hanggang pito. Patuyuin sa pamamagitan ng pagpunas ng tela at lagyan ng pabango sa may kili-kili, tiyan at hita, pati na din sa lugar ng kanyang pagsujud at kung lalagyan ng pabango ang lahat ng katawan

ay mas maganda. Gayun din sa pambalot sa kanya, lalagyan ng bakhoor.

Kung mahaba man ang bigote at mga kuko nito; putulan na lang at kung pababayaan ay wala namang masama. Hindi susuklayin ang kanyang buhok, ni ahitin ang buhok sa ari at itutuli; dahil walang anuman naiulat patungkol dito. Tatalian ang buhok ng babae ng tatlong tali at pababayaan nakalugay sa likod.

Panglima: Pambalot sa patay: mas mainam na balutin ang lalaki ng tatlong puting tela wala kahit anumang damit o imamah; katulad ng ginagawa sa Propeta. Balutin ang kanyang katawan ng maigi ngunit kung babalutin man ito gamit ang damit o balabal o anumang pambalot walang namang problema dito.

Ang kababaihan ay babalutin ng limang tela: damit, khimar, balabal at dalawang pambalot. Ang batang lalaki ay isa hanggang tatlong tela at babalutin naman ang batang babae ng damit at dalawang tela.

Ang *wajib* (obligado) ay isang tela matatakpan ang buong katawan.

Kung ito'y *muhrim* (nagka-Ihram) huhugasan ito ng tubig at sidr, at babalutin ito gamit ang kanyang *izar* (tapis) at *rida'* (balabal) o kahit ano. Hindi tatakpan ang kanyang ulo at mukha, ni hindi lalagyan ng pabango dahil ito'y ay babangon sa araw ng paghuhukom *mulabbiyan* (nagtatalbiyah); katulad ng naiulat mula sa Propeta.

Kung ang *muhrim* ay babae, babalutin ito ng katulad sa hindi *muhrim* ngunit hindi lalagyan ng pabango, hindi tatakpan ang mukha ng *niqab*, ni ang kanyang kamay ng guwantes ngunit ito'y tatakpan gamit ang pambalot sa kanya katulad ng nasabi natin kung paano babalutin ang babae.

Pang-anim: Ang mas nararapat sa paghugas, pagsagawa ng Salah at paglibing nito: sinuman ang kayang hinabilinan nito, pagkatapos ang tatay, lolo pagkatapos ang pinakamalapit sa kanyang mga kamag-anak na *asabah* kung ang namatay ay lalaki.

Ang mas nararapat sa paghugas ng babae: sinuman ang kanyang hinabilinan, pagkatapos ang ina, lola pagkatapos ang pinakamalapit sa kanyang kamag-anak na kababaihan.

At para sa dalawang mag-asawa, bawat isa sa kanila ay maaring hugasan ang asawa niya; dahil si Abu Bakr Assiddiq hinugasan niya ang kanyang asawa gayundin si Aliy; siya ang naghugas kay Fatima *radiyallahu anhum ajmain*.

Pangpito: Pamamaraan ng pagsasagawa ng Salah sa patay: Magtakbir ng apat na bese, babasahin pagkatapos ng una ang Al-fatiha kung magbabasa man ito ng maikling Surah, o ayah isa o dalawa ay mas maganda; dahil sa hadith na naiulat patungkol dito ni Ibn Abbas *radiyallahu anhu*. Pagkatapos ay magtakbir ng pangalawa at sambitin ang *salawat* sa Propeta tulad ng *salawat* sa tashahhud. Pagkatapos ay magtakbir ng pangatlo at sabihin ang panalangin: ((*Allahummagh fir lihayyina wa mayyitina, wa shaheedina wa ghaibina, wa saghirina wa kabirina, wa dhakarina wa unthana. Allahumma man ahyaytahu minna fa-ahyihi alal islam, wa man tawaffaytahu minna fatawaffahu alal iman. Allahummagh fir lahu, war hamhu, wa aafihi, wa'fuanhu, wa akrim nuzulahu, wa wassi' mudhkkhalahu, wagh-silhu bil maa-i wath thalji wal barad, wa naqqihi minal khataya kama yunaqqath thawbul abyad minad danas, wa abdilhu daaran khayran min daarihi, wa ahlan khayran min ahlihi, wa adkhillul jannah, wa a-idh-u min adhabil qabr, wa adhabin nar, wafsalahu fiy qabrihi, wa nuwwir lahu fihi. Allahumma la tahrinna ajrahu wa la tudhillana ba'dahu*)). Pagkatapos ay magtakbir ng pang-apat at pagsagawa ng *taslim* ng isang beses sa kanan.

Ngunit kung ito'y *faratan* (batang maliit) kanyang sasabihin pamalit sa panalangin ng *maghfirah* (kapatawaran): ((*Allahummaj alhu faratan, wa dukhran liwaalidayhi, wa shafian mujaaban. Allahumma thaqqil bihi mawaazinahuma, wa a'dhima bihi ujurahuma, wa alhiqhu bisaalihi salafil mu'minin, waj alhu fi kafaalati Ibrahim alayhis salam, waqihi birahmatika adhabal jaheem*)).

At ang sunnah ay tatayo ang Imam sa ulunan ng namatay na lalaki, sa gitna naman kung ito'y babae. Ang lalaki ay katabi ng Imam kung maraming *janazah* at ang babae ay paunhan sa direksyon ng qiblah. Kung mayroon kasamang mga bata, mauuna ang batang lalaki sa babae, pagkatapos ang babae, pagkatapos ang batang babae. Ang ulo ng batang lalaki katapat ng ulo ng lalaki, at ang gitna ng babae ay nakaharap sa ulo ng lalaki, at gauon din ang batang babae ang ulunan nito'y kaharap ang ulo ng babae, at ang gitna nito'y kaharap ng ulo ng lalaki. Ang mga nagsasagawa ng *janazah*

ay sa likuran ng Imam, liban na lamang kung siya ay mag-isa at walang makitang lugar sa likod nito; siya ngayon ay tatayo sa gawing kanan ng Imam.

Pangwalo: Pamamaraan sa paglibing ng patay: Ang isinabatas na lalim ng hukay ay kalahati ng taas ng lalaki, at mayroon itong *lahad* sa direksyon ng qiblah. Ilalagay ang patay sa lahad sa kanang bahagi nito, pagkatapos ay aalisin ang tali ng pambalot hindi aalisin bagkus papabayaan lamang.

Hindi ipapakita ang mukha kahit pa ito'y lalaki o babae. Pagkatapos ay lalagyan ito ng labin (brick) lagyan ng patse para hindi pumasok ang lupa. Kung walang labin kahit tabla, bato o kahoy para hindi pumasok ang lupa. Pagkatapos ay lalagyan na ng lupa at *mustahab* na sabihin: ((*bismillah wa ala millati Ibrahim*)). Iangat ng konte ang libingan ng *shibr* (isang gantang), lalagyan ito ng mga bato at bubuhusan ng tubig.

At sa mga nakilibing, isinabatas na tatayo ito malapit sa libingan at panalangin para sa namatay; dahil ang Propeta noong matapos siya sa paglibing ng namatay, siya'y tumayo kanyang sinabi: ((*humingi kayo ng kapatawaran sa inyong kapatid, at hingin ang tathbit (katatagan), dahil siya sa ngayon ay tinatanong*)).

Pangsiyam: Isinabatas sa sinuman ang hindi nakapagsagawa ng salah ay magsagawa ng salah para sa namatay pagkatapos ng libing; dahil ang Propeta ginawa niya ito. Hanggat ito'y hindi lalagpas ng isang buwan, kung ito'y lalagpas hindi na isinabatas ang magsagawa ng salah sa libingan; dahil walang naiulat na nagsagawa ang Propeta ng salah sa libingan pagkatapos ng isang buwan.

Pangsampu: Hindi *jaaiz* (maari) sa pamilya ng namatay na gumawa ng pagkain para sa mga tao; dahil sa sinabi ni Jarir bn Abdullah Albajaliy *radiyallahu anhu*: "noon itinuturing namin ang pagtitipon sa pamilya ng namatay at paghahanda ng pagkain pagkatapos ng libing bilang *an-niyaaha*" ngunit kung gagawa ng pagkain para sa pamilya ng namatay o sa mga bisita nila walang masama dito. At isinabatas din sa malapit na kamag-anak o kapitbahay ang gumawa ng pagkain para sa pamilya ng namatay; dahil ang Propeta noong dumating ang balita sa pagkamatay ni Ja'far bn Abi Talib sa Shams, inutusan niya ang kanyang pamilya na gumawa ng pagkain para sa pamilya ni Ja'far at kanyang sinabi: ((*Mayroon dumating sa kanila na nakaabala sa kanila*)). Wala ring masama kung aanyayahan nila ang kanilang kapitbahay na kumain sa inihanda sa kanila,

at wala rin batas kung kailan ang limitasyon nito sa pagkakaalam natin mula sa batas ng Islam.

Panglabing-Isa: Hindi *jaaiz* (maaari) sa isang babae ang magluksa ng hihigit sa tatlong araw maliban kung ito'y kanyang asawa; dahil siya ay inobliga na magluksa ng apat na buwan at sampung araw maliban din kung siya ay nagdadalang tao; dahil maghihintay siya hanggang sa siya ay manganak katulad ng naiulat sa hadith sahee ng Propeta patungkol dito. Habang ang lalaki ay hindi *jaaiz* (maaari) sa kanya na magluksa sa kahit kanino sa malalapit nitong kapag-anak o ibang tao.

Panglabing-Dalawa: Isinabatas sa mga kalalakihan na bumisita sa libingan paminsan-minsan para manalangin para sa kanila, hingin na sila'y kahabagan ng Allah at bilang pag-alaala ng kamatayan at sa anong mangyayari pagkatapos nito; dahil sa sinabi ng Propeta: ((**Bisitahin niyo ang libingan, dahil ito'y magpapa-alaala sa inyo ng kabilang buhay**)). Kanyang tinuruan ang mga *sahabah* (kasamahan) na kapag sila ay bibisita sa libingan ay kanilang sabihin: ((***Assalamu alaykum ahlad diyaar minal mu'minina wal muslimin, wa inna in sha Allah bikum laahiquun, nas-alullaha lana wa lakumul aafiyah, yarhamillahul mustaqdimin minna wal musta'khirin***)).

Habang ang mga kababaihan, wala sa kanila ang bibisita sa libingan; dahil ang Sugo ay nagsabi: ((**Sumpa sa mga bisitang babae ng libingan**)) at ito'y sa dahilan na takot na magkaroon ng *fitna* sa pagbisita nila at sa maliit ang kanilang pasensya.

Gayundin hindi *jaaiz* (maaari) sa kanila na sumunod sa libingan; dahil ang Sugo ay pinagbawalan sila. Habang ang Salah sa patay sa masjid o sa *musallah*, ito'y isinabatas sa bawat lalaki at babae.

Ito ang pinakahuli sa aking sinulat.

***Wa sallallahu wa sallama ala nabiyyina Muhammad
wa ala aalihi wa sahbihi.***

Mga Uri ng Pagbisita sa Libingan

Pagbisita na sumasang-ayon sa batas ng Islam:

Ang mag-intensyon na ang pagbisita ay para magpa-alaala sa kabilang buhay, at hindi magmamalabis sa paglalakbay tungo sa libingan. Mag-intensyon na mananalangin para sa sarili at sa mga patay ng kung anuman naiulat mula dito at hindi gagawa na makakasalungat sa batas ng Islam.

Pagbisita na bid-ah:

Ang mag-intensyon na mananalangin sa Allah sa may libingan

Pagbisita na Shirk:

Ang mag-intensyon na mananalangin sa patay na nakalibing.

**Mga Katanungan sa
Patungkol sa Itaas**

- 1) Pagsunod sa alituntunin at kaasalan pang-Islam ay mula sa pag-uugali ng Muslim.
☐ tama ☐ mali
- 2) Ang aking relihiyon ay inutusan na makipaglapit sa mga masasama at lumayo sa mga mabubuti.
☐ tama ☐ mali
- 3) Tinuruan kami ng Islam na maging mabuti sa mga nagbibigay serbisyo at mga nagtratabaho sa amin at iba pa.
☐ tama ☐ mali
- 4) Makikisama ako sa mga taong inaapi ang iba gamit ang dila at kamay.
☐ tama ☐ mali
- 5) Kapag may nagmura o nagsabi sa akin ng hindi magandang salita aking siyang sasagutin at magiging masaya ako.
☐ tama ☐ mali
- 6) Tinuruan kami ng Islam na tumulong sa mga nangangailangan at mahihina.
☐ tama ☐ mali
- 7) Mula sa karapatan ng Muslim sa kapwa Muslim ay bisitahin siya kapag siya ay nagkasakit at manalangin na siya ay gumaling.
☐ tama ☐ mali
- 8) Ang pagtingin o paghanap ng tinatago ng kapitbahay ay mula sa katangian ng mga mananampalataya.
☐ tama ☐ mali
- 9) Pinakamamahal sa Allah ay yaong pinaka-nakakapagbigay ng kabutihan sa tao.
☐ tama ☐ mali
- 10) Panalangin sa paglabas ng bahay ay: (*bismillah walajna wa bismilla kharajna wa ala rabbina tawakkalna*).
☐ tama ☐ mali

- 11) Aking sasabihin sa sinuman ang magsabi sa akin ng (*yarhamukallah*) ay (*yahdikumullah wa yuslih baalakum*).
☐ tama ☐ mali
- 12) Ang mga *adhkar* panalangin at pag-alaala sa Allah ay magiging protesyon at mapapalapit ka sa Allah.
☐ tama ☐ mali
- 13) Ano ang palatandaan ng pagmamahal mo sa iyong kapatid na Muslim?
.....
.....
- 14) Mula sa palatandaan ng pagbaba ng pananampalataya ay: mainggitin sa iyong kapatid na Muslim.
☐ tama ☐ mali
- 15) Ano ang dahilan para pumasok (o makuha) ang pagmamahal?
.....
.....
- 16) Ang pinagbabawal sa mga nakakahilo ay yaong tinatawag na alak.
☐ tama ☐ mali
- 17) *Makruh* ang pag-ihip sa pagkain o inumin.
☐ tama ☐ mali
- 18) *Mustahab* na dilaan ang mga daliri pagkatapos kumain at bago hugasan.
☐ tama ☐ mali
- 19) Ang katamtaman sa pagkain at damit at pagpapaganda ay kabilang sa kinakailangang pamamaraan.
☐ tama ☐ mali
- 20) Pinakamay-karapatan sa paghugas at pagsagawa ng Salah at paglibing sa namatay na lalaki ay pagkatapos
pagkatapos pagkatapos
- 21) Pagbabayad ng utang sa namatay
☐ *wajib* ☐ *sunnah* ☐ *mubah*
- 22) Hatol sa paglibing ng namatay
☐ *sunnah* ☐ *fard kifaya* ☐ *wajib*

23) Hatol ng *talqin*:

- ☐ *wajib* ☐ *sunnah* ☐ *haram*

24) Hatol sa isa na hindi naman tumutulong sa paghugas ng patay:

- ☐ *haram* ☐ *mubah* ☐ *makruh*

25) Aalisin ang tali sa pinampabalot sa patay kapag ipapasok sa libingan.

- ☐ *tama* ☐ *mali*

26) Hindi maari na hugasan ng asawa ng namatay dahil tapos na ang kanilang ugnayan dahil sa kamatayan.

- ☐ *tama* ☐ *mali*

27) Para sa lalaki at babae huhugasan ng sinuman na mayroon

.....

28) Sinuman ang hindi naabutan ang Salah sa patay; magsagawa siya ng Salah

..... at ito'y sa limitasyon ng

29) Ang pag-iyak sa patay ay *jaaz*..

- ☐ *tama* ☐ *mali*

30) Ilalagay ang patay sa *lahad* nakaharap sa qiblah.

- ☐ *tama* ☐ *mali*

ANG MGA NILALAMAN

Pagpapaliwanag ng Panimula	4
Pagpapaliwanag ng unang Aralin:	
Ang kabanata Al-Fatiha at maiikling talata	6
Mga ilang bahagi mula sa aklat:	
Taysirul Kareem fi tafsir kalam Almannan	8
Mga katanungan sa Panimula at Tafseer	36
Pagpapaliwanag ng Ikalawang Aralin:	
Ang mga haligi ng Islam	53
Pagpapaliwanag ng Ikatlong Aralin:	
Ang mga haligi ng Iman	62
Pagpapaliwanag ng Ikaapat na Aralin:	
Ang mga uri ng Tawheed at ang mga uri ng Shirk	67
Pagpapaliwanag ng Ikalimang Aralin:	
Ang Ihsan	72
Mga katanungan sa Tawheed	73
Pagpapaliwanag ng Ikaanim na Aralin:	
Ang mga kondisyon ng Salah	79
Pagpapaliwanag ng Ikapitong Aralin:	
Ang mga haligi ng Salah	83
Pagpapaliwanag ng Ikawalong Aralin:	
Ang mga obligado sa Salah	85
Pagpapaliwanag ng Ikasiyam na Aralin:	
Pagpapaliwanag ng At-tashahhud	86
Pagpapaliwanag ng Ikasampung Aralin:	
Ang mga sunnah sa Salah	87
Pagpapaliwanag ng Ikalabing-Isang Aralin:	
Ang mga nakakasira sa Salah	89
Mga batas patungkol sa Sujud As-sahw	91
Ang buod ng pamamaraan ng Salah at paglalarawan nito	92

Buod ng mga Salah at batas nito	102
Mga katanungan sa Salah	106
Pagpapaliwanag ng Ikalabing-Dalawang Aralin:	
Ang mga kondisyon ng Wudhu'.....	110
Pagpapaliwanag ng Ikalabing-Tatlong Aralin:	
Ang mga obligado ng Wudhu'.....	112
Pagpapaliwanag ng Ikalabing-Apat na Aralin:	
Ang mga nakakasira ng Wudhu'	113
Buod ng pamamaraan ng Wudhu' at paglalarawan nito.....	115
Ang taharah (paglilinis)	118
Mga katanungan sa taharah.....	122
Ang Zakah at mga batas nito	124
Mga katanungan sa Zakah	129
Ang Siyam (pag-aayuno)	133
Mga katanungan sa Siyam.....	140
Ang Hajj at ang Umrah.....	142
Mga katanungan sa Hajj	150
Pagpapaliwanag sa Ikalabing-Limang Aralin:	
Ang pagtataglay ng mga magagandang katangian.....	153
Pagpapaliwanag ng Ikalabing-Anim na Aralin:	
Pagtataglay ng mabubuting kaasalan.....	154
Pagpapaliwanag sa Ikalabing-Pitong Aralin:	
Ang babala mula sa Shirk at sa iba't ibang uri ng kasalanan.....	156
Pagpapaliwanag ng Ikalabing-Walong Aralin:	
Paghahanda sa namatay	159
Mga katanungan sa Kaasalan at paghahanda sa namatay.....	165



SANGGUNIAN

- [1]. *Al Qur-an Alkareem* mula sa riwayat ni Hafs mula kay Asim
- [2]. *Aljami Almusnad Assahee Al mukhtasar min umuri Rasulillah sallallahu alayhi wa sallam wa sunanihi wa ayyamihi*. [Mas kilala bilang (Sahee Albukhariy)]. Al-imam Abu Abdullah Muhammad bn Ismael Albukhariy (256 h)
- [3]. *Aljami Almusnad Assahee*. Mas kilala bilang (Sahee Muslim). Al-imam Abu Alhusayn Muslim bn Alhajjaj Annaysaburiy (261 h)
- [4]. *Assharh Almumti' ala zad Almustaqni'*. Shiekh Muhammad bn Saleh Al-Uthaymin (1421 h)
- [5]. *Alqawl Almufid ala kitab Attawheed*. Shiekh Muhammad bn Saleh Al-Uthaymin (1421 h)
- [6]. *Taysir Alkareem Arrahman fi Tafsir kalam Almannan*. Shiekh Abdurrahman bn Naser Assi'diy (1376 h)

Ito ay Waqf para sa Allah at 'di-maaaring ipagbili

وقف لله لا يجوز بيعه

Isinalin sa Wikang Filipino

مترجم باللغة الفلبينية

Kalipunan ng mga aklat sa

Tawhīd

مجموعة التوحيد

الطبعة الثانية

Ikalawang

Edisyon

Ipinaliwanag ni:
**Shaykh Haytham
Bin Muhammad
Jamīl Sarhān**

شرح فضيلة الشيخ
هيثم بن محمد جميل سرحان



مَجْمُوعَةُ التَّوْحِيدِ

Kalipunan ng mga aklat sa Tawhīd

(Majmū'atut-Tawhīd)

Ipinaliwanag Ni:
Shaykh Haytham bin Muhammad Jamīl Sarhān
Dating Guro sa Mahad Haram sa Al-Masjid An-Nabawī
Tagapangasiwa ng At-Ta'seel Al-Ilmiy Website
<http://attasseel-alelmi.com>

*Patawarin nawa siya ng Allah at ganoon din sa kanyang Dalawang Magulang
At sinuman tumulong sa paglimbag at paglathala ng Aklat na ito*

Isinalin sa Wikang Filipino ni:
Shaykh Abu Ibraheem Al-Hafeyz Bautista
College of Dawah and Fundamentals of Religion
Islamic University of Madinah, Ksa

مَجْمُوعَةُ التَّوْحِيدِ

✽ شرح الاصول الثلاثة وأدلتها

✽ شرح القواعد الأربع

✽ شرح نواقض الإسلام

IKALAWANG EDISYON

2019/1440H

جميع حقوق الطبع محفوظة

Lahat ng karapatan ay nakalaan sa May-akda

Maliban sa sinumang magnanais na ilimbag o
isalin ito upang ipamahagi ng libre pagkatapos
ng pakikipag-ugnayan sa may-akda

Mangyari lamang na Makipag-ugnayan sa:

islamtorrent@gmail.com



Sa Ngalan ng Allāh ang Mahabagin at Maawain

Panimula sa Ikalawang Edisyon

Papuri sa Allāh ang Panginoon ng mga nilalang, dumadalangin ako ng pagpapala at kapayapaan para sa kahuli-hulihang Sugo at Propeta na si Muhammad gayundin sa kanyang pamilya at sa lahat ng kanyang mga kasamahan. Sa pagpapatuloy...

Ang Tawhīd o Kaisahan ng Allāh (ﷻ) ay siyang pinakamahalagang sangay ng kaalaman na marapat na pag-aralan. Ito ay napakahalaga sa buhay ng isang Muslim. Para sa kapakanan ng kaalamang ito, nilikha ang mga nilalang, Sinabi ng Allāh (ﷻ): ﴿Hindi ko nilikha ang mga Jinn at Tao maliban na sambahin lamang nila ako nang bukod-tangi at walang katambal﴾ [Ad-dharyāt: 56].

Sa pamamagitan ng biyaya at kabutihan ng Allāh , ang unang edisyon ng aklat na ito ay inilabas higit sa isang taon na ang nakakaraan; 10,000 kopya ang nakalimbag sa mapagpalang lungsod ng Madīnah, At ipinamahagi ito sa iba't ibang mga Filipino Islamic Center sa Saudi Arabia; At ang karagdagang mga kopya ay nailimbag pa at ipinamahagi sa iba't ibang mga lugar sa Pilipinas. Ang lahat ng papuri at pasasalamat ay para sa Allāh , sa simula at huli.

Ang nilalaman ng aklat na ito:

[1] *Sharhu Kitāb As-ilatil Qabr (Ang Pagpapaliwanag sa mga katanungan sa libingan)* o mas kilala sa katawagan na *Al-Usulūth Thalāthah (Ang Tatlong Saligan)*.

[2] *Sharhu Kitāb Al-Qawā'id Al-Arba' (Ang Pagpapaliwanag sa Apat na Panuntunan)*.

[3] *Sharhu Kitāb Nawāqidul-Islām (Ang Pagpapaliwanag sa Gawain nakakawalang-bisa sa Islam ng isang Muslim)*.

Ang lahat ng ito ay ipinaliwanag ng aking mahal na Guro na ni Shaykh Haytham bin Muhammad Jamīl Sarhān -حفظه الله-.

Bilang karagdagan sa mga ito, ang ilang mga hindi pagkakapare-pareho at mga pagkakamali sa gramatika sa Unang Edisyon ay naitama na rin.

Natagpuan ko ang malaking karangalan at ginhawa sa pagsasalin sa mahalagang aklat na ito. Hinihiling ko sa Allāh (ﷻ) na patawarin ako sa aking mga kasalanan at palagpasin ang aking mga pagkakamali, Hinihiling ko sa Kanya na gawin itong kapakipakinabang sa mga Pilipinong Muslim sa buong mundo sa pamamagitan ng aklat na ito, at hinihiling ko sa Kanya na tanggapin ang gawaing ito mula sa akin at gawin itong kabilang sa timbangan ng aking mga mabubuting-gawa sa araw na muling pagkabuhay, Dumadalangin ako ng pagpapala at kapayapaan sa Allah para kay Propeta Muhammad gayundin sa kanyang pamilya at mga kasamahan.

Abu Ibraheem Al-Hafeyz Atara Bautista

5 Safar 1440

4 October 2019

Fb: @hafeyzbautista

الأصول الثلاثة وأدلتها

Ang Tatlong Saligan

At kanyang mga katibayan

(Al-Usūluth Thalāthah Wa Adillatuhā)

**Sa Ngalan ng Allāh,
Ang Pinakamahabagin, Ang Pinakamaawain**

Katotohanan, ang lahat ng papuri ay sa Allāh (ﷻ) lamang, purihin natin Siya at hilingin natin ang Kanyang tulong. Humingi tayo ng kapatawaran sa Kanya. At hilingin natin ang kalinga Niya mula sa kasamaan ng ating mga sarili at mula sa mga masasama na ating nagawa. Sinuman ang patnubayan ng Allāh (ﷻ) ay walang sinuman ang maaari na makapagligligaw sa kanya, at sinuman ang Kanyang hayaan na maligaw ay walang sinuman ang maaari na makapaggagabay sa kanya at ako ay sumasaksi na walang sinuman ang karapatdapat sambahin kundi ang Allāh (ﷻ) Siya ang nag-iisa at walang katambal. At ako ay sumasaksi na si Propeta Muhammad (ﷺ) ay Kanyang alipin at sugo. At bilang pagpapatuloy:

Ang panimula sa pagpapaliwanag

Ang may-akda ng aklat

Shaykhul Islām Mujaddidu Da'watit Tawhīd Al-Imām:
Muhamamd bin Abdilwahrāb bin Sulayman Attamīmī, Abul Husayn
Siya ay isinilang sa Al- 'Uyaynah noong taon (1115 H)
at siya ay pumanaw sa Ad-Dhir'iyah noong taon (1206 H)

Bakit natin pag-aaralan ang Tawhīd

Anumang gawaing walang Tawhīd ay Hindi tinatangap ng Allāh (ﷻ).

Dahil Nilikha tayo ng Allāh (ﷻ) ayon sa dakilang layunin na ito.

Ito ang dahilan sa pagdami ng kabutihan.

Walang makapapasok sa paraiso liban sa taong mayroong Tawhīd

Dahilan upang makamit ang gabay at kapayapaan.

Dahilan upang mapatawad ang mga kasalanan.

Dahilan upang makamit ang *Shafā'ah* ng Propeta Muhammad (ﷺ).

Dahilan upang makamit ang katiwasayan at kapanatagan dito sa mundo at kabilang buhay.

Ang dahilan sa pagkakapili ng Aklat na ito para sa mga nagsisimula pa lamang sa pahingi ng kaalaman:

Ang pinagpalang aklat na ito ay pinahalagahan ng ating mga *Salaf Sālih* at *Ulamā* mula sa *Ahlus Sunnah wal Jamā'ah* dahil sa mga dakilang kapakinabangan at mga aral na magiging pundasyon ng isang naghahanap ng kaalaman at dito niya binabase ang kanyang pagkuha ng kaalaman sa *Islām*, at dahil doon susunod tayo sa kanila at tatahakin natin ang kanilang kapamaraan.

*At ganon rin, ang mga karaniwang tao ay hindi maaari para sa kanila na iwanan ang pag-aaral ng aklat na ito, at anumang napaloloob dito mula sa mga pangunahing aralin na marapat sa kanya na maniwala nang tiyak at wagas na walang pagdududa.

Natatangi ang Aklat na ito at ang iba pang mga aklat ni Shaykh Muhammad bin Abdilwahhāb - رحمه الله - dahil sa mga sumusunod:

Maraming panalangin sa Allāh para sa bumabasa at tagapakinig habang binabasa ang kanyang mga aklat

Tinitipon ang mga usapin, inaayos, nilalagyan ng bilang at pagkatapos ay kanya itong ipinapaliwanag

Pagbabanggit ng mga usapin na may kalakip na batayan

Madali at Malinaw

Ang Kahulugan ng *Al-Usūluth Thalāthah*

Ang buod ng *Al-Usūluth Thalāthah*: Ang tatlong katanungan sa loob ng libingan

Sino ang iyong *Rabb*?

Ano ang iyong *Deen*?

Sino ang iyong *Sugo*?

Anong bunga ang ating makukuha mula sa pag-aaral ng *Al-Usūluth Thalāthah*?

Kapag napag-aralan mo ang *Al-Usūluth Thalāthah*, at iyong isinabuhay ito, pagkatapos ay iyo itong pinangaral sa iba, pagkatapos ay nagtiis ka sa pagkuha ng kaalaman, pagsasabuhay at pagpapalaganap nito, nasagot mo na ang katanungan sa loob ng libingan (Ayon sa kagustuhan ng Allāh (ﷻ)).




Ang nilalaman ng Aklat na “Al-Usūluth Thalāthah”


Ito ay nababahagi sa limang Bahagi:



[1] Ang Apat na Usapin (Al-Masāilu Al- Arba'a)



[2] Ang Tatlong Usapin (Al-Masāiluth Thalāthah)




[3] Kahalagahan ng Pag-aaral ng Tawhīd

Ang sagot sa katanungan: Bakit natin pag-aaralan ang Tawhīd?

[4] Al-Usūluth Thalāthah (Tatlong Saligan ng relihiyon)

Ang buod ng Al-Usūluth Thalāthah



5. Ang Pangwakas

Mula sa sinabi ng May-akda -رحمه الله-: (At ang mga tao kapag namatay ay mabubuhay muli) hanggang sa katapusan ng Aklat.

Una: Ang Apat na Usapin (Al-Masāilu Al- Arba'a)

Sa Ngalan ng Allāh Ang
Pinakamaawain Ang
Pinakamahabagin^[1]

Dapat mong malaman -Ang habag ng Allāh ay sumaiyo-^[2] na obligasyon natin ang pag-aralan ang *Arb'a Masāil* (apat na usapin) ito ang:

Una: Al-'Ilm (Ang Kaalaman): At ito ang pagkilala sa Allāh, pagkilala sa Kanyang Propeta at kaalaman sa Relihiyong Islām sa pamamagitan ng mga patunay mula sa Qurān at Sunnah.

Pangalawa: Al-'Amalu bihi (Ang pagsasabuhay sa mga ito)

[1] Dahilan ng May-akda sa pagsisimula ng aklat sa pamamagitan ng *Al-Basmalah*:

1. Pagsunod sa Qurān at Mga Sugo

2. Pagsunod sa mga naunang mga Ulamā at mga Salaf na ang kanilang kaugalian sa pag-aakda ay ang pagsisimula sa *Al-Basmalah*

3. Paghingi ng pagpapala sa pamamagitan ng Pangalan ng Allāh (ﷻ)

[2] Katulad na nabanggit mula sa simula; ang kaugalian ng May-akda ay ang pagsisimula sa pamamagitan ng panalangin para sa mga naghahanap ng kaalaman at humihiling siya sa Allāh para sa kanila ng *Rahmah* (Habag); at ito ay isang palatandaan ng:

Habag ng mga Ulamā ng *Ahlu Sunnah Wal Jamā'ah* sa kanilang mga Mag-aaral.

Ang Relihiyong Islām ay itinatag sa *Rahmah* (o Habag).

Ang "Al-'Ilm": Ang malaman ang katotohanan sa pamamagitan ng kanyang katibayan, at ang kanyang kasalungat ay "*Jahl*" o kamangmangan.

[3] Nabanggit na ang Katotohanan ng "*Al-'Ilm*" at "*Al-'Amal*": ((Nagbubunyi ang kaalaman sa pagsasabuhay nito; kung siya ay sinagot, at kung hindi; siya ay aalis at mawawala)), walang pakinabang ang kaalaman na walang pagsasabuhay. Kapag nagkaroon ng kaalaman ang isang tao, nararapat sa kanya na gawin at isabuhay ang mga kaalaman na kanyang nakukuha, at kung hindi mangyayari iyon; matutulad lamang siya sa mga Hudyo, dahil sila ay nagkaroon ng kaalaman sa katotohanan subalit hindi nila ito sinunod at isinabuhay *« nalalaman nila ang katotohanan, katulad kung gaano nila nalalaman ang kanilang mga anak »* [2:146], at ang unang ipapasok sa Impiyerno ay mula sa tatlong uri ng tao na kung saan kabilang dito : Ang isang tao na may kaalaman subalit hindi niya ito isinasabuhay.

*"Ang isang tao na may kaalaman subalit hindi niya ito isinabuhay,
Una siyang parurusahan bago ang mga sumasamba sa mga diyus-diyosan"*

Ang Da'wah ay mayroong mahahalagang kondisyon at panuntunan na dapat isakatuparan; at ito ang sumusunod:

Pangatlo:
Ad-Da'wah
Ilayhi
(Pag-anyaya
tungo rito)

[1] Mangyari
na ang Da'wah
ay magkaroon
ng "*Al-Ihklās*"
para sa Allāh
(ﷻ)

[2] Mangyari
na ang
Da'wah ay
naaayon sa
kaalamang
pang-
Islamiko

[3] Mangyari
na ang
Da'wah ay
Naaayon sa
Hikmah at
Sabar

[4] Mangyari na
magkaroon ng
kaalaman
sa kalagayan ng
mga
Dina-da'wahan

Ang Batayan sa mga Kondisyon na ito:

Sinabi ng Allāh (ﷻ): *«Sabihin mo sa kanila, O Muhammad: "Ito ang aking "Sabeel" (pamamaraan), na ako ay nag-aanyaya tungo sa Allāh, na ako ay may "Baseerah" (kaalaman), ako at ang sinumang susunod sa akin, at Luwalhati sa Allāh na Napakadakila na malayung-malayo mula sa anumang kanilang sinasamba na itinatambal sa Kanya, at ako ay hindi kabilang sa mga nagbibigay ng katambal sa pagsamba sa Kanya»* [16:125].

(*Ito ang aking "Sabeel" pamamaraan*): Ang tinutukoy na "pamamaraan" ay ang dala-dalang batas ng Propeta Muhammad (ﷺ) at ang "Sabeel", ito ang Daan o kapamaraan.

(*na ako ay nag-aanyaya tungo sa Allāh*): Ang nag-aanyaya tungo sa Allāh ay siya ang dalisay na nagnanais na dalhin ang mga tao tungo sa Allāh (ﷻ).

(*na ako ay may "Baseerah"*): Ang "Baseerah" ito ang "Al-'Ilm" (Kaaalaman) at sumasaklaw ito sa kaalaman sa:

1. Batas ng Islam

2. Kalagayan ng Dina-da'wahan

3. Kapamaraan na magdadala tungo sa ninanais

Sinasabi ng May-akda —رحمه الله— kapag ikaw ay nagkaroon ng kaalaman at isinabuhay mo ito, nararapat sa iyo na tahakin mo ang kapamaraan ng Propeta Muhammad (ﷺ), Sahābah at ng Salaf Sālih, kung saan nagwika ang Allāh (ﷻ): *«Sabihin mo sa kanila, O Muhammad: "Ito ang aking "Sabeel" (pamamaraan), na ako ay nag-aanyaya tungo sa Allāh, na ako ay may "Baseerah" (kaalaman), ako at ang sinumang susunod sa akin»* [16:125]. kung ganon ay kinakailangan natin magsagawa ng Da'wah.

Pang-apat: As-Sabar 'Alal Adhā fihī
(Ang pagtiis sa pagtupad ng mga ito)^[1]

Ang patunay, Sinabi ng Allāh (ﷻ):

﴿وَالْعَصْرُ ﴿١﴾ إِنَّ الْإِنْسَانَ لَفِي خُسْرٍ ﴿٢﴾ إِلَّا الَّذِينَ آمَنُوا وَعَمِلُوا الصَّالِحَاتِ وَتَوَاصَوْا بِالْحَقِّ وَتَوَاصَوْا بِالصَّبْرِ﴾

((Sumumpa ang Allāh sa pamamagitan ng panahon ﴿١﴾ na walang pag-aalinlangang ang Mga Tao ay nasa pagkalugi ﴿٢﴾ Maliban sa kanila na naging mananampalataya at gumawa ng mabubuting gawa, at nagpayuhan sila sa isa't isa sa pananatili sa katotohanan, at pagtitiis para rito))^[2]

[1] Binanggit ng May-akda -رحمه الله- na ang pagkatapos ng Da'wah ay: Ang *Sabar*, samakatuwid: Ang tumahak sa landas na ito ay mangyayari sa kanya ang katulad sa kung ano ang mga nangyari sa mga Sugo at Propeta, kaya nararapat na mag-Sabar o magtiis.

Ang Sabar

Literal:

Pagpigil

Sa Islam: Ang pagpigil sa sarili sa mga bagay at paglayo mula rito.

Ang Tatlong Uri ng Sabar ayon kay Ibn Qayyim -رحمته الله-

[1] Ang Pagtitiis sa pagsunod sa Allāh (ﷻ) hanggang sa ito ay maisagawa.

[2] Ang Pagtitiis mula sa pagsuway sa Allāh (ﷻ) hanggang sa ito ay maiwasan.

[3] Ang Pagtitiis sa mga Masasakit na Tadhana na itinakda ng Allāh (ﷻ).

[2] Matapos ang pagtalakay sa Apat na usapin, nilahad ng May-akda -رحمه الله- ang mga patunay hinggil dito mula sa Qurān; at ito ang Sūrah Al-'Asr. At ang May-akda -رحمه الله- sa tuwing siya'y magbabanggit ng usapin palagi itong may kalakip na Patunay o Batayan, Bakit?

Upang matuto ang mga mag-aaral sa pagsunod at hindi sa paggaya.

Upang magkaroon ang isang mag-aaral ng patunay upang itugon sa isang tao na sumasalungat.

Upang magkaroon ang isang mag-aaral ng kakayahan sa pagkuha ng hukom mula sa mga pangunahing batayan nito.

[1] Nais iparating ng May-akda -رحمه الله- na ang Sūrah na ito ay sapat na bilang patunay sa mga nilalang upang maghanap sila ng kaalaman, isabuhay ito, magsagawa ng Da'wah at ang pagtitiis para dito.

[2] Pinangalanan ni Imām Bukhārī ang isang kabanata mula sa kanyang aklat na (Sahīh Al-Bukhārī): Kabanata: (Kaalaman muna bago ang pagsasalita at paggawa) at kanyang binanggit ang patunay, kaya naman nararapat na magkaroon ng kaalaman muna bago ang pagsasalita at paggawa.

At Hindi magiging tama ang pagsasagawa ng isang gawain nang walang kaalaman, dahil ito ay isang gawain na katulad sa mga Kristiyano.

Sinabi ni Imām Ash-Shāfi'ī -رحمه الله-:

“Kung sakali na wala ng iba pang Sūrah na ipinadala ang Allāh maliban dito ay sapat na ito sa kanyang mga nilikha”^[1]

Sinabi ni Al- Bukhārī -رحمه الله-:

“Kaalaman muna bago ang pagsasalita at paggawa.”

At ang patunay, Sinabi ng Allāh (ﷻ):

﴿فَاغْلَمْ أَنَّهُ لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ وَاسْتَغْفِرْ لِذَنْبِكَ﴾

((Dapat mong mabatid, O Muhammad, na walang sinumang karapat-dapat na sambahin kundi ang Allāh, at humingi ka sa Kanya ng kapatawaran sa iyong kasalanan))

Sinimulan sa kaalaman bago ang pagsasalita at pagkilos o paggawa^[2]

Pangalawa: Ang Tatlong Usapin

(*Al-Masāiluth Thalāthah*)

Dapat mong malaman -Ang habag ng Allāh ay sumaiyo-na obligado sa mga lalaki at babae na Muslim ang pag-aralan ang:

Al-Masāiluth Thalāthah

(*Tatlong Usapin*)

at pagsasabuhay nito.^[1]

[1] Sinimulan ng may-akda ang bahaging ito mula sa aklat sa pamamagitan ng panalangin para sa mag-aaral.

Tunay na ang May-akda ay nagsagawa ng panalangin sa Allāh para sa mga mag-aaral, at ito ay nasa tatlong bahagi ng aklat: Una; sa pagsisimula ng Apat na usapin. Pangalawa; sa pagsisimula ng Tatlong usapin, Pangatlo: (Dapat mong malaman patnubayan ka nawa ng Allāh sa pagsunod sa kanya, tunay na ang *Al-Hanūfiyah* ang siyang *Al-Millah* (paniniwala) ni Ibrāhīm).

Panimula Bago ang Pagpapaliwanag sa Tatlong Usapin

Tawhīd

Literal: Salitang Ugat ng: “Wahhada, Yuwahhidu, Tawhīdan”

Nangangahulugan: “Binukod-tangi”

Sa Islām: Ang Pagbubukod-tangi sa Allāh sa kanyang *Rubūbiyah* at *Ulūhiyyah* at *Asmā Was Sifāt*.

Ang Tawhīd ay nababahagi sa tatlong mga bahagi:

Tawhīdur Rubūbiyah
Ang pagbubukod-tangi sa Allāh sa Kanyang mga Gawain.

O
Pagbubukod-tangi sa Allāh sa Kanyang Paglikha at Pagmamay-ari sa lahat ng nilikha at Pangangasiwa.

Tawhīdul Ulūhiyyah
Pagbubukod-tangi sa Allāh sa Pagsamba.

Tawhīdul- Asmā Was Sifāt
Pagbubukod-tangi sa Allāh sa pamamagitan ng mga ipinangalan at itinangi Niya sa Kanyang sarili sa Quran at sa binanggit ng Kanyang Propeta na si Muhammad, at magpatibay sa lahat ng ipinagtibay Niya sa Kanyang sarili at magwaksi sa lahat ng iwinaksi Niya sa Kanyang sarili nang walang *Tahrif* (pagbabago ng kahulugan), o *Ta'til* (pag-aalis ng kahulugan) at nang walang *Takyif* (paglalarawan ng pamamaraan sa Kanyang katangian at pangalan o kung paano Niya isinasagawa ang kanyang mga gawain), *Tamthil* (paghahalintulad sa Kanya sa anumang nilikha).

***Ang mga Pangalan at Katangian ng Allāh ay "Tawqifiyah" o nababatay lamang sa kung ano ang nabanggit sa Quran at Sunnah at ito ay:**

- Sa pamamagitan ng pagkilala sa lahat ng ipinagtibay ng Allāh sa Kanyang sarili sa Quran o ipinagtibay para sa Kanya ng kanyang Sugo.

- At sa pamamagitan ng pagwawaksi sa lahat ng iwinaksi ng Allāh mula sa Kanyang sarili sa Qurān o iwinaksi mula sa Kanya ng kanyang Sugo, Halimbawa:

«*Hindi Siya maaaring antukin at Hindi rin Siya maaaring matulog*» [2:255], «*At Hindi Kami kailanman napagod sa paglikha nito*» [50:38].

Nang walang Tahrīf at Ta'tīl, at nang walang Takyīf at Tamthīl.

Una: Tunay na ang Allāh ang Siyang lumikha sa ating lahat at nagtutustos at hindi niya tayo pinabayaan, bagkus ay nagpadala siya sa atin ng mga sugo, at ang sinumang sumunod dito ay makakapasok sa Paraiso at sinumang sumuway ay makakapasok sa Impiyerno.

At Ang patunay sinabi ng Allāh (ﷻ):

﴿إِنَّا أَرْسَلْنَا إِلَيْكُمْ رَسُولًا شَاهِدًا عَلَيْكُمْ كَمَا أَرْسَلْنَا إِلَىٰ فِرْعَوْنَ رَسُولًا ۖ فَعَصَىٰ فِرْعَوْنَ الرَّسُولَ فَأَخَذْنَاهُ أَخْذًا وَبِيلًا﴾

((Katiyakan, ipinadala Namin sa inyo, si Muhammad bilang Sugo na titestigo laban sa inyo na katulad din ng pagkapadala Namin kay Mūsa tungo kay Fir'awn ﷻ subalit dipinaniwalaan ni Fir'awn si Mūsa at hindi naniwala sa kanyang mensahe at nilabag ang kanyang utos, na kung kaya, pinuksa Namin sila nang matinding pagkapuksa))

Ang Buod ng Tatlong Usapin

Unang Usapin:

Tawhīdur Rubūbīyah
at
Tawhīdul- Asmā Was Sifāt

Pangalawang Usapin:

Tawhīdul Ulūhīyyah

Pangatlong Usapin:

Ang Pag-iwas mula sa Shirk o pagtatambal at mula sa mga gumagawa nito.

[1] Sa unang usapin ay ipinakikilala rito ng May-akda -رحمه الله- ang *Tawhīdur Rubūbīyah* At *Tawhīdul- Asmā Was Sifāt*, (Tunay na ang Allāh ang Siyang lumikha sa ating lahat) Siya ang *Al-khāliq* (Tagapaglikha), at ang *Ar-Razzāq* (nagtutustos), (at hindi Niya tayo pinabayaan) sa kawalan na parang walang kautusan o ipinagbabawal (bagkus ay nagpadala siya sa atin ng mga sugo).

Ang Dahilan ng pagpapadala ng Allāh sa mga Sugo (ﷻ):

Ang Paglalahad ng Hujjah o katibayan sa mga nilalang: «*At hindi namin paparusahan ang sinuman, hanggang hindi naitatag ang katibayan sa pamamagitan ng pagpapadala ng mga sugo*» [17:15].

Bilang Habag:

«*At Hindi ka Namin ipinadala, O Muhammad, kundi bilang habag sa sangkatauhan*» [21:107].

Pangalawa: Tunay na ang Allāh ay hindi nalulugod sa sinumang nagtatambal sa Kanya sa pagsamba, ni mula sa malalapit sa Kanya na anghel, ni sa mga propetang isinugo. Ang patunay, sinabi ng Allāh (ﷻ):

﴿وَأَنَّ الْمَسَاجِدَ لِلَّهِ فَلَا تَدْعُوا مَعَ اللَّهِ أَحَدًا﴾
 ((At katiyakan, ang mga 'Masjid' ay para sa pagsamba sa Allāh, na kung kaya; huwag kayong magsagawa rito ng pagsamba sa sinuman))

Napapaloob sa Pangalawang Usapin ang pagpapakilala sa *Al-Ulūhīyyah* ng Allāh (ﷻ).

Sinabi ng May-akda -رحمه الله-: (Tunay na ang Allāh ay hindi nalulugod sa sinumang nagtatambal sa Kanya sa pagsamba): Ang salitang (*Sinuman*) ay sumasaklaw sa lahat ng mga nilalang; ito man ay maging isang Propeta, o *Walīy*, o isang Jinn, o Anghel, o isang mabuting tao, at iba pang mga nilalang.

Ang patunay sinabi ng Allāh (ﷻ):

﴿At katiyakan, ang mga 'Masjid' ay para sa pagsamba sa Allāh, na kung kaya; huwag kayong magsagawa rito ng pagsamba sa sinuman﴾ [72:18].

Ang Tatlong kahulugan ng Masjid

Ang mga nakatayong Masjid na itinayo upang sambahin ang Allāh (ﷻ) dito.

Ang mga bahagi ng katawan na kung saan nakadikit sa lupa habang naka-Sujūd o nagpapatirapa.

Ang kalupaan:
 ((...at ginawa para sa akin ang kalupaan na Masjid at dalisay)) [Hadīth]

﴿...ay para sa pagsamba sa Allāh, na kung kaya; huwag kayong magsagawa rito ng pagsamba sa sinuman﴾ : Ang salitang (*Sinuman*) ay sumasaklaw sa lahat ng nilalang; at dahil dito sinabi ng May-akda -رحمه الله- sa simula ng pangalawang usapin (Tunay na ang Allāh ay hindi nalulugod sa sinumang nagtatambal sa Kanya sa pagsamba): ibig sabihin, sa lahat ng nilalang; ito man ay Propeta o Walīy o Jinn o isang mabuting tao.

Ipinapaliwanag ng May-akda -رحمه الله- sa Pangatlong usapin; na marapat na umiwas mula sa *Shirk* o pagtatambal at mula sa mga gumagawa nito.

Mangyayari ang pag-iwas mula sa Shirk at sa mga gumagawa nito sa pamamagitan ng:



[1] Puso: Sa pamamagitan ng pagkamuhí sa mga *Kuffār* at kanilang mga piyesta at pagdiriwang at lalo na sa mga gawaing pagtatambal at makabagong gawain na pagsamba.

[2] Dila: ﴿Katiyakan, kami ay walang pananagutan sa inyo at sa anumang inyong sinasamba bukod sa Allāh﴾ [43:26].

﴿Sabihin mo; O Muhammad, “O kayong mga hindi naniniwala sa Allāh ﴿Hindi ko sasambahin ang anumang sinasamba ninyo na mga diyus-diyusan ﴿At kayo ay hindi rin ninyo sasambahin ang aking sinasamba ﴿At ako, kailanman ay hindi mangyayari na sasamba sa mga sinasamba ninyo ﴿At kailanman ay hindi kayo sasamba sa aking sinasamba.” ﴿“Na kung kaya, sa inyo na lamang ang inyong relihiyon na inyong pinagpipilitan, at sa akin na lamang din ang aking ‘Deen,’﴾ [Sūrah Al-Kāfirūn].

[3] Katawan: sa pamamagitan ng hindi paglahok sa kanilang mga ipinagdiriwang o mga ritwal o mga kasuotan o anumang bagay na kanilang pinaniniwalaan.

Pangatlo: Tunay na ang sinumang sumunod sa Sugo at ibinukod tangi ang Allāh ay hindi maaari sa kanya ang tumangkilik sa sinumang kumalaban sa Allāh at sa Kanyang Sugo kahit na ito pa ay kanyang malapit na kamag-anak.

At ang patunay sinabi ng Allāh (ﷻ):

﴿لَا تَجِدُ قَوْمًا يُؤْمِنُونَ بِاللَّهِ وَالْيَوْمِ الْآخِرِ يُوَادُّونَ مَنْ حَادَّ اللَّهَ وَرَسُولَهُ وَلَوْ كَانُوا آبَاءَهُمْ أَوْ أَبْنَاءَهُمْ أَوْ إِخْوَانَهُمْ أَوْ عَشِيرَتَهُمْ أُولَئِكَ كَتَبَ فِي قُلُوبِهِمُ الْإِيمَانَ وَأَيَّدَهُم بِرُوحٍ مِّنْهُ وَوَدَّ خَلُّهُمْ جَنَّاتٍ تَجْرِي مِنْ تَحْتِهَا الْأَنْهَارُ خَالِدِينَ فِيهَا رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُمْ وَرَضُوا عَنْهُ أُولَئِكَ حِزْبُ اللَّهِ أَلَا إِنَّ حِزْبَ اللَّهِ هُمُ الْمُفْلِحُونَ﴾

((Hindi ka makatatagpo, O Muhammad ng mga tao na naniniwala sa Allāh at sa Kabilang-Buhay, na pakamamahalin nila ang sinuman na kumakalaban sa Allāh at sa Kanyang Sugo, kahit na sila pa ay kanilang magulang o di kaya ay kanilang mga anak o di kaya ay kanilang mga kapatid o di kaya ay kanilang mga kamag-anak. Na itinanin ng Allāh ang kanilang Pananampalataya sa kanilang mga puso, at pinatatag sila sa pamamagitan ng tulong mula sa Kanya at sa Kabilang-Buhay ay papapasukin sila sa mga Hardin na umaagos ang mga ilog sa ilalim ng mga puno nito, at sila ay mananatili roon magpasawalang-hanggan, ipagkakaloob ng Allāh sa kanila roon ang Kanyang pagmamahal at mamahalin nila ang Allāh, Sila ang mga nasa panig ng Allāh at sila ang magkakamit ng kaligayahan sa daigdig at sa Kabilang-Buhay))

Pangatlo: Ang kahalagahan ng pag-aaral ng Tawheed

Dapat mong malaman -Patnubayan ka ng Allāh sa pagsunod sa Kanya-: **Tunay na ang *Al-Hanīfiyah* ang siyang *Millah* ni Ibrāhīm**: ito ay, ang sambahin lamang ang Allāh nang dalisay at ito ang inutos ng Allāh sa lahat ng tao, at nilikha sila dahil dito; katulad ng sinabi ng Allāh (ﷻ):

﴿وَمَا خَلَقْتُ الْجِنَّ وَالْإِنسَ إِلَّا لِيَعْبُدُونِ﴾

((At hindi Namin nilikha ang mga Jinn at tao maliban lamang sambahin nila ako))^[1] At ang kahulugan ng “Sambahin nila ako” ay “Sambahin nang bukod-tangi”^[2]

At ang pinakadakilang kautusan ng Allāh (ﷻ): Ang Tawhīd at ito ang pagbubukod-tangi sa Allāh (ﷻ) sa Al-‘Ibādah o pagsamba^[3] At ang pinakadakilang ipinagbabawal Niya ay ang Shirk. Ito ay ang pananalangin, pagsamba sa iba maliban pa sa Allāh.

Al-Hanīfiyah

Literal:

Nagmula sa salitang: *Al-Hanf*

Na ang kahulugan ay:

Al-Mayl

Ito ang:

Paglihis

Sa Islam: ito ang *MILLAH* o paniniwala na lumilihis at lumalayo mula sa *Shirk* patungo sa *Ikhlas*, *Tawhīd* at *Imān*.

﴿At masunurin na nagpapasailalim sa kagustuhan ng Allāh, na hindi siya lumilihis sa Relihiyon ng Islām﴾ [16:120].

Ibig sabihin ay tumungo sa Allāh at tumatalikod sa *Shirk*.

At ang *Hanīf* ay siyang palaging bumabalik sa *Tawhīd* at lumalayo mula sa *Shirk*.

[3] Ipinapaliwanag ng May-akda -رحمه الله- kung bakit natin pinag-aaralan ang *Tawhīd* at ang kasagutan ay atin ng nabanggit sa Panimula.

Ang kahulugan ng Tawhīd

Literal: Salitang ugat ng salitang “*Wahhada, Yuwahhidu, Tawhīdan*”

Nangangahulugan: “*Binukod-tangi*”

Sa Islam: Ang Pagbubukod-tangi sa Allah sa kanyang *Rubūbiyyah* at *Ulūhiyyah* at *Asmā Was Sifāt*.

Sinabi ng May-akda -رحمه الله-: (At ang kahulugan ng “Sambahin nila ako” ay ang “Sambahin nang bukod-tangi” (Gawing bukod-tangi ang Allāh sa pagsamba), ito ay salita ni Ibn ‘Abbās (رضي الله عنه) na kung saan kanyang sinasabi: “Tunay na ang bawat salitang pagsamba sa loob ng Qurān ay nangangahulugan na: *Tawhīd*”. ﴿At inyong sambahin ang Allāh﴾: nang bukod tangi lamang, ﴿O sangkatauhan sambahin niyo ang iyong Rabb﴾: nang nag-iisa at bukod tangi lamang.

[1] Sinimulan ng May-akda -رحمه الله- ang pagtalakay sa *Al-Usūluth Thalāthah*, at ito ay nagpapahiwatig sa tatlong katanungan sa libingan, at kanyang pinukaw ang atensyon ng mga mambabasa at tagapakinig sa pamamagitan ng pagtatanong at pagsagot nito.

[2] Nililinaw ng May-akda -رحمه الله- ang unang saligan, at ipinapaliwanag na ang *Rabb* at ang karapatdapat sambahin ay walang iba kundi ang Allāh (ﷻ), at kanyang binanggit ang patunay dito, at ito ang sinabi ng Allāh (ﷻ):

﴿ الْحَمْدُ لِلَّهِ رَبِّ الْعَالَمِينَ ﴾

(Ang lahat ng papuri ay nararapat lamang sa Allāh na “Rabb” ng lahat ng mga nilalang) [1:1].

At ang *Rabb* siya ang *Al-Ma'būd* o ang sinasamba.

At kapag tinanong sa iyo kung ano ang Tatlong Saligan ng Relihiyon na marapat malaman ng tao? Sabihin ay: Ang makilala ng lingkod ang kanyang RABB, at malaman ang kanyang DEEN at makilala ang kanyang Propeta Muhammad (ﷺ) [1].

Kapag ikaw ay tinanong: “Sino ang iyong RABB?” Sabihin; ang aking RABB ay ang Allāh na Siyang nangangalaga sa akin at sa lahat ng nilalang sa pamamagitan ng Kanyang biyaya, at Siya lamang ang aking sinasamba at wala akong sinasambang katambal sa Kanya. At ang patunay sinabi ng Allāh (ﷻ):

﴿ الْحَمْدُ لِلَّهِ رَبِّ الْعَالَمِينَ ﴾

(Ang lahat ng papuri ay nararapat lamang sa Allāh na “Rabb” ng lahat ng mga nilalang) [2]

Ang lahat maliban sa Allāh ay *AL-‘Ālamun* (Nilikha) at ako ay kabilang sa Kanyang mga nilikha [3].

﴿ الْحَمْدُ لِلَّهِ رَبِّ الْعَالَمِينَ ﴾

Sa talata na ito ay natitipon ang tatlong uri ng *Tawhīd*

﴿ الْحَمْدُ ﴾

(*Al-ham-du*)

Ito ay nagpapakilala sa *Tawhidul Asmā Was Sifāt*

﴿ لِلَّهِ ﴾

(*lil-lā-hi*)

Ito ay nagpapakilala sa *Tawhidul Ulūhiyah*

﴿ رَبِّ ﴾

(*Rabbi*)

Ito ay nagpapakilala sa *Tawhidul Rubūbiyah*

[3] Ibig sabihin: Ang lahat maliban sa Allāh ay isang *Makhlūq* o nilalang, at kung mangyari na ako ay isang nilikha nararapat lamang na ako ay magpasalamat sa Tagapaglikhang nagtutustos at nagbibigay ng biyaya, luwalhati sa Kanya ang Kataas-taasan.

At kung tatanungin ka; paano mong nakilala ang iyong “Rabb” [Panginoon]?

Sabihin mo; sa pamamagitan ng Kanyang mga *Āyāt* (Tanda) at *Makhlūqāt* (Mga nilalang), at mula sa Kanyang mga Tanda ay ang gabi at ang umaga, ang araw at buwan at sa Kanyang paglikha sa kalangitan at kalupaan at sa mga nandito at sa pagitan ng mga ito.

Patunay na sinabi ng Allāh (ﷻ):

﴿وَمِنْ آيَاتِهِ اللَّيْلُ وَالنَّهَارُ وَالشَّمْسُ وَالْقَمَرُ ۚ لَا تَسْجُدُوا لِلشَّمْسِ وَلَا لِلْقَمَرِ وَاسْجُدُوا لِلَّهِ الَّذِي خَلَقَهُنَّ إِن كُنتُمْ إِيَّاهُ تَعْبُدُونَ﴾

((Kabilang sa Kanyang mga tanda ang gabi at araw at ang araw at buwan. Huwag kayong magpatirapa sa araw at sa buwan bagkus ay magpatirapa kayo sa Allāh na siyang lumikha sa kanila kung kayo sa Kanya lamang ay mga sumasamba))

At Sinabi Niya:

﴿إِنَّ رَبَّكُمُ اللَّهُ الَّذِي خَلَقَ السَّمَاوَاتِ وَالْأَرْضَ فِي سِتَّةِ أَيَّامٍ ثُمَّ اسْتَوَىٰ عَلَى الْعَرْشِ يُغْشِي اللَّيْلَ النَّهَارَ يَطْلُبُهُ حَثِيثًا وَالشَّمْسُ وَالْقَمَرُ وَالنُّجُومُ مُسَخَّرَاتٌ بِأَمْرِهِ ۗ أَلَا لَهُ الْخَلْقُ وَالْأَمْرُ ۗ تَبَارَكَ اللَّهُ رَبُّ الْعَالَمِينَ﴾

((Tunay na ang inyong “Rabb” [Panginoon] ay ang Allāh na lumikha sa kalangitan at lupa sa anim na araw at lumuklok sa trono. Binabalot Niya ang gabi sa pamamagitan ng araw na mabilis na sinusundan ng gabi. Ang araw, buwan at mga bituin ay nasa ilalim ng Kanyang utos. Sa Kanya ang paglikha at pag-uutos. Luwalhati sa Allāh ang Panginoon ng mga daigdig))^[1]

At ang Rabb ay ang Siyang marapat sa pagsamba, ang patunay, sinabi ng Allāh (ﷻ):

﴿يَا أَيُّهَا النَّاسُ اعْبُدُوا رَبَّكُمُ الَّذِي خَلَقَكُمْ وَالَّذِينَ مِنْ قَبْلِكُمْ لَعَلَّكُمْ تَتَّقُونَ ۝ الَّذِي جَعَلَ لَكُمُ الْأَرْضَ فِرَاشًا وَالسَّمَاءَ بِنَاءً وَأَنْزَلَ مِنَ السَّمَاءِ مَاءً فَأَخْرَجَ بِهِ مِنَ الثَّمَرَاتِ رِزْقًا لَكُمْ ۖ فَلَا تَجْعَلُوا لِلَّهِ أَندَادًا وَأَنْتُمْ تَعْلَمُونَ﴾

((O mga tao, sambahin ninyo ang inyong “Rabb” [Panginoon] na lumikha sa inyo at sa mga nauna sa inyo upang kayo nawwa ay magkaroon ng takot sa Allāh ❶ Siyang lumikha para sa inyo ng lupa na malapad at ginawa niya ang langit na parang gusali. At nagpababa mula sa langit ng tubig at pinatubo sa pamamagitan nito ang mga bunga bilang biyaya sa inyo. Kaya, huwag kayong kumuha para sa Allāh ng mga katambal habang ito ay inyong nalalaman))^[2]

Sinabi ni Ibn Kathīr -رحمه الله- “Ang Al-Khālīq (Tagapaglikha) ng mga bagay na ito ang siyang karapat-dapat sa Al-‘Ibādah (pagsamba).”^[3]

[1] Sinimulan ng May-akda -رحمه الله- ang pagbabanggit sa mga ilang palatandaang pandaigdig na siyang tumutukoy sa pagkakairal ng Allāh, at ito rin ay nagpapatibay na walang Rabb at walang Tagapalikha at walang karapatdapat sambahin maliban sa Allāh. At binanggit rin ang mga patunay hinggil dito mula sa Qurān katulad ng nasa aklat na ito.

❶ At lahat ng nilalang ay isang tanda na pagkakairal ng Allāh. Subalit ang May-akda ay pinag-iiba niya ang *Āyāt* at ang *Makhlūqāt*; dahil ang isang *Āyāt* o Tanda ay nagbabago; katulad ng Gabi at Umaga, at ang nagbabago ay mayroong mas malakas na patunay kaysa sa hindi nagbabago.

[2] At ang talata na ito ay mula sa Sūrah Al-Baqarah, na ayon sa ilang Ulamā o mga Pantas ng Islam: tunay na napapaloob sa talata na ito ang kauna-unahang panawagan sa Quran: ﴿O mga tao!﴾ At dito ang kauna-unahang kautusan sa Qurān ﴿Sambahin!﴾ ibig sabihin: sambahin nang bukod-tangi at nag-iisa. At nandito rin ang kauna-unahang ipinagbawal sa Qurān: ﴿Kaya, huwag kayong kumuha para sa Allāh ng mga katambal habang ito ay inyong nalalaman﴾ ito ang pagbabawal mula Shirk.

[3] Ibig sabihin: Ang nag-iisa at bukod-tangi sa pagkapanginoon, marapat na ibukod-tangi siya sa pagsamba.

At ang mga uri ng Al-'Ibādah tulad ng Al-Islām, Al-Imān at Al-Ihsān, at mula rin sa mga Al-'Ibādah ay ang Ad-Du'ā', Al-Khawf, Ar-Rajā', Tawakkul, Ar-Raghab, Ar-Rahbah, Al-Khushū', Al-Khashyah, Al-Inābah, Al-Istiā'nah, Al-Istighāthah, Ad-Dhabh, An-Nadhr at iba pang mga tulad nito mula sa mga pagsamba na siyang ipinag-uutos ng Allāh, at ang lahat ng mga ito ay marapat lamang ibaling sa Allāh.

Ang patunay, sinabi ng Allāh (ﷻ):

﴿وَأَنَّ الْمَسَاجِدَ لِلَّهِ فَلَا تَدْعُوا مَعَ اللَّهِ أَحَدًا﴾

((At katiyakan, Ang mga Masjid ay para sa Allāh lamang, kaya huwag manalangin sa iba pa bilang kasama ng Allāh ang sinuman)).

At sinuman ang ialay niya ang anumang uri ng Al-'Ibādah maliban pa sa Allāh; tunay na siya ay naging isang Mushrik Kāfir, at ang patunay sinabi ng Allāh (ﷻ):

﴿وَمَنْ يَدْعُ مَعَ اللَّهِ إِلَهًا آخَرَ لَا بُرْهَانَ لَهُ بِهِ فَإِنَّمَا حِسَابُهُ عِنْدَ رَبِّهِ إِنَّهُ لَا يُفْلِحُ الْكَافِرُونَ﴾

((Sinumang manalangin sa iba pa liban sa Allāh na wala siyang patunay dito, ang pagtutuos sa kanya ay nasa kanyang Panginoon. Hindi magtatagumpay ang mga hindi nanampalataya))

At sa Hadeeth: (Ang Du'a ang siyang utak ng Al-'Ibādah).

At ang patunay sinabi ng Allāh (ﷻ) :

﴿وَقَالَ رَبُّكُمْ ادْعُونِي أَسْتَجِبْ لَكُمْ: إِنَّ الَّذِينَ يَسْتَكْبِرُونَ عَنْ عِبَادَتِي سَيَدْخُلُونَ جَهَنَّمَ دَاخِرِينَ﴾

((Sinabi ng inyong Panginoon, 'Manalangin kayo sa Akin at Ako ay tutugon sa inyo.' Tunay na ang mga nagmalaki sa pagsamba sa Akin ay papasok sa Impiyerno na mga hamak))

Sinundan ng May-akda ang sinabi ni ibn Kathīr رحمه الله- sa pamamagitan ng pagbanggit ng mga iba't ibang uri ng pagsamba na isinasagawa sa pamamagitan ng puso at katawan, na mayroong kalakip na batayan mula sa Qurān para sa bawat gawaing nabanggit, at ito ang sumusunod:

Ang Du'ā (Panalangin)

At ito ay nababahagi sa:

Du'ā Al-'Ibādah:

Ito ay isang uri ng panalangin na kung saan sinasamba ng isang Muslim ang Allāh o panalangin nasa loob ng isang gawaing pagsamba;

katulad ng Salāh at Sawm at Hāj

Du'ā Al-mas'alah:

Ito ay uri ng panalangin na paghingi; katulad ng pagsasabi ng Allāhumaghfir lī, Irhamnī

(O Allāh! patawarin mo ako at iyong kaawaan)

Ang pag-aalay o pagbabaling nito sa iba maliban pa sa Allāh ay isang uri ng Malaking Shirk

Ang hatol nito ay mayroong paliwanag, at ito ay mayroong dalawang bahagi, at ito ang sumusunod:

Ang Du'ā Al-Mas'alah ay nababahagi sa Dalawa:

Sa mga bagay na walang makakagawa nito maliban sa Allāh:

Ang pag-aalay nito sa iba maliban pa sa Allāh ay isang uri ng Malaking Shirk.

Sa mga bagay na makakayang gawin ng isang Tao

Ito ay maaari lamang ayon sa mga sumusunod na kondisyon:

Marapat na ang tinatawag ay isang buhay.

At Hindi kabilang dito ang mga patay

Marapat na ang tinatawag ay umiiral sa tabi o kasama o nasa iyong presensya.

At Hindi kabilang ang wala o malayo

Marapat na ang tinatawag ay mayroong kakayanan.

At Hindi kabilang dito ang walang kakayahan.

Marapat na maniwalang ang tinatawag ay isang dahilan lamang at hindi mismo siya ang nagbibigay ng epekto.

At kung naniniwala na ang tinatawag ay mayroon siyang tinatago na pangangasiwa sa sanlibutan at nasa kamay niya ang pagbibigay ng pakinabang at pagtulak ng mga nakakapinsala; ang hatol nito ay Malaking Shirk.

Paunawa

Ating pinag-aaralan lamang ang hinggil sa hatol ng isang gawain, ngunit ang hatol sa tao na gumagawa nito ay kinakailangan ng paglalahad ng mga katibayan sa kanya at mawala ang mga Shubuhāt o pagdududa at pag-aalinlangan bago pa man hatulan ang tao na iyon.

At ang mga Ulama o Maaalam sa Islam; sila ang mas higit na may karapatan na magbigay ng hatol sa isang tao na gumagawa ng bagay na iyon kung siya ba ay isang *Mu'min* o isang *Kāfir*.

Ang mga tao ay nahahati sa tatlong pangkat hinggil sa usaping paniniwala sa *Asbab* o kaparaanan:

Pangkat na naniniwala at ginawa nilang kaparaanan ang isang bagay na ginawa ito na kaparaanan ng Allāh (ﷻ)

At ito ay Tama

Pangkat na naniniwala at ginagawa nila ang isang bagay na kaparaanan na hindi naman ito ginawang kaparaanan ng Allāh (ﷻ);

At ito ay isang Maliit na Shirk

Pangkat na naniniwala na ang mismong kaparaanan ang siyang nagdudulot ng epekto at hawak niya ang pagkamit ng pakinabang at pagtulak sa pinsala.

Ito ay isang Malaking Shirk

Kaparaanan na nabanggit sa Islām

Katulad ng *Ar-Ruqyah Al-Mashrū'ah*, ito ay ginawang kaparaanan ng Allāh sa pagtanggal ng sakit.

Pisikal na Kaparaanan

Katulad ng mga Gamot, ito ay ginawang kaparaanan ng Allāh para sa panlulunas.

Ang Hadīth na: *(Ang Du'a ang siyang utak ng 'Tbādah) ay isang mahinang Hadīth, At ang malakas at Tamang Hadīth ay ang sinabi ng Propeta Muhammad (ﷺ): (Ang Du'a ay isang 'Tbādah).*

Paano Naging isang 'Tbādah ang Du'a?

Ang talata mula sa Qurān na tumutukoy dito:

﴿وَقَالَ رَبُّكُمْ ادْعُونِي أَسْتَجِبْ لَكُمْ إِنَّ الَّذِينَ يَسْتَكْبِرُونَ عَنْ عِبَادَتِي سَيَدْخُلُونَ جَهَنَّمَ دَاخِرِينَ﴾

((Sinabi ng inyong Panginoon, 'Manalangin kayo sa Akin at Ako ay tutugon sa inyo.' Tunay na ang mga nagmalaki sa pagsamba sa Akin ay papasok sa Impiyerno na mga hamak)) [40:60].

Sinabi ng Allah: ﴿عِبَادَتِي﴾ ((sa pagsamba sa Akin)) ito ay isang patunay na tumutukoy na ang Du'a ay isang uri ng 'Tbādah.

At ang patunay sa *Al-khawf* sinabi ng Allāh (ﷻ):

﴿فَلَا تَخَافُوهُمْ وَخَافُونَ إِن كُنْتُمْ مُؤْمِنِينَ﴾
 ((Huwaag ninyo silang katakutan bagkus ay katakutan ninyo Ako kung kayo ay nanampalataya)) ^[1]

At ang patunay sa *Ar-Rājā'* sinabi ng Allāh (ﷻ):

﴿فَمَنْ كَانَ يَرْجُوا لِقَاءَ رَبِّهِ فَلْيَعْمَلْ عَمَلًا صَالِحًا وَلَا يُشْرِكْ بِعِبَادَةِ رَبِّهِ أَحَدًا﴾
 ((Sinumang maghangad ng pagtatagpo nila ng kanyang Panginoon ay gumawa ng mabuti. At huwaag magtambal sa pagsamba sa kanyang Panginoon ng sinuman)) ^[2]

[2] Ang *Rajā'* o ang pag-aasam o pag-asa: Ito ang pag-aasam ng isang tao sa bagay o ang pag-asa o paghihintay sa isang bagay na naiibigan.

At napaloloob sa *Rajā'* ang pagpapakumbaba at pagsuko para lamang sa Allāh, at ang pag-aalay nito sa iba ay isang uri ng Malaking Shirk.

At ang kapuri-puri na *Rajā'* ay mangyayari lamang sa sinumang gumawa ng pagsunod sa Allāh at nag-aasam ng kabutihan, o ang nagbabalik-loob mula sa pagsuway sa Allāh at nag-aasam na matanggap ang kanyang pagbabalik-loob, at ang *Rajā'* na walang gawa ay isang uri ng pagmamataas at hindi kapuri-puri na paghahangad.

[1] Ang *Khawf* o Pagkatakot: Ito ay isang uri ng emosyon na nangyayari sa tuwing nalalagay ang isang nilalang sa bagay na may dulot na kasawian o kapinsalaan o kasakitan.

Ang Tatlong uri ng *Khawf*:

Ang *khawf* na 'Ibādah at pagdakila at palihim

Ang likas na pagkatakot
 (Likas)

Ang *Khawf* na Muharram
 (Ipinag-Babawal)

Ito ang Takot ng isang tao sa kanyang sinasamba at ito ay mayroong (pagpapa-Kumbaba) at pagsuko at pagdakila sa sinasamba at ang uri na ito ay obligado para lamang sa Allāh, at ang pag-aalay nito sa iba ay isang malaking Shirk

Katulad ng takot ng isang tao sa apoy at kalaban at mabangis na hayop atbp....
 At ito ay *Mubāh* o (Pinapahintulutan)

Katulad ng kawalan ng pag-asa mula sa habag ng Allāh o pagsunod sa isang nilalang sa pagsuway sa Allāh.

At ang patunay sa *At-Tawakkul*

Sinabi ng Allāh (ﷻ):

﴿وَعَلَى اللَّهِ فَتَوَكَّلُوا إِن كُنْتُمْ مُؤْمِنِينَ﴾
 ((Sa Allāh kayo marapat na manalig kung kayo ay mga nanampalataya))

Sinabi ng Allāh (ﷻ):

﴿وَمَنْ يَتَوَكَّلْ عَلَى اللَّهِ فَهُوَ حَسْبُهُ﴾
 ((Sinumang manalig sa Allāh ay sapat na Siya sa kanya))^[1].

At ang patunay sa *Ar-Raghbah Ar-Rahbah* at *Al-Khushū'*

Sinabi ng Allāh (ﷻ):

﴿إِنَّهُمْ كَانُوا يُسَارِعُونَ فِي الْخَيْرَاتِ وَيَدْعُونَنَا رَغَبًا وَرَهَبًا وَكَانُوا لَنَا خَاشِعِينَ﴾
 ((Tunay na sila ay nag-uunahan sa paggawa ng kabutihan at nanalangin sa Amin sa paghahangad at natatakot. Sila sa Amin ay nagpapasakop))^[2].

[1] Ang kahulugan ng *Tawakkul*

Sa Literal:

Ang pagtitiwala sa isang bagay; ito ang pananalig sa kanya.

Sa Islam:

Ito ang totoong pagnanalig sa Allāh (ﷻ) na mayroong kasamang pagtitiwala sa Kanya at pagkuha ng mga pinapahintulutan na kaparaanan.

Tatlong bagay na marapat isakatuparan sa *Tawakkul*

Ang pagiging totoo sa pananalig sa Allāh (ﷻ)

Ang Pananalig sa Allāh (ﷻ) na Siyang tutupad sa Kanyang pangako

Ang pagkuha at paggawa ng mga pinapahintulutang kaparaanan

[2] *Ar-Raghbah* o *Paghahangad*: Ito ang kagustuhan na makarating sa isang bagay na iniibig.

***Ar-Rahbah* o *Pagkasindak*:** Ito ang pagkatakot na nagbubunga ng paglayo mula sa kinakatakutan, at ito ang takot na mayroong pagkilos.

***Al-Khushū'* o *Pagkataimtim*:** Ito ang pagpapakumbaba sa kadakilaan ng Allāh (ﷻ), na kung saan ito ang ganap na pagsuko sa tadhana ng Allāh (ﷻ) sa sanlibutan at Islām.

☀ Ang tumatahak sa landas ng Allāh (ﷻ) ay nararapat na pagsamahin ang *Al-khawf* o pagkatakot at *Ar-Raja'* o pag-aasam sa Allāh (ﷻ), at hindi maaari na mangingibaw ang isa sa isa pa dahil ito ay maglalagay sa kanya sa kasawian, kaya nararapat na magkaroon ang isang tao ng pagkatakot at pag-aasam, na katulad ng isang ibon na may dalawang pakpak.

At ang patunay sa *Al-Khashyah* Sinabi ng Allāh (ﷺ):

﴿فَلَا تَخْشَوْهُمْ وَاخْشَوْنَا﴾

((kaya huwag ninyo silang katakutan bagkus ay katakutan ninyo Ako)) [1]

At ang patunay sa *Al-Inābah* Sinabi ng Allāh (ﷺ):

﴿وَأَنِيبُوا إِلَىٰ رَبِّكُمْ وَأَسْلُمُوا لَهُ﴾

(Magbalik-loob kayo sa inyong Panginoon at sumuko sa Kanya) [2]

At ang patunay sa *Al-Isti'ānah* Sinabi ng Allāh (ﷺ):

﴿إِنَّا كُنَّا نَعْبُدُ وَإِنَّا كُنَّا نَسْتَعِينُ﴾

((Sa Iyo lamang kami sumasamba at sa Iyo lamang kami humihingi ng tulong))

At sa Hadith: “Kung hihingi ka ng tulong, ay humingi ka sa Allāh.” [3]

At ang patunay sa *Al-Isti'ādah* Sinabi ng Allāh (ﷺ):

﴿قُلْ أَعُوذُ بِرَبِّ الْفَلَقِ﴾

((Sabihin O Muhammad, ‘Ako ay nagpapakupkop sa Panginoon ng buwang-liwayway)), at

﴿قُلْ أَعُوذُ بِرَبِّ النَّاسِ﴾

((Sabihin O Muhammad, ‘Ako ay nagpapakupkop sa Panginoon ng mga tao)) [4]

At ang patunay sa *Al-Istighāthah* Sinabi ng Allāh (ﷺ):

﴿إِذْ تَسْتَغِيثُونَ رَبَّكُمْ فَاسْتَجَابَ لَكُمْ﴾

(Nang humingi kayo ng tulong sa inyong Panginoon at Siya ay tumugon sa inyo na) [5]

At ang patunay sa *Adh-Dhabh* Sinabi ng Allāh (ﷺ):

﴿قُلْ إِنِّ صَلَاتِي وَنُسُكِي وَمَحْيَايَ وَمَمَاتِي لِلَّهِ رَبِّ الْعَالَمِينَ﴾

((Sabihin, ‘Tunay na ang aking obligadong pagdarasal, mga pagkatay, pamumuhay at kamatayan ay para kay Allāh, ang Panginoon ng mga nilikha))

At ayon sa Sunnah: “Sumpain ng Allāh ang sinuman na magkatay upang i-alay sa iba maliban pa sa Allāh.” [6]

[1] *Al-Khashyah* o Pagkatakot: Ito ang pagkatakot na mayroong kaalaman sa kadakilaan ng kinatatakutan, at kaalaman sa kanyang ganap na kapangyarihan.

[2] *Al-Inābah* o ang pagbabalik-loob: Ito ang pagbabalik-loob sa Allāh sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanya at paglayo mula sa pagsuway sa Kanya, (*wa Anibū*) ibig sabihin: At Magbalik-loob kayo (*ilā rabbikum wa aslimū lahu*) ibig sabihin: sumuko ka sa Allāh; dahil ikaw ay isang alipin, at ang isang alipin dapat siyang sumuko sa kanyang Panginoon, at ang Panginoon ay ang Allāh; katulad ng sinabi ng Sugo ng Allāh (ﷻ): “Ang Panginoon ay ang Allāh” [Hadīth].

[3] *Al-Isti'ānah* o ang paghingi ng tulong: (*Sa Iyo lamang kami sumasamba at sa Iyo lamang kami humihingi ng tulong*), ginamit ng Allāh sa talatang ito ang pang-isahan, bilang pantukoy Niya sa Kanyang Sarili, at upang pagtibayin at maging malinaw na Siya ay bukod-tangi lamang sa karapatan ng pagsunod, pagsamba at panalangin.

[4] *Al-Isti'ādah* o ito ang paghingi ng pagpapakupkop at pagkalinga, at ito ang: proteksyon mula sa mga masasamang bagay, (*A'ūdhu*) ibig sabihin: Ako'y napapakupkop at nagpapakalinga.

[5] *Al-Istighāthah* o ang paghingi ng saklolo at ito ang pagsaklolo mula sa kahirapan at kasawian.

☀ Ang *Al-Isti'ānah* at *Al-Isti'ādah* at *Al-Istighāthah* at *Ash-Shaf'āh* ay maaaring hingin mula sa mga nilalang sa mga bagay na kanilang makakaya na umaayon sa apat na kondisyon; Dapat na ito ay maging: Buhay, umiiral, at mayroong kakayahan, at paniniwala na ito ay kaparaanan lamang.

[6] *Adh-Dhabh*: ang pagpatay at pagpapadaloy ng dugo ng isang kataying hayop bilang pagdakila at pagpapalapit sa Allāh sa isang natatanging paraan.

At ang patunay sa *An-Nadhr* Sinabi ng Allāh (ﷻ):

﴿يُوفُونَ بِالنَّذْرِ وَيَخَافُونَ يَوْمًا كَانَ شَرُّهُ مُسْتَطِيرًا﴾

((Silang mga tumutupad sa panata at natatakot sa Araw na ang kasamaan nito ay laganap)) ^[1]

Ang Tatlong Uri Ng *Dhabāih* (Mga Pagkakatatay)

Ang pagkatay ng hayop para sa Allāh (ﷻ)

Katulad ng:
Hadīy at
Udhihiyah at
Sadaqāt

Pagkatay ng hayop para sa iba maliban pa sa Allāh (ﷻ) bilang pagmamahal at pagdadakila

Katulad ng pagkatay para sa Jinn, at mga patay sa libingan, ito ay itinuturing na Malaking Shirk.

Pagkatay na *Mubāh*

Katulad ng Karne ng tupa upang kainin o ipagbili

☀ **Paunawa:** Mayroong pang karagdagang pagpapaliwanag sa usaping hinggil sa *Adh-dhabh* sa susunod na aklat, ito ay ang Aklat ng Tawhīd - *In Shā Allāh* -

[1] Ang Kahulugan ng *An-Nadhr*

Sa literal: Panunumpa, Kasunduan, o ang Pag-oobliga.

Sa Islam: Ang pag-oobliga ng isang tao sa kanyang sarili sa paggawa ng isang gawaing hindi obligado sa kanya.

☀ **Paunawa:** Ang *An-Nadhar* ay mayroong iba't ibang bahagi at mga kondisyon at *Kaffarat* (*Parusa* o *Multa*) at darating ang pagpapaliwanag nito sa Aklat ng Tawhīd - *In Shā Allāh* -

Mga Uri Ng *An-Nadhr*

Ang *Nadhr* para sa Allāh (ﷻ)

Ang *Nadhr* para sa iba maliban pa sa Allāh (ﷻ)

☀ Ang mga nabanggit na gawaing pagsamba ng May-akda -رحمه الله- sa aklat na ito ay hindi nangangahulugan na ito lamang ang mga gawaing pagsamba subalit ito ay isang paghahalimbawa lamang; dahil mayroong pang napakaraming pagsamba na hindi nabanggit sa aklat na ito, at ang buod: tunay na ang sinumang mag-aalay at magbibigay ng mga gawaing pagsamba na ito sa iba maliban pa sa Allāh (ﷻ) tunay na siya ay nakagawa ng Shirk o pagtatambal sa Allāh (ﷻ).


[1] Umakyat sa Pangalawang Saligan ang May-akda - رحمه الله, at ito ang kaalaman ng isang alipin sa kanyang *Deen* o Relihiyon, at sinimulan ito ng May-Akda sa pagpapakilala sa *Islām*, kanyang sinabi:

Ang Unang Antas: *Al-Islām*

Ito ang ang ganap na pagsuko sa kaisahan ng Allāh (ﷻ) at ganap na pagsunod sa Kanya at pagiging malaya sa Shirk at sa mga tauhan nito.

At ito ang kahulugan ng *Islām*; Ang sumuko ka sa Allāh (ﷻ); dahil ikaw ay isang alipin lamang, at ang isang alipin ay nararapat na sumuko sa kanyang Panginoon, at ang Panginoon ay ang Allāh; katulad ng sinabi ng Sugo ng Allāh (ﷺ): “Ang Panginoon ay ang Allāh” [Hadith]

At pagkatapos ay ibinahagi ang *Deen* sa tatlong Antas:



[2] Ang Haligi ng *Islām* ay lima, at ang pinakauna:

Ang *Shahādah*.

Ang Pangalawang Saligan: Ang kaalaman sa *Deen Al-Islām* (Relihiyong Islam) na umaayon sa *Qur'an* at *Sunnah*.

At ito ang ganap na pagsuko sa Kaisahan ng Allāh (ﷻ) at ganap na pagpapakop sa Kanya sa pamamagitan ng pagsunod at pagiging malaya mula sa *Shirk* at sa mga tauhan nito.

Ito ay mayroong tatlong mga antas: *Al-Islām*, *Al-Īmān*, *Al-Ihsān*. At ang bawat antas ay mayroong mga haligi.

Ang Unang Antas: *Al-Islām* [1].

Ang Haligi nito ay Lima: *Shahādah* – Ang pagsaksi na walang diyos na marapat na sambahin maliban lamang sa Allah^[2] at pagsaksi na si Muhammad ay Sugo ng Allāh, Pagtataguyod ng obligadong *As-Salāh*, Pagbabayad ng *Az-Zakāt*, *As-Sawm* o Pag-aayuno sa buwan ng *Ramādhan*, at Pagsasagawa ng *Hājj* sa Makkah.

Binanggit ng May-akda -رحمه الله- ang patunay sa *Shahādatu Allā Ilāha Illallāh* (o Ang pagsaksi na walang marapat na sambahin maliban sa Allāh).

At ipinaliwanag niya ang kahulugan nito na:

Lā Ma'būda bihaqqin Illallāh

“Walang tunay at karapat-dapat sambahin maliban sa Allāh”

Nararapat na mapaloob sa dalisay na pagsaksi ang:

An-Nafī
(Pagwawaksi)

Al-Ithbāt
(Pagkilala)

Ang *An-Nafī* ay matatagpuan mula sa sinabi niya: (*Lā Ilāha*).

At ang *Al-Ithbāt* ay matatagpuan mula sa sinabi niya: (*Illallāh*).

At ang istraktura ng katagang ito ay nagpapahiwatig ng pagkilala at pagbubukod-tangi na kung saan ang katagang ito ay ibinukod-tangi niya at kinilala na ang pagsamba ay para lamang sa Allāh (ﷻ) at iwinaksi niya ang iba pang sinasamba.

At dahil dito sinabi ng May-akda -رحمه الله- :((At ang kahulugan nito na siyang magpapaliwanag dito ang sinabi ng Allāh:

((Nang sinabi ni Abraham sa kanyang ama at nasyon, ‘Tunay na ako ay walang kinalaman sa inyong sinasamba ☪ Liban na lamang sa Siyang lumikha sa akin))

((Tunay na ako ay walang kinalaman sa inyong sinasamba)): ito ang kahulugan ng ((*Lā Ilāha*))

((Liban na lamang sa Siyang lumikha sa akin)): Ibig sabihin ((*Illallāh*))

Ang patunay sa *Shahādah*, Sinabi ng Allāh (ﷻ):

﴿شَهِدَ اللَّهُ أَنَّهُ لَا إِلَهَ إِلَّا هُوَ وَالْمَلَائِكَةُ وَأُولُو الْعِلْمِ قَائِمًا بِالْقِسْطِ ۚ لَا إِلَهَ إِلَّا هُوَ الْعَزِيزُ الْحَكِيمُ﴾

((Sumaksi ang Allāh na walang diyos na marapat sambahin liban sa Kanya, gayundin ang mga anghel at ang mga may kaalaman ay sumasaksi na ang Allāh ay nagtataguyod ng katarungan. Walang diyos na marapat sambahin liban sa Kanya. Ang Makapangyarihan, ang Maalam))

Ang kahulugan nito: ay walang marapat sambahin maliban sa Allāh lamang, ((*Lā Ilāha*)) “Walang diyos” o ang pagtanggap sa lahat ng uri ng sinasamba,

Ang ((*Illallāh*)) “Maliban sa Allāh” ito ang pagtanggap na ang pagsamba ay para lamang sa Allāh at wala Siyang katambal dito. Tulad na wala rin Siyang katambal sa pagiging Tagapagmay-ari sa lahat.

at ang kahulugan nito na siyang magpapaliwanag dito ang Sinabi ng Allāh (ﷻ):

﴿وَإِذْ قَالَ إِبْرَاهِيمُ لِأَبِيهِ وَقَوْمِهِ إِنَّنِي بَرَاءٌ مِمَّا تَعْبُدُونَ ۖ إِلَّا الَّذِي فَطَرَنِي فَإِنَّهُ سَيَهْدِينِ ۖ وَجَعَلَهَا كَلِمَةً بَاقِيَةً فِي عَقْبِهِ ۖ لَعَلَّهُمْ يَرْجِعُونَ﴾

((Nang sinabi ni Abraham sa kanyang ama at nasyon, ‘Tunay na ako ay walang kinalaman sa inyong sinasamba ☪ Liban na lamang sa Siyang lumikha sa akin. Tunay na Siya ay gagabay sa akin ☪ Dinulot niya na ito ay maging salitang nananatili sa kanyang mga inapo upang sila nawa ay magbalik dito)) [2]

Sinabi ng Allāh (ﷻ):

﴿قُلْ يَا أَهْلَ الْكِتَابِ تَعَالَوْا إِلَى كَلِمَةٍ سَوَاءٍ بَيْنَنَا وَبَيْنَكُمْ أَلَّا نَعْبُدَ إِلَّا اللَّهَ وَلَا نُشْرِكَ بِهِ شَيْئًا وَلَا يَتَّخِذَ بَعْضُنَا بَعْضًا أَرْبَابًا مِّنْ دُونِ اللَّهِ فَإِنْ تَوَلَّوْا فَقُولُوا اشْهَدُوا بِأَنَّا مُسْلِمُونَ﴾

((Sabihin, 'O Angkan ng Kasulatan, halina sa isang salitang pagkakasunduan natin – na wala tayong sasambahin liban sa Allāh at hindi tayo magtatambal ng kahit ano sa Kanya o kumuha ang sinuman ng iba pang Panginoon liban sa Allāh.' Ngunit kung sila ay tatalikod ay sabihin mo, 'Sumaksi kayo na kami ay mga Muslim')) [1]

☀ **Kung mayroong magsasabi na: Ang kahulugan ng (Shahādatu Lā Ilāha Illallāh): Walang sinasamba maliban sa Allāh?**

Ating isasagot: Ang salitang iyan ay mali; dahil magiging tama ang pagsamba sa lahat ng sinamba maliban pa sa Allāh, ngunit kung ating sasabihin (*Bihaqqin*) o tunay at karapat-dapat, ito ay batayan ng pagwawaksi sa lahat ng mga sinasamba maliban pa sa Allāh at batayan din na walang karapat-dapat sambahin maliban sa Allāh (ﷻ).

☀ **Kung mayroong magsasabi na: Ang kahulugan ng (Shahādatu Lā Ilāha Illallāh): Walang tunay na Rabb o Panginoon maliban sa Allāh?**

Ating isasagot: Ang salitang iyan ay tama, ngunit hindi ito ang ganap na kahulugan ng *Lā Ilāha Illallāh*, dahil ito ang *Tawhidur Rubūbiyah* lamang, at ang mga Kuffār sa panahon ng Propeta Muhammad (ﷺ), ay kanila itong kinikilala at pinaniniwalaan, subalit hindi ito naging sapat para makapasok sila sa pananampalatayang Islām.

[1] *((Sabihin, 'O Angkan ng Kasulatan, halina sa isang salitang pagkakasunduan natin')) [3:64], Mula sa talata na ito ay isang patunay na ang pagtitipon sa pagitan ng mga relihiyon ay isang Batil o hindi wasto at hindi maaari.*

[1] Binanggit ng May-akda -رحمه الله- ang talatang ito bilang patunay sa pagsaksi na si Muhammad ay Sugo ng Allāh (ﷺ), at tiniyak ng Allāh (ﷻ) ang pagsaksi na ito sa tatlong patunay:

Sa pamamagitan ng Al-qasm, Lām, at Qad, lahat ng ito ay salitang Arabik na nangangahulugan na Pagtitiyak at pagpapatunay.

[2] Ipinaliwanag ng May-akda -رحمه الله- ang kahulugan ng pagsaksi na si Muhammad ay Sugo ng Allāh, at ito ay obligado sa bawat Muslim, lalaki man ito o babae. At upang mapatotohanan ang pagsaksi na ito:

Kinakailangan na sumunod sa lahat ng utos ng Propeta (ﷺ), at paniwalaan siya sa lahat ng ipinahayag niya, at lumayo sa lahat ng ipinagbawal niya, at sasambahin lamang ang Allāh ayon sa paraang isinabatas niya. Sumakanya nawa ang pagpapala at kapayapaan.

Ang patunay sa Pagsaksing si Muhammad ay Sugo ng Allāh, Sinabi ng Allāh (ﷻ):

﴿لَقَدْ جَاءَكُمْ رَسُولٌ مِّنْ أَنفُسِكُمْ عَزِيزٌ عَلَيْهِ مَا عَنِتُّمْ خَرِصٌ عَلَيْكُم بِالْمُؤْمِنِينَ رَءُوفٌ رَّحِيمٌ﴾

((Katiyakan, Dumating sa inyo ang isang Sugo na kabilang sa inyo. Mabigat sa kanya ang inyong pagdurusa, nagmamalasakit sa inyo at sa mga nanampalataya, siya ay mabuti at mahabagin)) [1]

Ang kahulugan ng pagsaksing si Muhammad ay Sugo ng Allāh: Ang pagsunod sa kanyang mga ipinag-utos; Ang paniniwala sa mga ipinahayag sa kanya; Ang paglayo sa mga ipinagbabawal niya; At ang sasambahin lamang ang Allāh sa paraang isinabatas niya [2]

**Mga obligasyon na kalakip sa pagsaksi na si Muhammad ay Sugo ng Allāh:
"Siya ay Alipin ng Allāh na hindi dapat sambahin at Sugo na hindi mapasisinungalingan"**

Ang pagsunod sa kanyang mga iniutos.

Dahil siya ang nagpapaabot ng Salita ng Allāh (ﷻ).

Ang pagpapatotoo sa kanyang ipinahayag.

Dahil siya ay makatotohanan at pinaniniwalaan.

Ang paglayo sa kanyang mga ipinagbawal.

Dapat mong ilagay ang mga pinagbawal ng Propeta sa isang tabi at ikaw ay nasa isang tabi.

Ang hindi pagsamba sa Allāh maliban na lamang sa paraan na kanyang isinabatas

Ito ay tugon sa mga gumagawa ng *Bid'ah*.

Ang patunay hinggil sa pagtupad ng *Salāh* at *Zakāt*, at paliwanag sa *Tawhīd*, Sinabi ng Allāh (ﷻ):

﴿وَمَا أَمْرُو إِلَّا لِيَعْبُدُوا اللَّهَ مُخْلِصِينَ لَهُ الدِّينَ حُنَفَاءَ وَيُقِيمُوا الصَّلَاةَ وَيُؤْتُوا الزَّكَاةَ ۚ وَذَٰلِكَ دِينُ الْقَيِّمَةِ﴾

((Hindi sila pinag-utusan liban na lamang na sambahin ang Allāh nang dalisay sa Kanyang relihiyon na kumikiling sa katotohanan, nagtataguyod ng obligadong pagdarasal at nagbabayad ng obligadong kawanggawa. Ito ang tamang relihiyon)) ^[1]

Ang patunay sa pagsasagawa ng pag-aayuno, Sinabi ng Allāh (ﷻ):

﴿يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا كُتِبَ عَلَيْكُمُ الصِّيَامُ كَمَا كُتِبَ عَلَى الَّذِينَ مِن قَبْلِكُمْ لَعَلَّكُمْ تَتَّقُونَ﴾

((O mga nanampalataya, itinalaga sa inyo ang pag-aayuno katulad ng kung paanong itinalaga ito sa mga nauna sa inyo upang kayo nawala ay magkaroon ng takot sa Allāh)) ^[2]

Ang patunay sa pagsagawa ng *Hājj*, Sinabi ng Allāh (ﷻ):

﴿وَلِلَّهِ عَلَى النَّاسِ حُجُّ الْبَيْتِ مَنِ اسْتَطَاعَ إِلَيْهِ سَبِيلًا ۚ وَمَن كَفَرَ فَإِنَّ اللَّهَ غَنِيٌّ عَنِ الْعَالَمِينَ﴾

((Obligasyon ng tao para sa Allāh ang Hājj sa Makkah patungo sa Bahay sambahan sa Ka'bah para sa sinumang may kakayanang tumungo rito)) ^[3]

[1] Ang Pangalawang Haligi: Ang *Sālāh*:

Ito ay isang uri ng pagsamba na para lamang sa Allāh sa pamamagitan ng mga natatanging kilos at mga salita na nagsisimula sa pamamagitan ng *Takbir* at nagtatapos sa pamamagitan ng *Taslim*, at ito ay haligi ng relihiyon, at direktang isinabatas mula sa Allāh (ﷻ) sa kanyang sugo noong siya ay itinaas patungo sa kalangitan.

Ang Pangatlong Haligi: Ang *Zakāh*:

Sa literal na kahulugan: Ito ang pagpapalago at pagdadalisay.

At ito ay may dalawang uri: *Zakāt* ng katawan at *Zakāt* ng kayamanan.

[2] Ang pang-apat na Haligi: Ang *Siyām*:

Sa literal na kahulugan: Ito ang pagpipigil.

Sa kahulugan nito sa batas ng Islām: Ito ang pagsamba para sa Allāh lamang sa pamamagitan ng pagpipigil at pag-iwas mula sa mga *Muftirāt* o mga nakasisira ng pag-aayuno na may kasamang *Niyyah* o intensyon mula sa pagsikat ng *Fajr* hanggang sa paglubog ng araw.

At ang *Siyām* ay kabilang sa mga maiinam na pagsamba; dahil sa pagsasama-sama ng tatlong uri ng *Sabr* dito, at kabilang sa dakilang katayuan nito, inaako ng Allāh ang paggagantimpla sa isang nag-aayuno.

[3] Ang panglimang Haligi: Ang *Hājj*:

Sa literal na kahulugan: Ito ang Intensyon.

At ang kahulugan nito sa batas ng Islām: Ito ang pagsamba para sa Allāh lamang sa pamamagitan ng pagsasagawa ng *Manāsek* na ayon sa kapamaraan ng Propeta Muhammad (ﷺ).

At ito ay obligado sa bawat Muslim, isang beses sa buong buhay niya.

Ang Pangalawang Antas: Ang *Al-Īmān*: Ito ay binubuo ng pitumpung mga bahagi at ang pinakamataas nito ay ang pagsasabi ng *Lā Ilāha Illallāh* (walang diyos na marapat sambahin maliban sa Allāh), at ang pinakamababa ay ang pag-alis ng mga balakid sa daan at ang *Al-Hayāa'* (pagkahiya) ay bahagi rin ng *Al-Īmān*.

Ang haligi nito ay anim:

Ang maniwalang sa Allāh at sa Kanyang mga *Al-Malāikah* (mga anghel), At sa Kanyang mga *Kutub* (mga Kapahayagan), At sa Kanyang mga *Rusul* (mga Sugo), At sa *Yamul Akhir* (Huling Araw), At maniwalang sa *Qadr Khayrihi wa Sharrihi* (Tadhana, kabutihan at kasamaan nito).

At ang patunay sa Anim na Haligi na ito, Sinabi ng Allāh (ﷻ):

﴿لَيْسَ الْبِرُّ أَنْ تُولُوا وَجُوهَكُمْ قِبَلَ الْمَشْرِقِ
وَالْمَغْرِبِ وَلَكِنَّ الْبِرَّ مَنْ آمَنَ بِاللَّهِ وَالْيَوْمِ
الْآخِرِ وَالْمَلَائِكَةِ وَالْكِتَابِ وَالنَّبِيِّينَ﴾

((Hindi kabutihan ang pagharap ng inyong mukha sa gawing silangan at kanluran bagkus ang kabutihan ay nasa taong nanampalataya sa Allāh, sa Huling araw, sa mga Anghel, sa mga Aklat at sa mga propeta))

Ang patunay sa Qadar ay ang Sinabi ng Allāh (ﷻ):

﴿إِنَّا كُلَّ شَيْءٍ خَلَقْنَاهُ بِقَدَرٍ﴾

((Tunay na ang lahat ng bagay ay nilikha Namin nang may pagtatakda))

Ang Pangalawang Antas: *Al-Īmān*

Sa literal na kahulugan: ito ang *Al-Iqrār* o pagpapatotoo o pagpapatunay.

Sa Islām: [1] Ang pagbigkas nito sa pamamagitan ng dila, [2] Paniniwala sa pamamagitan ng puso, [3] Ang pagsasagawa ng mga katuruan at saligan nito sa pamamagitan ng katawan at puso. [4] Nadaragdagan sa pamamagitan ng pagsunod, [5] at Nababawasan sa pamamagitan ng pagsuway.

Ang *Al-Īmān* sa pang-Islamikong kahulugan nito, marapat na mapaloob dito ang limang bagay na nabanggit.

At kapag ang isa mula sa mga ito ay nawala o nabawasan, tunay na makakalabas mula wasto at tamang kahulugan nito ayon sa *Ahlus Sunnah Wal Jamā'ah*.

Ano ang patunay sa limang bagay na ito?

Sinabi ng Sugo ng Allāh (ﷺ): (Ang pinakamataas dito ay ang pagsasabi ng *Lā Ilāha Illallāh*)[Hadīth].
At ito ang patunay sa Salita.


(At ang pinakamababa ay ang pag-alis ng mga balakid sa daan) [Hadīth].

At ito ang patunay sa Gawain ng Katawan.

(At ang *Al-Hayāa'*)[Hadīth]. Ito ang patunay sa Gawain ng Puso.

At Sinabi ng Allāh (ﷻ): ﴿إِيَّكُمْ زَادَتْهُ هَذِهِ إِيمَانًا﴾ ((Sino sa inyo ang pinataas nito ang pananampalataya))[9:124], Ito ang patunay na ang *Al-Īmān* ay nadaragdagan, at kapag ito ay nadaragdagan nararapat din ito na mabawasan, at tinukoy ito sa Islām na sinabi ng Propeta Muhammad (ﷺ): (Wala na akong ibang nakitang mga tao (kababaihan) na kulang sa kanilang A'ql (Pag-iisip) at Deen (Pananampalataya)) [Hadīth]. kaya naman ang pananampalataya ay bumababa rin.

Ang Anim na Haligi ng Īmān



Unang Haligi: Ang Paniniwala sa Allāh (ﷻ)

Ito ay sumasaklaw sa apat na bagay:

Ang paniniwala sa pagkakairal ng Allāh

At ito ay sa pamamagitan ng apat na bagay:

Ang paniniwala sa Kanyang pamamahala

Ang paniniwala sa Kanyang pagka-diyos

Ang paniniwala sa Kanyang mga Pangalan at mga katangian

Kaisipan:
Napaka imposible para sa kaisipan na kanyang malarawan ang isang umiiral na wala itong tagapaglikha

﴿أَمْ خُلِقُوا مِنْ غَيْرِ شَيْءٍ أَمْ هُمُ الْخَالِقُونَ﴾

((Sila ba ay nilikha mula sa kawalan o sila ba ay mga tagapaglikha)) [52:35].

Pakiramdam:
At ito ay sa tuwing mayroong kahirapan at kagipitan, at iyong itinataas ang dalawang kamay sa langit upang humiling:
Yā Rabb,
at iyong makikita ang katuparan ng iyong hiling ayon sa kapahintulutan ng Allāh

Fitrah:
(Ang lahat ng ipinapanganak ay ipinanganganak ayon sa Fitrah (Islam) subalit ang kanyang dalawang magulang ang nagtatakda ng kanyang pagiging Hudyo, Kristiyano at Pagano) [Hadith]

Batas:
Binanggit ni Ibn Qayyim: na ang bawat talata sa Quraān ay tumutukoy sa Kaisahan ng Allāh (Tawhīd)

Pangalawang Haligi: Ang paniniwala sa mga Anghel

Ang mga *Al-Malā'ikah* o Anghel ay isang nilalang na kabilang sa hindi nakikitang daigdig, nilikha sila ng Allāh mula sa liwanag, binigyan sila ng ganap na kakayahan para sumunod sa Kanyang ipinag-uutos at hindi sila sumusuway sa kanya, at mayroon silang espiritu *‘Rūh-ul-Qudus’ (Banal na Espiritu)* [2:87], may mga Katawan *‘ginawa Niya ang mga anghel na mga sugo na may mga pakpak na dalawa, tatlo at apat. Dinaragdagan Niya ang nilikha ayon sa naisin Niya’* [35:1], at Pag-iisip at puso *‘kapag nawala na ang kanilang takot sa kanilang mga puso ay magtatanungan na sila sa isa’t isa: “Ano ba ang sinabi ng inyong ‘Rabb?’”* [34:23], at tayo ay maniniwala sa kanila, at sa mga pangalan nila na binalita sa atin ng Allāh (katulad ng Jibrīl at Mikāil at Isrāfil), at sa mga katangian nila *‘at hindi nila nilalabag ang anumang ipinag-utos ng Allāh sa kanila, at ipinatutupad nila ang anumang ipinag-utos sa kanila’* [66:6], at sa kanilang mga Gawain (katulad ng pagpapasan ng *‘Arsh’* (Trono)), at sa mga balitang dumating hinggil sa kanila, atin itong paniniwalaan sa pangkalahatang pananaw.

Pangatlong Haligi: Ang paniniwala sa mga kasulatan

Marapat na maniwala tayo na ang mga kasulatan na ito ay totoong salita ng Allāh (ﷻ) at hindi haka-haka, at ito ay nagmula sa Kanya at hindi nilikha, at ang Allāh (ﷻ) ang nagpahayag sa bawat sugo ng kasulatan, at marapat na maniwala tayo sa lahat ng ipinahayag ng Allāh (ﷻ) hinggil sa kasulatan; katulad ng mga pangalan nito, at mga kapahayagan at mga batas ayon sa pangkalahatang pananaw, hanggat hindi ito napawalang-bisa, at maniwala tayo na ang Qurān ang siyang magpapawalang-bisa sa lahat ng kasulatan na nauna. Katulad ng: Torāh- Injil-Zabūr-Suhuf Ibrāhīm at Mūsā.

Pang-apat na Haligi: Ang paniniwala sa mga sugo

Marapat na maniwala tayo na sila ay mga tao lamang at hindi nagtataglay ng anumang katangian ng pagiging panginoon, at sila ay isang alipin lamang na hindi nararapat sambahin, at ang Allāh (ﷻ) ang nagpadala at nagsugo sa kanila at nagbigay ng rebelasyon at kapahayagan, at tinulungan sila sa pamamgitan ng mga himala, at isinakatuparan nila ang mga ipinagkatiwala sa kanila at pinayuhan ang lahat ng sambayanan at ipinaabot sa kanila ang katuruan, at sila ay nakibaka nang tunay na pakikibaka sa landas ng Allāh (ﷻ), at marapat na maniwala tayo sa kanila, at sa lahat ng ipinahayag sa atin ng Allāh (ﷻ), katulad ng mga pangalan nila at katangian, at mga kapahayagan nila ayon sa pangkalahatang pananaw. At ang kauna-unahang Propeta ay si Ādam, at ang kauna-unahang Sugo ay si Nūh (ﷺ). At ang mga *U'lūl A'zam* o mga propetang may matatag na kapasiyahan ay lima na kung saan nabanggit sila sa dalawang kabanata sa Qurān. at ito ang *Ash-Shūrā* at *Al-Ahzāb*: (Muhammad-Nūh-Ibrāhīm-Mūsā-Eīsā) sumakanila nawa ang pagpapala ng Allāh (ﷻ) at kapayapaan.

Panglimang Haligi: Ang paniniwala sa Huling Araw

Napapaloob dito ang paniniwala sa lahat ng naipahayag ng Propeta Muhammad (ﷺ), sa mga bagay na maaaring mangyari pagkatapos mamatay; tulad ng mga parusang igagawad sa loob ng libingan, pag-ihip sa trumpeta, ang pagbangon ng mga tao mula sa kanilang mga libingan, ang timbangan ng katarungan, ang talaan ng mga gawain, ang *Sīrāt* o Tulay sa ibabaw ng Impiyerno, ang *Al-Hawdh* o lawa, ang *Ash-Shafā'ah* o pamamamagitan, ang paraiso at impiyerno, ang makita ng mga mananampalataya ang kanilang Panginoon sa araw ng muling pagkabuhay at sa loob ng paraiso at iba pang mga pangyayari at bagay na lingid.

Pang-anim na Haligi: Ang paniniwala sa Tadhana At nararapat na mapaloob dito ang Apat na sangkap:

<i>Al-I'lm</i> Ang Kaalaman	<i>Al-Kitābah</i> Ang Pagsulat	<i>Al-Mashāh</i> Ang Pagnanais	<i>Al-Khalq</i> Ang Paglikha
Ang paniniwala na nalalaman ng Allāh (ﷻ) ang lahat ng bagay, ang kabuuan at ang detalye nito.	Ang paniniwala na ang Allāh (ﷻ) ay isinulat ang tadhana ng lahat ng bagay hanggang sa araw ng paghuhukom.	Ang paniniwala na ang lahat ng ninais ng Allāh ay nangyari at lahat ng hindi Niya ninais ay hindi nangyari, at ang isang tao ay may sariling pagnanais subalit ito ay sakop pa rin ng pagnanais ng Allāh.	Ang paniniwala na ang tao ay isang nilalang at kanyang mga gawain, at lahat ng nilalang ay nilikha, at ang patunay: « <i>Ang Allāh ang Tagapaglikha ng lahat ng bagay</i> » [13:16], « <i>At ang Allāh ang lumikha sa inyo at sa anumang ginagawa ninyo</i> » [37:96].

At ang apat na antas na ito ay tinipon sa isang tula:

عِلْمُ كِتَابَهُ مَوْلَانَا مَشِئَتُهُ *** وَخَلْقُهُ وَهُوَ إِجَادٌ وَتَكْوِينٌ

Ang kaalaman, pagsulat ng Allāh, at pagnanais ay kanya lamang

At siya ang lumikha, at ito ang pagpapairal at paglalang

Ang Pangatlong Antas: Al-Ihsān
Ito ang pinakamataas na antas ng Deen, at ito ay may isang haligi at ito rin ay may dalawang antas:

[1]

Ibādatul Mushāhadah
(Pagsamba na parang nakikita mo Ang Allāh)

Ito ang pagsamba na may ganap na pagmamahal at pagnana is at paghahangad sa kung anong mayroon sa Allāh (ﷻ).

Ang halimbawa nito:
Ang pamamaraan ng Pagsamba ng mga Sugo at Propeta,

At maaari rin naman maarok ito ng mga ibang tao.

[2]

Ibādatul Murāqabah
(Pagsamba na alam mong nakikita ka)

Ito ang pagsamba na may ganap na takot sa Allāh (ﷻ),

At napapabilang ang lahat ng Muslim sa antas na ito.

Ang Pangatlong Antas: Al-Ihsān, ito ay may isang haligi: Ito ang pagsamba sa Allāh na parang nakikita mo Siya, at kung hindi mo Siya nakikita, Tunay na Siya ay nakikita ka Niya, ang patunay sinabi ng Allāh (ﷻ) :

﴿ إِنَّ اللَّهَ مَعَ الَّذِينَ اتَّقَوْا وَالَّذِينَ هُمْ مُحْسِنُونَ ﴾
((Tunay na ang Allah ay kasama ng mga may takot sa Kanya at Muhsinin [mga gumagawa ng kabutihan]))

At sinabi ng Allāh (ﷻ) :

﴿ وَتَوَكَّلْ عَلَى الْعَزِيزِ الرَّحِيمِ ۝ الَّذِي يَرَاكَ حِينَ تَقُومُ ۝ وَتَقْلَبُكَ فِي السَّاجِدِينَ ۝ إِنَّهُ هُوَ السَّمِيعُ الْغَلِيمُ ﴾

((Manalig sa Makapangyarihan at Mahabagin ۝ Na nakakakita sa iyo sa iyong pagtayo ۝ At sa iyong pagkilos kasama ang mga nakapatirapa ۝ Tunay na Siya ang Nakakarinig at Nakakakita))

At sinabi ng Allāh (ﷻ):

﴿ وَمَا تَكُونُ فِي شَأْنٍ وَمَا تَتْلُو مِنْهُ مِنْ قُرْآنٍ وَلَا تَعْمَلُونَ مِنْ عَمَلٍ إِلَّا كُنَّا عَلَيْكُمْ شُهُودًا إِذْ تُفِيضُونَ فِيهِ ﴾

((O Muhammad, ikaw ay walang kinalaman sa anumang bagay o babasa ng anumang bahagi ng Quran at kayong mga tao ay walang anumang gagawin liban na lamang na Kami ay mga saksi sa inyo kung kayo ay may kinalaman dito))

Paglililaw: Hindi ito nangangahulugan na ang isang taong nagtataglay ng antas na ito ay pagmamahal lamang sa Allāh (ﷻ) ang mayroon siya, at walang siyang takot sa kanya, ngunit sa antas na ito, ang pinakamalakas na magtutulak sa isang tao na gumawa ng pagsamba ay: ang ganap na pagmamahal niya sa Allāh (ﷻ), mula rito sinabi ng Propeta Muhammad (ﷺ): (hindi ba ako maaaring maging isang aliping mapagpasalamat) [Hadith].

At ang patunay mula sa Sunnah ay ang tanyag na Hadith ni Jibril (ﷺ); Ayon kay 'Umar (رضي الله عنه), na nagsabi: Isang araw habang kami ay nakaupo dumating sa amin ang isang lalaki na nakaputing kasuotan at napaka-itim ng buhok na hindi makikitaan ng bakas ng paglalakbay, at wala ni isa man sa amin ang nakakikilala sa kanya, hangga't sa umupo siya sa harap ng Propeta, at ang tuhod niya ay nakatapat sa tuhod ng Propeta at ipinatong niya ang kanyang palad sa hita ng Propeta at sinabi: **"O Muhammad, sabihin mo sa akin ang hinggil sa Islām"**, at sinabi ng Sugo ng Allāh : *(Ang Islām ay ang sumaksi ka na walang diyos na marapat samabahin maliban lamang sa Allāh at si Muhammad ay sugo ng Allāh at itayo mo ang Salāh, magbigay ka ng Zakāt, mag-ayuno ka sa buwan ng Ramadhān, at magsagawa ng Hājj tungo sa bahay ng Allāh kung may kakayanang kang gawin ito).* At sinabi: **"Ikaw ay tama"**. at kami ay nagulat sapagkat siya ay nagtanong at agad na naniwala sa Propeta. at sinabi muli, **"sabihin mo sa akin ang hinggil sa Īmān"**: At sinabi ng Propeta: *(Ang Īmān, ito ang sumampalataya ka sa Allāh, sa mga anghel at sa mga aklat at sa mga sugo at sa huling araw at sa tadhana; sa kabutihan at kasamaan nito).* At sinabi: **"Ikaw ay tama"**. at nagsabi muli: **"Sabihin mo sa akin ang hinggil sa Ihsān"**, at nagsabi ng Propeta *(Ang Ihsān, ito ang sambahin mo ang Allāh na parang nakikita mo Siya at kung hindi mo siya nakikita, Tunay na siya ay nakikita ka niya).* At sinabi muli: **"Sabihin mo sa akin ang hinggil sa Oras"**, sinabi ng Propeta: *(Ang nagtatanong ay siyang mas maalam sa tinatanong)* At sinabi muli, **"sabihin mo sa akin ang hinggil sa mga tanda nito"**, at sinabi ng Propeta, *(Kapag ang aliping babae ay nanganak mula sa kanyang amo at makikita mo ang mga nakapaa, nakahubad, at mga Ā'lah [dukha] at mga pastolero na nagpapaligsahan sa pagpapataasan ng gusali).* At ang lalaki iyon ay umalis, at ako ay naiwan at sinabi ng Propeta, *(O 'Umar, kilala mo ba kung sino ang nagtanong na iyon?)* Ang sabi ko, ang Allāh at ang Kanyang Sugo ang nakaalam, at sinabi ng Propeta: *(Tunay na siya ay si Jibril na dumating sa inyo upang ituro ang inyong relihiyon).*

Ang Hadith na ito ang patunay sa mga haligi ng Al-Islām, Al-Īmān at Al-Ihsān.

Sa sinabi ng Sugo ng Allāh (ﷺ): *(Ang nagtatanong ay siyang mas maalam sa tinatanong)* Ito ay isang patunay na ang Sugo ng Allāh (ﷺ) ay hindi niya batid ang oras ng paghuhukom malibang sa Allāh (ﷻ).

Sinabi ng Sugo ng Allāh:
(Kapag ang aliping babae ay nanganak mula sa kanyang amo)

Ibig sabihin:
Paglaganap ng kawalan ng galang sa magulang

Ibig sabihin:
Paglaganap ng pang-aalila

Ibig sabihin:
Pagbaliktad ng kaganapan

Ibig sabihin:
Ang isang amo ay mag-papakasal sa isang babaeng alipin, at magkakaroon ito ng anak, at magiging amo ng babaeng alipin ang mismong anak niya.

(At makikita mo ang mga nakapaa, nakahubad, at mga Ā'lah)

Ā'lah: ang mga Dukha.

(Mga dukha at mga pastolero na nagpapaligsahan sa pagpapataasan ng gusali): Ibig sabihin: Ang pagbaliktad ng kaganapan at kalagayan, babaliktad ang sitwasyon ng isang dukha patungo sa isang masamang mayaman.

Mga Aral Mula sa Hadīth ni Jibrīl (ﷺ)

[1] Ang anim na karapatan na marapat isakatuparan ng isang mag-aaral ng kaalaman: (a) karapatan para sa kanyang sarili, (b) karapatan para sa kanyang guro, (c) karapatan ng lugar kung saan siya nag-aaral, (d) karapatan ng mga kapwa mag-aaral, (e) karapatan ng aklat, (f) karapatan ng mismong kaalaman.

(a) Karapatan ng kanyang sarili: Ang kaalaman ay isang uri ng pagsamba (*Al-Ikhlās* at *Al-Mutāba'ah*), maging isang totoong tagasunod ng *Salaf*, magkaroon ng *Al-khasyah* at *Taqwa*, maging mapagkumbaba at lumayo sa pagmamalaki at pagmamayabang. Maging kuntento, at iwanan ang makamundong bagay, magtaglay ng palamuti ng kaalaman, magkaroon ng mabuting kaasalan, at maging masaya sa pagkakaroon ng katapangan, at iwanan ang pagkamaluhô.

Tumalikod sa mga walang pakinabang na pagtitipon, at magtaglay ng kabutihan, at magkaroon ng katiyakan at katibayan. Magkaroon ng mataas na layunin sa paghahanap ng kaalaman, at maglakbay tungo sa paghahanap ng kaalaman, at isulat ang mga nakalap na kaalaman, at pangalagaan ito, at magkaroon ng palagiang pagbabalik-tanaw sa mga kaalamang nakalap.

Magkaroon ng pag-unawa sa *Deen* sa pamamagitan ng pagkuha ng sangay nito mula sa kanyang ugat. At palaging humingi ng kalinga sa Allāh, maging isang mapagkakatiwalaan sa kaalaman at maging makatotohanan.

Ang pananggalang ng isang naghahanap ng kaalaman ay ang katagang: (*Lā Adrī*) o ang sabihin “hindi ko alam” sa mga katanungan na hindi mo alam, at pangalagaan ang oras at panahon, pagtutuwid sa pagbabasa at paglayo sa mga malalalim ng aklat.

Ang mabuting pagtatanong, pakikinig, pag-unawa at paggawa, mabuting pakikipagtalakayan na walang halong bangayan, at muling pag-aaral sa mga napag-aralang kaalaman. Mangyari na palaging panghawakan ang Qurān at Sunnah at mga kaalaman mula rito, at pagganap sa mga pamamaraan sa bawat larangan.

Itaguyod ang pagsasabuhay sa kaalaman, pag-iwas sa pagnanais na pangingibabaw sa iba at pagpapasikat, katayanagan at makamundong bagay, masamang akala sa sarili at maging mabuti sa mga tao.

Ang Zakāh ng kaalaman: Ang pakikipaglaban para sa katotohanan, pag-uutos ng kabutihan at pagbabawal ng kasamaan, karunungan sa pagtimbang sa pagitan ng makakabuti at makakasama, pagpapalaganap ng kaalaman at pagmamahal sa pagbibigay pakinabang sa iba, pagsisikap sa katayuan at mabuting tagapamagitan para mga kamusliman sa katotohan at kabutihan.

Ang karangalan ay ang pagbibigay ng proteksyon sa kaalaman, mabuting pakikisama ayon sa batas ng Islam, iwanan ang pagmamagaling, iwanan ang panghihimasok sa bagay na hindi mo larangan.

Humawak sa isang naaangkop na tindig o katayuan patungkol sa pagkakamali ng maalam, at sa pagsasalungat nila, itakwil ang mga *Shubuhāt* o pagdududa, at huwag maging panatiko sa mga pangkat at partido na kung saan ay magiging kasama ang isa at iiwas sa iba. huwag ibase ang iyong katapatan sa mga personalidad sa halip ay magmahal at mamuhi sa kapakanan ng Allāh lamang.

(b) Ang karapatan ng Guro: Ang mga tao sa usapin na ito ay nababahagi sa tatlo; dalawa sa magkabilang panig at isa sa gitna. At ating mapag-aaralan, na ang kauna-unahan pagtatambal sa Allāh na nangyari sa mundong ito ay dahil sa pagmamalabis sa pagmamahal sa mga matutuwid na tao, kaya naman marapat tayo na maging nasa gitna lamang sa pagmamahal sa mga matutuwid na tao, na walang pagmamalabis at walang pagkukulang.

Huwag maliitin ang kanilang mga karapatan at katayuan; ipagtanggol sila sa katotohanan; manatiling katamtaman at bigyan sila ng nararapat na karapatan, dahil sila ang mga tagapagmana ng mga propeta.

Magtanong sa iyong mga guro ng angkop na mga katanungan, makinig nang mabuti at umintindi. huwag kang sasabat habang siya ay nagsasalita. huwag magtanong ng katanungan upang subukin siya o makipagtalo. Kung may makita ka mang pagkukulang sa inyong guro, alamin mo na ang pagiging ganap at perpekto ay para lamang sa Allāh .

(c) Ang karapatan ng lugar kung saan nag-aaral dito:

Igalang ang lugar kung saan ka nag-aaral, ito man ay sa loob ng unibersidad, silid-aralan, at lalo na sa loob ng Masjid. Iwasan na magkalat sa loob nito, at pangalagaan ang mga kagamitan tulad ng mga upuan, lamesa, at iba pa. panatiliing malinis ang lugar kung saan nag-aaral.

Kung sa Masjid nag-aaral, Mabuti na mag-alay ng dalawang *Rak'ah* na *Tahiiyyāt Al-Masjid* sa tuwing papasok dito, iwasan na pag-usapan ang mga makamundong usapin, at iwasan ang paninirang puri, at panatiliing malinis ito.

(d) Ang karapatan ng mga kapwa mag-aaral: sinabi ng Allāh (ﷻ): *«Kayo, O sambayanan ni Muhammad, ang pinakamabuti sa lahat ng mga sambayanan, at higit na kapaki-pakinabang sa mga tao»*[3:110], At sinabi ng Sugo ng Allāh (ﷺ) : *(hindi magiging ganap ang Iman ng isa sa inyo, hanggat ibigin niya para sa kanyang kapwa, ang mga bagay na iniibig niya para sa kanyang sarili)*[Hadith].

(e) Ang karapatan ng Aklat: dapat itong pangalagaan at ingatan; dahil ito ay biyaya para sa atin mula sa Allāh , kaya naman marapat na ingatan ito.

(f) Ang karapatan ng Kaalaman: ang pagpapahusay sa kaalaman at palagiang pagbabalik tanaw, at pagsasabuhay nito; dahil ito ay obligado sa lahat ng napagkalooban ng kaalaman na sila ay magsabuhay sa kanilang kaalaman, at pagkatapos ay ipabahagi ito sa iba at ipalaganap; dahil ito ay isang biyaya, marapat lamang na magpasalamat tayo.

[2] Kabilang sa mga kaasalan ng pagtatanong: magtanong sa mga bagay na mayroong pakinabang at kabutihan.

[3] Marapat sa isang naghahanap ng kaalaman, ang pangalagaan niya ang kanyang hitsura na maging mabuti.

[4] Pagkatapos ng pagpanaw ng Mahal na Propeta Muhammad (ﷺ), hindi na maaari pang sabihin ang: “Allāhu wa rasūluhu A’alam” o Ang Allāh at kanyang sugo ang nakakaalam, bagkus sabihin ang Allāhu A’lam, o Ang Allāh ang lubos na nakakaalam lamang.

Pangatlong Saligan: Ang Pagkilala sa inyong Sugo na si Muhammad (ang pagpapala at kapayapaan ay mapasa ating propeta).

Siya si Muhammad bin 'Abdillāh bin Abdil Muttalib bin Hāshim at si Hāshim ay mula sa tribo ng Quraysh, at ang Quraysh ay mula sa lahi ng Arabo at ang mga Arabo ay mula sa lipi ni Ismā'il na anak ni Ibrāhīm, ang *khalīlullāh*. (Ang pagpapala at kapayapaan ay mapasa ating propeta.)

At ang kanyang edad ay Animnapu't tatlo na taon kabilang doon ang apatnapu't na taon bago dumating ang propesiya at dalawampu't tatlo na taon sa kanyang misyon bilang *Nabī* (Propeta) at *Rasūl* (Sugo). Naging propeta siya nang ipinahayag sa kanya ang rebelasyon na "*Iqra*", at pagiging sugo nang ipinahayag sa kanya ang *Sūrah Al-Muddaththir*. Ang kanyang bayang pinagmulan ay ang *Makkah*. At siya lumikas patungong *Al-Madīnah*.

Napapaloob sa bahaging ito ang munting pagsasalaysay sa talambuhay ng Propeta (ﷺ), napapaloob dito ang kanyang pangalan, angkan, edad at ilang bahagi mula sa kanyang *Da'wah*.

Ang Mga Dapat malaman patungkol sa Propeta (ﷺ) Kabilang dito:

Ang kanyang Pangalan at Angkan

Siya si Muhammad bin 'Abdillāh bin Abdil Muttalib bin Hāshim at si Hāshim ay mula sa tribo ng Quraysh, at ang Quraysh ay mula sa lahi ng Arabo at ang mga Arabo ay mula sa lipi ni Ismā'il na anak ni Ibrāhīm, ang *khalīlullāh*. (Ang pagpapala at kapayapaan ay mapasa ating propeta.)

Ang kanyang Edad

Ang kanyang edad 63 na taon kabilang doon ang 40 na taon bago dumating ang propesiya at 23 mula noong pinadala siya bilang sugo.

Nabahagi ang panahon ng pagkakasugo ng Propeta Muhammad (ﷺ) sa dalawa:

Panahon sa *Makkah*
(Makkiyah)

Tumagal ng 13 na taon

Panahon sa *Al-Madīnah*
(Madaniyah)

Tumagal ng 10 na taon

Si Muhammad (ﷺ) ba ay isang *Nabī* (Propeta) o *Rasūl* (Sugo)?

Si Muhammad (ﷺ) ay isang *Nabī* at *Rasūl* sa pamamagitan ng pagpapahayag ng "*Iqra*" at pagkatapos ay sinugo siya sa pamamagitan ng pahayag na "*Al-Muddaththir*".

Ipinadala siya ng Allāh upang magbabala sa *Shirk* at tawagin ang mga tao tungo sa *Tawhīd*.

Ang patunay, sinabi ng Allāh (ﷻ):

﴿يَا أَيُّهَا الْمُدَّثِّرُ ﴿١﴾ قُمْ فَأَنْذِرْ ﴿٢﴾ وَرَبِّكَ فَكَبِّرْ ﴿٣﴾ وَتَبَارَكَ فَطَهَّرَ ﴿٤﴾ وَالرُّجْزَ فَاهْجُرْ ﴿٥﴾ وَلَا تَمْنُنْ ﴿٦﴾ تَسْتَغْنِي ﴿٧﴾ وَلِرَبِّكَ فَاصْبِرْ ﴿٨﴾﴾

((O Mudhaththir (nakatakip) at bumangon ka at magbabala at dakilain ang iyong Panginoon at dalisayin ang iyong mga kasoutan at ang Rujz ay iyong layuan, hurvag ka magbigay upang magparami at para sa Panginoon mo ay magtiis))

At ang kahulagan ng: ﴿قُمْ فَأَنْذِرْ﴾ ((bumangon ka at magbabala)) ito ay pagbabala mula sa *Shirk* at mag-anyaya tungo sa *Tawhīd*.

Ang ﴿وَرَبِّكَ فَكَبِّرْ﴾: ((Dakilain ang iyong Panginoon)) dakilain sa pamamagitan ng *Tawhīd*.

Ang ﴿وَتَبَارَكَ فَطَهَّرَ﴾: ((Dalisayin ang iyong mga kasoutan)) ito ay pagdadalisay ng mga gawain mula sa *Shirk*.

Ang ﴿وَالرُّجْزَ فَاهْجُرْ﴾: ((Rujz ay iyong layuan)) ito ang rebulto na dapat layuan, at marapat na maging walang kaugnayan sa mga ito at mga tauhan nito.

Ipinagpatuloy niya ang pag-aanyaya tungo sa *Tawhīd* nang sampung taon at dinala siya sa taas patungo sa kalangitan kung saan ang limang obligadong *Salāh* ay ipinag-utos, at ginampanan niya ito ng tatlong taon sa loob ng *Makkah*, pagkatapos ay inutos na ang *Al-Hijrah* tungong *Al-Madīnah*.

Maikling sulyp mula talambuhay ng sugo (ﷺ)

Ang *Da'wah* sa panahon na ang Propeta Muhammad (ﷺ) ay na sa loob pa ng *Makkah* ay nakatuon lamang sa paksang *Tawhīd* o Kaisahan ng Allāh (ﷻ), at ang paksang pag-iwan sa *Shirk* o pagtatambal sa kanya, at paksang pagdadalisay ng pagsamba sa Allāh (ﷻ) nang bukod-tangi, at nagpatuloy ang *Da'wah* na ito sa loob ng *Makkah* ng labing tatlong taon.

Pagkatapos ay naatasan siyang magsagawa ng *Hijrah* patungo sa *Al-Madīnah*, at ganoon din, nagpatuloy ang *Da'wah* sa loob ng *Al-Madīnah* na nakatuon sa *Tawhīd*, at kasama na rin ang mga iba pang mga batas at katuruan sa relihiyong Islām na mga gawaing pagsamba at mga batas pangkalakalan, at iba pang mga katuruan sa pang araw-araw na pamumuhay.

Bagkus kung titignan lamang ang talambuhay ng Propeta Muhammad (ﷺ) patungkol sa kanyang *Da'wah*, matatagpuan na ang *Da'wah* patungkol sa *Tawhīd* ay nagpatuloy hanggang sa pumanaw ang mahal na Sugo ng Allah (ﷻ), at ito ang malinaw at maliwanag na tugon laban sa mga nilalang na iniwan nila ang *Da'wah* tungo sa *Tawhīd* ng Allāh (ﷻ), at iniwan nila ang pag-aaral nito, at kanilang sinasabi [bilang pagmamaliit at pang-aalipusata] na maaaring pag-aralan ang *Tawhīd* sa loob lamang ng ilang nabibilang na mga minuto.

Sinabi ng May-akda -رحمه الله-: “Dinala siya sa taas patungo sa kalangitan”. may mga aral na makukuha mula rito:

[1] Tunay na ang lahat ng ipinahayag ng Propeta Muhammad (ﷺ) mula sa mga bagay na lingid ay marapat nating sabihin: “Kami ay naniniwala, aming itong pinapatotohanan at kami ay sumusuko at tumatalima rito”.

[2] Ang kahalagahan ng obligadong pagdarasal, na kung saan inutos ito ng Allah (ﷻ) doon sa Kalangitan.

Ang *Hijrah*: Ito ang paglikas mula sa bayan ng *Shirk* tungo sa bayan ng Islām, kaya't ang *Hijrah* ay obligasyon ng nasyon na ito mula sa bayan ng *Shirk* tungo sa bayan ng Islām at ito ay mananatili hanggang sa dumating ang Huling Oras.

At patunay sinabi ng Allāh (ﷻ):

﴿إِنَّ الَّذِينَ تَوَفَّاهُمُ الْمَلَائِكَةُ ظَالِمِي أَنْفُسِهِمْ قَالُوا فِيمَ كُنْتُمْ ۖ قَالُوا كُنَّا مُسْتَضْعَفِينَ فِي الْأَرْضِ ۗ قَالُوا أَلَمْ تَكُنْ أَرْضُ اللَّهِ وَاسِعَةً فَتُهَاجِرُوا فِيهَا ۚ فَأُولَٰئِكَ مَأْوَاهُمْ جَهَنَّمُ ۖ وَسَاءَتْ مَصِيرًا ۝ إِلَّا الْمُسْتَضْعَفِينَ مِنَ الرِّجَالِ وَالنِّسَاءِ وَالْوِلْدَانِ لَا يَسْتَطِيعُونَ حِيلَةً وَلَا يَهْتَدُونَ سَبِيلًا ۝ فَأُولَٰئِكَ عَسَى اللَّهُ أَنْ يَعْفُو عَنْهُمْ ۖ وَكَانَ اللَّهُ عَفْوًا غَفُورًا﴾

((Tunay na yaong mga kinuha ng mga anghel ang kaluluwa nila habang inaapi nila ang kanilang mga sarili ay sasabihin sa kanila, 'Sa anong kalagayan kayo naroroon?' Sasabihin nila, 'Kami ay inapi sa lupa.' Sasabihin ng mga anghel, 'Hindi ba ang lupa ng Allāh ay malawak upang lumikas kayo rito?' Para sa kanila ang tahanan sa Impiyerno – at napakasamang hantungan nito ☪ Liban na lamang sa mga inaping kalalakihan, kababaihan at kabataan na walang kakayanang gumawa ng paraan o hindi nagabayan tungo sa paraan ☪ Para sa kanila ay inaasahan na ang Allāh pauumanhinan sila. Ang Allāh ay Mapagpauumanhin at Mapagpatawad)).

At sinabi pa ng Allāh (ﷻ):

﴿يَا عِبَادِيَ الَّذِينَ آمَنُوا إِنَّ أَرْضِي وَاسِعَةً فَإِيَّايَ فَاعْبُدُونِ﴾
((O Aking mga alipin na nanampalataya, tunay na ang Aking lupain ay malawak, sa Akin lamang kayo sumamba)).

Ang sabi ni Al-Baghawī - رحمه الله : “Ang dahilan ng kaphayagan ng talata na ito ay hinggil sa mga Muslim na nasa loob ng Makkah na hindi pa lumilikas tungo sa Al-Madīnah, tunay na sila ay tinawag ng Allāh sa ngalan ng pananampalataya”

At ang patunay sa Sunnah, ang sinabi ng Propeta (ﷺ); ((Hindi matatapos ang *Hijrah* hanggat hindi matatapos ang *Tawbah* at hindi matatapos ang *Tawbah* hanggat hindi sumisikat ang araw sa kanluran nito)) [Hadīth].

Nahahati Ang *Hijrah* sa Tatlong Bahagi

Ang *Hijrah* mula sa bayan ng *Kufr* tungo sa bayan ng Islām

Ang Hatol nito:

Wājib o Obligado

Ang *Hijrah* Mula sa Makkah tungo sa Al-Madīnah

Ito ay natapos na noong panahong nasakop ang Makkah

Ang *Hijrah* ng bawat isa na inubliga sa kanya ng Allāh na mag-*Hijrah* o *iwanan*

Sa mga natatanging Gawain, mga tao at sa mga panahon at mga lugar.

Gawain: Lahat ng mga pinagbawal ng Allāh, at ang pinakaulo nito ay ang *Shirk*.

Mga tao: Ang mga *Kuffār* at mga *Munāfiq* at iba pa.

Panahon: Pag-iwan sa mga panahon na kung saan nagdiriwang ang mga *Kuffār* dito.

Lugar: Pag-iwan sa mga lugar na kung saan nagdiriwang ang mga *Kuffār* dito.

☪ Matatapos ang *Tawbah* sa dalawang bagay:

[1] Pagsikat ng araw mula sa kanluran nito.

[2] Sa pagdating ng kamatayan ﴿At hindi tinatanggap ang pagsisisi ng sinumang nagpupumilit sa pagsasagawa ng mga kasalanan hanggang sa dumating sa kanila ang paghihingalo at sasabihin ng isa sa kanila: “Ako’y nagsisisi na ngayon.” At ganoon din, Hindi rin tinatanggap ng Allāh ang pagsisisi ng mga namatay na tumanggi na hindi naniwala﴾ [4:18].

☪ Sinabi ng Propeta Muhammad (ﷺ): ((Wala ng *Hijrah* pa pagkatapos ng Makkah)) [Hadīth]: Ibig sabihin, Mula sa Makkah tungo sa Al-Madīnah. At ang Hadīth na ito, patunay lamang na ang Makkah ay hindi manunumbalik na bayan ng *Kufr*.

Nang tumira siya sa Al-Madinah ay isinabatas na ang natitira pang mga batas sa *Islām* tulad ng *Zakāh*^[1], *Sawm*, *Hājj*, *Adhān*, *Jihād*, ang pag-uutos ng kabutihan at ang pagbabawal ng kasamaan at iba pang batas ng *Islām*.

Nagsikap siya sa pagtatatag nito sa loob ng sampung taon at pagkatapos siya ay nabawian ng buhay; Sumakanya nawa ang pagpapala at kapayapaan.^[2]

Ngunit ang kanyang *Deen* ay nananatili, at wala siyang iniwan na anumang makabubuti maliban na ito ay kanyang itinuro sa *Ummah*, at lahat ng anumang makasasama ay kanya itong ipinagbawal at nagbabala sa *Ummah* mula rito.

At ang kabutihang itinuro sa *Ummah* ay ang panawagan tungo sa *Tawhīd* at lahat ng kaibig-ibig at kalugod-lugod sa Allāh.


At ang kasamaang binigyang babala mula rito ang *Ummah* ay ang *Shirk* at lahat ng kinaaayawan ng Allāh at mga ipinagbabawal nito.^[3]

[1] Sinabi ni Shaykh ibn Uthaymīn -رحمه الله- : "Ang *Zakāh* ay inutos muna sa *Makkah*; ngunit hindi itinakda ang mga nararapat na bilang na ibibigay bilang *Zakāh*, at hindi rin itinakda ang yaman na maramat na ilaan sa *Zakāh*. At noong nasa *Al-Madīnah*, dito itinakda ang bilang na ibibigay at ang mga yaman na dapat ilaan sa *Zakāh*".

[2] Pumanaw ang Propeta Muhammad (ﷺ), sa ika lambing isang taon pagkatapos ng *Hijrah*, at siya ay nilibing sa silid ni A'ishah (رضي الله عنها).

[3] "at wala siyang iniwan na anumang makabubuti maliban na ito ay kanyang itinuro sa *Ummah*, at lahat ng anumang makasasama ay kanya itong ipinagbawal at nagbabala sa *Ummah* mula rito": Marapat na sumaksi tayo at maniwala na si Propeta Muhammad (ﷺ) ay kanyang tinupad ang ipinagkatiwala sa kanya na *Amānah*, at ipinaabot niya ang Mensahe ng *Islām*, at pinayuhan ang *Ummah*, at tunay na siya ay nakibaka sa Landas ng Allāh, at iniwan niya sa atin ang malinaw na kapamaraan na maliwanag pa sa sikat ng araw, at walang sinuman ang tataliwas at asalungat dito maliban na siya ay maliligaw at mawawasak.

Ang Mga Pinamalaking Kasalanan



At siya ay isinugo ng Allāh sa lahat ng mga tao at ipinag-utos ang pagsunod sa kanya sa lahat ng *Thaqalayn* (ang mga Jinn at tao).

Ang patunay, sinabi ng Allāh (ﷻ):

﴿قُلْ يَا أَيُّهَا النَّاسُ إِنِّي رَسُولُ اللَّهِ إِلَيْكُمْ جَمِيعًا﴾
 ((*Sabihin O Muhammad, 'O sangkatauhan, tunay na ako ay Sugo ni Allah sa inyong lahat ...'*))^[1]

At ginawang ganap at kompleto ng Allāh (ﷻ) sa pamamagitan niya ang *Deen* (Relihiyon).

sinabi ng Allāh (ﷻ):

﴿الْيَوْمَ أَكْمَلْتُ لَكُمْ دِينَكُمْ وَأَتِمَمْتُ عَلَيْكُمْ نِعْمَتِي وَرَضِيتُ لَكُمُ الْإِسْلَامَ دِينًا﴾
 ((*Sa araw na ito ay kinumpleto Ko para sa inyo ang relihiyon ninyo at ginanap Ko ang biyaya ko sa inyo at pinili Ko para sa inyo ang Islam bilang relihiyon*))^[2]

At ang patunay na si Propeta Muhammad (ﷺ) ay mamamatay, sinabi ng Allāh (ﷻ):

﴿إِنَّكَ مَيِّتٌ وَإِنَّهُمْ مَيِّتُونَ ﴿١﴾ ثُمَّ إِنَّكُمْ يَوْمَ الْقِيَامَةِ عِنْدَ رَبِّكُمْ تَخْتَصِمُونَ﴾
 ((*Tunay na ikaw ay mamamatay at tunay na sila ay mamamatay rin ﴿١﴾ at pagkatapos kayo sa araw ng pagkabuhay sa Panginoon niyo kayo ay magtatalo*)).

[1] Sinugo ang Propeta Muhammad (ﷺ) sa lahat ng mga Tao, at napawalang bisa ang lahat ng naunang mga batas, ang mga Hudyo at mga Kristiyano sa panahon ng Propeta Muhammad (ﷺ), at sa panahon nating kasalukuyan kapag umabot sa kanila ang *Da'wah* at hindi sila tumalima at pumasok sa Islām, tunay na sila ay *Kuffār*, kahit na sila ay sumusunod sa kapamaraan ni Propeta Moses at Jesus (ﷺ). At ang mga patunay nito:

1- Sinabi ng Allāh (ﷻ): ﴿*Sabihin mo, O Muhammad sa mga 'Ahlul Kitāb' – mga Hudyo at mga Kristiyano: "Halina sa makatarungan at makatotohanang salita, at tayong lahat ay sumunod at manatili rito: ito ay ang pagturing natin sa pagiging bukod-tangi ng Allāh sa pagsamba sa Kanya*﴾ [3:64].

2- Sinabi ng Allāh (ﷻ): ﴿*O kayong mga Muslim, makipaglaban kayo sa (mga kumakalaban sa Allāh na) mga walang pananampalataya na hindi naniniwala sa Kaisahan ng Allāh at hindi naniniwala sa Muling Pagkabuhay at Paghuhukom, at hindi iniwasan ang anumang ipinagbabawal ng Allāh at ng Kanyang Sugo, at yaong hindi nila tinatanggap ang Tunay na 'Deen' o Relihiyon na Al-Islām na hindi nila sinusunod ang mga batas nito, na katulad ng mga nagtatangan ng mga naunang Kasulatan na mga Hudyo at mga Kristiyano*﴾ [9:29].

3- Sinabi ng Propeta Muhammad (ﷺ) (Ako'y sumusumpa sa may hawak ng aking kaluluwa, sinuman ang makakarinig sa akin, ito man ay hudyo o maging kristiyano at pagkatapos ay hindi siya naniwala sa akin, tunay na siya ay kabilang sa mga taga- impiyerno) [Hadīth].

[2] Ang talatang ito ay isang tugon laban sa mga *Mubtadi'in* (gumagawa ng *Bid'ah*).

Panglima: Ang Pangwakas

At ang mga tao kapag namatay ay mabubuhay muli, sinabi ng Allāh (ﷻ):

﴿مِنْهَا خَلَقْنَاكُمْ وَفِيهَا نُعِيدُكُمْ وَمِنْهَا نُخْرِجُكُمْ تَارَةً أُخْرَى﴾

((Mula rito ay nilikha Namin kayo at tungo rito ay ibabalik Namin kayo at mula rito ay ilalabas Namin kayo sa iba pang pagkakataon)).

sinabi ng Allāh (ﷻ):

﴿وَاللَّهُ أَنْتَبَكُمْ مِنَ الْأَرْضِ نَبَاتًا ۖ ثُمَّ يُعِيدُكُمْ فِيهَا وَيُخْرِجُكُمْ إِخْرَاجًا﴾

((At ang Allāh ay ginawa kayo mula sa lupa tulad ng halaman, at pagkatapos ay ibabalik kayo dito at muli kayo ay ilalabas dito))

At pagkatapos mabuhay muli ay gagantimpalaan o parurusahan ayon sa mga ginawa nila. sinabi ng Allāh (ﷻ):

﴿وَلِلَّهِ مَا فِي السَّمَاوَاتِ وَمَا فِي الْأَرْضِ لِيَجْزِيَ الَّذِينَ أَسَاءُوا بِمَا عَمِلُوا وَيَجْزِيَ الَّذِينَ أَحْسَنُوا بِالْحُسْنَى﴾

(Sa Allāh ang anumang nasa kalangitan at nasa lupa upang gantimpalaan ang sinumang naging masama sa kanilang mga gawa at gantimpalaan ang mga naging mabuti sa pamamagitan ng kabutihan)^[1]

At sinuman ang tumanggi at hindi naniwala sa muling pagkabuhay ay naging Kāfir. Ang patunay sinabi ng Allāh (ﷻ):

﴿رَعِمَ الَّذِينَ كَفَرُوا أَنْ لَنْ يُبْعَثُوا قُلْ بَلَىٰ وَرَبِّي لَتُبْعَثُنَّ ثُمَّ لَتُنَبُّؤُنَّ بِمَا عَمِلْتُمْ ۚ وَذَٰلِكَ عَلَى اللَّهِ يَسِيرٌ﴾

((Inaangkin ng mga hindi nanampalataya na hindi sila bubuhaying-muli. Sabihin, 'Oo, sumpa sa aking Panginoon, tiyak na kayo ay bubuhaying-muli at tiyak na ipababatid sa inyo ang inyong ginawa. Yaon ay para sa Allāh ay madali)^[2]

At ipinadala ng Allāh ang lahat ng mga sugo upang maging tagapagbalita ng kabutihan at tagapagbabala.

At ang patunay, sinabi ng Allāh (ﷻ):

﴿رُسُلًا مُبَشِّرِينَ وَمُنذِرِينَ لِقَالِ الْإِنْسَانِ عَلَى اللَّهِ حُجَّةٌ بَعْدَ الرُّسُلِ ۚ وَكَانَ اللَّهُ غَزِيرًا حَكِيمًا﴾

((Mga sugo na tagapagbigay ng magandang balita at tagapagbabala upang ang mga tao ay wala nang ikakatwiran kay Allah pagkatapos ng mga sugo. Ang Allah ay Makapangyarihan at Maalam)).

Ang unang sugo ay si Nūh (ﷺ) at ang pinakahuling sugo ay si Muhammad, at siya ang panghuling propeta. Ang patunay na si Nūh (ﷺ) ang unang sugo, sinabi ng Allāh (ﷻ):

﴿إِنَّا أَوْحَيْنَا إِلَيْكَ كَمَا أَوْحَيْنَا إِلَىٰ نُوحٍ وَالنَّبِيِّينَ مِنْ بَعْدِهِ﴾

((Tunay na Kami ay nagpahayag sa iyo, tulad ng pagpapahayag Namin kay Nūh at sa mga sugong pagkatapos niya)^[3]

[1] Ang lahat ng tao ay makakalasap ng kamatayan at hindi sila makatatapas mula rito, pagkatapos sila ay muling mabubuhay sa dakilang araw; ang araw ng paghuhukom, at sa araw na ito lilitisin sila at gagantimpalaan ayon sa kanilang mga gawain.

[2] Sinuman ang pinasinungalingan niya ang muling pagkabuhay at paglilitis ay naging Kāfir o di mananampalataya; dahil tumanggi siya sa isa sa mga haligi ng Īmān.

[3] Si Nūh (ﷺ) ang kauna-unahang Sugo, ang patunay sinabi ng Allah: ((Tunay na Kami ay nagpahayag sa iyo, tulad ng pagpapahayag Namin kay Nuh at sa mga sugong pagkatapos niya)) [4:163].

At ang kauna-unahang propeta ay si Ādam (ﷺ), ang patunay: Ang Propeta Muhammad (ﷺ), noong tinanong siya tungkol kay Ādam, kung siya ba ay isang propeta? Kanyang sinabi: (Isa siya sa mga propetang kinausap ng Allāh) [Hadīth].

At ang Huling Propeta at Sugo ay si Muhammad (ﷺ), ang patunay sinabi ng Allāh (ﷻ):

﴿مَا كَانَ مُحَمَّدٌ أَبَا أَحَدٍ مِّن رِّجَالِكُمْ وَلَٰكِن رَّسُولَ اللَّهِ وَخَاتَمَ النَّبِيِّينَ ۚ وَكَانَ اللَّهُ بِكُلِّ شَيْءٍ عَلِيمًا﴾

((Si Muhammad ay hindi ama ng kahit na sinuman sa inyo na mga kalalakihan, kundi siya ay Sugo ng Allāh at ang pinakaselyado o pinakahuli sa lahat ng mga Propeta)) [33:40].

Sinuman ang magpanggap ng pagkapropeta at pagkasugo pagtapos ni Propeta Muhammad (ﷺ), tunay na siya ay sinungaling at di mananampalataya, at ang sinuman ang maniwala sa isang nagpanggap, tunay na naging isang Kāfir katulad niya.

Inutos ng Allāh ang pagtanggap sa lahat ng uri ng *Tāghūt* at marapat na manampalataya lamang sa Allāh, Sinabi ni Ibn al-Qayyim - رحمه الله: (Ang kahulugan ng *Tāghūt* ay ang paglagpas ng isang lingkod sa dapat niyang kalagayan mula sa sinasamba o sinusundan o sinusunod).

At sa lahat ng nasyon ay nagpadala ang Allāh ng sugo, mula kay Nūh hanggang kay Muhammad, upang ipag-utos ang pagsamba sa Allāh lamang at ang pagbabawal sa pagsamba sa *Tāghūt*. Ang patunay sinabi ng Allāh (ﷻ):

﴿وَلَقَدْ بَعَثْنَا فِي كُلِّ أُمَّةٍ رَسُولًا أَنِ اعْبُدُوا اللَّهَ وَاجْتَنِبُوا الطَّاغُوتَ﴾

(At nagpadala Kami sa lahat ng nasyon ng sugo upang ipasamba sa kanilang ang Allāh at palayuan sa kanila ang Tāghūt ...)

at ang mga uri ng *Tāghūt* ay marami, at ang pangunahing ulo nito ay lima:

Si Iblīs (sumpain siya ng Allāh), at sinuman na sinasamba habang nalulugod dito, at sinumang nanawagan sa mga tao na sambahin siya, at sinuman na nag-aangkin na mayroon siyang kaalaman sa lingid, At ang sinuman na humahatol maliban sa kapahayagan ng Allāh.

ang patunay, sinabi ng Allāh (ﷻ):

﴿لَا إِكْرَاهَ فِي الدِّينِ ۚ قَدْ تَبَيَّنَ الرُّشْدُ مِنَ الْغَيِّ ۚ فَمَنْ يَكْفُرْ بِالطَّاغُوتِ وَيُؤْمِنْ بِاللَّهِ فَقَدِ اسْتَمْسَكَ بِالْعُرْوَةِ الْوُثْقَىٰ لَا انْفِصَامَ لَهَا ۗ وَاللَّهُ سَمِيعٌ عَلِيمٌ﴾

((Walang sapilitan sa relihiyon. Naging malinaw na ang gabay mula sa pagkaligaw. Sinumang magtakwil sa diyus-diyosan at manampalataya sa Allāh ay kumapit sa makakapitang matibay na hindi mapapatid. Ang Allāh ay Siyang Nakakarinig at Nakakaalam))

At ito ang kahulugan ng "*Lā Ilāha Illallāh*" na walang diyos na marapat sambahin maliban sa Allāh. At sabi sa Hadith ng Propeta (ﷺ): *(Ang pangulo ng mga bagay na ito ay ang Islām at ang saligan nito ay ang Salāh at ang pinakamataas na proteksyon nito ay ang Jihād fī Sabīlillāh)* [Hadith].

At ipinadala ng Allāh ang lahat ng mga sugo at propeta upang maging tagapagbalita ng kabutihan at tagapagbabala mula sa kasamaan, at lahat sila ay nagkakasundo at nagkakaisa sa *Da'wah* tungo sa *Tawhūd* ng Allāh, at labanan ang mga *Tāghūt* at iba't ibang uri ng *Shirk*, at ang patunay sinabi ng Allāh: *(At nagpadala Kami sa lahat ng nasyon ng sugo)* ibig sabihin: bawat pangkat;

(upang ipasamba sa kanila ang Allāh) : ibig sabihin: sambahin nang bukod tangi at nag-iisa.

(at palayuan sa kanila ang Tāghūt) : Ibig sabihin: ilagay ninyo ang mga *Tāghūt* sa kabilang panig at kayo ay nasa kabilang panig naman, at ito ang pinakamainam na pagpipigil at paglayo mula sa kanila, at ito rin ang magpapatunay sa pagiging malaya mula sa *Shirk* at mga gumagawa nito.

Inutos ng Allāh sa lahat ng tao na tumanggap sa lahat ng uri ng *Tāghūt* at manampalataya lamang sa Allāh, at marapat lamang na iwaksi muna ang mga *Tāghūt* bago ang *Īmān* sa Allāh:

(Sinumang magtakwil sa diyus-diyosan at manampalataya sa Allāh)

Ang *Tāghūt*: Ito ang paglagpas ng isang lingkod sa dapat niyang kalalagayan mula sa sinasamba (katulad ng mga puno o mga bato) o sinusundan (katulad ng mga masamang mga Ulama) o sinusunod (katulad ng mga Pinuno na lumalabas sa pagsunod sa Allāh).

Ang mga *Tāghūt* ay napakarami, ang pangunahin ulo nito ay lima: Si Iblīs -sumpain siya ng Allāh-

(Ang May-akda ay kanyang sinumpa si Iblīs, sa paraan na pagbabalita).

At ang sinumang sinasamba, at siya ay nalulugod sa pagsamba sa kanya at sinumang nanawagan sa mga tao na sambahin siya, at sinuman na nag-aangkin na mayroon siyang kaalaman sa lingid, At sinuman ang humahatol maliban pa sa kapahayagan ng Allāh.

**Ang paggawad ng hatol bukod sa mga ibinaba ng Allāh (ﷻ)
ito ay may paliwanag:**

Malaking Kufr

Kapag naniwala siya na ang batas ng tao ay katulad ng batas ng Allāh o kaya naman mas mainam ito kaysa batas ng Allāh.

Maliit na Kufr

Sinuman na naniniwala na ang paggawad ng hatol bukod sa mga ibinaba ng Allāh ay hindi maaari, ngunit siya ay naghahatol gamit ang batas ng tao dahil sa kanyang sariling kagustuhan o pagnanais mamuno o iba pang mga dahilan.

Binahagi ni Imām ibn Qayyīm ang *Jihād* sa Apat na Antas:

Jihādun Nafs

Ito ay sa pamamagitan ng kaalaman at pagsasabuhay nito at Da'wah tungo sa landas ng Allāh at Sabar.

Jihādush Shaytān

Ito ay sa pamamagitan ng pag-iwan sa mga *Shubuhāt* (*Shirk* at *Bi'dah*) at *Shahawāt* (*Kabā'ir* at *Saghā'ir*).

Jihādul Kuffār wal Munāfiqīn

Ito ay sa pamamagitan ng puso, salita, kayamanan at buhay o sarili

Jihādu Arbābidh Dhulm wal Bid'ah wal Munkarāt

Ito ay sa pamamagitan ng kamay, salita at puso

Pangwakas:

Nararapat sa bawat taong mayroong pag-iisip na kanyang isipin at pagnilay-nilayan ang dakilang aklat na ito, at magkaroon siya ng natatanging pagpapahalaga rito; dahil sa mga napaloloob sa aklat na ito, mula sa mga dakilang saligan at panuntunan na sadyang kinakailangan ng bawat tao sa kanyang libingan.

Ang Allāh ang nag-iisang tunay na may lubos na Kaalaman

Ang pagpapala at kapayapaan ng Allāh ay mapasa Propeta Muhammad, at sa kanyang pamilya at mga kasamahan.

Ang buod ng Al-Usūluth Thalāthah ay: Ang tatlong katanungan sa loob ng libingan, Bakit natin pag-aaralan ang Tawhīd, bakit natin pag-aaralan ang tatlong saligan, at mga aral mula rito.	Apat na Usapin ang patunay (Sūrah Al-Asr)	Al-I'lm	Ang pagkilala sa Allāh, pagkilala sa kanyang Propeta at kaalaman sa Islām sa pamamagitan ng mga patunay mula sa Kitab at Sunnah. (Ang Tatlong Saligan)
		Al-A'mal	((Nagbubunyi ang kaalaman sa pagsasabuhay nito, kung siya ay sinagot, at kung hindi, siya ay aalis at mawawala)) Ang isang maalam sa kanyang kaalaman ngunit hindi ito sinabuhay, mauuna siyang parurusahan kaysa sa mga nagtatambal.
		Da'wah	Kondisyon ng Da'wah: Al-Ikhlās, kaalaman sa Islām, kaalaman sa kalagayan ng mga Mad'ū, Hikmah at Sabar.
			Ang unang paksa sa Da'wah ay ang Tawhīd, ito ang Da'wah ng mga Sugo at Propeta At ang pinakamataas na antas ng Da'wah: Tawhīd at pagwawaksi sa Shirk
	Sabr	Ang Pagtitiis sa pagsunod sa Allāh tulad ng (Salāh), Ang Pagtitiis mula sa pagsuway sa Allāh tulad ng (Ribā), Ang Pagtitiis sa mga Masakit na Tadhana tulad ng (kahirapan)	
		Ibig sabihin: Pagtitiis sa Kaalaman at pagsasabuhay nito at sa pag-Dada'wah tungo rito.	
	Tatlong Usapin	Tawhīdur Rubūbiyah (Ang pagbubukod-tangi sa pagkapanginoon, kaya marapat Siya ang bukod tangi na pag-alayan ng pagsamba) at Tawhīdul Asmā Was Sifāt.	
Tawhīdul Ulūhiyah (Al-Ikhlās) at: Tunay na ang Allāh ay hindi nalulugod sa sinumang nagtatambal sa Kanya sa pagsamba, ni mula sa malalapit sa Kanya na anghel, ni sa mga propetang isinugo.			
Pagiging malaya mula sa Shirk at mga gumagawa nito: sa pamamagitan ng Puso (kamuhian ang mga Kuffār), Dila <i>«Katiyakan, kami ay walang pananagutan sa inyo at sa anuman na inyong sinasamba bukod sa Allāh»</i> at sa pamamagitan ng katawan (Ang pag-iwas mula sa kanilang pagdiriwang at piyesta at ang panggagaya sa kanila).			

Ang buod ng Al-Usūluth Thalāthah ay: Ang tatlong katanungan sa loob ng libingan, Bakit natin pag-aaralan ang Tawhīd, bakit natin pag-aaralan ang tatlong saligan, at mga aral mula rito.	Dahilan sa pag-aaral ng Tawhīd	(Al-Hanifiyyah): Ito ang <i>Millah</i> o paniniwala na lumilihis at lumalayo mula sa Shirk patungo sa Al-Ikhlās at Tawhīd.
		Literal: Salitang Ugat ng salitang “Wahhada, Yuwahhidu, Tawhīdan” Nangangahulugan: “Binukod-tangi” Sa Islām: Ang Pagbubukod-tangi sa Allāh sa kanyang <i>Rubūbiyyah</i> at <i>Ulūhiyyah</i> at <i>Asmā was sifāt</i>. At ang tatlong uri nito:
		<u>Tawhīdur Rubūbiyyah</u> : Pagbubukod-tangi sa Allāh sa Kanyang Paglikha at Pagmamay-ari sa lahat ng nilikha at Pangangasiwa. <u>Tawhīdul Ulūhiyyah</u> : Pagbubukod-tangi sa Allāh sa Pagsamba <u>Tawhīdul Asmā was sifāt</u> : Pagbubukod-tangi sa Allāh sa pamamagitan ng mga Pinangalan at Tinangi niya sa Kanyang sarili sa Quran at sa binanggit ng Kanyang propeta, at magpatibay sa lahat ng ipinagtibay Niya sa Kanyang sarili at magwaksi sa lahat ng iwinaksi Niya sa Kanyang sarili nang walang Tahrīf (pagbabago ng kahulugan), o Ta’til (pag-aalis ng kahulugan) at nang walang Takyīf (paglalarawan ng pamamaraan ng kanyang katangian at pangalan o kung paano Niya isinasagawa ang Kanyang mga gawain), Tamthīl (paghahalintulad sa Kanya sa anumang nilikha)
		Shirk: Ito ang pananalangin, pagsamba maliban pa sa Allāh. At ito ang dakilang kasalanan dito sa lupa.
	Ang Tatlong Saligan	Ang makilala ng lingkod ang kanyang <i>Rabb</i>, “Sino ang iyong Rabb?” At paano mong nakilala ang iyong Panginoon? Ang Rabb siya ang sinasamba, iba’t ibang uri ng pagsamba, hatol sa sinumang nagtambal sa Allāh sa anumang uri ng pagsamba at mga patunay nito.
		Kaalaman sa Islām sa pamamagitan ng mga patunay mula sa Kitāb at Sunnah, pagpapakilala sa Islām , antas ng Deen, haligi ng Islām , kahulugan ng Shahādah, Haligi ng Īmān, mga antas ng Īmān, Ihsān patunay sa mga Antas ng Deen, palatandaan ng araw ng paghuhukom.
		Pagkakilala sa kanyang Propeta, sa kanyang angkan, kapanganakan, edad, pagkapropeta at pagkasugo, kanyang bayan, dahilan ng pagkakasugo niya, bilang ng panahon ng pagdada’wah niya tungo sa Tawhīd, Al-Isrā at Al-Mi’rāj, saan at kailan inutos ang Salāh? Ang Hijrah at kanyang hatol at panahon, kailan isinabatas ang iba pang mga utos at batas? Tagal ng panahon sa pagdada’wah, kanyang pagpanaw, kanyang dalang katuruan sa Deen, ang kanyang pangkalahatang pagkasugo sa buong sansinukob, ang kaganapan ng Deen at biyaya nito.

Ang buod ng Al-Usuluth Thalāthah ay: Ang tatlong katanungan sa loob ng libingan, Bakit natin pag-aaralan ang Tawhīd, bakit natin pag-aaralan ang tatlong saligan, at mga aral mula rito.	Ang Pangwakas	Ang muling pagkabuhay, Ang paglilitis sa mga Gawain, pagiging Kāfir ng isang 'di-naniniwala sa Muling pagkabuhay, ang trabaho ng mga Sugo at kanilang panawagan, ang unang sugo at huli, ang dalawang haligi ng Tawhīd: Ang pagwaksi sa Tāghūt at Ang paniniwala sa Allāh, ang kahulugan ng Tāghūt, ang mga pangulo ng mga Tāghūt, ang pamamaraan ng pagwawaksi sa Tāghūt, ang kahulugan ng Lā Ilāha Illallāh, Ang Islām ay ulo ng Deen, ang sandigan nito ay ang Salāh, ang proteksyon nito ay ang Jihād.			
		Mga uri Ng Jihād	<i>Jihādun Nafs</i>	Ito ay sa pamamagitan ng Kaalaman at pagsasabuhay nito at Da'wah tungo sa landas ng Allāh at Sabar. (Sūrah Al-A'sr)	
			<i>Jihādush Shaytān</i>	Shahawāt	Kabā'ir (lahat ng kasalanan na may natatanging parusang itinakda)
					Saghā'ir Maliit na kasalanan (lahat ng kasalanan na walang natatanging parusang itinakda)
				Shubuhāt	Ang Malaking Shirk (Nag-aalis sa taong gumagawa nito sa Islām) at Maliit na Shirk
					Bid'ah
			<i>Jihādul Kuffār wal Munāfiqīn</i>	Ito ay sa pamamagitan ng puso, salita, kayamanan at buhay o sarili	
			<i>Jihādu Arbābidh Dhulm wal Bid'ah wal Munkarāt</i>	Ito ay sa pamamagitan ng kamay, salita at puso	

		Tāghūt	Ang mga Tāghūt ay napakarami, ang pangunahing ulo nito ay lima: Si Iblīs -sumpain siya ng Allāh- (Ang may-akda ay kanyang sinumpa si Iblīs, sa paraan na pagbabalita) At ang Sinumang sinasamba, at siya ay nalulugod sa pagsambang ito at Sinumang nanawagan sa tao na sambahin siya, at Sinuman na nag-aangkin na mayroon siyang kaalaman sa lingid. At sinuman ang humahatol maliban pa sa kapahayagan ng Allāh.
		Ang Allāh ang nag-iisang tunay na may lubos na Kaalaman Ang pagpapala at kapayapaan ng Allāh ay mapasa Propeta Muhammad, at sa kanyang pamilya at mga kasamahan.	

Pagsusulit Mula Sa Tatlong Saligan At Kanyang Mga Patunay

Piliin ang tamang sagot mula sa loob ng panaklong:

- 1- Ang May-akda ng Usūluth Thalāthah: (Muhammad bin Sulayman At-tamimiy – Muhammad bin Abdil Wahhab – lahat ng nabanggit)
- 2- Ang Usūluth Thalāthah ito ang buod ng katanungan sa Libingan: (Tama – Mali)
- 3- Nanalangin ang May-akda sa Allāh para sa mga mambabasa ng Usūluth Thalāthah sa: (dalawang bahagi ng Aklat – Tatlong bahagi ng Aklat)
- 4- Bukod-tangi ang mga aklat ng May-akda dahil ito ay: (Madali at Malinaw - Pagtitipon ng mga usapin at inaayos ito at nilalagyan ng bilang at pagkatapos ay kanya itong ipinapaliwanag - Pagbanggit ng mga Usapin na may kalakip na batayan mula Quran at Sunnah- Maraming panalangin sa Allāh para sa mag-aaral – pagtugon sa mga salita ng mga kalaban ng Islām – Maraming aklat sa pagpapaliwanag nito – pagbanggit ng mga mahahalagang katanungan at mga sagot nito – binigay ng Allāh ang pagtanggap - lahat ng nabanggit)
- 5- Maaaring ibahagi ang nilalaman ng Usūluth Thalāthah sa: (5 - 6) na bahagi.
- 6- Ang pag-aaral ng Tawhīd ay isang: (Fardhu Kifayah -Fardhu A'yn)
- 7- Ang patunay sa Apat na usapin ay ang surah: (Al-A'sr – Al-Ikhlās)
- 8- Sinuman ang nagkaroon ng kaalaman ngunit hindi niya ito isinabuhay ay katulad siya ng isang (Kristiyano – Hudyo – Lahat ng Nabanggit)
- 9- Nababahagi ang Sabr sa ilang bahagi: (Dalawa -Tatlong)
- 10- Ang kahulugan ng kasabihan ni Imam Shafi'iy sa Surah Al-A'sr: (sapat na upang maging isang batayan sa mga tao- sapat na sa ibang pang Surah): (Tama – Mali)
- 11- Sinuman ang manampalataya sa isang uri lamang ng Tawhīd at hindi sa iba pa, hindi magiging isang Muwahhid: (Tama o Mali)

12- Mangyayari lamang ang pagiging Malaya mula sa Shirk at mga tauhan nito sa pamamagitan ng: (Puso at Dila at Katawan – Pagiging Malaya mula sa Gawain at gumagawa nito – Lahat ng nabanggit)

13- Ang nais ipakahulugan sa Al-Masajid sa sinabi ng Allāh (Ang mga Masjid ay para lamang sa Allāh): (Ang mga masjid na itinayo – Ang mga bahagi ng mga katawan na nakadikit sa Lupa habang nasa Sujud – ang lupa na kung saan nagsasagawa ng Sujud- Lahat ng nabanggit)

14- Ang kapamaraan ng Salaf: (Ang pagpapatunay pagkatapos ay ang paniniwala – paniniwala pagkatapos ay pagpapatunay)

15- Sinuman ang mga naligaw mula sa mga taong may kaalaman ay katulad ng mga: (Hudyo - Kristiyano)

16- Sinuman ang mga naligaw mula sa mga mananamba ay katulad na mga: (Hudyo – Kristiyano)

17-Ang tatlong usapin ay ang Tatlong Saligan: (Tama - Mali)

18- Nababahagi ang Du'a sa Du'a Ibadah at Du'a Mas'alah: (Tama – Mali)

19- Ang Du'a ay nababahagi sa ilang bahagi (Dalawa – Apat)

20- Ang mga tao ay nahahati sa tatlong pangkat sa usaping paniniwala sa Asbab o kaparaanan: (Dalawang magkabilang panig at nasa gitna – Shirkul Akbar at Shirkul Asghar at Jaiz)

21- Maaaring Humingi ng saklolo mula sa mga nilalang: (nang walang limitasyon – sa mga bagay na mayroon siyang kakayahan dito – sa mga bagay na mayroong siyang kakayahan dito ngunit ayon sa Apat na kondisyon)

22- Ang Kahulugan ng Lā Ilāha Illallāh: (Ang may kakayahang sa pagimbento – Walang sinasamba maliban sa Allāh – Walang tunay at karapatdapat sambahin maliban sa Allāh – lahat ng nabanggit)

23- Ang pagkakasundo at pagsang-ayon kasama ng iba't ibang Relihiyon sa usapin pang Relihiyon at pananampalataya sa dahilan pagkakaisa: (Maaari – Malaking Kasalanan – isang gawaing Kufr)

24- Ang pangkalahatang batayan sa pagkakaroon ng Allāh: (Marami - Apat)

25- Ang mga Anghel ba ay mayroong mga Puso: (Oo – Wala)

26- Ang ugnayan ng Tawhīd sa Iman, Ang Iman ay pangkalahatan at ang Tawhīd ay bahagi nito: (Tama -Mali)

27- Ang Haligi ng Iman ay: (5-6-8)

28- Ang mga Mushrikin ay may mga ilang pagsamba sa Allāh: (Tama – Mali)

29- Sinuman ang sinamba siya maliban pa sa Allāh at siya ay hindi nalulugod dito, siya ay isang (Taghut – Hindi Taghut)

30- Ang pagbubukod-tangi sa Allāh sa kanyang pangangasiwa sa sanlibutan at pagbibigay ng ulan ay ang Tawhīd : (Al-Uluhiyah – Ar-rububiyah – Al-asma was sifat)

31- Ang mga sumalungat sa pangunahing Tawhīd : (Shirkul Akbar – Al-Asghar – Bid’ah)

32- Ang pinaka obligado sa lahat ng obligado ay ang pagiging mabuti sa mga magulang: (Tama – Mali)

33- Ang pinaka malaking pinagbabawal ay ang Zina, pagpatay ng isang inosenteng tao: (Tama --- Mali)

34- Ang Mi’raj ay ang paglalakbay ng Sugo ng Allāh mula sa Makkah patungong Baytul Maqdis: (Tama – Mali)

35- Isinugo ng Allāh ang Propeta Muhammad (ﷺ) sa: (isang partikular na nasyon lamang – sa buong sanlibutan)

36- Ang Propeta Muhammad (ﷺ) ay: (Namatay – Ang mga Propeta ay hindi namamatay)

37- Sinuman ang hindi maniwala sa muling pagkabuhay siya ay naging Kafir na (Malaki – Maliit)

38- Ang Deen ng mga Propeta ay: (iisa – ang bawat propeta ay may sariling Deen)

39- Ang Hijrah: (Mapaputol dahil sa pagsakop sa Makkah – Mananatili hanggang sa pagdating ng Oras)

40- Ang Hijrah, ito: (Ang paglikas mula sa bayan ng Kufr patungo sa Bayan ng Islām – Pag-iwan ng pinagbabawal ng Allāh)

41- Ang Deenul Islām ay nakumpleto at ganap: (Tama –Mali)

42- Ang pag-aalay ng pagsamba sa iba maliban pa sa Allāh ay isang Shirk: (Akbar—Asghar)

43- Nararapat na ang paghiwalayin ang paghahatol sa gawain at paghahatol sa taong gumagawa: (Tama—Mali)

44- Ang kauna-unahang Propeta: (Nuh --- Adam)

45- Ang ating mahal na Propeta (ﷺ) ay isang: (Propeta ---Sugo)

Piliin mula sa unang hanay ang nababagay sa kanya mula sa pangalawang hanay:

Unang Hanay	Bilang	Bilang	Panglawang Hanay
Ang Tawhīd sa Literal	1		Sinabi ni Imam Ahmad: Kapag Nakita mo ang isang kafir, ipikit mo ang iyong mata sa takot na Makita ang kalaban ng Allāh.
Ang Tawhīd sa Islām	2		Napapaloob ang paniniwala sa lahat ng mangyayari pagkatapos ng kamatayan.
Tawhidul Uluhiyah	3		Ang pagbigkas nito sa pamamagitan ng dila. Paniniwala sa pamamagitan ng puso. Ang pagsasagawa ng mga katuruan at saligan nito sa pamamagitan ng katawan at puso, nadaragdagan sa pamamagitan ng pagsunod. Nababawasan sa pamamagitan ng pagsuway.
Tawhidur Rububiyyah	4		Al- Islām at Al-Iman at Al-Ihsan
Tawhidul Asma Was Sifat	5		Para sa Allāh at sa iba pa
Al-Hanifiyah	6		Wajib at Jaiz at Muharram
Ang unang panawagan at utos sa loob ng Quran	7		Kaparaanan na nabanggit sa Islām at Pisikal na Kaparaanan.
An-nidd	8		Ang mga katanungan sa libingan
Al-Khasyah	9		I'Im, A'mal, Da'wah, Sabr
At-Tawakkul	10		Ang <i>Al-Ikhlās</i> at <i>Al-Mutāba'ah</i>
Kondisyon upang matanggap ang Ibadah	11		totoong pananalig sa Allāh na mayroong kasamang pagtitiwala sa kanya at pagkuha ng mga pinapahintulutan na kaparaanan
Ang buod ng Apat na Usapin	12		Ang pagkatakot na mayroong kaalaman sa kadakilaan ng kinakatakutan at kaalaman sa kanyang ganap na kapangyarihan.
Ang Buod ng Tatlong Usapin	13		Ito ang katambal, kawangis, kahalintulad
Ang buod ng Tatlong Saligan	14		Sa loob ng Surah Al-Baqarah
Ang Asbab ay nababahagi sa	15		Ito ang <i>MILLAH</i> o paniniwala na lumilihis at lumalayo mula sa <i>Shirk</i> patungo sa <i>Al-Ikhlās</i> at <i>Tawhīd</i>
Nababahagi ang An-Nadhr sa	16		Pagbubukod-tangi sa Allāh sa pamamagitan ng mga Pinangalan at Tinangi niya sa Kanyang sarili sa Quran at sa binanggit ng Kanyang propeta, at magpatibay sa lahat

			ng ipinagtibay Niya sa Kanyang sarili at magwaksi sa lahat ng iwinaksi Niya sa Kanyang sarili nang walang Tahrīf (pagbabago ng kahulugan), o Ta'tīl (pag-aalis ng kahulugan) at nang walang Takyīf (paglalarawan ng pamamaraan ng kanyang katangian at pangalan o kung paano Niya isinasagawa ang Kanyang mga gawain), Tamthīl (paghahalintulad sa Kanya sa anumang nilikha).
Nababahagi ang Adh-dabh sa	17		Ang pagbubukod-tangi sa Allāh sa pagsamba.
Nababahagi ang AL-khawfr sa	18		Ang pagbubukod tangi sa Allāh sa Paglikha at Paghahari at pangangasiwa.
Al-Islām	19		Ang Pagbubukod tangi sa Allāh sa lahat ng natatangi sa kanya.
Antas ng Deen	20		Nagmula sa salitang Wahhada Yuwahhidu.
Al-Iman	21		Pagsikat ng Araw mula sa Kanluran at pagdating ng kamatayan.
Ang Paniniwala sa Huling Araw ay napapaloob dito ang	22		ang paglagpas ng isang lingkod sa dapat niyang kalagayan mula sa sinasamba o sinusundan o sinusunod.
Kabilang sa pagpapatunay ng pagiging Malaya mula sa Shirk	23		<i>Tawhīdur Rubūbiyah, Tawhīduh Asmā' was sifāt, Tawhīdul Ulūhiyah</i> at pagiging Malaya mula sa <i>Shirk</i> at mga tauhan nito.
Oras ng pagkaputol ng Tawbah	24		ang ganap na pagsuko sa Kaisahan ng Allāh at ganap pagsunod sa kanya at pagiging malaya sa <i>Shirk</i> at sa mga tauhan nito.
Taghut	25		Ito ang sinambang imahe

القواعد الأربع

Apat na Panuntunan

(Al-Qawā'id Al-Arba')

Sa ngalan ng Allāh,
Ang Pinakamahabagin, Ang Pinakamaawain

Katotohanan, ang lahat ng papuri ay para sa Allāh (ﷻ) lamang, purihin natin Siya at hilingin natin ang Kanyang tulong. Humingi tayo ng kapatawaran sa Kanya. At hilingin natin ang kalinga Niya mula sa kasamaan ng ating mga sarili at mula sa mga masasamang ating nagawa. Sinuman ang patnubayan ng Allāh (ﷻ) ay walang sinuman ang maaari na makapagligligaw sa kanya, at sinuman ang Kanyang hayaan na maligaw ay walang sinuman ang maaari na makapaggagabay sa kanya at ako ay sumasaksi na walang marapat sambahin kundi ang Allāh (ﷻ) Siya ang nag-iisa at walang katambal. At ako ay sumasaksi na si Propeta Muhammad (ﷺ) ay Kanyang alipin at sugo. At bilang pagpapatuloy:

Ang Panimula Sa Paliwanag

Ang May-Akda ng Aklat

Shaykhul Islām Mujaddidu da'watit Tawhīd Al-Imām:
Muhamamd bin Abdilwahrāb bin Sulayman Attamīmi, Abul Husayn
Siya ay isinilang sa Al- 'Uyaynah noong taon (1115 H)
at siya ay pumanaw sa Ad-Dhir'iyah noong taon (1206 H)

Ang *Al-Qawā'id Al-Arba'* ay siyang pangalawang aklat na mapag-aaralan sa serye ng *Mutūn* para sa isang *Tālibul Ilm*, At ang pagpapahalaga sa aklat na ito ay nararapat dahil sa mga sumusunod:

Ipinayo ng mga Ulamā na pag-aralan ito

Pagsunod sa yapak ng mga Ulamā mula sa *As-Salafus As-Sālih*

Napapaloob dito ang pagpapabulaanan sa mga pagdududa ng mga *Mushrikīn* sa ating panahon.

Dahil ito ang buod ng Aklat na *Khashfush Shubuhāt* (Pag-alis ng mga pagdududa)

Tayo ay magsisimula sa pag-aaral ng aklat na ito bago pa ang aklat ng *Khashfush Shubuhāt* upang hindi kumapit sa puso ng isang *Tālibul Ilm* ang alin mang pagdududa.

Ang Nilalaman ng Aklat na “Al-Qawāi’d Al-Arba”

Ito ay nababahagi sa Tatlong Bahagi:

[1] Ang Panimula

“Unwānus Sa’ādah”
(Palatandaan ng
Kaligayahan)

**[2] Kahalagahan ng pag-
aaral ng Tawhīd**

[3] Al-Qawāi’d

Ang mga Panuntunan



Una: Ang Panimula (*Unwānus Sa'adah*)

Palatandaan ng Kaligayahan

Sa ngalan ng Allāh
Ang Pinakamahabagin, Ang
Pinakamaawain^[1]

Idinadalangin ko sa Allāh (ﷻ) na siyang pinakamabuti, Ang panginoon ng dakilang *Al-'Arsh* (Trono) na gabayan ka sa mundong ito at sa kabilang buhay^[2], at gawin ka na isang mapagpala saan ka man naroroon^[3].

[1] Dahilan ng May-akda sa pagsisimula ng aklat sa pamamagitan ng Basmalāh

1. Pagsunod sa Qurān at mga Sugo.

2. Pagsunod sa mga naunang mga Ulamā at mga Salaf na ang kanilang kaugalian sa pagsusulat ay ang pagsisimula sa Basmalah.

3. Paghingi ng pagpapala sa pamamagitan ng pangalan ng Allāh Al-karīm.

[2] Pagkatapos ng *Basmalah*, Sinimulan ng Shaykh – رحمه الله – ang kanyang panimula sa pamamagitan ng panalangin para sa mga naghahanap ng kaalaman katulad ng kanyang nakasanayan, at ito ay isang palatandaan sa kanyang kaingatan at pagmamahal sa mga naghahanap ng kaalaman sa Islām, at paghingi sa Allāh (ﷻ) para sa kanila na makamit nila ang bawat kabutihan.

[3] Ang mga *Awliyā'* ng Allāh (ﷻ), sila ang mga pinagsasama nila ang *Al-Īmān* at *At-Taqwā* sa kanilang mga sarili.

Sinabi ni Shaykhul Islām ibn Taymīyyah – رحمه الله – : "Sinuman ang maging isang *Mu'min* o mananampalataya at maging isang *Taqīy* o may takot sa Allāh, siya ay naging isang Walīy ng Allāh)); at ang patunay sinabi ng Allāh (ﷻ): *«Dapat ninyong mabatid na katiyakan, ang mga 'Awliyā' ng Allāh ay wala silang dapat na katakutan, at wala silang dapat na ikalungkot, At sila na mga malalapit sa Allāh , ang kanilang katangian ay naniwala sila sa Allāh at sumunod sa Kanyang Sugo at sa anuman na kanyang dinala na kautusan mula sa Allāh at sila ay natatakot sa Allāh sa pamamagitan ng pagsunod nila sa Kanyang mga ipinag-uutos at pag-iwas sa Kanyang mga ipinagbabawal»* [10:62].

Al-Barakah: Ito ang paglago at pagdami.

At-Tabarruk: Ang paghingi ng biyaya at pagpapala.

Al-Mubārak: Ang isang taong kapakipakinabang at pinagpala saan man siya naroroon.

Ang Tabarruk ay nababahagi sa Dalawa:

Tabarruk Mashrū'

(*Tabarruk Na Pinapahintulutan*)

Tabarruk Mamnū'

(*Tabarruk Na Ipinagbabawal*)

Ito ang *Tabarruk* na walang matibay na basehan mula sa batas ng Islām at kahit sa pisikal na batayan, at ito ay isang uri ng *Shirkul Asghar*.

At ibilang ka mula sa mga taong kapag sila ay pinagkalooban ay nagpapasalamat^[1]

Pisikal: katulad ng Kaalaman, *Du'ā* at iba pa. Ang *Tabarruk* sa pamamagitan ng kaalaman ng isang nilalang o kanyang panawagan sa kabutihan, ito ay magiging isang *Barakah*, dahil nakakuha tayo mula sa kanya ng maraming kabutihan. Katulad ng mga aklat ni *Shaykhul Islām*, at iba pang mga *Imām* ng *Ummah* na kung saan inilagay ng Allāh (ﷻ) sa kanilang mga aklat ang *Barakah* at kabutihan at nakinabang dito ang sambayanan.

Sa batas ng Islām: katulad ng *Salāh* sa loob ng *Masjid Al-haram*, o sa *Masjid Nabawī*.

[1] Ang biyaya ay isang pagsubok, kabilang sa mga patunay sinabi ng Allāh (ﷻ):

«At ang pananatili rito sa daigdig ay pagsubok lamang sa pag-aatas o pagbabawal» [21:35].

«At nang makita ni Sulaymān na nasa sa kanyang harapan na nakatayo ang trono ay kanyang sinabi: “Ito ay mula sa Kagandahang-Loob ng Aking ‘Rabb’ upang subukin ako: kung ako ba ay magpapasalamat o tatanggi at di magpapasalamat? At sinuman ang tatanaw ng utang na loob sa Allāh sa Kanyang mga biyaya ay magiging kapaki-pakinabang ito para sa kanya, at sino naman ang tatanggi sa biyaya walang pag-aalinlangan, ang aking ‘Rabb ang Napakayaman na Ganap na Malaya mula sa lahat ng pangangailangan, na Siya ang Pinakamabait Tagapagkaloob» [27:40].

«Sa sinumang tao na kapag siya ay sinubok ng kanyang ‘Rabb’ ng biyaya, at pinaluwag sa kanya ang kanyang kabuhayan, at siya ay inilagay sa marangyang pamumuhay, na iniisip niya na ito ay parangal sa kanya mula sa kanyang ‘Rabb,’ na kanyang sasabihin: “Ang aking ‘Rabb’ ay pinarangalan ako”» [89:15].

At sa Hadīth: (Ang tatlong tao mula sa *banī Isrā’īl*, na ninais ng Allāh na subukin sila.....).

Ang mga biyaya ay naka-ugnay sa *Tawhidur Rubūbiyyah* at *Tawhīdul Ulūhiyyah* at ang pagpapasalamat sa biyaya ay nababahagi sa dalawa:

Ang pakikipag-ugnayan sa Allāh (ﷻ) bago dumating ang biyaya.

Ang uri na ito ay kinakailangan sa isang tao na maniwala siya nang tiyak, na ang nagbibiyaya ay ang Allāh (ﷻ), kaya naman hindi maaari na iugnay ng isang tao ang kanyang puso sa iba.

Kaya naman ang Paraiso ay hinihingi lamang mula sa Allāh (ﷻ); dahil Siya lamang ang nagmamay-ari nito, ganoon rin ang Biyaya, hindi ito maaari na hingiin maliban lamang sa Allāh (ﷻ).

﴿At ipaubaya mo ang iyong sarili sa Allāh na Tunay at Walang-Hanggang Buhay na hindi namamatay﴾ [25:58], ﴿Ang inyong sinasamba na mga rebulto bukod sa Allāh ay walang kakayahan na magbigay sa inyo ng anumang biyaya, na kung kaya, humingi kayo ng biyaya sa Allāh﴾ [29:17], Ibig sabihin sa Allāh lamang humingi at hindi sa iba ng biyaya ﴿At maging taos-puso kayo sa inyong pagsamba sa Kanya at pasalamat na Siya﴾ [29:17]

Ang pagpapasalamat pagkatapos na makamit ang biyaya.

At ito ay mangyayari sa pamamagitan ng:

Puso

Dila

Katawan

Ito ay sa pamamagitan ng pagkakaroon ng tunay na *Īmān* at tamang *Aqīdah* at ganap na pagsuko na ang tagapag-biyaya ay ang Allāh (ﷻ) at ang lahat ng bagay na nasa isang tao ay biyayang nagmula sa Allāh (ﷻ).

Ito ay sa pamamagitan ng pagpapahayag sa biyaya ng Allāh (ﷻ) at pagpupuri sa Kanya at pagpapasalamat sa Kanya, sinabi Allāh (ﷻ):
﴿At ipahayag mo ang anumang ipinagkaloob sa iyo na Biyaya ng iyong Rabb﴾ [93:11]

Ito ay sa pamamagitan ng paggamit sa mga biyaya na ipinagkaloob sa mabuting paraan at kinalulugdan ito sa atin ng Allāh (ﷻ), dagdag pa rito, ang paggawa ng mga gawaing pagsunod para lamang sa Allāh (ﷻ) at paglayo mula sa mga pagsuway sa Kanya at ang pagsunod sa Kanyang mga utos.

At kapag sinubok siya ay nagtitiis^[1] at kapag nakagawa ng kasalanan siya ay humingi ng kapatawaran.

[1] Dahil ang Pagtitiis o *Sabar* ay obligado ayon sa pinagkasunduan ng *Ummah*.

Nababahagi ang mga tao sa apat na uri sa tuwing dumarating ang masasakit na pangyayari sa kanya rito sa mundo:



1. At-Tasakkhut o Ang Pagkagalit sa masasakit na pangyayari rito sa mundo: Ito ay isang *Harām* o ipinagbabawal, at ito ay kabilang sa mga *Kabā'ir* o malalaking kasalanan. At ito ay mangyayari sa pamamagitan ng:



✿ Ang Pagkagalit sa pamamagitan ng Puso (o masama ang Loob): Sinabi ni Imām ibn Al-Qayyīm Al-Jawzīyah -رحمه الله-, sa pagpapaliwanag ng mga bagay na ito, Tunay na ang ilang mga tao ay hindi sila magkakamali na sabihin ito sa pamamagitan ng kanilang dila, subalit ang kanilang mga damdamin ang magiging saksi sa kanilang masamang akala sa kanilang Panginoon, sila ay magsasabi sa kanilang damdamin, “hindi makatarungan sa akin, ang Panginoon ko” “Hindi ipinagkaloob sa akin ng Panginoon” at marami pang iba, sila ay mga nagkulang, at nagmalabis. Kaya naman iyong iwasto ang iyong sarili at damdamin, ikaw ba ay ligtas? At kung ikaw ay makaliligtas mula rito, ikaw ay makaliligtas mula sa isang malaking bagay.

✿ Ang Pagkagalit sa pamamagitan ng Dila (o pananalita): Ito ay nangyayari sa pamamagitan ng “*As-siyāh*” o pagsigaw at “*An-niyāhah*” o paghagulgol, pagsasalita ng hindi maganda, at pagmumura.

✿ Ang Pagkagalit sa pamamagitan ng katawan (o kilos): Ito ay nangyayari sa pamamagitan ng pagsampal sa sariling mukha, pagpunit ng damit, paglulumpasay, at pagsabunot sa buhok.

2. Pagtitiis (*Sabar*): Ang hatol nito ay Wājib o obligado ayon sa pinagkasunduan ng *Ummah*. At nararapat at obligado na mag-*Sabar* tayo sa pamamagitan ng puso, dila at katawan. Sinabi ni Imām Ahmad -رحمه الله-: “Nabanggit ang patungkol sa *Sabar* sa *Quran* nang siyamnampung beses, at ito ay obligado ayon sa pinagkasunduan ng *Ummah*, at ang *Sabar* ay kalahati ng *Īmān*, dahil tunay na ang *Īmān* ay nahahati sa dalawang hati: Kalahati nito ay *Sabar* (Pagtitiis) at kalahati nito ay *Shukur* (Pagpasalamat) [Mula sa Aklat *Madārijus Sālikīn* ni Ibn Qayyīm].

3. Pagkalugod (*Ridā'*): Ang kanyang hatol ay *Mustahabb* o isang kaibig-ibig na Gawain, at ito ay mas mataas na antas kaysa sa *Sabar*.

4. Pagpasalamat (*Shukur*): Ang kanyang hatol ay *Mustahabb*. At ito ang pinakamainam na antas at pinakakumpleto at ganap.

Pangalawa: *Al-Qawaid Al-Arba'*

Ang Apat na Panuntunan

Sa ngalan ng Allāh Ang Pinakamahabagin, Ang Pinakamaawain Dapat mong malaman, gabayan ka nawa ng Allāh sa pagsunod sa kanya na: Ang *Al-Hanīfiyah* ay siyang relihiyon ni Ibrāhīm: Ito ang sambahin mo ang Allāh nang bukod-tangi at nag-iisa at nang dalisay, at ito ang inutos ng Allāh sa lahat ng tao, at nilikha sila sa layuning ito tulad ng sinabi ng Allāh (ﷻ) :

﴿وَمَا خَلَقْتُ الْجِنَّ وَالْإِنْسَ إِلَّا لِيَعْبُدُونِ﴾

((At hindi ko nilikha ang mga jinn at tao maliban lamang sambahin nila Ako))^[1]

At kapag iyong nabatid na ang layunin sa paglikha sa iyo ng Allāh ay upang sambahin mo lamang Siya, dapat mong malaman na ang pagsamba na ito ay hindi matatawag na isang pagsamba hangga't magkaroon ito ng *Tawhīd*, Tulad ng *Salāh*, ito ay hindi matatawag na *Salāh* maliban kung ito ay mayroon kasamang *Tahārah* [o pagdadalisay].

At kapag ang *Shirk* ay humalo sa anumang pagsamba, ito ay masisira at magiging walang saysay, Tulad ng isang Dumi na humalo sa isang dalisay. At kapag iyong nalaman na kapag ang *Shirk* ay humalo sa anumang pagsamba ay kanya itong sisirain at gagawing walang saysay, at wawasakin ang anumang gawain, at ibibilang ang mga tauhan ng *Shirk* sa mga mananatili sa impiyerno nang walang hanggan; iyong malalaman na ang pinakamahalagang bagay sa iyo ay ang malaman mo ito; maaaring makaligtas ka mula sa patibong na ito; at ito ang *Shirk* o pagtatambal sa Allāh, na siyang sinabi ng Allāh (ﷻ) :

﴿إِنَّ اللَّهَ لَا يَغْفِرُ أَنْ يُشْرَكَ بِهِ وَيَغْفِرُ مَا دُونَ ذَلِكَ لِمَنْ يَشَاءُ﴾

((Katiyakan, ang Allāh ay hindi nagpapatawad sa sinumang nakagawa ng anumang 'Shirk'; subalit pinatatawad Niya ang anumang kasalanan maliban sa ganitong uri ng kasalanan, sa sinumang Kanyang naisin)).

At ito ay sa pamamagitan ng kaalaman patungkol sa apat na panuntunan na siyang binanggit ng Allāh sa Kanyang Qurān.

Ang Unang Panuntunan: Dapat mong malaman na ang mga Kuffār na silang dinigma ng Sugo, sila ay naniniwala sa Allāh bilang isang Tagapaglikha at Tagapangasiwa sa sanlibutan, ngunit hindi sila nakapasok sa Islam, at ang patunay sinabi ng Allāh (ﷻ) :

﴿قُلْ مَنْ يَرْزُقُكُمْ مِنَ السَّمَاءِ وَالْأَرْضِ أَمَّنْ يَمْلِكُ السَّمْعَ وَالْأَبْصَارَ وَمَنْ يُخْرِجُ الْحَيَّ مِنَ الْمَمِيتِ وَيُخْرِجُ الْمَمِيتَ مِنَ الْحَيِّ وَمَنْ يُدَبِّرُ الْأَمْرَ ۚ فَسَيَقُولُونَ اللَّهُ ۚ قُلْ أَقَلًا تَتَّقُونَ﴾

((Sabihin, 'Sino ang nagtutustos sa inyo mula sa langit at lupa? O ang nagmamay-ari ng pandinig at paningin at nagbibigay-buhay sa patay at bumabawi nito sa mga buhay. Sino ang tagapagsaayos ng lahat ng bagay?' Tiyak na sasabihin nilang, 'Ang Allah.' Kaya sabihin, 'Hindi ba kayo matatakot sa Kanya?'))^[2]

[1] Ipinapaliwanag ng May-akda -رحمه الله- kung bakit tayo nag-aaral ng *Tawhīd* o Kaisahan ng Allāh .

[2] Ang mga Kuffār o 'di-mananampalataya sa panahon ng Sugo ng Allāh na si Muhammad (ﷺ) ay naniniwala at tinatanggap ang *Tawhīd*ur *Rubūbiyah* o Kaisahan ng Allāh (ﷻ) sa Kanyang pagkapanginoon, ganun pa man ay kinalaban pa rin sila ng Sugo ng Allāh (ﷻ);

At ang labanan sa pagitan ng Sugo ng Allāh (ﷻ) at silang mga Kuffār ay nangyari dahil sa pagpapalaganap ng paniniwala sa *Tawhīd*ul *Uluhiyah* o ang Kaisahan ng Allāh (ﷻ) sa pagsamba, kaya naman ang sinuman ang maglilihis o magbabaling ng anumang pagsamba sa iba maliban pa sa Allāh (ﷻ) , siya ay naging isang *Mushrik Kāfir*.

Ang Pangalawang Panuntunan: Ang mga *Mushrikīn* ay nagsasabing: “Hindi kami nanalangin sa kanila (*Rebulto, imahe at iba pang diyus-diyusan*), o pumaroon sa kanila, maliban lamang sa kadahilanang, nais naming humingi ng *Qurbah* [o mapalapit sa Allāh], at humingi ng *Shafā’ah* [o gawin silang tagapamagitan sa Allāh].

At ang patunay sa *Qurbah* sinabi ng Allāh (ﷻ):

﴿وَالَّذِينَ اتَّخَذُوا مِنْ دُونِهِ أَوْلِيَاءَ مَا نَعْبُدُهُمْ إِلَّا لِيُقَرِّبُونَا إِلَى اللَّهِ زُلْفَىٰ إِنَّ اللَّهَ يَحْكُمُ بَيْنَهُمْ فِي مَا هُمْ فِيهِ يَخْتَلِفُونَ ۚ إِنَّ اللَّهَ لَا يَهْدِي مَنْ هُوَ كَاذِبٌ كَفَّارٌ﴾

((at ang mga yaong sumamba ng iba bukod sa Allāh at nagturing ng mga tagapangalaga na sinasandalan bukod sa Kanya, sinabi nila: “Hindi namin sinasamba ang mga diyus-diyusan na ito bilang katambal sa pagsamba sa Allāh kundi upang ang mga ito ay maging tagapamagitan sa amin sa Allāh, mapalapit kami sa Allāh at iangat sa amin ang aming antas sa Allāh.” Katiyakan, ang Allāh huhukuman Niya ang anuman na hindi nila pinagkasunduan sa pagsamba. Katiyakan, ang Allāh ay hindi Niya ginagabayan tungo sa Matuwid na Landas ang sinumang nagsisinungaling laban sa Allāh na di-naniniwala sa Kanyang mga palatandaan at mga katibayan))^[1]

At ang patunay ng *Shafā’ah* sinabi ng Allāh (ﷻ):

﴿وَيَعْبُدُونَ مِنْ دُونِ اللَّهِ مَا لَا يَضُرُّهُمْ وَلَا يَنْفَعُهُمْ وَيَقُولُونَ هَٰؤُلَاءِ شُفَعَاؤُنَا عِنْدَ اللَّهِ﴾

(At sila na mga walang pananampalataya ay sumasamba ng iba bukod sa Allāh, na hindi man lang makapipinsala sa kanila at hindi man lamang makapagbibigay ng kapakinabangan sa kanila rito sa daigdig at sa Kabilang-Buhay at sinasabi nila: “Katiyakan, sinasamba lamang namin ito upang mamagitan sa amin sa Allāh,”)

At ang *Shafā’ah* ay may dalawang uri: *Shafā’atul Manfiyah* at *Shafā’atul Muthbatah*^[2]

[1] Nangatwiran ang mga tauhan ng *Shirk* at *Kufr* na sila ay ‘di-umano ay hindi nanalangin sa kanilang mga diyus-diyusan o pumaroon sa kanila, maliban lamang sa pagnanais na humingi ng *Qurbah* o para mapalapit sa Allāh (ﷻ), at *Shafā’ah* o gawing silang tagapamagitan sa Allāh (ﷻ). At dahil dito, tunay na sila ay hinatulan ng Propeta Muhammad (ﷺ) na mga *Kuffār* o hindi mananampalataya at sila ay kinalaban dahil dito.

[2] Ang *Shafā’ah* sa literal na kahulugan sa wikang Arabik: “*Damm*” o ang isa ay ginawang dalawa. At sa kahulugan nito sa batas ng Islām: Ito ang pamamagitan ng isa para sa isa pa upang magkamit ng kabutihan o maglayo sa kasamaan.

Uri ng *Shafā'ah*

Muthbatah (Pinagtibay)

Ito ang *Shafā'ah* na hinihingi lamang mula sa Allāh. Ito ay may mga kondisyon:

[1] Ang pahintulot ng Allāh upang mamagitan.

[2] Kaluguran ng Allāh para sa isang namamagitan

[3] At sa pinamamagitanan niya.

Sa mga bagay na kayang gawin ng mga nilalang at ito ay magiging tama sa apat na kondisyon:

[1] Naririyang (nasa iyong presensya)

[2] Buhay

[3] May kakayahan

[4] Ito ay kaparaanan lamang

Manfiyah (Winaksi)

Ito ay iwinaksi o 'di-tanggap sa Qurān, At ito ay isang bagay na hinihiling sa iba maliban pa sa Allāh subalit ang may kakayahan lamang magbigay nito ay ang Allāh (ﷻ).

Ang hatol nito ay: Malaking *Shirk*.

Natatangi sa Sugo ng Allāh (ﷻ) at hindi maaari na makilahok ang sinuman dito.

Pangkalahatan; para sa iba pang mga Sugo, at Propeta at mga Anghel at mga *Muwahhidīn* at *Al-afrāt* (mga bata).

Ash-Shafā'atu
Al-'Udhmā

O ang Dakilang *Shafā'ah*.

Pamamagitan ng Propeta (ﷺ)

Sa kanyang tiyuhin na si *Abū Tālib* na pagaanin ang parusa sa kanya.

Pamamagitan ng Propeta (ﷺ)

sa pagbukas ng mga pintuan ng Paraiso.

Upang itaas ang antas ng mga tauhan ng *Tawhīd*.

Sa sinumang tao na nahatulan na pumasok sa Impiyerno mula sa mga tauhan ng *Tawhīd* ay hindi sila papasukin dito.

Sinuman ang nakapasok na ng Impiyerno mula sa mga tauhan ng *Tawhīd* ay palalabasin sila mula roon.

Ang *Shafā'atul Manfīyah*: Ito ay isang bagay na hinihiling sa iba maliban pa sa Allāh subalit ang may kakayahan lamang magbigay nito ay ang Allāh; ang patunay sinabi ng Allāh (ﷻ): *«O kayong mga naniwala sa Allāh gumasta mula sa ipinagkaloob ng Allāh sa inyo bago dumating ang Araw ng Muling Pagkabuhay. (Sa Araw na yaon ay) walang bentahang maaaring mapagkakakitaan at wala ring kai-kaibigan sa Araw na yaon at tagapamagitan na mamamagitan sa inyo at ang mga walang pananampalataya sa Araw na yaon ay ang mga 'Dzâlimûn' (gumawa ng kasamaan)»* [2:254].

Ang *Shafā'ah Muthbatah*: Ito ang *Shafā'ah* na hinihingi sa Allāh (ﷻ), ang tagapamagitan ay kinakailangang mamagitan sa kapahintulutan ng Allāh (ﷻ), at ang "*Mashfû' lahu*" o ang pinamagitanan niya: Ito ang sinuman nalugod ang Allāh sa kanyang salita at gawa pagkatapos ng kapahintulutan ng Allāh (ﷻ), katulad ng sinabi ng Allāh (ﷻ): *«Walang sinuman ang maglalakas-loob na mamagitan sa Kanya maliban sa Kanyang kapahintulutan»* [2:255].

Ang Pangatlong Panuntunan^[1]: Tunay na ang Propeta Muhammad (ﷺ) ay lumitaw sa mga tao na may iba't-ibang mga sinasamba, tulad ng mga sumasamba sa mga anghel, propeta, mabubuting tao, bato, puno, araw at buwan. Ang mga ito ay kinalaban ng Propeta (ﷺ) at tinuring sila na magkakatulad.

Ang patunay sinabi ng Allāh (ﷻ):

﴿وَقَاتِلُوهُمْ حَتَّى لَا تَكُونَ فِتْنَةٌ وَيَكُونَ الدِّينُ لِلَّهِ فَإِنْ انْتَهَوْا فَلَا عُدْوَانَ إِلَّا عَلَى الظَّالِمِينَ﴾

((Labanan ninyo sila hanggang sa wala nang kaguluhan at ang pagsamba ay para lamang sa Allāh. Kung sila ay titigil ay wala nang paglaban liban na lamang sa mga mapang-api))

At ang patunay [na sinamba nila ang mga] araw at buwan, sinabi ng Allāh (ﷻ):

﴿وَمِنْ آيَاتِهِ اللَّيْلُ وَالنَّهَارُ وَالشَّمْسُ وَالْقَمَرُ لَا تَسْجُدُوا لِلشَّمْسِ وَلَا لِلْقَمَرِ وَاسْجُدُوا لِلَّهِ الَّذِي خَلَقَهُنَّ إِنْ كُنْتُمْ إِيَّاهُ تَعْبُدُونَ﴾

((Kabilang sa Kanyang mga tanda ang gabi at araw at ang araw at buwan. Huwag kayong magpatirapa sa araw at sa buwan bagkus ay magpatirapa kayo sa Allāh na siyang lumikha sa kanila kung kayo sa Kanya lamang ay mga sumasamba))

At ang patunay [na sinamba nila ang mga] Anghel, sinabi ng Allāh (ﷻ):

﴿وَلَا يَأْمُرُكُمْ أَنْ تَتَّخِذُوا الْمَلَائِكَةَ وَالنَّبِيِّينَ أَرْبَابًا أَيَأْمُرُكُمْ بِالْكُفْرِ بَعْدَ إِذْ أَنْتُمْ مُسْلِمُونَ﴾

((Hindi rin maaaring utusan niya kayo na ituring ang mga anghel at mga propeta bilang mga Panginoon. Uutusan ba niya kayo ng hindi pananampalataya matapos na kayo ay naging mga Muslim)).

[1] Ang panuntunan na ito ay isang malinaw na patunay at lantad na kasagutan laban sa sinuman na magsasabi na: "Ang *Shirk* ay mangyayari lamang sa pagsamba sa mga Rebulto at imahe, at ang mga batayan sa Islām ay bukod tangi lamang tumutukoy sa pagsamba sa rebulto at iba pang diyus-diyosan sa panahon na iyon lamang."

Ito ay mali dahil ang propeta Muhammad (ﷺ) ay hindi sila pinag-iba-iba bagkus ibinilang silang lahat mula sa mga *Tāghūt*, at dinigma silang lahat ng Sugo ng Allāh (ﷻ) na walang pagbubukod tangi upang ang 'Deen' o Relihiyon ay mananatili na para na lamang sa Allāh (ﷻ).

Ang Patunay [na sinamba nila ang mga] Propeta; sinabi ng Allāh (ﷻ):

﴿وَإِذْ قَالَ اللَّهُ يَا عِيسَى ابْنُ مَرْيَمَ أَأَنْتَ لِلنَّاسِ اتَّخِذُونِي وَأُمِّي إِلَهَيْنِ مِنْ دُونِ اللَّهِ ۖ قَالَ سُبْحَانَكَ مَا يَكُونُ لِي أَنْ أَقُولَ مَا لَيْسَ لِي بِحَقٍّ ۖ إِنْ كُنْتُ فَلْتُهُ فَقَدْ عَلِمْتَهُ ۖ تَعْلَمُ مَا فِي نَفْسِي وَلَا أَعْلَمُ مَا فِي نَفْسِكَ ۚ إِنَّكَ أَنْتَ عَلَّامُ الْغُيُوبِ﴾

((Sasabihin ng Allāh , 'O Jesus na anak ni Maria, sinabi mo ba sa mga tao, 'Ituring ninyo ako at ang aking ina bilang dalawang diyos liban pa sa Allāh .' Sasabihin niya, 'Luwalhati sa Iyo. Hindi marapat para sa akin na magsabi ng bagay na wala akong karapatan dito. Kung sinabi ko man ito ay nalaman Mo ito. Nalalaman Mo kung ano ang nasa aking sarili at hindi ko nalalaman ang nasa Iyong sarili. Tunay na Ikaw ang nakakaalam sa mga nalilingid))

At ang Patunay [na sinamba nila ang mga] Mabubuting Tao; sinabi ng Allāh (ﷻ):

﴿أُولَئِكَ الَّذِينَ يَدْعُونَ يَبْتَغُونَ إِلَىٰ رَبِّهِمُ الْوَسِيلَةَ أَيُّهُمْ أَقْرَبُ وَيَرْجُونَ رَحْمَتَهُ وَيَخَافُونَ عَذَابَهُ ۚ إِنَّ عَذَابَ رَبِّكَ كَانَ مَحْذُورًا﴾

((Ang kanilang mga dinadasalan ay naghahangad na makarating sa kanilang Panginoon, kung sino sa kanila ang magiging pinakamalapit at naghahangad ng Kanyang habag at natatakot sa Kanyang parusa. Tunay na ang parusa ng iyong Panginoon ay nakakatakot))

At ang patunay [na sinamba nila ang mga] Puno at Bato; sinabi ng Allāh (ﷻ):

﴿أَفَرَأَيْتُمُ اللَّاتَ وَالْعُزَّىٰ ۖ وَمَنَاةَ الثَّالِثَةَ الْأُخْرَىٰ﴾

((ano naman ang masasabi ninyo, O kayong mga sumasamba ng iba bukod sa Allāh , sa mga diyus-diyusan na ito na inyong sinasamba: si 'Al-Lât,' si 'Al-`Uzzâ' at 'Al-Manât' na pangatlo))

At mula sa Hadīth na inulat ni Abī Wāqid Al-laythī (رضي الله عنه), kanyang sinabi: "Lumisan kami kasama ang Sugo ng Allāh (ﷺ) patungo sa Hunain para sa isang labanan, at sa panahon na yaon ay kaiwan lamang namin sa *Kufr*, at nadaanan namin ang isang puno na pinagsasabitan ng mga *Mushrikīn* ng kanilang armas upang magpabiyaya dito na kung tawagin ay "*Dhāt Anwāt*", at sinabi namin; o Sugo ng Allāh, gawan mo rin kami ng "*Dhāt Anwāt*" katulad ng kanilang "*Dhāt Anwāt*" [Hadīth].

Ang Pang-apat na panuntunan: Ang mga *Mushrikīn* sa ating panahon ay mas malubha ang kanilang *Shirk* kaysa sa mga naunang panahon. Sapagkat ang mga *Mushrikīn* noon ay nagtatambal lamang sila sa mga panahon na maginhawa ang kanilang buhay ngunit kung dumarating ang kagipitan at kahirapan sa kanila, ang Allāh lamang ang kanilang sinasamba. Ngunit ang mga *Mushrikīn* sa ating panahon ay nagtatambal sa Allāh sa panahon na sila ay nasa ginhawa at sa pahanon na sila ay nasa kagipitan at kahirapan. Ang patunay sa mga ito ay ang sinabi ng Allāh (ﷻ) :

﴿فَإِذَا رَكِبُوا فِي الْفُلِكِ دَعَوْا اللَّهَ مُخْلِصِينَ لَهُ الدِّينَ فَلَمَّا نَجَّاهُمْ إِلَى الْبَرِّ إِذَا هُمْ يُشْرِكُونَ﴾

((Kapag sila ay sumakay sa barko ay nananalangin sila sa Allāh nang dalisay para lamang sa Kanya sa relihiyon. Ngunit kapag iniligtas Niya sila tungo sa lupa, sila ay mga nagtatambal))^[1]

At tunay na ang Allāh ang lubos na nakakaalam

Wa Sallallāhu ‘Alā Muhammadin Wa ‘Alā
Ālihi Wa sahabihi wa Wallam

[1] Ipinaliwanag ng May-akda -رحمه الله- sa panuntunan na ito, ang panganib ng katayuan ng mga *Mushrikīn* sa ating panahon, dahil mas malubha ang kanilang *Shirk* kaysa sa mga naunang panahon na mga *Mushrikīn*; Dahil ang mga *Mushrikīn* sa ating panahon ay itinatambal ang Allāh (ﷻ) kahit na sila ay nasa maginhawang kalagayan, at tinatambalan pa rin nila ang Allāh (ﷻ) sa pahanon ng kagipitan at kahirapan, at ito ay iba sa mga *Mushrikīn* noon dahil sila ay nagtatambal sa Allāh (ﷻ) sa mga panahong maginhawa sila, at sumasamba sila nang dalisay sa Allāh sa panahon ng kagipitan at kahirapan nila.

At kung ang mga *Kuffār* sa panahon ng Propeta Muhammad (ﷺ) ay mas mababa ang kanilang *Shirk* ngunit ay naging *Kāfir* o di-mananampalataya pa rin sila, ano sa tingin mo sa sinuman ang kanyang pagtatambal ay patuloy kahit pa sa maginhawang kalagayan o kagipitan at kahirapan, sila ay mas karapat-dapat na maging *Kāfir* sa simula pa lamang.

<i>Ang Al-Qawā'id Al-Arba' ay buod ng aklat na Khashifush Shubuhāt</i>		<i>Ang Panimula: Unwānus Sa'ādah (Palatandaan ng Kaligayahan)</i>		<i>Unwānus Sa'ādah (Palatandaan ng Kaligayahan)</i>	
At kapag sinubok siya ay nagtitiis	Ang mga kalagayan ng mga tao sa tuwing dumarating ang masasakit na pangyayari.	kapag sila ay pinagkalooban ay nagpapasalamat	Ang biyaya ay isang pagsubok Ang patunay sinabi ng Allāh: <i>«At ang pananatili rito sa daigdig ay pagsubok lamang sa pag-aatas o pagbabawal»</i> [21:35].	Pagpapasalamat sa biyaya	naka-ugnay sa <i>Tawhīdul Rubūbiyyah</i> Ang Paraiso ay hinihingi lamang mula sa Allāh; dahil siya ang nagmamay-ari nito, ganoon rin ang Biyaya, hindi ito maaring hingiin maliban lamang sa Allāh (ﷻ).
					naka-ugnay sa <i>Tawhīdul Ulūhiyyah</i> Pagpapasalamat gamit ang Puso: ganap na pagsuko na ang tagapag-biyaya ay ang Allāh at ang lahat ng bagay na nasa isang tao ay biyayang nagmula sa Allāh (ﷻ). Pagpapasalamat gamit ang Dila: <i>«(Ito ay mula sa Kagandahang-Loob ng Aking 'Rabb' upang subukin ako: kung ako ba ay magpapasalamat o tatanggi at di magpapasalamat?) [27:40]</i> Pagpapasalamat gamit ang Katawan: Ang gamitin ang mga biyaya na ipinagkaloob sa mabuting paraan at kinalulugudan ito sa atin ng Allāh, dagdag pa roon ang paggawa ng mga gawaing pagsunod para lamang sa Allāh at paglayo mula sa mga pagsuway sa Kanya at ang pasunod sa Kanyang utos. <i>Ang Mutaskkhit [o pagkagalit]</i> sa masasakit na pangyayari rito sa mundo. Kabilang ito sa mga <i>kabair</i> o malalaking kasalanan. Bagkus maaaring umabot pa sa Shirk Asghar, at ito ay mangyayari sa pamamagitan ng Puso, Dila at Katawan <i>Ang Sābir [o Pagtitiis]:</i> Ang hatol nito ay Wājib o obligado ayon sa pinagkasunduan ng Ummah. Magsabar tayo sa pamamagitan ng puso, dila at katawan.

Ang Al-Qawā'id Al-Arba' ay buod ng aklat na Khashfush Shubuhāt	Ang Panimula: Unwānus Sa'ādah (Palatandaan ng Kaligayahan)	Unwānus Sa'ādah (Palatandaan ng Kaligayahan)	At kapag sinubok siya ay nagtitiis	Ang Rādhi [o Nalugod]: Ang hatol nito ay Mustahabb o isang kaibig-ibig na gawain, at ang ganap na pagkalugod sa Panginoon, ang malaman niya na ang lahat ng bagay na tumama sa kanya ito ay nagmula sa Allāh at lahat ng itinakda ng Allāh sa isang tao ay kabutihan.
				Ang Shākīr [o Nagpapasalamat]: Ito ang pinakamainam na antas at pinakakumpleto. At ito ang pinaka kaibig-ibig sa lahat, at mapabilang sa mga alipin ng Allāh na mapagpasalamat.
		at kapag nakagawa ng kasalanan, siya ay humihingi ng kapatawaran		
		Bakit natin pag-aaralan ang Tawhīd at ang peligro ng Shirk?	Ang Al-Hanīfīyah ay relihiyon ni Ibrāhīm (ﷺ), nilikha ka ng Allāh upang sambahin mo siya nang nag-iisa, ang pagsambang ito ay hindi matatawag na isang pagsamba hangga't magkaroon ng Tawhīd , kapag ang Shirk o pagtatambal sa Allāh ay humalo sa anumang Pagsamba, ito ay masisira at magiging walang saysay. At wawasakin ang anumang gawain, at ibibilang ang mga tauhan ng Shirk sa mga mananatili sa Impiyerno nang walang hanggan, ang pinakamahalagang bagay sa iyo ay ang malaman mo ito.	
Ang Apat na panuntunan	[1] Ang Unang Panuntunan: Dapat mong malaman na ang mga Kuffār na silang kalaban ng Sugo, sila ay naniniwala sa Tawhīdur Rububiyah, at hindi sila naniniwala sa Tawhīdul Uluhiyah, at dahil dito ay hindi sila nakapasok sa Islām .			
	[2] Ang Pangalawang Panuntunan: Ang mga Kuffār ay sumasamba sa mga rebulto at iba pang diyus-diyosan sa kadahilanang nais nilang makamit ng Qurbah at Shafā'ah.			
	[3] Ang Pangatlong Panuntunan: Tunay na ang Propeta Muhammad (ﷺ) ay lumitaw sa mga tao na may iba't-ibang mga sinasamba, at silang lahat ay kinalaban ng Propeta (ﷺ) at itinuring sila na mga magkakatulad.			
	[4] Ang Pang-apat na panuntunan: Ang mga Mushrikīn sa ating panahon ay mas malubha sa kanilang Shirk kaysa sa mga naunang panahon.			

Pagsusulit sa *Al-Qawā'id Al-Arba'*

Pangalan: Bilang ng nasaulo mula sa *Kitabut Tawhīd*:

Iyo bang nasaulo ang *Al-Qawā'id Al-Arba'*:

Gawain	Ang patunay mula sa Qurān at Sunnah
Ang Biyaya ay pagsubok	
Paniniwala ng mga <i>Kuffār</i> sa <i>Rubūbīyyah</i>	
Paghingi ng <i>Qurbah</i>	
<i>Shafā'atul Manfīyah</i>	
Patunay na sinamba ng mga <i>Mushrikīn</i> ang Araw at Buwan	
Patunay na sinamba ng mga <i>Mushrikīn</i> Mga Malaikah	
Patunay na sinamba ng mga <i>Mushrikīn</i> mga Sugo	
Patunay na sinamba ng mga <i>Mushrikīn</i> mga mabubuting tao	
Patunay na sinamba ng mga <i>Mushrikīn</i> mga Puno at Bato	
Ang mga <i>Mushrikīn</i> ay sumasamba nang dalisay sa Allāh sa panahon ng kanilang kahirapan at sila ay nagtatambal sa Kanya sa panahon ng kanilang kaginhawahan	
Patunay sa <i>Shirk</i>	

Isulat ang iyong mga nalalaman sa mga sumusunod:

Bakit tayo nag-aaral ng Tawhīd ?	1-	2-	3-	4-
5-	6-	7-	8-	9-
Bakit natin pinag-aaralan ang <i>Al-Qawā'id Al-Arba'</i>	1-	2-		
3-	4-			
Nababahagi ang Aklat na <i>Al-Qawā'id Al-Arba'</i>	1-	2-	3-	
Ang aklat na <i>Al-Qawā'id Al-Arba'</i> ay buod ng Aklat na				
Bakit natin pag-aaralan ang aklat na <i>Khashful Shubuhāt</i> ?				
Unwānus Saā'dah	1-	2-	3-	
<i>Al-Hanīfiyah</i>				
Ang bunga mula sa pag-aaral ng <i>Al-Qawā'id Al-Arba'</i>				
Ang <i>Awliyā'</i> ng Allāh sila ang...	Sinabi ni Shaykhul Islām :			
Ang patunay dito	At bakit:			
Mangyayari ang pagpapasalamat sa biyaya. Magbigay ng halimbawa.	1-			
2-				
3-				
Paano mangyayari ang ugnayan ng isang alipin sa Allāh?				
Ang mga kalagayan ng mga tao sa tuwing dumarating ang masasakit na pangyayari.	1- at kanyang hatol :			
	At ito ay mangyayari:			
	1-			
	2-			
	2- at kanyang hatol :			
	At ito ay mangyayari:			
	1-			
	2-			
3-	4-			

Ang kahulugan ng <i>Shafāa'h</i> :	Literal: Sa Islām :		
Nababahagi ang <i>Shafāa'h</i> sa	1-	2-	
Kondisyon ng <i>Shafāa'tul Muthbatah</i>	1-	2-	3-
At nababahagi sa: 1-	at nabahahagi sa: 1-		2-
3-	at nabahahagi sa: 1-		2-
Unang Panuntunan			
Pangalawang Panuntunan			
Pangatlong Panuntunan			
Pang-apat na Panuntunan			
Ang hatol sa isang gawaing kapag ito ay nahaluan ng <i>Shirk</i> .	Ang Patunay:		

نواقض الإسلام

Ang mga gawaing nakakapawalang-bisa sa Islam ng isang Muslim

(*Nawāqidul Islām*)

Nawāqidul Islām

Sinabi ni Shaykhul Islām Muhammad bin Abdilwahrāb (رحمه الله):

Sa ngalan ng Allāh
Ang Pinakamahabagin, Ang Pinakamaawain

Alamin mo na ang Nawāqidul Islām ay sampung gawain:

Una: Ang *Shirk* (o Pagtatambal) sa pagsamba sa Allāh, Kanyang sinabi (ﷺ):

﴿إِنَّ اللَّهَ لَا يَغْفِرُ أَنْ يُشْرَكَ بِهِ وَيَغْفِرُ مَا دُونَ ذَلِكَ لِمَنْ يَشَاءُ﴾

((Katiyakan, ang Allāh ay hindi nagpapatawad sa sinumang nakagawa ng anumang 'Shirk'; subalit pinatatawad Niya ang anumang kasalanan maliban sa ganitong uri ng kasalanan, sa sinumang Kanyang naisin)) at sinabi pa:

﴿إِنَّهُ مَنْ يُشْرِكْ بِاللَّهِ فَقَدْ حَرَّمَ اللَّهُ عَلَيْهِ الْجَنَّةَ وَمَأْوَاهُ النَّارُ وَمَا لِلظَّالِمِينَ مِنْ أَنْصَارٍ﴾

((Tunay na sinumang magtambal sa Allāh, ay ipinagbawal ng Allāh sa kanya ang Paraiso at ang kanyang hantungan ay Impiyerno. Ang mga makasalanan ay walang tagatulong)), at kabilang dito: ang pag-aalay ng kinatay na hayop sa iba maliban pa sa Allāh, katulad ng pag-aalay nito sa isang Jinn o sa isang libingan ng namatay.

Pangalawa: Sinuman na gawin niya ang anumang bagay bilang tagapamagitan sa pagitan niya at ng Allāh; nananalangin siya rito, at nagsusumamo ng *Shafā'ah* (pamamagitan) at nananalig sa kanila ay naging isang *Kāfir* o hindi Muslim ayon sa pinagkasunduan ng mga *Ulamā*.

Pangatlo: Sinuman ang hindi niya itunuturing ang mga *Mushrikīn* o mga nagtatambal sa Allāh bilang mga *Kāfir*, o nagdududa sa kanilang pagiging hindi Muslim o kaya ay itinuring na tama ang kanilang mga kapamaraan sa relihiyon ay naging isang *Kāfir*.

Pang-apat: Sinuman ang maniwala na ang iba pang gabay maliban pa sa gabay ni Propeta Muhammad (ﷺ) bilang mas ganap kaysa sa kanyang gabay o kaya ay mas mainam ang batas ng iba kaysa sa batas niya, tulad ng mga tao na mas tinatangkilik nila ang batas ng mga *Tāwāghīt* [o mga huwad na sinasamba] kaysa sa batas ni Propeta Muhammad (ﷺ), ay naging isa ring *Kāfir*.

Panglima: Sinuman ang mamuhi sa anumang ipinahayag sa Propeta Muhammad (ﷺ) kahit pa ito ay kanyang isinasagawa ay naging isa ring *Kāfir*.

Pang-anim: Sinuman ang mangutya, mang-alipusta sa anumang bagay sa relihiyon ng Propeta Muhammad (ﷺ) o sa mga gantimpala o mga parusa nito ay isa ring *Kāfir*. Sinabi ng Allāh (ﷻ):

﴿قُلْ أَلِلّٰهُ وَأَيَاتِهِ وَرَسُولِهِ كُنْتُمْ تَسْتَهْزِئُونَ ۚ لَا تَعْتَذِرُوا قَدْ كَفَرْتُمْ بَعْدَ إِيمَانِكُمْ﴾

((Sabihin, 'Ang Allāh ba at ang Kanyang mga talata at Kanyang Sugo ang hinahamak ninyo?')

﴿Huwag na kayong mangatwiran pa. Kayo ay nawalan ng pananampalataya matapos ang inyong pananampalataya))

Pangpito: Ang *Sihr* o Salamangka at kabilang dito: Ang *Sarf* o pangkukulam at *A'tf* o panggagayuma, at sinuman ang gumawa nito o nalugod sa gawain na ito, siya ay naging *Kāfir*. Sinabi ng Allāh (ﷻ):

﴿وَمَا يُعْلَمَانِ مِنْ أَحَدٍ حَتَّى يَقُولَا إِنَّمَا نَحْنُ فِتْنَةٌ فَلَا تَكْفُرْ﴾

((Hindi sila nagturo sa sinuman liban na lamang na sinabi muna nila na, 'Tunay na kami ay pagsubok lamang kaya huwag kayong marwalan ng pananampalataya'))

Pangwalo: Ang pagtulong sa mga *Mushrikīn* at pakikiisa sa kanila laban sa mga Muslim. Sinabi ng Allāh (ﷻ):

﴿وَمَنْ يَتَوَلَّهُمْ مِنْكُمْ فَإِنَّهُ مِنْهُمْ إِنَّ اللَّهَ لَا يَهْدِي الْقَوْمَ الظَّالِمِينَ﴾

((Sinuman sa inyo ang kakampi sa kanila ay tunay na siya ay kabilang sa kanila. Tunay na ang Allāh ay hindi naggagabay sa mga taong makasalanang))

Pangsiyam: Ang sinuman na maniwala na may ilang mga tao na hindi nasasakop ng *Sharī'ah* o batas ni Propeta Muhammad (ﷺ) katulad ng hindi pagkakasakop ni *Khadhir* sa *Sharī'ah* ni *Mūsā* (ﷺ) ay isa ring *Kāfir*.

Pangsampu: Ang pagtalikod sa relihiyon ng Allāh, sa pamamagitan ng 'di-pag-aaral nito at 'di-pagsasabuhay. Sinabi ng Allāh (ﷻ):

﴿وَمَنْ أَظْلَمُ مِمَّنْ ذَكَرَ بِآيَاتِ رَبِّهِ ثُمَّ أَعْرَضَ عَنْهَا إِنَّا مِنَ الْمُجْرِمِينَ مُنتَقِمُونَ﴾

((Mayroon pa bang pinakamatindi ang kanyang kasamaan, sa (harapan ng) kanyang 'Rabb' kaysa sa isa na kapag pinaaalalahanan sa mga palatandaan ng Allāh ay tinatalikuran niya ang lahat ng ito. Katiyakan na Kami ay maghihiganti sa mga Mujrimin (mga makasalanang)).

Walang pinagkaiba kung ang mga ito ay ginawa ng isang tao nang pabiro o dahil sa takot, maliban na lamang kung siya ay napilitan. Ang mga nakapapawalang-bisa na ito ng Islam ng isang tao ay siyang pinakamapanganib at ang may pinakamaraming nalulugmok dito kaya't kailangan sa isang Muslim na mag-ingat mula sa mga ito at katakutan ang mga ito para sa kanyang sarili. At tayo ay magpakupkop sa Allāh (ﷻ) mula sa mga bagay na nagsasanhi ng kanyang pagkapoot at masakit na parusa, at itampok nawa ng Allāh (ﷻ) ang pagpapala at kapayapaan sa Kanyang pinakamainam na nilalang na si Muhammad, at sa kanyang pamilya at kasamahan.

Pagpapaliwanag

Panimula ng May-Akda

Sa ngalan ng Allāh
Ang Pinakamahabagin, Ang Pinakamaawain

Alamin mo na ang *Nawāqidul Islām* ay sampung gawain:

Bakit sinisimulan ng mga *Ulamā* ang kanilang mga akda sa pamamagitan ng *Basmalah*?

Pagsunod sa Qurān
at mga Sugo

Pagbibigay ng
Pansin sa Hadīth:
((*Ang lahat ng
mahalagang
bagay...*)) [Hadīth]
kahit na ito ay
isang mahinang
Hadīth.

Pagsunod sa mga
naunang mga *Ulamā*
at mga *Salaf* na ang
kanilang kaugalian
sa pag-aakda ay
pagsisimula sa
Basmalah.

Paghingi ng
pagpapala sa
pamamagitan ng
pangalan ng Allāh
(ﷻ).

Kapag binanggit ang *A'dad* o mga bilang sa loob ng Qurān at Sunnah

Kapag wala tayong matagpuan sa mga kasulatan ng Qurān at Sunnah na magdadagdag sa bilang na iyon; ito ay magiging isang "*Bilang na Mafhūm*": Ibig sabihin ay Hindi maaaring dagdagan; halimbawa: ang bilang ng *Arkānul Islām*, *Arkānul Īmān* katulad sa Hadīth ni Jibrīl (ﷺ).

Kapag matagpuan natin sa mga kasulatan ng Qurān at Sunnah na Nagdadagdag sa bilang na iyon, ito ay magiging isang "*Bilang na hindi Mafhūm*": Ibig sabihin ay maaari na dagdagan ito na umaayon sa Qurān at Sunnah halimbawa: sinabi ng Sugo ng Allāh (ﷻ): (*Ang limang bagay na mula sa Fitrah*) [Hadīth], at sinabi niya pa: ((*Layuan ninyo ang pitong nakapipinsalang kasalanan*)) [Hadīth].

Bakit Binabanggit minsan ang *A'dad* o bilang, ngunit hindi ito *Maḥḥūm*?

Ito ay isang uri ng mabuting pagtuturo ng Sugo ng Allāh (ﷻ), na kung saan ninanais niya mula sa mga tagapakinig na masaulo at dumikit sa kanilang mga isipan habang sila ay nasa lugar ng pag-aaral, upang sa ganon ay madaling maalala ang mga usapin at aralin pagkatapos dumaan ang maraming panahon; katulad ng sinabi ng Sugo ng Allāh (ﷻ): (*Tatlong bagay na aking sinumpaang sa Allāh, at inyo itong kabisaduhin: Hindi na babawasan ang kayamanan ng isang alipin na nagbigay ng Sadaqah*) [Hadīth]. At ang pamamaraan na ito ay siyang ginamit ng May-akda - رحمه الله - sa kanyang mga sulatin.

Bakit natin pag-aaralan ang mga *Nawāqidul Islām*?

Upang tayo ay makalayo rito at hindi ito makagawa. Ang pag-aaral sa mga ito ay may malaking pakinabang, bagkus ito ang pinaka kapakipakinabang na aralin; katulad ng pag-aaral natin ng mga nakasisira ng *Wudhū'*, upang sa ganon ay hindi masira ang ating *Wudhū'* at gaya rin sa ating pag-aaral ng mga nakasisira ng *Salāh*, upang hindi maging sira ang ating mga *Salāh*. Iniulat ni Hudhayfah bin Yaman (رضي الله عنه) kanyang sinabi: "Isang araw ang mga tao ay nagtatanong sa Sugo ng Allāh patungkol sa kabutihan, at ako naman ay nagtatanong sa kanya ang patungkol sa kasamaan, dahil sa takot ko na maabutan nito" [Hadīth].

Ano ang *Nawāqidul Islām*?

Ito ang mga nakasisira ng Islām ng isang Muslim, at maglalabas sa kanya mula sa Islām tungo sa Malaking *Kufr*.

Ang Kahulugan ng Islām: (Ito ang ganap na pagsuko sa Kaisahan ng Allāh at pagsunod sa Kanya at pag-iwas sa *Shirk* at sa mga tauhan nito).

Ang kahulugan nito:

Ito ang mga bagay na maglalabas sa isang Muslim mula sa Islam tungo sa malaking *Kufr*.

Ilayo nawa tayo ng Allāh mula rito at pangalagaan.

At bakit minsan ay tinatawag ng mga Ulama na ito ay *Nawāqid* at minsan ay *Mufsidāt* o *Mubtilāt*?

Dahil ito ay isang pag-uuri upang hindi magsawa ang isang mag-aaral. ganon pa man, ang kanilang kahulugan ay iisa lamang: Nakasisira ng Islām, Nakasisira ng *Wudho*, Nakasisira ng *Salāh* o *Sawm*.

Ito bang mga *Nawāqid* ay napagkasunduan ng mga Ulama?

Oo.

Ito ba ay may limitado na bilang?

Wala, at hindi ito limitado na bilang.

Bakit sinabi na ito ay sampu lamang?

Ibig sabihin ng sampu na ito, ay siyang pinaka-delikado at upang maisaulo ng mabilis.

Maaari bang takdaan ang mga *Nawāqid* sa pangkalahatang pamamaraan?

Mula sa mga salita; pagmumura sa Allāh (ﷻ) o sa Propeta (ﷺ) o sa Relihiyon.	Mula sa mga gawa; <i>Sihr</i> o Salamangka.	Mula sa mga Paniniwala; Ang paniniwala na ang pagkamit ng pakinabang mula sa iba maliban pa sa Allāh (ﷻ).	Ang pagdududa sa pagiging <i>Kāfir</i> ng mga Hudyo at mga Kristiyano na pawang dumating sa kanila ang <i>Da'wah</i> ng Propeta (ﷺ) ngunit hindi sila naniwala rito.
---	---	---	--

**Binanggit ba ng Propeta Muhammad (ﷺ) ang Sampung *Nawāqid*?
Ano ang mga batayan nito?**

Oo, ang bawat *Nawāqid* na ito ay binanggit ng Propeta Muhammad (ﷺ), bagkus ang bawat *Nāqid* ay mayroon itong mga batayan mula Qurān at Sunnah, sinabi ng Allāh (ﷻ):
«At sa ganitong pamamaraan ng pagpapahayag Namin sa iyo, O Muhammad, ipinaliliwanag ang mga malilinao sa katibayan sa lahat ng katotohanan, nang sa gayon ay lumantad ang daan ng mga gumagawa ng mga kasamaan» [6:55].

Sinuman ang gumawa ng alinman sa mga *Nawāqid* ay maaari bang hatulan siya nang pagiging *Kāfir* ng bawat sinuman na makakakita sa kanya o nalaman niya ito?

Hindi, bagkus marapat na sumangguni sa mga *Ulamā*, at sa mga may awtoridad na magbigay ng hatol sa batas ng Islām sa pagiging *Kāfir* ng isang partikular na tao. Sinabi ng Propeta Muhammad (ﷺ): (Sinuman ang magsasabi sa kanyang kapatid na: *O kafir; tunay na babalik ito sa isa sa kanilang dalawa*) [Hadith].

Sinu-sino ang mga nagsulat ng aklat tungkol sa mga *Nawāqid*?

Ang lahat ng nagsulat ng aklat tungkol sa *Fiqh* ay binanggit ang mga *Nawāqid* sa kabanata patungkol sa hatol ng mga *Murtad* (tumalikod sa Islām), subalit ang May-akda ng aklat na ito; siya ang kauna-unahan na nagsulat na kung saan ay ibinukod niya at inilagay sa isang aklat.

May pinagkaiba ba ang mga gawaing *Nawāqid* at gumagawa nito?

Oo, at marapat lamang, dahil hindi lahat ng tao na nakagagawa ng gawaing *Kufr* ay magiging *Kāfir* na ito agad, bagkus nararapat na magkaroon ng matibay na katibayan at mawala ang mga pagdududa sa paghahatol ng *Kufr* sa isang partikular na tao. At ang layunin ng May-akda رحمه الله ay hindi hatulan ang mga partikular na tao; bagkus ang layunin nito ay magbabala mula sa mga *Nawāqid*, at ito ay isang uri ng pagpapayo para sa *Ummah*.

Ano ang mga nararapat na gawin ng isang nag-aaral ng *Nawāqid*?

Nararapat sa isang Muslim na mag-ingat mula sa mga ito at katakutan ang mga ito para sa kanyang sarili. At magbabala siya sa mga tao mula sa mga ito. At ang paghahatol sa mga tao ay nararapat isangguni sa mga *Ulamā* at sa mga may awtoridad na magbigay ng hatol sa batas ng Islām.

Sinabi ng Allāh (ﷻ): *«Dumating sa inyo ang isang Sugo na kabilang sa inyo. Mabigat sa kanya ang inyong pagdurusa, nagmamalasakit sa inyo at sa mga nanampalataya, siya ay mabuti at mahabagin»* ﴿٩﴾ Ngunit kung sila ay tatalikod O Muhammad ay sabihing, 'Sapat na ang Allāh para sa akin at walang diyos na marapat sambahin liban sa Kanya. Sa Kanya ako nananalig. Siya ang Panginoon ng dakilang trono» [9:128].

Ang Unang Nāqid

Una: Ang *Shirk* (o Pagtatambal) sa pagsamba sa Allāh, Kanyang sinabi (يُشْرِكُ):

﴿إِنَّ اللَّهَ لَا يَغْفِرُ أَنْ يُشْرَكَ بِهِ وَيَغْفِرُ مَا دُونَ ذَلِكَ لِمَنْ يَشَاءُ﴾

((Katiyakan, ang Allāh ay hindi nagpapatawad sa sinumang nakagawa ng anumang 'Shirk'; subalit pinatatawad Niya ang anumang kasalanan maliban sa ganitong uri ng kasalanan, sa sinumang Kanyang naisin)) at sinabi pa:

﴿إِنَّهُ مَنْ يُشْرِكْ بِاللَّهِ فَقَدْ حَرَّمَ اللَّهُ عَلَيْهِ الْجَنَّةَ وَمَأْوَاهُ النَّارُ وَمَا لِلظَّالِمِينَ مِنْ أَنْصَارٍ﴾

((Tunay na sinumang magtambal sa Allāh, ay ipinagbawal ng Allāh sa kanya ang Paraiso at ang kanyang hantungan ay Impiyerno. Ang mga makasalanan ay walang tagatulong)), at kabilang dito: ang pag-aalay ng kinatay na hayop sa iba maliban pa sa Allāh, katulad ng pag-aalay nito sa isang Jinn o sa isang libingan ng namatay.

Uri ng Shirk

Akbar (Malaki):

(رحمه الله - Ito ang tinutukoy ng May-akda)

At ito ang paniniwala na ang iba pa maliban sa Allāh ay may palihim na kakayahan sa pangangasiwa sa sanlibutan o nasa kanilang kamay ang pagkamit ng pakinabang o pagtulak sa kapinsalaan.

Asghar (Maliit):

At ito ang pagtuturing sa isang bagay bilang kaparaanan na hindi naman itinuring ng Allāh bilang kaparaanan. At ang lahat ng bagay na daan patungo sa Malaking *Shirk* ay isang *Shirk Asghar*.

- Nakapagtitiwalag mula sa Relihiyon.
- Hindi tatanggapin ang lahat ng gawain.
- Pinahihintulutan para sa mga Awtoridad, ang pagpatay sa gumagawa nito at kunin ang kayaman niya.
- Mananatili ang gumagawa nito sa Impiyerno habang panahon.
- kapag tinawag sa batas ng Islām na *Akbar* o *malaki*.
- kapag nabanggit ang salitang *Shirk* at *Kufr* na tukoy sa pamamagitan ng (AL) sa mga kasulatan mula Qurān at Sunnah; ito ay tumutukoy sa isang *Akbar*.

- Hindi nakapagtitiwalag mula sa Relihiyon.
- Hindi tatanggapin lamang ang mga gawain na may nakahalo na *Riyāa'*.
- Hindi pinahihintulutan para sa mga Awtoridad ang pagpatay sa gumagawa nito at kunin ang kayaman nila.
- Hindi mananatili ang gumagawa nito sa Impiyerno habang panahon.
- Kapag tinawag sa batas ng Islām na *Asghar*.
- Kapag nabanggit sa batas ng Islām na ang gawain na ito ay isang *Shirk* o *Kufr* at hindi ito tinukoy sa pamamagitan ng (AL) bilang pantukoy.

Pinapatawad ba ang Shirk Akbar?

Ang Shirk Akbar ay hindi ito pinapatawad kapag namatay ang isang tao sa ganitong gawain; Sinabi ng Allāh (ﷻ): *“Katiyakan, ang Allāh ay hindi nagpapatawad sa sinumang nakagawa ng anumang ‘Shirk’”* [4:48], at kapag nagbalik-loob ito; siya ay papatawarin, Sinabi ng Allāh (ﷻ): *“Sabihin mo, O Muhammad sa Aking mga aliping nagmalabis sa pang-aapi sa kanilang mga sarili sa pamamagitan ng pagsagawa ng anumang ipinag-uutos ng kanilang mga sarili na kasalanan: “Huwag kayong marwalan ng pag-asa sa Awa ng Allāh. Katiyakan, ang Allāh ay pinatatawad Niya ang lahat ng kasalanan. Katotohanan, Siya ang Ganap na Mapagpatawad, ang Napakamaawain sa kanila.”*” [39:53], hanggang sa hindi pa sumisikat ang araw sa kanluran nito; sinabi ng Propeta Muhammad (ﷺ): *“(Hindi matatapos ang Hijrah hangga’t hindi matatapos ang Tawbah at hindi matatapos ang Tawbah hangga’t hindi sumisikat ang araw sa kanluran nito) [Hadīth], o dumating ang paghihingalo, Sinabi ng Allāh (ﷻ): “At hindi tinatanggap ang pagsisisi ng sinumang nagpupumilit sa pagsasagawa ng mga kasalanan hanggang sa dumating sa kanila ang paghihingalo at sasabihin ng isa sa kanila: “Ako’y nagsisisi na ngayon”*” [4:18].

Ang Mga Uri ng Kasalanan

Ang Malaking Shirk:
At ito ang pinaka-Mataas na uri ng Shirk

Ang Maliit na Shirk:
Ito ay mas mababa sa Malaking Shirk ngunit mas Malaki ito sa Kabā’ir

Kabā’ir
Malalaking kasalanan:

Lahat ng kasalanan na may natatanging parusa na itinakda katulad ng: pagsumpa o pagtaboy o kawalan ng kinalaman sa gumagawa nito o kabilang siya sa mga Kāfir o Mushrik o hindi kabilang sa mga Mu’minin o hinalintulad sa mga pinakamasagwang hayop.

Saghā’ir
Maliliit na kasalanan:

Lahat ng kasalanan na walang natatanging parusa na itinakda.

Ang hatol sa kanya:

Nararapat sa kanya na magbalik-loob, Sinabi ng Propeta Muhammad (ﷺ): *“(Ang Nā’ihah kapag hindi ito nagbalik-loob bago ito mamatay) at sa iba pang Hadīth: (kapag nilayuan ang Kabā’ir...) [Hadīth].*

Ang Antas nito:

Ito ay Magkakaiba, Sinabi ng Propeta Muhammad (ﷺ): *“(Ang pinaka-Malaking Kabā’ir...) [Hadīth].*

Ang hatol sa Gumagawa nito:

- Mananatiling isang Mu’min ngunit kulang ang Īmān o Mu’min sa kanyang Īmān, makasalanan sa kanyang gawaing kasalanan.
- Mamahalin siya ayon sa bilang ng kanyang Īmān, at kamumuhian ayon sa dami ng kanyang kasalanan.
- Hindi maaari na lumapit habang ginagawa niya ang kasalanan na ito.

Bilang nito:

Ito ay walang takda na bilang subalit nakatakda ayon sa pamantayang nabanggit sa itaas.

Ang tatlong uri ng *Ad-Dhabah* (Mga Pagkatay sa mga inalay na hayop)

Ang pagkakatay ng hayop para sa Allāh

Katulad ng: *Hadī* at *Udhhiyah* at *Sadaqāt*.

Pagkakatay ng hayop para sa iba pa maliban sa Allāh; bilang pagmamahal at pagdadakila

Katulad ng pag-aalay ng kinatay na hayop para sa *Jinn*, at mga patay sa libingan, Ito ay itinuturing na malaking *Shirk*.

Pagkatay na *Mubāh*

Katulad ng karne ng tupa upang kainin o ipagbili.

Pangalawang Nāqid

Pangalawa: Sinuman na gawin niya ang anumang bagay bilang tagapamagitan sa pagitan niya at ng Allah; nananalangin siya rito, at nagsusumamo ng *Shafā'ah* (pamamagitan) at nananalig sa kanila ay naging isang *Kāfir* o hindi Muslim ayon sa pinagkasunduan ng mga *Ulamā*.

Mga Uri ng *Shafā'ah*

Sa mga bagay na walang kakayahan na gawin ito ng mga nilalang:

Muthbatah (Pinagtibay)

Ito ang *Shafā'ah* na hinihingi lamang mula sa Allāh. Ito ay may mga kondisyon:

- [1] Ang pahintulot ng Allāh upang mamagitan.
- [2] Kaluguran ng Allāh para sa isang namamagitan
- [3] At sa pinamamagitanan niya.

Manfīyah (Winaksi)

Ito ay iwinaksi o ditanggap sa Qurān; Ito ang isang bagay na hinihiling sa iba maliban pa sa Allāh subalit ang may kakayahan lamang magbigay nito ay ang Allāh (ﷻ).

Ang hatol nito ay:
Malaking *Shirk*.

Sa mga bagay na kayang gawin ng mga nilalang.

At ito ay magiging tama sa apat na kondisyon:

- 1- Nariripan (nasa iyong presensya)
- 2- Buhay
- 3-May kakayahan
- 4 -Ito ay kaparaanan lamang.

Natatangi sa Sugo ng Allah (ﷻ):

[1] Ang Dakilang *Shafā'ah*

[2] Pamamagitan ng Propeta sa kanyang amain na Abu Talib na pagaanin ang parusa sa kanya.

[3] Pamamagitan ng Propeta sa pagbukas ng mga pintuan ng Paraiso

Pangkalahatan para sa mga iba pang Sugo at Propeta at mga Anghel at mga *Muwahhidīn* at ang *Al-afrāt* (mga bata):

[1] Upang itaas ang antas ng mga tauhan ng Tawhīd.

[2] Sa sinumang nahatulan ng pagpasok sa Impiyerno mula sa mga tauhan ng Tawhīd, sila ay hindi na papapasukin pa sa Impiyerno.

[3] Sinumang nakapasok na sa Impiyerno mula sa mga tauhan ng Tawhīd; ay palalabasin sila mula roon.

Maaari bang sabihin ng isang tao sa kapwa niya na: “Manalangin ka sa Allāh para sa akin?”

Kung ang paghingi na ito ay mayroong uri ng pangangailangan, ito ay uri ng *Shirk Asghar*, at kung ang paghingi ng *Du‘ā* na ito ay mula sa isang buhay at naririyang at may kakayahan at naniniwala na ito ay isang kaparaanan lamang ito ay maaari at pinahihintulutan; ngunit mas mainam na iwanan ito.

Ang Tawakkul

Ito ang tunay na pananalig sa Allāh (ﷻ) na mayroong kasamang pagtitiwala sa Kanya at pagkuha ng mga pinahihintulutan na kaparaanan.

***Shirk Akbar*; kapag ito ay binaling sa iba maliban pa sa Allāh (ﷻ):**
(Ito ang nais iparating ng May-Akda)

Ang *Tawakkul* na pagsamba at pagsuko:
Ito ang ganap ng pananalig at pagtitiwala sa sinuman, na kung saan ay pinapaniwalaan ito na nasa kanyang kamay ang pagtamo ng pakinabang at nagtutulak palayo ng kasamaan na may kalakip na pagsusumamo, katulad ng pananalig sa mga patay.

***Shirk Asghar*:**

Ito ang pananalig at pagtitiwala sa isang taong buhay na may kalakip na pagsusumamo sa kanya; katulad ng sinuman na sumandal at nagtiwala sa isang tao na buhay sa kanyang biyaya at itinuring niya ito bilang kaparaanan.

***Jāiz*:**

Ito ang pananalig at pagtitiwala sa isang tao na buhay sa mga bagay na pinapangasiwa sa kanya na walang kasama na pagsusumamo; katulad ng isang pinagkatiwalaan na tao sa pagbebenta ng isang bagay.

Maaari bang sabihin na: “Ako ay umaasa at nagtitiwala kay pulano) o “Ako ay nagtitiwala at umaasa sa Allāh pagkatapos ay kay Pulano”? At ano ang tama?

Hindi maaari na sabihin na: “Umaasa ako kay Pulano”, at hindi rin maaari na sabihin na: “Ako ay umaasa sa Allāh at pagkatapos ay kay Pulano”; dahil ito ay isang Gawain ng puso na hindi maaari na ibaling sa iba pa maliban sa Allāh, bagkus sabihin na: “Ako ay nagtitiwala kay Pulano”; Ibig sabihin, pinagkatiwalaan ko siya. Ang Propeta Muhammad (ﷺ) ay ipinagkatiwala sa ilang *Sahābah* ang mga ilang gawain nito, pangkalahatan man o pangnatatangi.

Pangatlong Nāqid

Pangatlo: Sinuman ang hindi niya itunuturing ang mga *Mushrikīn* o mga nagtatambal sa Allāh bilang mga *Kāfir*, o nagdududa sa kanilang pagiging hindi Muslim o kaya ay itinuring na tama ang kanilang mga kapamaraan sa relihiyon ay naging isang *Kāfir*.

Ang Hatol sa mga *Mushrikīn* (mga nagtatambal sa Allāh) sa Islām?

Ang sinuman na dumating at umabot sa kanya ang panawagan ng Propeta Muhammad (ﷺ) at hindi siya naniwala rito, siya ay naging isang *Kāfir* o nakagawa siya ng Malaking *Kufr*; dahil sinabi ng Allāh (ﷻ): *«ang sinumang magnais ng iba maliban sa 'Deen Al-Islām' ay hindi ito tatanggapin sa kanya at sa Kabilang-Buhay ay kabilang siya sa mga talunan»* [3:85].

Kabilang ba ang mga Angkan ng Kasulatan sa mga *Mushrikīn*?

Oo, mapapabilang sila sa mga *Mushrikīn* na mga hindi naniwala sa Propeta Muhammad (ﷺ), sinabi ng Allāh (ﷻ): *«kayong mga Muslim, makipaglaban kayo sa (mga kumakalaban sa Allāh na) hindi naniniwala sa Kaisahan ng Allāh at hindi naniniwala sa Muling Pagkabuhay, at hindi iniitwasan ang anumang ipinagbabawal ng Allāh at ng Kanyang Sugo, at yaong hindi nila tinatanggap ang Tunay na Relihiyon na Al-Islām, na katulad ng mga Angkan ng Kasulatan na mga Hudyo at mga Kristiyano, hanggang sa sila ay magbabayad ng 'Jizyah', na ibibigay sa inyo bilang kanilang ganap na pagpapasailalim»* [9:29]. At sinabi ng Propeta Muhammad (ﷺ): *(At Ako ay sumusumpa sa may hawak ng aking kaluluwa, walang sinuman na makaririnig sa aking katuruan mula sa Ummah na ito, Hudyo man ito o Kristiyano at siya ay namatay at hindi naniwala sa katuruan na ipinadala at ipinahayag sa akin, tunay na siya ay kabilang sa mga taga Impiyerno)* [Hadīth].

Ito ba ay nangangahulugan na hindi na natin maaari pang isakatuparan ang mga Kasunduan?

- Sinuman ang mayroong Kasunduan, marapat niya itong isakatuparan upang makamit niya ang pagmamahal ng Allāh, sinabi ng Allāh (ﷻ): *«Kung ang sinumang tutupad sa kanilang kasunduan sa inyo ay tuparin din ninyo sa kanila ang kasunduan. Katiyakan, ang Allāh ay nagmamahal sa mga matatakutin na tumutupad sa kasunduan»* [9:7].

Nababahagi ang mga tao hinggil sa pakikitungo sa mga *Mushrikīn*:

Silang mga lumalahok sa mga *Kuffār* sa kanilang mga pagdiriwang, mga kaarawan, mga tradisyon at ritwal.

Silang mga nagmalabis sa kanila sa pamamagitan ng pagpatay sa kanila, at pananakit at iba pa.

Sila na mga nasa pagitan ng dalawang pangkat, at ito ang *Ahlus Sunnah wal Jamā'ah*, hindi sila lumalahok sa kanilang mga pagdiriwang, kaarawan at ritwal, at kanilang isinasakatuparan ang mga Kasunduan sa pagitan nila, hindi sila nagmamalabis at nananakit at pinakikitunguan sila sa mga kalakalan, at hinihikayat sila tungo sa Kaisahan ng Allāh (ﷻ).

Pang-apat na *Nāqid*

Pang-apat: Sinuman ang maniwala na ang iba pang gabay maliban pa sa gabay ni Propeta Muhammad (ﷺ) bilang mas ganap kaysa sa kanyang gabay o kaya ay mas mainam ang batas ng iba kaysa sa batas niya, tulad ng mga tao na mas tinatangkilik nila ang batas ng mga *Tāwāghūt* [o mga huwad na sinasamba] kaysa sa batas ni Propeta Muhammad (ﷺ), ay naging isa ring *Kāfir*.

Mga bahagi ng paggawad ng hatol bukod sa mga ibinaba ng Allāh (ﷻ)

Ang tinatangkilik niya ang hatol ng *Tāghūt* at mga batas nito kaysa sa hatol ng Allāh (ﷻ), na may paniniwala na ang hatol ng Allāh ay hindi naaangkop; siya ay nakagawa ng *Kufr Akbar* o Malaking *Kufr* na nakapagtitiwalag mula sa Relihiyon.

Sinabi ng Allāh (ﷻ): *﴿Itinuring ng mga Hudyo at mga Kristiyano ang kanilang mga Paham at ang mga palasamba sa kanila na mga Diyos na sinasamba at Panginoon﴾* [9:31].

At kapag naniwala na ang hatol ng Allāh (ﷻ) ay obligado itong isabuhay at ito ay mas naaangkop para sa mga bansa at sa mga tao, subalit tinatangkilik at inuna pa rin niya ang batas ng mga *Tāghūt* dahil sa pansariling kagustuhan at pagnanais sa pamumuno at iba pa; ito ay isang *Kufr Asghar* at isang *Fisq* [o makasalanan], at kung naputol dahil dito ang karapatan ng isang Muslim, siya ay magiging *Dhālim* [o 'di-makatarungan], at maaari na mahulog pa siya sa Malaking *Kufr* na nakapagtitiwalag mula sa Relihiyon.

Panglimang Nāqid

Panglima: Sinuman ang mamuhi sa anumang ipinahayag sa Propeta Muhammad (ﷺ) kahit pa ito ay kanyang isinasagawa ay naging isa ring *Kāfir*.

Ang Batayan na tumutukoy sa *Naqīd* na ito:

Sinabi ng Allāh (ﷻ): *«Dahil sa kinamuhian nila ang Aklat ng Allāh at di nila pinaniwalaan, na kung kaya, naging walang kabuluhan ang kanilang Gawain»* [9:47]. At sinabi pa: *«Sumumpa ang Allāh sa Kanyang Sariling Kataas-taasan, na kailanman ay hindi sila magiging tunay na mananampalataya hanggang hindi ka nila ginagawang hukom, O Muhammad sa anumang hindi nila napagkakasunduan sa mga pagitan nila, pagkatapos ay hindi sila makararamdam sa kanilang mga sarili ng pagtutol sa anumang iyong pinasyahang paghahatol, at sila ay susunod nang ganap na pagsunod»* [4:65]. At sinabi pa: *«At sinuman ang ninais ng Allāh na gabayan, ay bubuksan Niya ang kalooban nito sa Islām; at sinuman ang naisin Niya na maligaw ay gagawin Niya ang kalooban nito na sarado at masikip na siya ay mahihirapan sa pagtanggap ng patnubay; na ang katulad niya ay isa na umaakyat paitaas, na nagkakaroon ng paninikip sa kanyang paghinga. At ganoon ang ginagawa ng Allāh sa mga kalooban ng mga walang pananampalataya na paninikip, na naninikip ang kanilang dibdib sa paghinga; na ganoon ang ginawang parusa sa mga walang pananampalataya»* [6:125].

Ang pagmamahal at pagkamuhi para sa Allāh

Ang pagmamahal at pagkamuhi alang-alang sa Allāh ay kabilang sa mga obligadong gawain, bagkus ito ang pinakamatibay na tanda ng pananampalataya.

Anu-ano ang mga marapat na mahalín alang-alang sa Allāh?

Ang lahat ng mga gawain na kalugod-lugod sa Allāh, at ito ang lahat ng katuruan sa Islām; tulad ng Tawhīd.

Ang lahat ng nagsasabuhay ng gawaing kalugod-lugod sa Allāh; tulad ng mga Sugo, Propeta, mga Anghel, mga *Sahābah* at lahat ng may Tawhīd sa Allāh.

Ang mga panahon na kung saan minamahal ito ng Allāh; katulad ng *Laytul Qadr* at *Thuluthul Layl Al-Akhir*. (Huling ikatatlong bahagi ng gabi)

Ang mga lugar na kung saan minamahal ito ng Allāh; katulad ng *Makkah*, *Al-Madīnah An-Nabawīyah*.

Anu-ano ang mga marapat na kamuhian alang-alang sa Allah?

Ang lahat ng mga gawain na kinamumuhian ng Allāh at tinanggihan ito; at ito ang lahat ng ipinagbawal ng Islām tulad ng <i>Shirk</i>.	Ang lahat ng nagsasabuhay ng gawaing kinamuhian ng Allāh at tinanggihan ito; tulad ng mga <i>Mushrikīn</i> at <i>Munāfiqīn</i> at mga taga-sunod ng <i>Shaytān</i> mula sa mga tao.	Ang mga panahon na kung saan kinamuhian ito ng Allāh; katulad ng mga panahon kung saan sinasamba ang Araw dito at iba pa.	Ang mga Lugar na kung saan kinamuhian ito ng Allāh, katulad ng mga lugar na pinagdadausan ng <i>Shirk</i>.
---	--	--	---

Magiging isang *Kafīr* ba ang isang Babae kung kanyang kamuhian ang *Ta'addud* o pag-aasawa ng mga kalalakihan ng higit sa isa?

Sa totoo lamang ang isang babae ay hindi naman niya tinanggihan ang Batas ng Islām, subalit hindi niya gusto para sa kanyang asawang lalaki ang magkaroon ito ng iba pang asawa na kasama niya at sa kalagayan na ito ay hindi masisi ang isang babae.

Pang-anim na Nāqid

Pang-anim: Sinuman ang mangutya, mang-alipusta sa anumang bagay sa relihiyon ng Propeta Muhammad (ﷺ) o sa mga gantimpala o mga parusa nito ay isa ring *Kāfir*. Sinabi ng Allāh (ﷻ):

﴿قُلْ أَلِلّٰهُ وَأَيَّاتِهِ وَرُسُولِهِ كُنْتُمْ تَسْتَهْزِئُونَ ﴿١﴾ لَا تَعْتَذِرُوا قَدْ كَفَرْتُمْ بَعْدَ إِيمَانِكُمْ﴾

((Sabihin, 'Ang Allāh ba at ang Kanyang mga talata at Kanyang Sugo ang hinahamak ninyo?')

﴿Huwag na kayong mangatwiran pa. Kayo ay nawalan ng pananampalataya matapos ang inyong pananampalataya))

Al-Mustahzi' [o ang isang nangungutya]

Ang kahulugan at hatol nito:

Ang *Al-Istihzā'* ay isang *Sukhrīyah* o pangungutya sa pananampalataya, at ang hatol sa isang nangungutya sa pananampalataya o minumura niya ito ay isang uri ng *Kufr* o naging isang *Kāfir*; at ito ay malaking *Kufr* na nakapagtitiwalag mula sa relihiyon, at ang gumagawa nito ay panghabang buhay sa Impiyerno.

At ang isang nakaririnig ng pangungutya sa pananampalataya ay marapat na pigilan niya ito at umalis sa lugar na iyon, katulad din ito kung napapanood niya o sinasalaysay ito na walang pagbabawal; dahil sa sinabi ng Allāh (ﷻ): *(At inihayag sa inyo, sa Aklat ng inyong 'Rabb; na kapag narinig ninyo sa usapan na nilabag at hinamak ang mga talata ng Allāh, ay huwag kayong makumpok sa kanila maliban na lamang kung babaguhin nila ang usapan, Walang pag-aalinlangan, kapag kayo ay nakumpok sa kanila sa gayong kalagayan ay magiging katulad nila kayo)* [4:140].

Tatanggapin lamang ang pagbabalik-loob ng isang nangutya sa pananampalataya sa kondisyon:

- Ang purihin niya ang Allah (ﷻ) sa mga bagay na nararapat sa Kanya.
- Ang iwaksi at ipagkaila ang lahat ng kanyang sinabing pangungutya.
- Ang ilahad ang tanda ng kanyang pagbabalik-loob upang malaman ang katotohan nito.

At ang isang tao na minura niya ang Propeta Muhammad (ﷺ) tunay na ang kanyang pagbabalik-loob ay tatanggapin ng Allāh (ﷻ) kung ito ay naging totoo, at siya ay hahatulan ng kamatayan ng kinauukulan dahil sa kanyang nagawa.

Magiging isang *Kāfir* ba ang isang tao kung ang kanyang pangungusap ay maaring mayroong pagmumura o paninira sa pananampalataya?

Ipapaliwanag sa kanya ang bagay na iyon, kung siya ay magbalik-loob ay hahayaan natin siya, at kung hindi ay atin na idudulog ang kanyang kaso sa mga kinauukulan at mga Ulama.

Pangpitong Nāqid

Pangpito: Ang *Sihr* o Salamangka at kabilang dito: Ang *Sarf* o pangkukulam at *A'tf* o panggagayuma, at sinuman ang gumawa nito o nalugod sa gawain na ito, siya ay naging *Kāfir*. Sinabi ng Allāh (ﷻ):

﴿وَمَا يَعْلَمَانِ مِنْ أَحَدٍ حَتَّى يَقُولَا إِنَّمَا نَحْنُ فِتْنَةٌ فَلَا تَكْفُرْ﴾

((Hindi sila nagturo sa sinuman liban na lamang na sinabi muna nila na, 'Tunay na kami ay pagsubok lamang kaya huwag kayong mawalan ng pananampalataya')).

Ang *Sihr* (o Salamangka)

Ang hatol nito:

Ang *Sihr* ay isang malaking *Kufr*, dahil sa Sinabi ng Allāh (ﷻ):

﴿Hindi sila nagturo sa sinuman liban na lamang na sinabi muna nila na, 'Tunay na kami ay pagsubok lamang kaya huwag kayong mawalan ng pananampalataya'﴾ [2:102].

Ang mga palatandaan ng mga Salamangkero:

- [1] Pagsalungat sa mga kondisyon ng pinahihintulutan na *Ruqyah* sa Islām.
- [2] Pagsusulat ng mga letra, at mga salita na hindi maintindihan.
- [3] Ang pagsipat sa mga bituin (*Astrology*), pagbabasa ng palad at baso.
- [4] Pagbubuhol ng lubid at pag-ihip dito.
- [5] Pangkukulam at panggagayuma.
- [6] Ang utusan ang may karamdaman na sumalungat sa batas ng Islām katulad ng paggawa ng *Harām* o pag-iwan ng *Salāh*, at pag-iwan ng *Bismillah* sa tuwing mag-aalay ng hayop na kakatayin.
- [7] Pagtatanong sa pangalan ng Ina.
- [8] Ang pag-aangkin ng pagkakaroon ng karunungan ukol sa *Al-Ghayb* o mga bagay na nalilingid.

Hatol sa pagpunta sa mga *Sāhir* (Salamangkero o mangkukulam)

Ang tinutukoy dito na pagpunta ay; ang pagdalaw, o pagpapadala ng isang tao, o sulat tungo sa salamangkero o mangkukulam, at kabilang din dito ang panonood ng mga palatuntunan sa telebisyon at mga *website*, at *magasin* patungkol sa panghuhula, salamangka, at pagbabasa ng palad at baso...

Ang hatol sa pagpunta sa mga *Sāhir*: Ang sinuman na gumawa nito ay hindi tatanggapin ang kanyang *Salāh* o pagdarasal sa loob ng apatnapung (40) araw ayon sa *Hadīth*.

At ang sinuman ang magpunta o dumalaw sa kanila at siya ay naniniwala sa kanilang mga sinasabi, tunay na sinabi ng Propeta Muhammad (ﷺ): (Sinuman ang tumungo sa isang 'Arrāf o manghuhula at naniwala sa mga sinasabi nito ay nawalan ng pananampalataya sa ipinahayag kay Propeta Muhammad) [Hadīth], at hindi kabilang dito ang isang nagtungo para pagbawalan ang mga *Sāhir* o pumipigil sa kanila kung sila ay nararapat sa gawain na ito.

An-Nushrah:

Ang panggagamot sa kulam ng isang taong kinulam.
Ito ay may dalawang uri:

Pinahihintulutan:

Ang panggagamot sa *Sihir* sa pamamagitan ng *Ruqyah'* at pagpapakupkop sa Allāh at mga gamot na pinahihintulutan sa Islām.

Ipinagbawal:

Ang panggagamot sa kulam sa pamamagitan ng isa pang kulam. Sinabi ng Propeta Muhammad (ﷺ): *(Tunay na ito ay mula sa mga gawain ng Demonyo)* [Hadīth].

Ang sagot at tugon sa mga nagsasabi na maaari na manggamot sa kulam sa pamamagitan pa ng isang kulam:

- [1] Ang panggagamot sa kulam sa pamamagitan ng isa pang kulam ay isang pagsalungat sa Qurān at Sunnah, at sa mga gawain Sahābah, at mga Salaf Sālih –Kalugdan nawa sila ng Allāh-.
- [2] Ito ay isang uri ng pangmamaliit sa panggagamot sa pamamagitan ng Qurān at mga panalangin mula Sunnah Nabawīyah.
- [3] Ito ay isang uri ng pagpapalakas sa pangkukulam at mangkukulam, pagbibigay sa kanila ng awtoridad sa mga tao.
- [4] Paglihis mula sa katiyakan at ito ang panggagamot sa pamamagitan ng Qurān at mga panalangin mula sa Sunnah tungo sa pagdududa at ito ang panggagamot sa pamamagitan ng *Sihir*.
- [5] Ito ay isang uri ng paghingi ng tulong mula sa mga Demonyo.
- [6] Kapag nagtiis ang isang tao na kinulam, tunay na siya ay makakapasok sa Paraiso katulad ng nabanggit sa Hadīth.
- [7] Ang panggagamot sa kulam sa pamamagitan ng isa pang kulam ay mas nakadaragdag ng mas masidhing kulam.
- [8] Ang Propeta Muhammad (ﷺ) ay nakulam din ngunit hindi niya ginamit bilang panglunas ang Kulam bagkus kanyang ginamit ang mga pinahihintulutan na *Ruqyah* sa batas ng Islām.

Pangwalong Nāqid

Pangwalo: Ang pagtulong sa mga *Mushrikīn* at pakikiisa sa kanila laban sa mga Muslim. Sinabi ng Allāh (ﷻ):

﴿وَمَنْ يَتَوَلَّهُمْ مِنْكُمْ فَإِنَّهُ مِنْهُمْ إِنَّ اللَّهَ لَا يَهْدِي الْقَوْمَ الظَّالِمِينَ﴾

((Sinuman sa inyo ang kakampi sa kanila ay tunay na siya ay kabilang sa kanila. Tunay na ang Allāh ay hindi naggagabay sa mga taong makasalanan))

Ang pagtulong sa mga *Mushrikīn* laban sa mga *Muslimīn*

Obligasyon ng isang Muslim na iwaksi ang mga *Mushrikīn* at kanilang mga katuruan at marapat na hindi maniwala ang isang Muslim sa kanila, at obligasyon din ng isang Muslim na mahalin at tangkilikin ang mga tauhan ng *Tawhīd*. At sinuman ang mahalin niya ang *Kufr* at malugod dito o tumulong sa mga *Kuffār* at mga *Mushrikīn* laban sa Islām at mga Muslim; siya ay naging isang *Kāfir* na Malaking *Kufr* na nakapagtitiwalag mula sa relihiyon.

At ang resulta sa atin: Ang pakikipagtulungan sa mga *Mushrikīn* ay dalawang uri:

Kufr at *Riddah*:

Ang pakikipagtulungan sa mga *Mushrikīn* laban sa mga Muslim dahil sa pagmamahal sa *Kuffār* at pagkamuhi sa mga Muslim at paghahangad na mangibabaw ang mga *Kuffār* laban sa mga Muslim.

Hindi isang *Kufr* na nakapagtitiwalag sa relihiyon:

Hindi dahil sa pagmamahal sa mga *Mushrikīn* at pagkamuhi sa mga Muslim, bagkus para lamang sa makamundong pakinabang at pansariling kabutihan.

Pangsiyam na *Nāqid*

Pangsiyam: Ang sinuman na maniwala na may ilang mga tao na hindi nasasakop ng *Sharī'ah* o batas ni Propeta Muhammad (ﷺ) katulad ng hindi pagkakasakop ni *Khadhir* sa *Sharī'ah* ni *Mūsā* (عليه السلام) ay isa ring *Kāfir*.

Ang sinumang maniwala na may ilang mga tao na hindi nasasakop ng *Sharī'ah* o Batas ni Propeta Muhammad (ﷺ):

Tunay na siya ay naging *Kāfir* na Malaking *Kufr* na nakapagtititwalag mula sa relihiyon ayon sa pinagkaisahan ng mga *Ulamā*. At ang sinuman na makagawa nito ay bibigyan ng pagkakataon na magbalik-loob, at kung hindi magbabalik-loob; siya ay hahatulan ng kamatayan.

Sinabi ng Allāh (ﷻ): *«Sabihin mo Muhammad! O sangkatauhan, tunay na ako ang Sugo ng Allah sa inyong lahat»* [7:158]. At sinabi ng Propeta Muhammad (ﷺ): *(Kung ang aking kapatid na si Mūsā ay nabubuhay lamang; siya ay kabilang sa aking tagasunod)* [Hadīth].

At napapaloob dito ang mga angkan ng kasulatan na umabot at dumating sa kanila ang panawagan ng Islām; dahil sila ay mga *Mushrikūn* katulad ng nabanggit sa una.

Lumabas ba si *Khadhir* mula sa relihiyon ni *Mūsā*? Walang napatunayan na batayan sa atin na si *Khadhir* ay lumabas sa relihiyon ni *Mūsā*, at kung ito ay napagtibay, maaari na si *Khadhir* ay hindi sakop mula sa relihiyon ni *Mūsā*, at ang mga sugo ay pinapadala sa kani-kanilang mga nasyon nang bukod-tangi at ang Propeta Muhammad (ﷺ) ay isinugo sa buong sangkatauhan at hindi maaari na lumabas ang sinuman mula sa kanyang batas at relihiyon.

Pangsampung Nāqid

Pangsampu: Ang pagtalikod sa relihiyon ng Allāh, sa pamamagitan ng 'di-pag-aaral nito at 'di-pagsasabuhay. Sinabi ng Allāh (ﷻ):

﴿وَمَنْ أَظْلَمُ مِمَّنْ ذَكَرَ آيَاتِ رَبِّهِ ثُمَّ أَعْرَضَ عَنْهَا إِنَّا مِنَ الْمُجْرِمِينَ مُنتَقِمُونَ﴾

((Mayroon pa bang pinakamatindi ang kanyang kasamaan, sa (harapan ng) kanyang 'Rabb' kaysa sa isa na kapag pinaaalalahanan sa mga palatandaan ng Allāh ay tinatalikuran niya ang lahat ng ito. Katiyakan na Kami ay maghihiganti sa mga Mujrimin (mga makasalanan)).

Ang pagtalikod sa relihiyon ng Allāh (ﷻ):

Sinabi ng Propeta Muhammad (ﷺ): (Sinuman ang naisin para sa kanya ng Allāh ang kabutihan ay pinapa-unawa sa kanya ang Relihiyon) [Hadīth], kaya naman ang sinuman na hindi ninais ng Allāh (ﷻ) sa kanya ang kabutihan siya ay tatalikod at magpapabaya sa pag-aaral ng Relihiyon ng Allāh (ﷻ), sinabi ng Allāh (ﷻ): *﴿Mayroon pa bang pinakamatindi ang kanyang kasamaan, sa (harapan ng) kanyang 'Rabb' kaysa sa isa na kapag pinaaalalahanan sa mga palatandaan ng Allāh ay tinatalikuran niya ang lahat ng ito, Katiyakan na Kami ay maghihiganti sa mga Mujrimin (mga makasalanan)﴾* [32:22]. At ang *Mujrimūn* ay sila ang mga magsisipasok sa Impiyerno. -Wa I'yādhu Billāh-.

Ang hatol sa pagtalikod sa Relihiyon ng Allah (ﷻ):

Kung siya ay tatalikod sa pamamagitan ng kanyang pandinig at puso sa Propeta Muhammad (ﷺ); ibig sabihin ay hindi niya ito paniniwalaan at hindi rin niya pinapasinungalingan, at hindi niya kakampihan at hindi rin lalabanan at hindi talaga siya nakikinig sa lahat ng dumating na katuruan ng Propeta Muhammad (ﷺ), ang hatol nito ay isang *Kāfir* na malaking *Kufr* na nagpapalabas mula sa pananampalataya. Sinabi ng Allah (ﷻ): *﴿At kapag pinayuhan ang mga yaong mapagkunwari, na sinasabi sa kanila: "Halina kayo sa ipinahayag ng Allāh, at sa Kanyang Sugong si Muhammad, at sa Kanyang gabay," makikita mo ang mga yaong mapagkunwari na ipinapakita nila na sila ay may paniniwala at itinatago ang kanilang di-paniniwala, na tinatalikuran ka na may matinding pagtangi﴾* [4:61] At sinabi rin: *﴿At sinuman ang tatalikod sa pagsunod sa Allāh na kanyang 'Rabb' at tatalikod sa pakikinig ng Qur'ān at pag-iintindi nito, at di-pagpapatupad nito ay papapasukin siya sa matindi at masidhing kaparusahan﴾* [72:17].

Pangwakas ng May-Akda

Walang pinagkaiba kung ang mga ito ay ginawa ng isang tao nang pabiro o dahil sa takot, maliban na lamang kung siya ay napilitan. Ang mga nakakapawalang-bisa na ito ng Islām ng isang tao ay siyang pinakamapanganib at ang may pinakamaraming nalulugmok dito kaya't kailangan sa isang Muslim na mag-ingat mula sa mga ito at katakutan ang mga ito para sa kanyang sarili. At tayo ay magpakupkop sa Allāh (ﷻ) mula sa mga bagay na nagsasanhi ng kanyang pagkapoot at masakit na parusa, at itampok nawa ng Allāh (ﷻ) ang pagpapala at kapayapaan sa Kanyang pinakamainam na nilalang na si Muhammad, at sa kanyang pamilya at kasamahan.

**Walang pinagkaiba ang mga *Nawāqid* na ito
kung ang mga ito ay ginawa ng isang tao na:**

***Hāzil* o Pabiro:**

Ito ang gumagawa ng isang *Nāqid* pagkatapos ay nagpapanggap na siya ay nagbibiro.

***Jād* o Seryoso:**

Ito ay may intensyon na gawin ang *Nāqid* at walang siyang dahilan dito.

***Khāif* o isang natatakot:**

Ito ang isang nagpapanggap nang may kasinungalingan na ang kanyang nagawa na *Nāqid* ay dahil sa takot mula kapahamakan na maaaring niyang makamit sa kanyang kayamanan o katayuan at siya ay hindi napilitan sa bagay na iyon, sinabi ng Allāh (ﷻ): *«At mayroon sa tao na nagsasabi: “Naniwala kami sa Allāh,” subalit kapag sila ay nakaranas ng paghihirap mula sa mga walang pananampalataya ay ituturing nilang kaparusahan ng Allāh, at kapag dumating naman ang tulong na mula sa iyong ‘Rabb’;sasabihin nila na mga tumalikod sa kanilang pananampalataya: “Katiyakan, kami ay kasama niyo” Di ba ang Allāh ang Ganap na Nakaaalam kung ano ang niloloolob ng Kanyang mga nilikha?»* [29:10]

***Al-Mukrah* o Ang isang napilitan:**

Hindi magiging isang *Kāfir* ang sinumang pinilit na gawin ang isa sa mga *Nawāqid* ng relihiyon, at ang mga kondisyon ng napilitan na maaaring maging dahilan ay ang mga sumusunod:

- [1] Ang maging tunay na napilitan lamang, at hindi magiging dahilan ang pagkatakot o pakikisama.
- [2] Hindi makapipinsala, kapag pinilit na murahin ang sinuman na maaari na maging *Kāfir* siya kung minura niya ito, at ito ay nakapinsala sa karamihan dahil sa isang iyon, ito ay *Kufr*.
- [3] Mangyari na umiwas sa abot ng makakaya at huwag maging tahasang magsabi ng *Kufr*
- [4] Mangyari na ang puso niya ay maging panatag sa *Īmān*, ibig sabihin, ito ay masasabi ng kanyang dila subalit mananatili ang *Īmān* sa kanyang puso.
- [5] Dapat Hindi pilitin sa isang gawain na makapipinsala sa iba o makapagliligaw sa iba.

Mga mahahalagang paalala:

Una: Hindi ninais ng May-akda -رحمه الله- sa aklat na ito na gawing *Kāfir* ang *Ummah*, bagkus ang kanyang layunin sa aklat na ito; ang ituro sa mga tao ang mga *Nawāqid* na ito upang sa ganon ay mag-ingat at matakot sila mula rito, at kapag nangilag sila rito naging tama ang kanilang *Īmān*, at sila ay makaliligtas mula sa masakit na parusa, at nararapat din na magbigay sila ng babala sa iba mula sa mga ito; dahil ito ang pinakamapanganib, kaya nararapat sa isang Muslim na malaman ito upang mangilag at mag-ingat.

Pangalawa: Ang takot ng isang Muslim mula sa *Shirk* ay mangyayari lamang sa pamamagitan ng pag-aaral ng kaalaman sa batas ng Islām, sinabi ng Propeta Muhammad (ﷺ): *(Sinuman ang naisin para sa kanya ng Allāh ang kabutihan ay pinapauunawa sa kanya ang Relihiyon)* [Hadīth]]. Ang kaalaman sa Deen ay siyang pinakobligado sa lahat ng obligado, at sa pamamagitan nito ay mabibigyan ng tanggulan ang isang tao mula sa *Shirk*, *Bida'h* at pagsuway na kasalanan, at sa tuwing nadaragdagan ang pagkilala ng isang tao sa kanyang Panginoon ay tunay na nadaragdagan din ang pagmamasid niya sa kanyang mga gawain at kalagayan, at sa tuwing tumataas ang kaalaman ng isang tao ay tunay na nadaragdagan ang kanyang pagkadalisay para sa Allāh (ﷻ), at magiging ganap ang kanyang *Īmān*, sinabi ng mga ilang maaalam sa Islām: “kumaha kami ng kaalaman na hindi para sa Allāh, kaya tumanggi siya sa anumang bagay maliban para sa Allāh”.

Pangatlo: Hindi maaari na maghatol sa isang partikular na tao ng pagiging *Kāfir* maliban na lamang kung ito ay napagtibay at napatunayan ang kanyang paggawa ng anumang nakapapawalang-bisa ng pagka-muslim ng isang tao, at magkaroon ng mga batayan sa paghahatol na ito at mawala ang anumang nakasasagabal sa paghatol ng *Kufr* sa isang tao, at maaari lamang na magsagawa ng paghahatol na ito ay ang mga kinauukulan o mga pinuno ng mga kamusliman o mga kumakatawan sa kanila mula sa mga Hukom at alin pa na katulad sa kanyang katayuan. At ang mga simpleng mga tao ay hindi maaari na manghimasok sa mga bagay at usaping paghahatol na ito.

Pang-apat: Winakasan ng May-akda -رحمه الله- ang aklat na ito sa pamamagitan ng isang panalangin na kanyang sinabi: “At tayo ay magpakupkop sa Allāh mula sa mga bagay na nagsasanhi ng kanyang pagkapoot at masakit na parusa”, ito ay isang uri ng mabuting layunin, hangarin, pagnanais at pagkakaroon ng awa at kabutihan para sa mga mambabasa ng aklat na ito, at ito ay naging isang kaugalian niya sa lahat ng kanyang aklat at lathalain, kaawaan nawa siya ng Allāh (ﷻ) at patawarin at gatimpalaan siya ng mga kabutihan.

Mga pagsusulat

Sagutin ang mga sumusunod na katanungan:

1. Bakit nagsisimula ang mga Ulama sa papamagitan ng Bismillah?

.....

.....

.....

.....

2. Ano ang kahulugan ng Nawaqidul Islām ?

.....

.....

3. Bakit minsan sinabi ng mga Ulama na “Nawaqid” at minsan ay “Mufsidat at Mubtilat”?

.....

.....

4. Ang mga Nawaqid ba na ito ay napagkasunduan ng mga Ulama?

.....

.....

5. Ang bilang ba ng mga Nawaqid na ito ay limitado?

☐Limitado ☐Hindi limitado ☐Hindi limitado ang bilang ngunit limitado sa pangkalahatan.

6. Bakit sinabi ng may-akda na sampu ang bilang nito?

.....

7. Kapag binanggit ang bilang sa Quran at Sunnah, ito ba ay magiging mafhum na hindi na ito maaari pang dagdagan?

.....

8. Bakit minsan ay binabanggit ang bilang at wala itong mafhum?

.....

9. Magbigay ng halimbawa ng may Mafhum?

.....

10. Magbigay ng halimbawa ng walang Mafhum?

.....

11. Nasa opinyon ba ng may-akda na may dagdag pa ang sampung ito?

.....

12. Saan nagmula ang kanyang mga sinasabi?

.....

13. Maari bang itakda ang bilang ng mga Nawaqid?

.....

.....

14. At paano ito itatakda?

1-

2-

3-

4-

15. Bakit natin pinag-aaralan ang mga Nawaqid?

.....

.....

16. Mayroong pa bang ibang nagsulat patungkol sa Nawaqid?

.....

.....

17. Magkaiba ba sa Nawaqid ang gumagawa nito at ang mismong gawain?

.....

.....

18. Ano ang dahilan ng pagkakaiba nito?

.....

.....

19. Ang layunin ba ng may-akda sa mga Nawaqid na ito ay maghatol sa tao ng kufr?

.....

20. Ano ang marapat na gawin ng isang nag-aral ng mga Nawaqid na ito?

.....

21. Anong uri ng Shirk ang tinutukoy ng may-akda?

.....

22. Ano ang pinagkaiba ng Shirk Akbar at Shirk Asghar?

.....

23. Matatanggap ba ang Tawbah ng isang taong nakagawa ng Shirk Akbar? At kailan hindi matatanggap?

.....

24. Ang Shirk Asghar ba ay mas Malaki o ang Kabair?

.....

25. Ano ang alintutunin sa mga Kabair?

.....

.....

26. Ang mga Kabair ba ay may itinakdang bilang?

.....

.....

27. Ano ang hatol sa gumagawa ng Kabirah? At marapat bang mahalin siya o kamuhian?

.....

.....

.....

.....

28. Dapat bang makisalo sa mga gumagawa ng Kabair?

.....

.....

29. Ang mga Kabair ba ay may mga antas? Ano ang batayan?

.....

.....

30. Mapapatawad ba ang Kabair sa pamamagitan ng mabubuting gawa? Kinakailangan ba ang Tawbah?

.....

.....

31. Ilan ang uri ng mga Kasalanan?

.....

.....

32. Ano ang mga uri ng Shirk Akbar?

1-

2-

3-

4-

33. Uri ng Pagkatay:

1-

2-

3-

34. Kailan magiging Shirk Akbar ang pagkatay?

.....

.....

35. Mga uri ng Shafa'ah:

1-

2-

3-

36. Ano ang Tawwakul?

.....

.....

37. Ano ang mga Uri ng Tawakkul?

1-

2-

3-

38. Maaari bang sabihin: “Ako ay nagtitiwala sa Allāh pagkatapos ay kay pulan”?

☐Maaari

☐Hindi Maaari

39. Ano ang nararapat na sabihin?

.....

.....

40. Ano ang batayan sa pagiging kafir ng mga Mushrikeen? At kabilang ba sa kanila ang mga angkan ng kasulatan?

.....

.....

41. Ito ba ay nangangahulugan na hindi natin isasakatuparan ang mga Kasunduan sa kanila?

.....

.....

42. Anu-ano ang uri ng mga tao patungkol sa mga Mu’ahadun (isang kafir na nasa ilalim ng kasunduan sa pagitan ng mga Muslim)?

1-

2-

3-

43. Anu-ano ang uri ng mga tao patungkol sa paghahatol ng batas liban sa batas ng Allāh?

.....

.....

44. Ano ang hatol sa pagmamahal para sa Allāh?

.....

.....

45. Sino ang marapat nating mahalin para sa Allāh? at sino ang marapat na kamuhian para sa Allāh?

.....

.....

46. Anong uri ng Kufr ang pangungutya sa Deen?

.....

.....

47. May Tawbah ba ang isang nangungutya sa Deen? At ano ang mga kondisyon nito?

1-

2-

3-

48. Ano ang hatol sa pagmumura sa Propeta Muhammad (saw)?

.....

.....

49. Ano ang hatol sa sinumang nakarinig ng pagmumura?

.....

.....

50. Ang ang patunay sa pagiging kafir ng isang Sahir o mangkukulam?

.....

.....

51. Ano ang mga palatandaan ng Sahir o mangkukulam?

.....

.....

52. Ano ang hatol sa pagpunta sa mga mangkukulam?

.....

.....

53. At paano ang pagpunta niya roon?

.....

.....

54. Anu-ano ang uri ng Nushrah?

1-

2-

55. Paano natin sasagutin ang mga nagsasabing maaari ang paggamot

ng Sihr sa pamamagitan ng Sihr?

1-

2-

3-

4-

5-

6-

7-

8-

56. Ano ang hatol ng pagtulong sa mga Mushrikeen?

.....

.....

57. Maaari ba sa isang tao na lumabas siya sa batas ng Propeta Muhammad (Saw)?

.....

.....

58. Si Khadhir ba ay lumabas batas ni Musa Alayhis Salam?

.....

.....

59. Ano ang hatol sa pagtalikod sa Deen?

.....

.....

60. Ano ang Khaif ayon sa may-akda? at ito ba ang napilitan?

.....

.....

61. Anu-ano ang mga kondisyon ng napilitan?

1-

2-

3-

4-

5-

62. Ano ang dahilan bakit tinapos ng may akda ang aklat sa pamamagitan ng panalangin?

.....

.....

63. Paano matatakot ang isang Muslim para sa kanyang sarili mula sa Shirk?

.....

.....

Nilalaman

1	Ang Tatlong Saligan	5
2	Panimula	6-9
3	Ang Apat na Usapin	10-13
4	Ang Tatlong Usapin	14-17
5	Kahalagahan ng Pag-aaral ng Tawhīd	18
6	Ang Tatlong Saligan	19-45
7	Pangwakas	46-48
8	Dagdag (Buod Talaan sa pagpapaliwanag ng Al-Usūluth Thalāthah)	49-52
9	Pagsusulit sa Al-Usūluth Thalāthah	53-58
10	Ang apat na panuntunan	59-61
11	Panimula: “Unwānus Sa’ādah” (Palatandaan ng Kaligayahan)	62-65

12	Unang Panuntunan	66
13	Pangalawang Panuntunan	67-68
14	Pangatlong Panuntunan	69-70
15	Apat na Panuntunan	71
16	Dagdag (Buod Talaan sa pagpapaliwanag ng Al-Qawā'id Al-Arba')	72-73
17	Pagsusulit sa Al-Qawā'id Al-Arba'	74-76
18	Ang mga gawaing nakakawalang-bisa sa Islām ng isang Muslim	77-79
19	Panimula	80-83
20	Unang Nāqid	84-86
21	Pangalawang Nāqid	87-88
22	Pangatlong Nāqid	89

23	Pang-apat na Nāqid	90
24	Panglimang Nāqid	91
25	Panglimang Nāqid	92
26	Pang-anim na Nāqid	93
27	Pangpintong Nāqid	94-95
28	Pangwalong Nāqid	96
29	Pangsiyam na Nāqid	97
30	Pangsampung Nāqid	98
31	Pangwakas	99-100
32	Pagsusulit sa Nawāqidul Islām	101-111
33	Mga nilalaman	112-115

Kalipunan ng mga aklat sa Tawhīd (Majmū'atut-Tawhīd)

TUNGKOL SA AKLAT

Ang aklat na ito ay isang pagpapaliwanag ng mga kilalang sulatin ni Shaykhul Islām Al-Mujaddid Al-Imām Muhamamd bin Abdilwahhāb bin Sulayman Attamīmi (Kaawaan nawa siya ng Allāh), kabilang sa mga aklat na ito:

- [1] Kitāb Al-Usulūth Thalāthah (Ang Tatlong Saligan).
- [2] Kitāb Al-Qawā'id Al-Arba' (Ang apat na Panuntunan).
- [3] Kitāb Nawāqidul-Islām (Gawain nakapawawalang-bisa sa Islām ng isang Muslim).

Ang pagpapaliwanag na ito ay natatangi sa iba dahil sinikap naming gumamit ng mga dayagram, tsart at mga talahanayan upang mapadali ang biswal na pag-aaral.

TUNGKOL SA MAY-AKDA

Si Shaykh Haytham bin Muhammad Jamīl Sarhān (Pangalagaan nawa siya ng Allāh) ay kilala sa kanyang dakilang pagsisikap sa pagtuturo ng Aqīdah at iba pang mga kaalaman sa Islam sa Masjid Nabawī sa Madīnah. Siya ay Kilala at kinikilala ng mga iskolar, at ang pamamaraan ng kanyang pagtuturo ay natatangi sa ibang mga iskolar - dahil nakatuon siya sa pagsasaulo, at sa mga maliliit na grupo ng mag-aaral at palagiang pagsasanay at pagsusulit.



www.sarhaan.net
www.attasseel-alelmi.com

شرح الأصول الستة

ANG PAGPAPALIWANAG SA

AL-USUL AS-SITTAH

NI SHAYKHUL ISLAM MUHAMMAD BIN ABDIL WAHHAB
(RAHIMAHULLAH)

SA PANULAT NI:

SHAYKH HAYTHAM BIN MUHAMMAD SARHAN

ISINALIN SA WIKANG FILIPINO NI:

ABU IBRAHEEM AL-HAFEYZ BAUTISTA



هَيْثَمُ كَان

باللغة الفلبينية

Ang Pagpapaliwanag sa «Al-Usul As-Sittah»


Ni Shaykhul Islam:
Muhammad bin Abdil Wahhab bin
Sulayman At-tamimiy رَحْمَةُ اللَّهِ

Isinulat ng dukha sa kapatawaran ng kanyang Panginoon:
Haytham bin Muhammad Sarhan
Dating Guro sa Mahad Harām sa Al-Masjid An-
Nabawīy - Tagapangasiwa ng Mahad As-Sunnah

Isinalin sa Wikang Filipino ni:
Abu Ibraheem Al-Hafeyz Bautista

<https://www.alsarhaan.com>

Patawarin nawa siya ng Allāh at ganoon din sa kanyang Dalawang
Magulang At sinuman tumulong sa paglimbag at paglathala ng Aklat na ito



UNANG EDISYON

1444AH / 2022CE

Lahat ng karapatan ay nakalaan sa may-akda
Maliban sa sinumang magnanais na ilimbag o isalin ito upang
ipamahagi ng libre pagkatapos ng pakikipag-ugnayan sa may-
akda

Mangyaring Makipag-ugnayan sa:

islamtorrent@gmail.com



Panimula

Sa Ngalan ng Allāh, Ang Pinakamahabagin, Ang Pinakamaawain

Katotohanan, ang lahat ng papuri ay sa Allah lamang, purihin natin Siya at hilingin natin ang Kanyang tulong. Humingi tayo ng kapatawaran sa Kanya. At hilingin natin ang kalinga Niya mula sa kasamaan ng ating mga sarili at mula sa mga masasama na ating nagawa. Sinuman ang patnubayan ng Allah ay walang sinuman ang maaari na makapagligilaw sa kanya, at sinuman ang Kanyang hayaan na maligaw ay walang sinuman ang maaari na makapaggagabay sa kanya at ako ay sumasaksi na walang sinuman ang karapatdapat sambahin kundi ang Allah Siya ang nag-iisa at walang katambal. At ako ay sumasaksi na si Propeta Muhammad ﷺ ay Kanyang alipin at sugo. ((O mga nanampalataya, katakutan ninyo ang Allah nang tunay na pagkatakot at huwag kayong mamamatay liban na lamang na kayo ay mga Muslim.)) [3:102], ((O mga tao, katakutan ninyo ang inyong Panginoon na lumikha sa inyo mula sa isang tao at nilikha Niya mula rito ang asawa nito. At pinasibol Niya mula sa kanilang dalawa ang maraming kalalakihan at kababaihan. Katakutan ninyo si Allah na sa pamamagitan Niya ay sinisingil ninyo ang inyong mga karapatan at pananatili ng inyong pagkakamag-anakan. Tunay na ang Allah sa inyo ay Nakamasid.)) [4:1], ((O mga nanampalataya, katakutan ninyo ang Allah at magsabi lamang ng matuwid na pananalita. Itutuwid Niya ang inyong mga gawain at patatawarin para sa inyo ang inyong mga kasalanan. Sinumang sumunod sa Allah at sa Kanyang Sugo ay nagtagumpay ng tagumpay na dakila.)) [33:70-71]

At bilang pagpapatuloy; Tunay na kabilang sa marapat na paglaanan ng pansin ng isang Talibul Ilm ay ang pagsasaulo ng mga Qawaed at Usul na siyang nagmula sa batas ng Islam, at kabilang sa mahahalagang mga maiikling sulatin na nagbibigay pansin rito ay ang isang dakilang sulatin ni Shaykhul Islam Muhammad Bin Abdil Wahhab bin Sulayman At-Tamimiy رحمه الله (yumao noong 1206 pagkatapos ng Hijrah) at tinawag niya itong ((Al-Usul As-Sittah)) ito ay isang sulatin na binigyan kahalagahan ng mga Ulama. Binanggit ng may-akda ng sulatin na ito ang anim na pundasyon na ipinahayag ng Allah ﷻ at Kanyang Sugo ﷺ sa malinaw at maliwanag na pagpapahayag, ganumpaman marami sa mga tao ang nagkamali rito at lumihis mula sa isinabatas ng Allah ﷻ.

Tunay na natapos natin ang pagpapaliwanag sa sulatin na ito sa paraan na dayagram, tsart at mga talahanayan upang gawin madali at magaan, at ating pinagbatayan ang pagpapaliwanag ni Shaykh Al-Allamah Muhammad bin Saleh Al-Uthaymeen رحمه الله (yumao noong 1421 pagkatapos ng Hijrah), na may mangilan-ngilan karagdagan ayon sa kinakailangan.

Hinihiling natin sa Allah ﷻ na gawin itong Gawain na ito na Dalisay para sa Kanya at gawin itong kapakipakinabang sa sumulat at nagbasa, Dumadalangin ako ng pagpapala at kapayapaan sa Allah para kay Propeta Muhammad gayundin sa kanyang pamilya at mga kasamahan, at sa lahat ng sumusunod sa kabutihan hanggang sa araw ng paglilitis, Al-Hamdulillah Rabbil-Alamin.

Ang Panimula ng Aklat:

Sinabi ng may-akda رَحْمَةُ اللَّهِ:

Bismillahir Rahmanir Raheem

Sa Ngalan ng Allah, Ang Maawain, Ang Mahabagin

Mula sa pinakakahanga-hangang mga bagay at pinakadakilang mga palatandaan na tumutukoy sa kapangyarihan ng Hari, Ang Lumulupig; ay ang anim na mga pundasyon na ipinaliwanag ng Allah سُبْحَانَهُ وَتَعَالَى, sa pinakamalinaw na paraan para sa mga karaniwang tao na Ito (ay ganap na ipinaliwanag) na lampas sa imahinasyon ng sinuman.

Pagkatapos ng lahat ng ito, marami sa mga intelektuwal ng mundo at mga henyo mula sa mga anak ni Adan, maliban sa iilan ang nagkamali sa mga bagay na ito.

Buod ng Anim na Pundasyon:

Unang Pundasyon:

Ang Al-Ikhlās at pagkilala sa kasalungat nito, at ito ang Shirk.

Pangalawang Pundasyon:

Magka-isa sa Relihiyon, at pagbabawal sa pagkawatak-watak

Pangatlong Pundasyon:

Pakikinig at pagsunod sa mga pinuno, na kasalungat nito ang pag-aaklas at pagsuway.

Pang-apat na Pundasyon:

Paglilinao kung ano ang Ilm (kaalaman) at kung sino ang mga Ulama (Iskolar), at ano ang Fiqh at kung sino ang mga Fuqahaa. Isa rin itong paglalahad sa mga sumusubok na gayahin sila ngunit hindi mula sa kanila.

Panlimang Pundasyon:

Paglilinao kung sino ang mga Awliya ng Allah, at ang kasalungat nito na mga Awliya ng Shaytan.

Pang-anim na Pundasyon:

Paghingi ng gabay mula sa Qur'an at Sunnah, at ang kasalungat nito ay pag-iwan sa Qur'an at Sunnah.

Bakit natin pag-aaralan ang Anim na Pundasyon na ito?

[1] Payo ng mga Ulama

[2] Upang malaman ang pundasyon ng Islam, at paniniwala, at pagsasabuhay nito.



Sinimulan ng may-akda رَحْمَةُ اللَّهِ sa pamamagitan ng Basmalah, at ito ang pamamaraan ng mga karamihan sa mga Ulama, ito ay dahil sa:

[1] Pagsunod sa Dakilang Qur'an at sa mga Propeta at mga Sugo عَلَيْهِمُ السَّلَامُ.

[2] Pagbibigay ng Pansin sa Hadith (Ang lahat ng mahalagang bagay) [Hadith] kahit na ito ay isang mahinang Hadith.

[3] Pagsunod sa mga naunang mga Ulama at mga Salaf رَحْمَةُ اللَّهِ.

[4] Paghingi ng pagpapala sa pamamagitan ng pangalan ng Allah تَبَارَكَ وَتَعَالَى

Kahulugan ng Basmalah?

[1] (Bismi):

Ibig sabihin: (Sa Ngalan ng Allah ako ay sumusulat), at ang pag-uuna sa pangalan ng Allah, ito ay dahil paghingi ng pagpapala gamit nito, at maunwan ang pagtatangi.

[2] (Allah):

Ang katagang Allah ay isang Pangngalang pantangi ng nag-iisang panginoon na lumikha sa lahat. ito ang pangalan na sinusundan ng lahat ng iba pang mga pangalan.

[3] (Ar-Rahman):

Ang nagtatalagay ng katangian ng malawak na awa, na sumasaklaw sa lahat ng nilalang.

[4] (Ar-Rahim):

Ang nagdudulot ng habag sa lahat ng sinuman naisin niya mula sa Kanyang alipin.

Nais ba ng may-akda sa Anim na Pundasyon na ito ay ang pagtatangi?

Ang pamantayan: kapag binanggit ang A'dad o bilang sa loob ng Qur'an o Sunnah o sa mga salita ng mga Ulama:

[1] Kapag wala tayong matagpuan sa mga kasulatan ng Qur'an at Sunnah na magdadagdag sa bilang na iyon; ito ay magiging isang "Bilang na Mafhūm": Ibig sabihin ay Hindi maaaring dagdagan; halimbawa: ang bilang ng Arkānul Islām, Arkānul Imān katulad sa Hadīth ni Jibrīl عَلَيْهِ السَّلَامُ.

[2] Kapag matagpuan natin sa mga kasulatan ng Qur'an at Sunnah na Nagdadagdag sa bilang na iyon, ito ay magiging isang "Bilang na hindi Mafhūm": Ibig sabihin ay maaari na dagdagan ito na umaayon sa Qur'an at Sunnah halimbawa: sinabi ng Sugo ng Allāh صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ: (Ang limang bagay na mula sa Fitrah) [Hadith], at sinabi niya pa: ((Layuan ninyo ang pitong nakapipinsalang kasalanan)) [Hadith].



Bakit Binabanggit minsan ang A'dad o bilang, ngunit hindi ito Mafhūm?

Ito ay isang uri ng mabuting pagtuturo ng Sugo ng Allah ﷺ, na kung saan ninanais niya mula sa mga tagapakinig na masaulo at dumikit sa kanilang mga isipan habang sila ay nasa lugar ng pag-aaral, upang sa ganon ay madaling maalala ang mga usapin at aralin pagkatapos dumaan ang maraming panahon; katulad ng sinabi ng Sugo ng Allāh ﷺ: *(Tatlong bagay na aking sinumpaan sa Allah, at inyo itong kabisaduhin: Hindi na babawasan ang kayamanan ng isang alipin na nagbigay ng Sadaqah)* [Hadith]. At ang pamamaraan na ito ay siyang ginamit ng May-akda رَحْمَةُ اللَّهِ ﷺ sa kanyang mga sulatin.

Mahahalagang Bagay:

[1] Ito bang mga Usul Sittah ay napagkasunduan ng mga Ulama?

Oo, Tinukoy ito sa Qur'an at Sunnah, at kasabihan ng mga Sahabah, Salaf, at mga Imam.

[2] Sino ang unang sumulat tungkol sa AL-Usul As-Sittah (Anim na Pundasyon)?

Ang lahat ng nagsulat ng aklat tungkol sa Aqidah ay binanggit ang mga Usul o pundasyon na ito, subalit ang May-akda ng aklat na ito; siya ang kauna-unahan na nagsulat na kung saan ay ibinukod niya at inilagay sa isang aklat.

[3] Paano natin masasaulo ang mga AL-Usul As-Sittah?

Ito ay sa pamamagitan ng pag-alam sa bawat pundasyon at mga kasalungat nito.

Ang mga aklat ba na «Usul Assunnah», at mga aklat na «Aqeedah», at mga aklat na «Sunnah», at aklat na «Al-Usul As-Sittah», ay makakatulad sa nilalaman o magkakaiba?

Ito ay mga aklat sa iisang usapin, subalit ang Ulama ay sadyang inuuri-uri ang mga pamagat ng mga aklat nang sa ganoon ay hindi magsawa ang mag-aaral, o kaya naman bilang karagdagan paliwanag, o ayon sa kalagayan at pangangailangan.

Minsan nagyayari ang pamagat ng aklat na «Usul Assunnah»; katulad ng «Usul Assunnah» ni Imam Ahmad, o «Aqeedah» katulad ng «Al-Aqeedahtu Al-Wasitiyah» ni Shaykhul Islam Ibn Taymiyyah, o «Assunnah» katulad ng «Assunnah» ni Al-Khallal, o «Al-Iman» katulad ng «Al-Iman» ni Ibn Abi Shaybah, o «At-Tawheed» katulad ng «At-Tawheed» ni Ibn Khuzaymah, o «Al-Usul As-Sittah» katulad ng «Al-Usul As-Sittah» ni Al-Imam Al-Mujaddid.



Unang Pundasyon:

Sinabi ng may-akda رَحْمَةُ اللَّهِ:

Ang gawing *Ikhlas* (tapat at Dalisay) ang relihiyon para sa Allah lamang, ang Kataas-taasan, nang bukod-tangi at walang anumang katambal at paglalahad sa kabaligtaran nito na Shirk (pagtambal sa Allah) at (isang paglalahad) na nilinaw ng karamihan sa Qur'an ang pundasyong ito, mula sa iba't ibang mga anggulo, na may mga salita na kahit na ang pinakapulpol na karaniwang tao ay maaaring maunawaan.

Pagkatapos, nang ang (kamangmangan) ay nagpahirap sa karamihan mula sa Ummah na ito, pinagmukha ng Shaytan ang *Ikhlas* na pangmamaliit sa mga matutuwid na tao at pagkukulang sa kanilang mga karapatan, at pinagmukha niya na katanggap-tanggap sa kanila ang Shirk (Pagtatambal) sa Allah sa pagkukunwaring pagmamahal sa mga matuwid at sa kanilang mga tagasunod.

Ang Ikhlas sa Allah

(Ang maglayon ang isang tao sa pagsamba niya na mapalapit sa Allah at upang makamit ang pinakahuling lugar ng kaligayahan), at napapaloob dito:

[1] Ang alipin ay dapat maging Ikhlas sa Allah sa kanyang layunin.

[2] dapat siyang maging Ikhlas sa Allah sa kanyang pagmamahal

[3] dapat siyang maging Ikhlas sa Allah sa kanyang pagluwalhati.

[4] dapat na Ikhlas sa panloob (sa kanyang puso) at sa panlabas

[5] dapat lamang niyang hangarin sa lahat ng gawain ng pagsamba, ang mukha ng Allah at makarating sa Paraiso nito.

Ilang mga Talata sa Qur'an Hinggil sa Al-Ikhlas:

[1]

﴿قُلْ إِن صَّلَاةٍ وَسُكُوتٍ وَمَمَاجٍ لِلَّهِ رَبِّ الْعَالَمِينَ﴾



((Sabihin, "Tunay na ang aking obligadong pagdarasal, mga pagkatay, pamumuhay at kamatayan ay para sa Allah, ang Panginoon ng mga nilikha.)) [6:162]

[2]

﴿وَمَا أُمِرُوا إِلَّا لِيَعْبُدُوا اللَّهَ مُخْلِصِينَ لَهُ الدِّينَ﴾

((Hindi sila pinag-utusan liban na lamang na sambahin ang Allah nang dalisay sa Kanyang relihiyon.)) [98:5]

[3]

﴿وَمَا أَرْسَلْنَا مِنْ قَبْلِكَ مِنْ رَسُولٍ إِلَّا نُوحِي إِلَيْهِ أَنَّهُ لَا إِلَهَ إِلَّا أَنَا فَاعْبُدُونِ﴾

((Hindi Kami nagpadala ng nauna sa iyo na sugo liban na lamang na ipinahayag Namin sa kanya na, 'Walang diyos na marapat sambahin liban sa Akin, kaya sambahin ninyo Ako.')) [21:25]

Ilang mga Hadith Hinggil sa Al-Ikhlâs:

[1]

أَنَّ رَجُلًا قَالَ: مَا شَاءَ اللَّهُ وَشِئْتُ، فَقَالَ النَّبِيُّ ﷺ: «أَجَعَلْتَنِي لِلَّهِ نِدَاءً؟ بَلْ مَا شَاءَ اللَّهُ وَحْدَهُ»، أَخْرَجَهُ أَحْمَدُ.

May isang lalaki na nagsabi: Mashaallah Wa Shi'ta (Kung ano ang naisin ng Allah at ninais mo), kaya't sinabi ng Propeta ﷺ: "Ginawa mo ba akong para sa Allah na katambal? Bagkus sabihin mo: Mashaallah Wahdah (Kung ano ang naisin ng Allah lamang)" [Iniulat ni Ahmad].

[2]

قَوْلُهُ ﷺ: «مَنْ حَلَفَ بِغَيْرِ اللَّهِ فَقَدْ كَفَرَ أَوْ أَشْرَكَ»، أَخْرَجَهُ أَحْمَدُ وَأَبُو دَاوُدَ وَالتِّرْمِذِيُّ.

Sinabi ng Propeta ﷺ: "Sinuman ang sumumpa maliban pa sa Allah, tiyak siya ay naging isang Kafir o Mushrik" [Iniulat ni Ahmad, Abu Dawud, at At-Tirmidhiy].

[3]

قَوْلُهُ ﷺ: «يَا أَيُّهَا النَّاسُ؛ قُولُوا بِقَوْلِكُمْ، وَلَا يَسْتَهْوِيَنَّكُمُ الشَّيْطَانُ، أَنَا مُحَمَّدٌ بْنُ عَبْدِ اللَّهِ بْنِ عَبْدِ اللَّهِ وَرَسُولُهُ، مَا أُحِبُّ أَنْ تَرْفَعُونِي فَوْقَ مَنْزِلَتِي الَّتِي أَنْزَلَنِي اللَّهُ ﷻ»، أَخْرَجَهُ أَحْمَدُ.

Sinabi ng Propeta ﷺ: "O mga tao sabihin niyo na ang mga salita ninyo, huwag ninyong hayaan na linlangin kayo ng Shaytan, Tunay na Ako si Muhammad, ang alipin ng Allah at Kanyang Sugo, Hindi ko gusto na itaas niyo ako sa aking katayuan na ibinigay sa akin ng Allah ﷻ" [Iniulat ni Ahmad].

Ang Salungat ng Ikhlas ay Shirk

[1]

﴿إِنَّ اللَّهَ لَا يَغْفِرُ أَنْ يُشْرَكَ بِهِ وَيَغْفِرُ مَا دُونَ ذَلِكَ لِمَنْ يَشَاءُ﴾

((Tunay na ang Allah ay hindi magpapatawad sa kasalanan na Siya ay pagtatambalan subalit Siya ay magpapatawad sa iba pa liban dito para sa sinumang Kanyang naisin.)) [4:48].

[2]

﴿وَلَقَدْ بَعَثْنَا فِي كُلِّ أُمَّةٍ رَسُولًا أَنِ اعْبُدُوا اللَّهَ وَاجْتَنِبُوا الطَّاغُوتَ﴾

((Tunay na Nagpadala Kami sa lahat ng nasyon ng Sugo na nagsasabing, 'Sambahin ninyo ang Allah at layuan ang mga diyus-diyosan.')) [16:36].

[3]

وَقَالَ ﷺ: «مَنْ لَعِيَ اللَّهَ لَا يُشْرِكُ بِهِ شَيْئًا دَخَلَ الْجَنَّةَ، وَمَنْ لَعِيَ يُشْرِكُ بِهِ شَيْئًا دَخَلَ النَّارَ»، أَخْرَجَهُ مُسْلِمٌ.

Sinabi ng Propeta ﷺ: "Sinuman ang makatagpo niya ang Allah na hindi nagtatambal sa Kanya ng anumang bagay ay makapasok ng Paraiso, at sinuman ang makatagpo niya Siya na nagtatambal sa Kanya sa anumang bagay ay makapasok sa Impiyerno" [Iniulat ni Muslim]

Uri ng Shirk:

[1] Shirk Akbar (Malaking Shirk) na nagiging sanhi ng paglabas ng isang tao mula sa relihiyon: at ito ang: (lahat ng pagtatambal na direktang binanggit ng batas, at ito ay direktang sumasalungat sa Tawhid).

Halimbawa: Ang manalangin sa mga patay, o manalangin sa isang wala upang humingi ng saklolo sa isang bagay na walang makagagawa nito maliban sa isang nasa presensya.

[2] Shirk Asghar (Maliit na Shirk) na hindi nagiging sanhi ng paglabas ng isang tao mula sa relihiyon: at ito ang: (bawat kilos o salita na direktang binanggit ng batas at inilarawan itong pagtatambal, subalit hindi ito direktang nagpapawala sa Tawhid).

Halimbawa: Ang pagsumpa sa iba maliban pa sa Allah, at Riya' o pagpapakitang tao.



Ang mga anta ng ipinagbabawal

[1] Shirk Akbar

[2] Shirk Asghar

[1] Kabair

[1] Saghair

Pagkakaiba sa pagitan ng Shirk Akbar at Shirk Asghar

[1] Shirk Akbar

- Nag-aalis mula sa Islam.
- Mapawawalang-bisa ang lahat ng Gawain.
- Pinahihintulutan para sa mga Awtoridad ang pagpatay sa gumagawa nito at kunin ang kayaman nito.
- Mananatili ang gumagawa nito sa Impiyerno nang habang panahon.
- Kapag tinawag sa batas ng Islam na Akbar.
- Ang maniwala sa iba na mayroong itong lihim na pangangasiwa sa sanlibutan at paniniwala na nasa kanyang mga kamay ang pagbibigay ng pakinabang at pagtulak sa kapinsalaan.
- Hindi pinapatawad kung ito ay namatay rito.

[2] Shirk Asghar

- Hindi nag-aalis sa Islam.
- Mapawawalang-bisa lamang ang mga Gawain na may kahalang Riyā.
- Hindi pinahihintulutan para sa mga Awtoridad ang pagpatay sa gumagawa nito at kunin ang kayaman nito.
- Hindi mananatili ang gumagawa nito sa Impiyerno nang habang panahon.
- Kapag tinawag sa batas ng Islam na Asghar.
- Paniniwala sa isang dahilan o paraan na hindi napatunayan sa batas ng Islam.
- Lahat ng bagay na naging daan patungo sa Shirk Akbar ay maituturing na Shirk Asghar.
- Sa pagpapatawad sa kanya kapag namatay ito sa Asghar ay may pagsasalungat.
- Kapag nabanggit sa batas ng Islam na ang gawain na ito ay isang shirk o kufr at hindi ito tinukoy sa pamamagitan ng (AL) bilang pantukoy.

Ang Pagkatakot mula Shirk:

Ang Shirk ay napakakubli sa lawak at tindi nito ay kinatakutan ito ng khaleel (minamahal na kaibigan) ng Allah at ng Imaam ng Hunafaa (mga taong sumasamba sa Allaah lamang) na si Ibraheem عَلَيْهِ السَّلَام, tulad ng ipinabatid ng Allah ﴿وَأَجَبْنِي وَيَقْ أَنْ تَعْبُدَ إِلَّا هَذَا﴾ Sinabi ni Ibraheem, **(at ilayo mo ako at ang aking mga anak mula sa pagsamba sa mga diyus-diyosan.))** [14:35]. At sinabi ni Ibn Abiy Mulaykah: Naabutan ko ang tatlongpu mula sa Sahabah ng Sugo ng Allah صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَعَلَى آلِهِ وَسَلَّمَ, lahat sila ay kinatakutan ang Nifaq (pagkukunwari) sa kanilang mga sarili” kaya’t walang kampate sa Nifaq maliban sa isang Munafiq, at walang natatakot sa Nifaq maliban sa isang Mu’min” at ang pagkatakot sa Shirk ay mangyayari sa pamamagitan ng mga sumusunod:

[1] Pag-aaral ng Tawheed, Pagsasabuhay nito, at pag-aanyaya tungo rito at pagtitiis sa mga pagsubok

[2] Pag-aaral ng Shirk, at kaalaman tungkol sa mga dahilan nito at mga bunga nito, at ito ay para malayuan ito.

[3] Panalangin at paghingi ng tulong mula sa Allah
سُبْحَانَكَ وَتَعَالَى

[4] Pagpapabatid ng kawalang kinalaman sa Shirk at mga tauhan nito, at paglayo sa kanila upang hindi mapabilang sa kanila.

Pangalawang Pundasyon

Sinabi ng may-akda رَحْمَةُ اللَّهِ:

Ipinag-utos ng Allah ang Magka-isa sa Relihiyon, at ipinagbawal niya ang pagkawatak-watak rito.

Ipinaliwanag ito ng Allah, nang malinaw at sapat na pagpapaliwanag, sa paraang nauunawaan kahit ng mga karaniwang tao. At pinagbawalan tayo na matulad sa mga silang nauna sa atin na nagkawatak-watak, at nagkasalungat-salungat at ito ang sanhi ng kanilang pagkawasak. At binanggit ng Allah na Kanyang ipinag-utos na mga Muslim na magkaisa sa relihiyon at pinagbawalan sila sa paghihiwa-hiwalay rito.

Ito ay higit na nilinaw ng mga kamangha-manghang (mga pagsasalaysay) na matatagpuan sa Sunnah, na nauukol dito.

At pagkatapos, Ito ay nabaligtad nang labis kung kaya't, ang paghihiwalay tungkol sa mga pangunahing bagay at mga sangay ng relihiyon ay tiningnan bilang kaalaman at pag-unawa sa relihiyon at ang pagkakaisa sa relihiyon walang nagsasabi nito maliban na siya ay itinuturing na baliw o isang erehe.

Ilang mga Talata sa Qur'an Hinggil sa Ijtima' (Pagkakaisa):

[1]

﴿وَأَعِصْمُوا بِحَبْلِ اللَّهِ جَمِيعًا وَلَا تَفَرَّقُوا وَاذْكُرُوا نِعْمَتَ اللَّهِ عَلَيْكُمْ إِذْ كُنْتُمْ أَعْدَاءً فَأَلَّفَ بَيْنَ فُلُوبِكُمْ فَأَصْبَحْتُمْ بِنِعْمَتِهِ إِخْوَانًا وَكُنْتُمْ عَلَى شَفَا حُفْرٍ مِنَ النَّارِ فَأَنْقَذَكُمْ مِنْهَا﴾

((Kumapit kayo sa lubid ng Allah lahat-lahat at huwag maghiwa-hiwalay. Alalahanin ninyo ang biyaya ng Allah sa inyo nang kayo noon ay magkakaaway ngunit pinaglapit Niya ang inyong mga puso at kayo sa Kanyang biyaya ay naging magkakapatid. Kayo ay nasa bingit na ng Impiyerno at iniligtas Niya kayo mula rito.)) [3:103].

[2]

﴿وَلَا تَكُونُوا كَالَّذِينَ تَفَرَّقُوا وَاخْتَلَفُوا مِنْ بَعْدِ مَا جَاءَهُمُ الْبَيِّنَاتُ وَأُولَئِكَ لَهُمْ عَذَابٌ عَظِيمٌ﴾

((Huwag maging katulad ng mga nagkawatak-watak at nagtalu-talo matapos na dumating sa kanila ang malilinaw na patunay. Para sa kanila ang parusang matindi.)) [3:105].

[3]

﴿إِنَّ الَّذِينَ فَرَّقُوا دِينَهُمْ وَكَانُوا شِيَعًا لَأَنتَ مِنْهُمْ فِي شَيْءٍ﴾

((Tunay na yaong mga naghati-hati sa kanilang relihiyon at naging mga sekta, ikaw O Muhammad ay walang kinalaman sa kanila na kahit na ano.)) [6:159].

[3]

﴿وَلَا تَنَزَعُوا فَتَفْشَلُوا وَتَذْهَبَ رِجُوكُمْ﴾

((at huwag magtalu-talo dahil kayo ay masisiraan ng loob at manghihina.)) [8:46].



Ilang mga Hadith Hinggil sa Ijtima' (Pagkakaisa):

[1] «الْمُسْلِمُ أَخُو الْمُسْلِمِ، لَا يَظْلِمُهُ، وَلَا يَخْذُلُهُ، وَلَا يَحْقِرُهُ، التَّقْوَى هَهُنَا، التَّقْوَى هَهُنَا -وَيُشِيرُ إِلَى صَدْرِهِ-، بِحَسْبِ امْرِئٍ مِنَ الشَّرِّ أَنْ يَحْقِرَ أَخَاهُ الْمُسْلِمَ، كُلُّ الْمُسْلِمِ عَلَى الْمُسْلِمِ حَرَامٌ، دَمُهُ، وَعَرَضُهُ، وَمَالُهُ»، مُتَّفَقٌ عَلَيْهِ.

“Ang Muslim ay kapatid ng Muslim. Hindi niya inaapi ito. Hindi niya ito iniwan. Hindi niya ito hinahamak. Ang Taqwa ay narito. (Itinuturo niya ang dibdib niya nang tatlong ulit.) Sapat na sa isang tao bilang kasamaan na hamakin niya ang kapatid niyang Muslim. Lahat ng nasa Muslim sa kapwa Muslim ay hindi nilalabag: ang dugo niya, ang yaman niya, at ang dangal niya” [Iniulat ni Bukhari at Muslim].

[2] «لَا تَحَاسَدُوا، وَلَا تَبَاغَضُوا، وَلَا تَجَسَّسُوا، وَلَا تَحَسَّسُوا، وَلَا تَنَاجَشُوا، وَكُونُوا عِبَادَ اللَّهِ إِخْوَانًا»، مُتَّفَقٌ عَلَيْهِ.

“Huwag kayong mag-inggitan. Huwag kayong magmuhian. Huwag kayong magtitikan. Huwag kayong magpataasan sa tawad. Maging mga lingkod kayo ng Allah bilang magkakapatid. [Iniulat ni Bukhari at Muslim].

[3] «الْمُؤْمِنُ لِلْمُؤْمِنِ كَالْبَيْنَانِ، يُشَدُّ

بَعْضُهُ بَعْضًا»، مُتَّفَقٌ عَلَيْهِ.

“Ang mga mananampalatayang muslim ay parang gusali na sinusupportahan nila ang bawat isa” [Iniulat ni Bukhari at Muslim].

Sa parehong paraan ay ipinagbawal ng Propeta ﷺ ang lahat ng bagay na humahantong sa paghihiwalay at pagkakawatak-watak ng mga Muslim. At inutusan niya ang mga mananampalataya na magkaroon ng pagmamahalan sa isa't isa, magkaisa, maghangad ng mabuti para sa isa't isa na magtulungan sa katuwiran at kabanalan, at gawin ang mga hakbang na ito na magpapatibay at magpapatatag rito.

Pag-uugali ng mga Sahabah:

Naganap ang pagkakaiba-iba o *Ikhtilaf* sa mga Sahabah, nawa'y kaluguran sila ng Allah, ngunit hindi ito naging sanhi ng paghihiwalay, poot, at pag-aaway. Kahit na noong panahon na ang Propeta ﷺ noong nabubuhay pa, ang mga Sahabah ay nagkakaiba-iba at ang Sugo ng Allah ﷺ ay naroroon sa kanilang kalagitnaan. Ang isang malinaw na paglalarawan nito ay nang matapos ang Propeta ﷺ mula sa labanan sa Ahzab, si Jibreel عَلَيْهِ السَّلَام ay lumapit sa kanya at inutusan siyang ilabas ang Banu Quraidhah dahil nilabag nila ang kasunduan. Ang Propeta ﷺ ay nagsabi sa kanyang mga Sahabah: “Walang sinuman ang magdadasal ng Asr maliban sa pagdating doon sa lugar ng Banu Quraidhah” [Iniulat ni Bukhari at Muslim]. Dahil sa pangamba na makaligtaan ang oras ng Salah, ang iba sa kanila ay nagsabi: Kaya't ating pinakinggan at sinusunod. Sinabi ng iba: Magdarasal tayo sa tamang oras, dahil nilayon ng Propeta ﷺ sa Kanyang pahayag na tayo ay magmadali at magmadaling umalis. Ang mga Sahabah mismo, ay hindi kailanman nahati dahil sa kanilang pagkaunawa sa isang hadith ng Sugo ng Allah ﷺ ni hindi sila naging masidhi sa bawat isa sa kanila.

Ang pag-unawa at pagpapatupad ng Salaf رَحْمَةُ اللَّهِ:

Isa sa mga pangunahing alituntunin ng Ahlus-Sunnah Wal Jamaa'ah, kapag nakikitungo sa mga pagkakaiba ng opinyon na nagreresulta mula sa Ijtihad (independiyenteng pangangatwiran ng mga iskolar) at nasa mga lugar kung saan ang pagkakaiba ay katanggap-tanggap, ay ang pagpapaumanhin nila sa isa't isa para dito. Hindi sila napopoot, o nagpapakita ng inggit sa isa't isa.



Kabilang sa mga pagpapakita ng pagkakaisa sa batas ng Islam:

Mayroon tayong iisang Khalifah o pinuno.	Iisang Qiblah natin	Isang batas ang sinasabuhay natin.	Sinusunod natin ang isang propeta.	Nagtitipon tayo para sambahin ang iisang Panginoon.
Ang mga tao sa iba't ibang mga bansa ay nagtitipon sa lupain ng Arafah.	At tayo ay nagtitipon tuwing Eid al-Fitr, maging ang mga babae at lalaki, nang hindi naghahalo.		Ang mga tao sa isang bansa ay nagkikita tuwing Biyernes.	Tayo ay nagtitipon sa bawat kapitbahayan ng limang beses para sa mga obligadong pagdarasal.

Pansinin:

Ang Hadith na «اِخْتِلَافُ أُمَّتِي رَحْمَةٌ» “Ang pagsasalungat ng aking nasyon ay habag”; Hindi ito matibay na Hadith; kaya’t hindi maaaring ipangatwiran ito, bagkus kapag nangyari na ang pagsasalungat ay habag, ano nalamang ay mangyayari sa pagkakasundo?!



Pangatlong Pundasyon

Sinabi ng may-akda رَحِمَهُ اللهُ:

Katotohanang mula sa kaganapan ng pagkakaisa ay ang pakikinig at pagsunod sa sinuman na naging pinuno sa atin, kahit na ito ay isang alipin ng Abyssinian.

Ipinaliwanag ito ng Allah nang malinaw at sapat sa maraming paraan, kapwa sa batas (sa mga teksto ng Qur'an at Sunnah) at sa Tadhana.

Sa pagpapatuloy ng panahon, ang pundasyong ito ay hindi alam ng marami sa mga nag-aangkin ng kaalaman, kaya paano ito maaaksyunan?

Ang Pagkikinig at Pagsunod sa Pinuno ay magyayari sa pamamagitan ng:

[1] Pagsasabuhay sa lahat ng ipinag-utos ng Allah

[2] At pag-iwan sa lahat ng ipinagbawal Niya.

Ilang mga Talata sa Qur'an Hinggil sa obligadong pagsunod sa pinuno:

[1] ﴿يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا أَطِيعُوا اللَّهَ وَأَطِيعُوا

الرَّسُولَ وَأُولِيَ الْأَمْرِ مِنْكُمْ﴾

((O mga nanampalataya, sundin ninyo ang Allah, sundin ninyo ang Sugo at ang mga may autoridad sa inyo.)) [8:59].

[2] ﴿وَأَطِيعُوا اللَّهَ وَرَسُولَهُ وَلَا تَنَازَعُوا

فَتَفْشَلُوا وَتَذْهَبَ رِجَالُكُمْ﴾

((Sundin ninyo ang Allah at ang Kanyang Sugo at huwag magtalutalo dahil kayo ay masisiraan ng loob at manghihina.)) [8:46].

[3] ﴿وَأَعْتَصِمُوا بِحَبْلِ اللَّهِ جَمِيعًا وَلَا تَفَرَّقُوا﴾

((Kumapit kayo sa lubid ng Allah lahat-lahat at huwag maghiwa-hiwalay.)) [3:103].



Ilang mga Hadith Hinggil sa obligadong pagsunod sa pinuno:

[1] بَايَعْنَا رَسُولَ اللَّهِ ﷺ عَلَى السَّمْعِ وَالطَّاعَةِ فِي مَنْشَطِنَا وَمَكْرَهِنَا، وَعُسْرِنَا وَيُسْرِنَا، وَأَثَرَةٍ عَلَيْنَا، وَأَنْ لَا نُنَازِعَ الْأَمْرَ أَهْلَهُ، قَالَ: إِلَّا أَنْ تَرَوْا كُفْرًا بَوَاحًا عِنْدَكُمْ مِنَ اللَّهِ فِيهِ بُرْهَانٌ، مُتَّفَقٌ عَلَيْهِ.

“Nakipagkasundo kami sa Sugo ng Allah ﷺ sa pakikinig at pagsunod sa hirap at ginhawa, at sa Kasiglaan at Pagkamunghi, at sa pagpapa-inam sa amin, At ang hindi kami makipagtalo sa mga tagapamahala maliban kapag nakita sa inyo ang lantad na hindi pananampalataya sa Allah ﷻ na may sapat na katibayan” [Iniulat ni Bukhari at Muslim].

[2] «مَنْ رَأَى مِنْ أَمِيرِهِ شَيْئًا فَلْيَصْبِرْ، فَإِنَّهُ مَنْ فَارَقَ الْجَمَاعَةَ شَبْرًا فَمَاتَ؛ فَمِيتُهُ جَاهِلِيَّةٌ»، مُتَّفَقٌ عَلَيْهِ.

“Sinuman na nakita niya sa kanyang pinuno ang hindi niya gusto, dapat siyang magpakita ng pasensya, sapagka't siya na iniwan ang pangkat (ng Kamusliman) ng isang pulgada, ay mamatay tulad ng mga namatay sa mga Araw ng Kamangmangan.” [Iniulat ni Bukhari at Muslim].

[3] «مَنْ خَلَعَ يَدًا مِنَ الطَّاعَةِ لِقِيِّ اللَّهِ يَوْمَ الْقِيَامَةِ لَا حُجَّةَ لَهُ»، أَخْرَجَهُ مُسْلِمٌ.

“Ang sinumang nag-urong ng kanyang kamay mula sa pagsunod (sa pinuno) ay hindi makakatagpo ng anumang argumento (sa kanyang pagtatanggol) kapag siya ay tumayo sa harapan ng Allah sa Araw ng Muling Pagkabuhay” [Iniulat ni Muslim].

Ang sinumang tumingin sa kalagayan ng Ummah sa buong kasaysayan ay makikita na:

[1] Nang mahigpit silang kumapit sa kanilang relihiyon at nagkakaisa rito, at Iginagalang ang kanilang mga pinuno at sinunod sila sa lahat ng bagay na ayon sa batas ay naging sa kanila ang mataas sa katayuan at makapangyarihang puwersa sa kalupaan.

[2] Ngunit nang ang bansang Islamiko ay gumawa ng Bid'ah at winatak-watak ang relihiyon, naghimagsik laban sa kanilang mga pinuno at nag-alsa laban sa kanila, at naging mga sekta; ang paggalang at takot ay nawala mula sa mga puso ng kanilang mga kaaway, Nagtatalo at nag-aaway ang (Muslim), kaya nawalan sila ng amor at lakas ng loob. Ang mga bansa ay nag-imbata sa isa't isa laban sa kanila at sila ay naging mga hamak na tao tulad ng dumi ng tubig.

Obligado sa ating lahat kapwa ang mga namumuno at ang pinamumunuan:

Ang itaguyod kung ano ang inubliga ng Allah sa atin tulad ng pagmamahal, pagtutulungan sa katuwiran at kabanalan, at pagkakaisa upang tayo ay maging matagumpay. Kinakailangan na magkaisa sa katotohanan at makipagtulungan dito. Dapat tayong maging tapat sa lahat ng ating mga aksyon at dapat tayong lahat ay magsikap na makamit ang parehong layunin; upang maituwid ang estado ng bansa, ayon sa relihiyon at makamundo hangga't maaari. Hinding-hindi ito magiging posible maliban kung tayo ay magkaisa at umiwas sa mga alitan at komprontasyon na walang kabuluhan, maaaring maging sanhi (sa atin) na mawalan tayo sa ating layunin at masira ang mga naitayo na.



Kabilang sa mga bagay na makatutulong sa pagsunod at hindi pag-aalsa:

- Ang Ipanalangin ang mga pinuno at iskolar, at mahalín sila.
- Ang Jannah ay hinahangad lamang sa Allah, at ang Biyaya ay hinahanap lamang sa Allah. Sinabi ng Allah عَزَّوَجَلَّ:

﴿وَتَوَكَّلْ عَلَى الْبَاقِي الَّذِي لَا يَمُوتُ﴾

((Manalig sa Buhay na hindi namamatay)) [25:58].

- Huwag matulad sa mga tao na kung binigyan ay malulugod at kung hindi mabibigyan ay mapupoot.
- Ang Du'a: «اللَّهُمَّ اكْفِنِي بِحَلَالِكَ عَنْ حَرَامِكَ، وَأَغْنِنِي بِفَضْلِكَ عَمَّنْ سِوَاكَ».
- Ikapit ang iyong sa Allah lamang, at huwag sa mga pinuno, Ulama, Ministro, at mayayaman.
- Ang Hadith na «لَا يَفْرُكُ مُؤْمِنٌ مُؤْمِنَةً» “Huwag mo kamuhian ng lalaking mananampalataya ay isang babaeng mananampalatay”, sinabi ni As-S’idiy رَحِمَهُ اللَّهُ: (Ang hatol na ito ay maisasakatuparan rin sa mga pinuno).
- Ang ating panawagan ay isang pagsasa-ayos, na may kinalaman sa pagreporma o pagsasa-ayos sa indibidwal at lipunan.
- Basahin ang mga talambuhay ng mga Salaf, at kung paano sila kasama ng mga pinuno.
- Huwag masyadong manood ng mga balita.

Pang-apat na Pundasyon

Sinabi ng may-akda رَحْمَةُ اللَّهِ:

Paglililaw kung ano ang *Ilm* (kaalaman) at kung sino ang mga *Ulama* (Iskolar), at ano ang *Fiqh* at kung sino ang mga *Fuqahaa*. Isa rin itong paglalahad sa mga sumusubok na gayahin sila ngunit hindi mula sa kanila.

Ipinaliwanag ng Allah ang pundasyong ito sa simula ng Surah Al-Baqarah sa Kanyang sinabi:

﴿يٰۤاَيُّهَاۤ اِسْرٰٓءٰٓءِيْلُ اذْكُرُوْا نِعْمَتِيْ الَّتِيْۤ اَنْعَمْتُ عَلَيْكُمْ ۚ﴾

((O Angkan ng Israel, alalahanin ninyo ang Aking biyaya na ibinigay Ko sa inyo)) [2:40]

hanggang sa Kanyang sinabi:

﴿يٰۤاَيُّهَاۤ اِسْرٰٓءٰٓءِيْلُ اذْكُرُوْا نِعْمَتِيْ الَّتِيْۤ اَنْعَمْتُ عَلَيْكُمْ وَاَنِّۤىۤ فَضَّلْتُكُمْ عَلَىۤ الْعٰلَمِيْنَ ۝ۙ﴾

((O Angkan ng Israel, alalahanin ninyo ang Aking mga biyaya na ibinigay Ko sa inyo na kayo ay hinirang Ko sa lahat ng nilikha.)) [2:47].

Ito ay higit na pinaliwanag: sa tuwirang binanggit sa Sunnah, na may maraming paglalarawan na malinaw at payak para sa kahit na ang pinakapulpol na karaniwang tao ay maunawaan ito.

Sa kalaunan, itong (pundasyon) ang naging kataka-takang mga bagay! at ang *Ilm* at *Fiqh* ay itinuring na mga inobasyon at pagkaligaw. Ang pinakamainam na tinaglay nila ay: katotohanan na nahaluan ng kasinungalingan. Walang sinuman ang nagsalita tungkol sa kaalaman na ipinag-uutos ng Allah sa Kanyang nilikha at pinuri Niya maliban na sila ay itinuturing na isang erehe o baliw! Bukod dito, ang mga pumuna ay napopoot at nagsulat ng mga babala laban dito ay itinuturing bilang isang Faqeeh (Pantas) at Aleem (Maalam)!!

Ang Kaalaman ay dalawang uri:

[1] Kaalaman sa Batas ng Islam at anumang may kaugnayan rito:

At ito ang: (Kaalaman na ipinahayag ng Allah sa Sugo Niya tulad ng mga katibayan at patnubay).

Ito ang siyang may kapurian, at ito ang pinanggagalingan ng mensahe ng Qur'an at Sunnah.

[2] Kaalaman sa Mundo:

Tulad ng: Medisina, inhinyero, at iba pa, at ito ay may kalagayan:

[a] Kung ito ay magdadala tungo sa kabutihan; ito ay Mabuti.

[b] Kung ito ay magdadala tungo sa kasamaan; ito ay Masama.

[c] Kung ito ay hindi magdadala tungo sa kabutihan o kasamaan; ito ay isang pag-aaksaya at walang kwenta.



Ilang mga katibayan Hinggil sa papuri sa Kaalaman:

[1] ﴿قُلْ هَلْ يَسْتَوِي الَّذِينَ يَعْلَمُونَ وَالَّذِينَ لَا يَعْلَمُونَ إِنَّمَا يَتَذَكَّرُ أُولُو الْأَلْبَابِ﴾



((Sabihin, 'Magkatulad ba ang mga nakakaalam at ang mga hindi nakakaalam?' Ang mga nakakaalala lamang ay ang mga taong may bukas na pag-iisip.)) [39:9]

[2] قوله ﷺ: «إِنَّ الْأَنْبِيَاءَ لَمْ يَوْرُثُوا دِينَارًا وَلَا دِرْهَمًا، إِنَّمَا وَرَثُوا الْعِلْمَ، فَمَنْ أَخَذَهُ أَخَذَ بِحِطٍّ وَافِرٍ»، أخرجه أحمد وبعض أصحاب «السنن».

Sinabi ng Propeta ﷺ: "Tunay na ang mga Propeta ay hindi nagpamana ng Ginto o ni Pilak, subalit sila ay nagpamana lamang ng kaalaman, at sinuman ang nakakuha ng pamanang ito ay nakakuha ng pinakamaraming bahagi ng kabutihan." [Iniulat sa mga aklat ng Sunan].

[3] قوله ﷺ: «مَنْ يُرِدِ اللَّهُ بِهِ خَيْرًا يُفْقِهِهُ فِي الدِّينِ»، مُتَّفَقٌ عَلَيْهِ.

Sinabi ng Propeta ﷺ: "Sinuman ang gustuhin ng Allah para sa kanya ay kabutihan, pinapa-unawa siya sa relihiyon" [Iniulat ni Bukhari at Muslim.]

Ilang sa Kahigitan ng Kaalaman

[1] Iniaangat ng Allah ang mga silang nagtatangan ng kaalaman dito sa Mundo sa pagitan ng mga alipin Niya ayon sa kung ano ang ginawa nila, at sa kabilang buhay ay iaangat naman ang kanilang mga antas sa Paraiso.

[2] Ang Kaalaman ay kabilang sa maiwan ng tao matapos ang kanyang kamatayan.

«إِذَا مَاتَ الْعَبْدُ انْقَطَعَ عَمَلُهُ إِلَّا مِنْ ثَلَاثَةٍ: صَدَقَةٍ جَارِيَةٍ، أَوْ عِلْمٍ يُنْتَفَعُ بِهِ...»، أخرجه مسلم.

"Kapag namatay ang tao naputol na ang kanyang mga gawain maliban sa tatlo: isang tuloy-tuloy na Kawanggawa, o kaalaman sa Islam na napapakinabangan, o matuwid na anak na nananalangin para sa kanya." [Iniulat ni Muslim].

[3] Ipinahintulot ang kaalaman na kainggitan:

«لَا حَسَدَ إِلَّا فِي اثْنَتَيْنِ: رَجُلٌ آتَاهُ اللَّهُ مَالًا فَاسْلَطَهُ عَلَى هَلَكَةٍ فِي الْحَقِّ، وَرَجُلٌ آتَاهُ اللَّهُ حِكْمَةً فَهُوَ يَقْضِي بِهَا وَيُعَلِّمُهَا»، مُتَّفَقٌ عَلَيْهِ.

"Walang dapat kainggitan maliban sa dalawa: taong pinagkalooban ng Allah ng yaman at kanya itong ginugol sa katotohanan (at kabutihan), at taong pinagkalooban ng Allah ng Hikmah (kaalaman at karunungan sa Islam) at sa pamamagitan nito siya ay naghahatol at itinuturo niya ito." [Iniulat ni Bukhari at Muslim].

[4] Ito ang pamana ng Propeta ﷺ:

«إِنَّمَا وَرَثُوا الْعِلْمَ».

"subalit sila ay nagpamana lamang ng kaalaman"

[5] Ito ay liwanag na nagbibigay ilaw sa tao; kaya't malalaman niya kung paano sasambahin ang Panginoon niya, at paano makitungo sa iba.

[6] Ang isang Aleem ay isang liwanag na nagpapatnubay dito ang mga tao sa mga usaping panrelihiyon at pangmakamundo.

Ang obligado sa atin:

Obligadong kilalanin kung sino ang tunay na mga iskolar, Ang mga tunay na iskolar ay yaong mga indibidwal na pinatnubayan ng wastong matalinong mga guro (Ar-Rabbaaniyyoon), yaong mga nagtuturo sa mga tao tungkol sa Sharee'ah ng kanilang panginoon. At kabilang sa mahalagang palatandaan nila: Ang pangangatwiran gamit ang Qur'an at Sunnah, pagtahak sa landas ng mga Salaf, pagsasabuhay sa kaalaman, maraming pagsamba, pagsaksi para sa kanila ng mga Ulama, at pagbibigay ng babala nila mula sa Shirk at Bid'ah.

Panlimang Pundasyon

Sinabi ng may-akda رَحْمَةُ اللَّهِ:

Paglilina ng Allah سُبْحَانَهُ وَتَعَالَى sa kung sino ang mga Awliyaa (mga kaibigan ng Allah) at ang Kanyang pagkakaiba sa pagitan nila at ng mga kaaway ng Allah, ang mga mapagkunwari at mga makasalanan, na tumutulad sa kanila.

Ang isang talata sa Surah Ali-Imran ay sapat na upang (linawin ang pundasyong ito) at ito ay ang Kanyang sinabi:

﴿قُلْ إِنْ كُنْتُمْ تُحِبُّونَ اللَّهَ فَاتَّبِعُونِي يُحْبِبْكُمُ اللَّهُ وَيَغْفِرْ لَكُمْ ذُنُوبَكُمْ وَاللَّهُ غَفُورٌ رَحِيمٌ ٣١﴾

((Sabihin O Muhammad, 'Kung kayo ay nagmamahal sa Allah ay sundin ninyo ako at mamahalin kayo ng Allah at patatawarin ang inyong mga kasalanan. Ang Allah ang Mapagpatawad at Maawain.)) [3:31].

At ang talata sa Surah Al-Ma'idah at ito ay Kanyang sinabi:

﴿يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا مَنْ يَرْتَدَّ مِنْكُمْ عَنْ دِينِهِ فَسَوْفَ يَأْتِي اللَّهَ بِقَوْمٍ حُسْنِهِمْ وَيُؤْتِيَهُمْ﴾

((O mga nanampalataya, sinumang tumalikod sa inyo sa relihiyon ay maglalagay ang Allah ng mga taong minamahal Niya at nagmamahal sa Kanya.)) [5:54].

At ang talata sa Surah Yunus, at ito ay Kanyang sinabi:

﴿أَلَا إِنَّ أَوْلِيَاءَ اللَّهِ لَا خَوْفٌ عَلَيْهِمْ وَلَا هُمْ يَحْزَنُونَ ٦١ الَّذِينَ آمَنُوا وَكَانُوا يَتَّقُونَ ٦٢﴾

((Tunay na ang mga kakampi ng Allah ay walang takot para sa kanila at hindi sila malulungkot. Yaong mga nanampalataya at may takot sa Allah.)) [10:63-62].

Pagkatapos, ang mga bagay ay bumaligtad, kaya't marami sa mga nag-aangking may kaalaman, nag-aangking mga gabay para sa paglikha at nag-aangking tagapagtanggol ng relihiyon ay naniniwala na kinakailangan para sa mga Awliyaa na umiwas sa pagsunod sa mga Sugo, at sinuman ang sumunod sa mga sugo, ay hindi maituturing na isang Wali! At naniniwala rin sila na kinakailangang umiwas sa Jihad, kaya't sinuman ang magsagawa ng Jihad ay hindi maituturing na isang Wali! At naniniwala sila na kinakailangang talikuran ang Imaan (paniniwala) at Tawqa (kabanalan), at ang sinumang nagpatibay ng Imaan at Tawqa, na kumilos ayon sa mga utos ng Shar'eerah at lumayo sa mga pagbabawal nito ay hindi maituturing na isang Wali! O aming panginoon, kami ay humihingi sa iyo ng kapatawaran at kaligtasan, katotohanang ikaw ang Dumirinig ng pagsusumamo.

Paano natin makikilala ang Awliya ng Allah?

Sila ang mga nanampalataya sa Allah, at may mga takot sa Kanya, at naging matuwid sa Kanyang relihiyon, Sinabi ng Allah سُبْحَانَهُ وَتَعَالَى:

﴿أَلَا إِنَّ أَوْلِيَاءَ اللَّهِ لَا خَوْفٌ عَلَيْهِمْ وَلَا هُمْ يَحْزَنُونَ ٦١ الَّذِينَ آمَنُوا وَكَانُوا يَتَّقُونَ ٦٢﴾

﴿يَتَّقُونَ ٦٢﴾

((Tunay na ang mga kakampi ng Allah ay walang takot para sa kanila at hindi sila malulungkot. Yaong mga nanampalataya at may takot sa Allah.)) [10:63-62].

Ang pag-aangking malapit sa Allah ay isang uri ng Tazkiyyah (pagpupuri sa sarili), at ito ay nagpapakita ng kawalan ng takot sa Allah dahil sinabi ng Allah:

﴿فَلَا تَزِرُ وَازِرَةٌ وِزْرَ أُخْرَىٰ ٥٣ وَأَنفُسُكُمُ هِيَ أَغْلَىٰ ٥٤﴾

((Huwag kayong magmalinis. Siya ang pinakanakakaalam sa pinakamatuwid.)) [53:32].



Binanggit ng may-akda رَحْمَةُ اللَّهِ ang tatlong talata:

[1] ﴿قُلْ إِنْ كُنْتُمْ تُحِبُّونَ اللَّهَ فَاتَّبِعُونِي

يُحِبِّكُمْ اللَّهُ وَيَغْفِرْ لَكُمْ ذُنُوبَكُمْ وَاللَّهُ غَفُورٌ

رَحِيمٌ ﴿٣١﴾

((Sabihin O Muhammad, 'Kung kayo ay nagmamahal sa Allah ay sundin ninyo ako at mamahalin kayo ng Allah at patatawarin ang inyong mga kasalanan. Ang Allah ang Mapagpatawad at Maawain.)) [3:31].

Ang talatang ito ay tinawag na *Ayatul Imtihaan* (ang talata na ipinahayag bilang isang pagsubok). Sinabi ni Al-Hasan Al-Basriy رَحْمَةُ اللَّهِ: Ang mga tao sa panahon ng Propeta صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ ay nagsasabi sila na: O' Sugo ng Allah; Tunay na kami ay nagmamahal sa aming panginoon nang masidhing pagmamahal, kaya't minahal ng Allah na ilagay sa pagmamahal sa Kanya ang kaalaman; kaya't ipinahayag ang talatang ito.

[2] ﴿يَا أَيُّهَا الَّذِينَ ءَامَنُوا مَنْ يَرْتَدَّ مِنْكُمْ عَنْ دِينِهِ

فَسَوْفَ يَأْتِي اللَّهَ بِقَوْمٍ يُحِبُّهُمْ وَيُحِبُّونَهُ ﴿٥٤﴾

((O mga nanampalataya, sinumang tumalikod sa inyo sa relihiyon ay maglalagay ang Allah ng mga taong minamahal Niya at nagmamahal sa Kanya.)) [5:54].

Inilarawan sila ng Allah سُبْحَانَهُ وَتَعَالَى na sila ang mga:

[1] Mapagpakumbaba sa mga mananampalataya, kaya't hindi nila ito dinidigma, at hindi tumatayo salungat nila, at hindi nila iniwan sila.

[2] Marangal sa mga hindi nanampalataya, ibig sabihin: Malalakas sa laban sa kanila, nangingibabaw sa kanila.

[3] nakikibaka sa landas ng Allah.

[4] At hindi natatakot sa paninisi ng mga naninisi.

[3] ﴿أَلَا إِنَّ أَوْلِيَاءَ اللَّهِ لَا خَوْفٌ عَلَيْهِمْ وَلَا هُمْ

يَحْزَنُونَ ﴿٦٢﴾ الَّذِينَ ءَامَنُوا وَكَانُوا يَتَّقُونَ ﴿٦٣﴾

((Tunay na ang mga kakampi ng Allah ay walang takot para sa kanila at hindi sila malulungkot. Yaong mga nanampalataya at may takot sa Allah.)) [10:63-62].

Ipinaliwanag ng Kataas-taasang Allah na ang Awliya ng Allah ay yaong nagtataglay ng dalawang katangian. Imaan at Tawqa; Ang Imaan ay ang (paniniwala) sa puso at ang Tawqa ay ang pagkilos ng mga Katawan.

Sinabi ni Shaykhul Islām ibn Taymīyyah رَحْمَةُ اللَّهِ:

Nilinaw ng Allah سُبْحَانَهُ وَتَعَالَى sa Qur'an at sa Sunnah ng Kanyang sugo صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ, na Allah ay mayroong mga Awliya mula sa mga tao, at ang Shaytan ay mayroong ding Awliya, Kaya't may pinagkaibahan ang mga Awliya Ar-Rahman, at Awliya Ash-Shaytan:

[1] Awliya ng Allah:

﴿أَلَا إِنَّ أَوْلِيَاءَ اللَّهِ لَا خَوْفٌ عَلَيْهِمْ وَلَا هُمْ يَحْزَنُونَ ﴿٦٢﴾ الَّذِينَ

ءَامَنُوا وَكَانُوا يَتَّقُونَ ﴿٦٣﴾

((Tunay na ang mga kakampi ng Allah ay walang takot para sa kanila at hindi sila malulungkot. Yaong mga nanampalataya at may takot sa Allah.)) [10:63-62].

[2] Awliya ng Shaytan:

Sinabi sa hinggil sa kanila:

﴿إِنَّمَا سُلْطَانُهُ﴾

((Ang kanyang autoridad)) Ibig sabihin ang: Ang Shaytan

﴿عَلَى الَّذِينَ يَتَوَلَّوْنَهُ وَالَّذِينَ هُمْ بِهِ مُشْرِكُونَ ﴿٦٤﴾

((ay doon lamang sa mga nagturing sa kanya bilang kakampi at yaong nagtambal sa Allah sa pamamagitan niya.)) [10:63-62].



Sinabi ni Shaykhul Islām ibn Taymīyyah رَحْمَةُ اللَّهِ:

Sinabi ng ilang sa mga Shuyukh at Ulama: (Kung nakita ninyo ang isang lalaki na lumilipad sa hangin, at naglalakad sa ibabaw ng tubig; Huwag kayong magpalinlang sa kanya, hanggat makita ninyo ang kayang katayuan sa mga ipinag-utos at ipinagbawal).

Ang Awliya ng Allah سُبْحَانَهُ وَتَعَالَى ay dalawang antas:

[1] As-Sabiqoon Al-Muqarraboona

[2] Ashabul Yameen Al-Muqtasidoon

Kapwa itong binanggit ng Allah سُبْحَانَهُ وَتَعَالَى sa ilang mga talata sa Qur'an: sa Unang mga talata ng Surah Al-Waqiah, at katapusan nito, at sa Surah Al-Insan, Al-Mutaffifeen, at Surah Fatir. Ang Paraiso ay mayroong mga antas na nagkakahigitan sa bawat isa, ang mga Awliya ng Allah na mga mananampalatayang matutuwid ay doon sa mga antas na iyon ayon sa kanilang mga Iman at Taqwa.

Ang mga tao ay nahahati sa tatlong kategorya hinggil sa Awliya ng Allah

[1] Nagmalabis:

Sinumang kapag naniwala sa isang tao na siya ay isang Waliy ng Allah: siya ay sumasang-ayon sa lahat ng mga pag-aakala na ang lahat ay kinausap siya ng puso niya mula sa sa kanyang panginoon, at kinukunsinte ang ng kanyang mga ginagawa.

[2] Nagkulang:

Sinumang kapag nakita niya ang isang Waliy ng Allah siya ay nagsasabi o gumagawa ng isang bagay na hindi sang-ayon sa batas: at itinatakwil niya mula sa tao na iyon ang pagiging Waliy niya sa Allah nang tuluyan, kahit na ito ay isang nagkamaling Mujtahid.

[3] Nasa Gitna:

Hindi itinuturing ang taong pinaniniwalaang isang Waliy na hindi nagkakamali o isang makasalanan kung siya ay isang Mujtahid na nagkamali. Hindi siya nasusunod sa kanyang pagkakamali at hindi siya hahatulan ng hindi paniniwala, makasalan, habang siya nagsagawa ng Ijtihad niya.



Ang mga Karaamat (Himala) ng mga Awliya ng Allah ﷺ:

[1] Pinagtibay:

Nagsasagawa sila ng mga himala na pinagkaloob ng Allah sa kanila mga Awliya na matutuwid at ang pinakamahusay sa Kanyang mga Awliyaa na ang kanilang mga himala ay upang magpakita ng mga nakakumbinsi na katibayan upang katigan ang relihiyon o dahil sa pangangailangan ng mga Muslim, tulad ng nangyari sa mga himala ng Propeta ﷺ.

[2] Tanda para Propeta:

Ang mga himalang nagaganap sa mga kamay ng Awliya ng Allah ay mga pagpapala na bunga ng pagsunod sa Sugo ﷺ Kaya mula sa anggulong ito, ito ay itinuring na mga himala ng mga Sugo.

[3] Hindi kinakailangan para sa Waliy:

Dapat itong maunawaan na ang mga himalang ito ay maaaring mangyari ayon sa pangangailangan ng isang Tao, kaya maaaring kailanganin niya ito dahil sa kahinaan ng pananampalataya o dahil sa pagiging nangangailangan ng mga himalang ito upang palakasin ang kanyang pananampalataya at matupad ang kanyang pangangailangan. Maaaring hindi ito kailanganin ng sinumang mas malapit sa Allah kaya ang mga katulad ng mga himalang ito ay hindi mangyayari sa kanya dahil sa kanyang matayog na katayuan at katuwiran at hindi dahil sa kanyang pagkukulang. Ito ang dahilan kung bakit higit pang mga himala ang naganap sa mga kamay ng mga Tabi'oon kaysa sa mga Sahabah.

Khawariqul-A'dat

Khawariqul-A'dat (Mga bagay na Higit sa karaniwan): ito ang mga pangyayari na salungat sa pangkaraniwang nakasanayan ng mga tao; tulad ng paglutang sa hangin o paglalakad sa ibabaw ng tubig; at ito ay may apat na uri:

[1] Al-Ayah:

ito ay nangyayari lamang sa mga Propeta, at hindi maaring tawagin Mu'jizah; dahil ito ang nabanggit sa Qur'an, at ang Mu'jizah ay maaaring hindi makayang gawin ng ibang mga tao, at ang Mu'jizah ay nagagawa ng kahit hindi Propeta, at wala ng maaaring umangkin ng kakayahang pagsagawa ng Al-Ayah pagkatapos ng yumao ang Propeta Muhammad ﷺ.

[2] Al-Karamah:

ito ay nangyayari sa mga Awliya ng Allah ﷺ, at sila ang mga tinipun nila ang Al-Iman at Taqwa, halimbawa nito: ang mga nangyari sa Ashabul Kahf.

[3] Al-Mu'jizah o Al-Fitnah:

ito ay nangyayari sa mga Awliya ng Shaytan, at ito ay malalaman natin sa kasalukuyang kalagayan ng isang tao, walang Al-Iman at Taqwa, halimbawa ng Al-Mu'jizah: ang mga bagay na gagawin ni Dajjal.

[4] Al-Fadhahah:

lahat ng sinumang nagsinungalin sa Allah ay ipapahiya niya ito, dito sa mundo bago sa huling araw, halimbawa ng Al-Fadhahah: Ang mga nangyari kay Musaylimah Al-Kaddhab; na kung saan inihipan ang mata ng isang may sakit ngunit lalo niya itong binulag.



Ang mga tao ay nahahati sa tatlong kategorya hinggil sa Khawariqul-A'dat:

[1] Mukhaddib:

Isang grupo na nagpapawalang-bisa sa mismong pagkakaroon ng mga himala para sa sinuman maliban sa mga Propeta. Maaaring sa teorya ay tinatanggap nila ito ngunit tinatanggihan kung ano ang ipinadala tungkol sa marami sa mga tao dahil hindi nila siya itinuturing na isang Waliy.

[2] Ghaliy:

Yaong mga nag-iisip na ang sinumang gumagawa ng himala ay Waliy ng Allah

[3] Nasa Gitna:

Naniniwala sila na ang Allah ay nagkakaloob sa sinumang naisin Niya mula sa mga alipin Niya ng anumang naisin Niya mula sa mga Karaamat (Himala) sa larawan na Higit sa karaniwan, subalit hindi lahat ng higit sa karaniwan ay Karaamat, bagkus maaaring dumaan ang mga Khawariq o higit sa karaniwan sa mga kamay ng mga salamangkero at mga sinungaling.

Ang buod ng kaibahan sa pagitan ng Awliya ng Allah at Awliya ng Shaytan mula sa Aklat na (*Iqtidha As-Siratil Mustaqim Mukhalafat Ashabil Jaheem*) ni Shaykhul Islām ibn Taymiyyah رَحْمَةُ اللَّهِ:

Awliya ng Allah:

- Sinusunod nila ang Qur'an at ang Sunnah.
- Ang mga ito ay nagtataglay ng katangian ng pananampalataya at kabanalan (ang mga tao ay parang mga dyamante, at ang kanilang pagkakaiba ay kabanalan).
- Sinusunod nila ang Propeta at hindi lumilihis sa kanyang batas.
- Hinihimok nila ang mga tao na: sundin ang Propeta, gawin ang mga obligasyong tungkulin, at magsumamo.
- Naniniwala sila na ang Propeta ay mas mahusay kaysa sa Waliy, at ang Waliy ay nagkakamali.
- Pananampalataya at kabanalan ang dahilan ng kanilang Karaamat (Ang gantimpala ay ayon sa ginawa).
- Dapat silang mahalín alang-alang sa Allah, at tumangkilik sa kanila para sa Allah.
- Takot sila sa pagkukunwari, at hindi sila nalinlang ng kanilang kalagayan.
- Hindi sila namumukod-tangi sa mga tao, at makikita sa kanila ang Sunnah.
- Wala silang kalabisan o kapabayaan.

Awliya ng Shaytan:

- Nilabag nila ang Qur'an at ang Sunnah.
- Sila ay nailalarawan sa pamamagitan ng kawalan ng pananampalataya, imoralidad, panghuhula, pangkukulam, kabaliwan, at mga paghahayag.
- Sila ay lumalaban sa Propeta, at lumihis sa kanyang batas.
- Hinihimok nila ang mga tao na sundin sila, ngunit hindi nila ginagawa ang mga obligasyon, at hindi sila nananalangin sa Allah.
- Naniniwala sila na ang Waliy ay mas mahusay kaysa sa propeta, na siya ay hindi nagkakamali, at siya ay may karapatang labagin ang pinagkasunduan.
- Magkakaroon ng isang himala para sa kanila, o isang pagsubok, o isang iskandalo, at walang sinuman sa mga Kuffar at Munafiqoon ang maaaring maging isang Waliy, habang pinupuri nila ang mga Kuffar.
- Dapat nilang kapootan ang Allah.
- Hindi sila natatakot sa pagkukunwari, at nalinlang sila ng kanilang kalagayan.



Awliya ng Allah

- Sa panlabas at panloob na katangian ng pananampalataya.
- Ang sinumang nagsasabing si Muhammad ﷺ ay nakakaalam lamang ng panlabas at hindi ang panloob; ay naging isang Kafir!
- Walang makakapantay sa Wilayah ng Propeta Muhammad, ﷺ.
- Hindi sila nagpapatuloy sa kasalanan, at ito ay isa sa mga palatandaan ng pagmamahal ng Allah sa alipin.
- Sila'y may pasubali lamang sa Pagtatakda at tadhana sa mga sakuna; subalit Hindi sa mga pagkakamali.
- Ang kanilang mga lugar ng pagsamba ay mga Masjid.
- Ang sukdulang karaamat para sa kanila ay ang pananatili sa pagiging matuwid.

Awliya ng Shaytan:

- Sila ay nakikilala sa mga tao sa pamamagitan ng pananamit, pag-ahit, atbp., at sila ay kahawig ng mga hindi mananampalataya.
- Mayroon silang pagmamalabis at kapabayaan.
- Pinaghihiwalay nila ang panlabas at panloob na pananampalataya.
- Naniniwala ang kanilang mga tagasunod na alam nila ang kalooban.
- Ang kanilang mga tagasunod ay naniniwala sa pagkakaisa ng antas ng mga propeta at mga Awliya.
- inaalihan ng mga demonyo; Ang tingin nila sa kanila ay mga anghel.
- Ang mga tao ng paglabag sa pagsunod ay mga Qadariyon, at kapag sumuway, sila ay Jabriyon.
- Ang kanilang mga tagasunod ay naniniwala sa kanila sa mga katangian ng propesiya, at sa mga katangian ng mga anghel.
- Naniniwala sila sa mga panteismo (Hulul), at sa pagkakaisa ng pagkakairal (Wahdatul Wujud).
- Ginagawa nila ang mga libingan bilang mga lugar ng pagsamba.
- Ginagawa nila kung ano ang nagpapalakas ng mga kondisyon ni Satanas, tulad ng: pakikinig, pagsipol at pagpalakpak.

Pang-anim na Pundasyon

Sinabi ng may-akda رَحْمَةُ اللَّهِ:

Isang tugon laban sa pag-aalinlangan na nilagay ng Shaytan, na nag-imbento upang gawing lehitimo ang pag-iwan sa Qur'an at Sunnah at pagsunod sa magkakaibang opinyon at mga inobasyon; Ang pag-aalinlangan na ito ay ang Qur'an at Sunnah ay hindi umano mauunawaan ng sinuman maliban sa isang Mujtahid Mutlaq (isang mga pantas sa lahat ng mga agham) at inilalarawan nila ang Mujtahid na may mga katangian na marahil ay hindi man lamang matatagpuan nang lubusan kay Abu Bakr at Umar!

Higit pa rito kung ang isang tao ay nabigo sa pagtupad sa mga kinakailangan na ito, kung gayon ay dapat siyang tumalikod sa Qur'an at Sunnah, at sinuman ang humingi ng patnubay sa Qur'an at Sunnah tiyak na siya ay naging isang erehe o sira ang ulo dahil sa pagiging kumplikado ng pag-unawa sa Qur'an at Sunnah!!

Subhanallah Wa bi Hamdihi: Tunay na ang Allah ay malinaw na nagpaliwanag sa parehong batas (sa Shari'ah) at sa pamamagitan ng tadhana at gayundin sa paraan ng Kanyang kakayahang manlikha at sa Kanyang kautosan, hinggil sa sinumpang pagdududang ito mula sa maraming iba't ibang pananaw na karaniwang kaalaman sa lahat. Ngunit karamihan sa sangkatauhan ay hindi alam ito.

﴿ وَلَٰكِنَّ أَكْثَرَ النَّاسِ لَا يَعْلَمُونَ ﴾

((subalit ang karamihan sa mga tao ay hindi nakakaalam.)) [7:187].

﴿ لَقَدْ حَقَّ الْقَوْلُ عَلَىٰ أَكْثَرِهِمْ فَهُمْ لَا يُؤْمِنُونَ ﴾ إِنَّا جَعَلْنَا فِي أَنْفُسِهِمْ آفَافًا فَهِيَ إِلَى الْأَذْقَانِ فَهُمْ مُقْمَحُونَ ﴿١﴾ وَجَعَلْنَا مِنْ بَيْنِ أَيْدِيهِمْ سَدًّا وَمِنْ خَلْفِهِمْ سَدًّا فَأَغْشَيْنَاهُمْ فَهُمْ لَا يُبْصِرُونَ ﴿٢﴾ وَسَوَاءٌ عَلَيْهِمْ ءَأَنذَرْتَهُمْ أَمْ لَمْ تُنذِرْهُمْ لَا يُؤْمِنُونَ ﴿٣﴾ إِنَّمَا تُنذِرُ مَنِ اتَّبَعَ الذِّكْرَ وَخَوَّبَى الرَّحْمَنُ بِالْغَيْبِ فَبَشِّرْهُ بِمَعْرِفَةِ وَأَجْرِ كَرِيمٍ ﴿٤﴾

((Nagkatotoo sa kanila ang pagtatakda sa karamihan sa kanila ngunit sila ay hindi naniniwala. Tunay na Kami ay nagdulot na ang kanilang mga leeg ay makadenahan at ito ay hanggang sa kanilang mga baba at sila ay nakatingala. Naglagay kami sa harap nila ng harang at sa likod nila ng harang at tinakpan Namin sila kaya hindi sila nakakakita Pareho lamang para sa kanila kung bababalaan mo sila o hindi mo sila babalaan, sila ay hindi maniniwala. Ang mababalaan mo lang ay ang sumunod sa paalala at natakot sa Maawain sa nalilingid. Kaya balitaan mo siya ng kapatawaran at gantimpalang marangal.)) [36:7-11].

Al-Ijtihad

[1] Literal na kahulugan:

Ang Ijtihad ay ang pagsusumikap upang makamit ang isang mahirap na gawain.

[2] Teknikal na kahulugan (pang-islamiko):

Ang Ijtihad ay ang pagsusumikap upang maunawan ang isang hatol pambatas.



Kabilang sa Kundisyon ng Ijtihad:

[1] Ang isang tao ay dapat magkaroon ng kamalayan sa mga patunay na pambatasan na kanyang kinakailangan para sa kanyang (Ijtihad) na independiyenteng pangangatwiran ng mga iskolar tulad ng mga talata sa Qur'an at Hadith na nauukol sa ilang mga pasya.

[2] Dapat niyang maunawaan ang (mga agham) na magpapahintulot sa kanya na siyasatin ang pagiging tunay o kahinaan ng isang Hadith, tulad ng kaalaman sa *Isnaad* (o Chain) ng, mga tagapagsalaysay, atbp.

[3] Dapat niyang malaman ang mga Nasikh at Mansukh at dapat na pamilyar siya sa mga isyu na napagkasunduan na nang sa ganoon ay hindi makahatol ng Mansukh o salungat sa pinagkasunduan.

[4] Dapat niyang kilalanin ang patunay na maaaring makaapekto sa isang hatol, tulad ng mga tekstong natatangi o pinaghihigpitan upang sa ganoon ay mapigilan siya sa pagbigkas ng isang hatol na sumasalungat dito.

[5] Dapat siyang magkaroon ng kaalaman sa wikang Arabe at Usul Fiqh, Na nagpapahintulot sa kanya na maunawaan ang mga kahulugan at konteksto ng mga salita, tulad ng kakayahang makilala sa pagitan ng mga termino na tiyak at pangkalahatan, ganap at pinaghihigpitan, hindi maliwanag at ipinaliwanag upang sa ganoon ay makapaghatol nang naaayon.

[6] Dapat siyang magkaroon ng kakayahang magpalabas ng mga pasya mula sa mga kinakailangan ng teksto

Ang Ijtihad ba ay nababahagi?

Oo, Ang Ijtihad ay nababahagi, maaaring nauugnay sa isang paksa mula sa mga paksa ng kaalaman o kahit isang usapin mula sa mga usapin nito..

Ang pinakamahalaga ay dapat gawin ng Mujtahid ang kanyang makakaya upang maabot ang katotohanan, at kung siya ay:

[1] Kapag lumantad ang hatol: at hinatol niya ito, siya ay:

[a] **Tumama:** tatanggap siya ng dalawang gantimpala, isa para sa kanyang pagsisikap at ang pangalawa para sa pagkamit ng katotohanan.

[b] **Nagkamali:** tatanggap siya ng isang gantimpala at ang kanyang pagkakamali ay patatawarin.

[1] **At kung hindi lumantad ang hatol:** siya ay dapat huminto, at ipinahintulot na ang Taqleed (paggaya), sa kalagayan na ito dahil sa pangangailangan.

Ang Taqleed ay nangyayari sa dalawang pagkakataon:

[1] Kapag ang *Muqallid* (o tagasunod) ay isang karaniwang tao at hindi niya kayang malaman ang batas sa sarili niya lamang: sa kalagayan na ito ay obligado ang Taqleed sa kanya. Sinabi ng Allah:

﴿فَتَعْلَمُوا أَنَّ الْدِّينَ إِن كُنتُمْ لَا تَعْلَمُونَ﴾

((*Tanungin ninyo ang mga maalam kung hindi kayo nakakaalam.*)) [16:43]

[1] Kapag ang isang hindi inaasahang pangyayari ay lumitaw at ito ay nangangailangan ng Mujtahid na agad na makahanap ng isang desisyon ngunit ito ay hindi magagawa para sa kanya na magsaliksik (ang isyu na ito). Sa ganitong mga kalagayan, pinapayagan siyang mag-Taqleed.

Ang Taqleed ay dalawang uri:

[1] Ganap:

Ito ay kapag ang isang tao ay mahigpit na kumapit sa isang Madhab at tinatanggap ang lahat ng mga konsesyon at desisyon nito, sa lahat ng relihiyosong gawain. Ang mga Ulama ay hindi sumasang-ayon tungkol sa bisa ng kalagayang ito. Ang ilan ay naniniwala na ito ay obligado dahil sa kanilang mga mata, ang mga iskolar ng mga susunod na henerasyon ay hindi karapat-dapat na maging Mujtahid. Ang iba ay naniniwala na ito ay haram (ipinagbabawal) dahil ito ay nagsasangkot ng ganap na pagsunod sa iba maliban sa Propeta ﷺ.

[2] Di-Ganap:

Ito ay kapag ang isang indibidwal ay tumatanggap ng isang partikular na pahayag ng (isang iskolar) sa isang partikular na isyu. Ito ay pinahihintulutan para sa isang taong hindi makakarating sa katotohanan sa pamamagitan ng Ijtihaad. Hindi alintana kung sila ay :

[a] Talagang tunay na walang kakayanan sa larangan na ito.

[b] sila ay may kakayahan ngunit ito ay maykasamang malubhang kahirapan.

Sinabi ng may-akda رَحِمَهُ اللهُ:

At ang ating huling pahayag ay: Ang lahat ng papuri ay sa Allah ang panginoon ng mga sanlibutan, at ang mga panalangin at pagbati ay mapasa ating pinuno, si Muhammad at sa Kanyang pamilya at Kanyang mga kasamahan hanggang sa araw ng Paghuhukom.

Hilingin natin sa Allah ﷻ na gantimpalaan ang may-akda ng pinakamahusay na gantimpala. At tipunin niya tayo kasama siya sa Kanyang lugar ng karangalan at kaligayahan dahil katotohanang Siya ang pinakamarangal ang mapagbigay. At ang lahat ng papuri ay para sa Panginoon ng mga sanlibutan. Ang Kanyang kapayapaan at pagpapala ay mapasa ating sugo na si Muhammad.



Pagsusulit:

[1] Sagutin ang mga susumusunod na katanungan:

..... [1] [2]	Bakit natin pag-aaralan ang Anim na pundasyon na ito?
..... [1] [2] [3] [4] [5] [6]	Ibigay ang anim na pundasyon at mga kasalungat nito.
..... [1] [2] [3] [4] [5]	Magbigay ng 5 pinagkaibahan ng Awliya ng Allah at Awliya ng Shaytan.

[2] Piliin ang tamang sagot:

Ang Anim na Pundasyon ay: ☐ Pinagkasunduan ☐ Pinagsalungatan
Binanggit ang Adad sa mga teksto ng Quran at Sunnah: ☐ Maifhum ☐ Di Maifhum ☐ may paliwanag.

[3] Tama o Mali

Mali	Tama	Tanong
☐	☐	Maaaring mabanggit ang Adad, at wala itong mafhum, tulad ng mga pinto sa Jannah.
☐	☐	Maaaring mabanggit ang Adad, at mayroong itong mafhum, tulad ng mga sampung nabalitaan ng paraiso
☐	☐	Ang pagbanggit ng Adad sa isang Majlis ay tumutukoy sa pagkakasaulo ng aralin at pagkakaunawa nito.

[4] Lagyan ng bilog ang Adad na may Mafhum (ibig sabihin: limitado di-maaaring dagdagan) sa mga sumusunod:

((Ang lima mula sa Fitrah))	Al-Usul At-Thalathah	Saba' Mubiqat	Arkanul Iman
Ang Adhkar pagkatapos ng mga obligadong Salah	((Dalawa sa mga tao sila sa kanila ay Kufr))	((mahahati ang aking Ummah sa pitongpu't tatlong sekta))	Paghuhugas ng sisidlan nang pitong beses kapag ito ay nadilaan ng aso

[5] sa mga akda ni Shaykh Muhammad bin Abdil Wahhab رَحِمَهُ اللهُ; Ipinaliwanag ang limitadong Adad na kung saan ay di-maaaring dagdagan ito, mula sa hindi limitadong maaaring dagdagan mula sa mga sumusunod:

Al-Usul As-Sittah	Nawaqidul Islam Al-Ashrah	Al-Qawaed Al-Arba'	Al-Usul Ath-Thalathah
.....			

سرکان

alsarhaan.com



mahadsunnah.com

